# MGA TUNGKULIN AT PAGPAPALA NG PAGKASASERDOTE



Saligang Manwal para sa mga Maytaglay ng Pagkasaserdote, Bahagi B

# MGA TUNGKULIN AT PAGPAPALA NG PAGKASASERDOTE

Saligang Manwal para sa mga Maytaglay ng Pagkasaserdote, Bahagi B

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Lungsod ng Salt Lake, Utah

**Mga Puna at Mungkahi**

Ang mga puna at mungkahi ninyo tungkol sa manwal na ito ay pasasalamatan. Mangyari lamang na ipadala ito sa:

Curriculum Planning
50 East North Temple Street, Floor 24
Salt Lake City, UT 84150-3200
USA
E-mail: cur-development@ldschurch.org

Mangyari lamang na isulat ang inyong pangalan, tirahan, purok, at istaka. Tiyaking ibigay ang pamagat ng manwal na ito. Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan at bahaging maaari pang paghusayin sa manwal na ito.

© 1994, 2001 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng America

Pagsang-ayon sa Ingles: 1/99
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 1/99

Pagsasalin ng *Duties and Blessings of the Priesthood: Basic Manual for Priesthood Holders, Part B*
Tagalog

# MGA NILALAMAN


Pambungad . . . . v
Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol . . . . ix
Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo . . . . x

**Pagkasaserdote at Pamahalaan ng Simbahan**

1. Ang Sumpa at Tipan ng Pagkasaserdote . . . . 2
2. Mga Susi ng Pagkasaserdote . . . . 9
3. Paggalang sa Pagkasaserdote . . . . 21
4. Ang Layunin ng mga Ordenansa ng Pagkasaserdote . . . . 29
5. Pagsasagawa ng mga Ordenansa ng Pagkasaserdote . . . . 44
6. Pagtuturo sa Tahanan . . . . 54
7. Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan . . . . 67
8. Ang Ating mga Tungkulin sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak . . . . 77
9. Pagbabahagi ng Ebanghelyo . . . . 89
10. Pakikipagkaibigan: Pananagutan ng Pagkasaserdote . . . . 99

**Mga Ugnayang Pantahanan at Pangmag-anak**

11. Ang Ama bilang Patriyarka . . . . 108
12. Mabisang Pamumuno sa Mag-anak . . . . 118
13. Pagpapatatag sa Mag-anak sa pamamagitan ng Gabing Pantahanan ng Mag-anak . . . . 126
14. Sama-samang Pagsasaya bilang Mag-anak . . . . 139
15. Pagtutulungan sa Gawain ng Mag-anak . . . . 148
16. Paghahalaman sa Tahanan . . . . 158

**Pansariling Pag-unlad**

17. Mga Layuning Pansarili at Pangmag-anak . . . . 174
18. Pagpapaunlad at Pagtuturo ng Pagtitimpi sa Sarili . . . . 185
19. Pagpapaunlad ng Ating mga Talino . . . . 195
20. Pagpapaunlad sa Pamumuno . . . . 204
21. Pamumuno: Tamang Pagpapasiya . . . . 212
22. Pangangasiwa at Pagpapakatawan . . . . 221
23. Pangangasiwa ng mga Pulong at Panayam . . . . 228
24. Pagpapanatili ng Mabuting Kalusugan ng Katawan . . . . 236

25. Pamumuhay ng Salita ng Karunungan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 242
26. Paghahanap ng Kaalaman . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 249

**Mga Alituntunin at Doktrina ng Ebanghelyo**

27. Jesucristo, Ang Ating Tunay na Saligan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 260
28. Kalayaan sa Pagpili: Isang Kaloob Buhat sa Diyos . . . . . . . . . . . . 269
29. Pagpapanatiling Banal ng Araw ng Sabbath . . . . . . . . . . . . . . . . . 279
30. Ang Ikapu at mga Handog . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 285
31. Pagiging Matapat . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 293
32. Kadalisayan ng Pag-iisip . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 302
33. Paggawad at Pagtanggap ng Kapatawaran . . . . . . . . . . . . . . . . . . 310
34. Mga Espirituwal na Kaloob . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 320
35. Pagtatatyo ng Kaharian ng Diyos . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 329

Indise . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 336
Mga Tala . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 347
Mga Larawan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 349

# PAMBUNGAD

**Paggamit ng Manwal na Ito**

Ang manwal na ito ay naglalaan ng 35 araling may kaugnayan sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo at responsibilidad ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron at Pagkasaserdoteng Melquisedec. Sa paghihikayat ng Espiritu, dapat planuhin at ituro ng mga pinuno at guro ang mga araling tumutugon sa mga pangangailangang espirituwal, emosyonal, at temporal ng mga miyembro ng kanilang sangay o purok.

Ang manwal na ito ay dapat gamitin bilang manwal ng tagubilin kapwa para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec at Pagkasaserdoteng Aaron sa mga yunit ng Simbahan kung saan ang mga manwal sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* at sa Pagkasaserdoteng Aaron ay hindi pa nalalathala sa kinakailangang wika. Sa gayong mga yunit, ang mga kopya ng manwal na ito ay dapat maibigay sa lahat ng maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at sa mga pinuno at tagapagturo ng Pagkasaserdoteng Aaron. Dapat sumangguni ang mga lokal na pinuno sa *Information for Priesthood and Auxilliary Leaders on Curriculum* para sa iskedyul na nagpapakita kung anong mga taon gagamitin ang mga bahagi A at B ng *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote.*

Sa mga yunit ng Simbahan na may mga manwal sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan* at sa Pagkasaserdoteng Aaron, ang manwal na ito ay dapat gamitin (1) bilang mapagkukunan ng tagubilin para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec tuwing una at ikaapat na Linggo; (2) bilang karagdagang mapagkukunan ng tagubilin para sa Pagkasaserdoteng Aaron; at (3) tulad ng itinakda, para sa mga aralin sa "Mga Turo para sa Ating Panahon" ng Samahang Damayan tuwing ikaapat na Linggo. Sa gayong mga yunit, ang mga kopya ng manwal na ito ay dapat maibigay sa mga pinuno at tagapagturo ng Samahang Damayan, Pagkasaserdoteng Melquisedec, at Pagkasaserdoteng Aaron. Bukod diyan, maaaring hikayatin ng mga pinuno ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec na bumili ng kopya ng

manwal na ito para sa pansariling pag-aaral at sa pagtuturo sa mag-anak sa tahanan.

**Paghahanda sa Pagtuturo**

Ang mga tulong sa pagtuturo na inilaan sa manwal na ito ay kinabibilangan ng bahaging “Paghahanda ng Guro,” mga katanungang maaaring itanong ng mga guro, mga mungkahi para sa pakikilahok sa klase, at mga gabay para sa paggamit ng mga larawan at tsart. Bukod sa mga iminungkahing katanungang pangtalakayan at pamamaraan, maaaring piliin ng mga guro na gumamit ng ibang pamamaraan o pagtalakay sa aralin na ipinalalagay nilang mabisang magpapasali sa mga miyembro ng kanilang klase at makapaghihikayat ng pakikilahok at pagkatuto. Halos lahat ng aralin ay nagmumungkahi ng paggamit ng pisara, kaya’t kung maaari’y dapat tiyakin ng mga guro na may magagamit na pisara at tisa para sa bawat aralin. Marami sa mga iminumungkahing visual aid na ginagamit bilang poster ang maaaring iguhit o isulat sa pisara. Ang iba pang mga mungkahi sa pagtuturo ay matatagpuan sa *Gabay sa Pagtuturo* (34595 893) at sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin* (36123 893).

**Pagsasali sa mga Miyembrong may Kapansanan**

Sa panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa, umakyat si Jesus sa bundok na malapit sa Dagat ng Galilea.

“At lumapit sa kaniya ang lubhang maraming tao, na may mga pilay, mga bulag, mga pipi, mga pingkaw, at iba pang marami, at sila’y kanilang inilagay sa mga paanan [ni Jesus]; at sila’y pinagaling niya:

“Ano pa’t nangagtaka ang karamihan, nang mangakita nilang nangagsasalita ang mga pipi, nagsisigaling ang mga pingkaw, at nagsisilakad ang mga pilay, at nangakakakita ang mga bulag: at kanilang niluwalhati ang Diyos ng Israel” (Mateo 15:30–31).

Nagpakita sa atin ang Tagapagligtas ng halimbawa ng pagkahabag para sa mga may kapansanan. Noong dumalaw Siya sa mga Nephita pagkatapos ng kanyang pagkabuhay na mag-uli, sinabi Niya:

“Masdan, ang aking sisidlan ay puspos ng pagkahabag sa inyo.


“Mayroon bang may karamdaman sa inyo? Dalhin sila rito. Mayroon ba sa inyong pilay, o bulag, o lumpo, o baldado, o ketongin, o mga may dinaramdam, o yaong mga bingi, o yaong mga nahihirapan sa anumang dahilan? Dalhin sila rito at akin silang pagagalingin, sapagkat ako ay nahahabag sa inyo; ang aking sisidlan ay puspos ng awa” (3 Nephi 17:6–7).

Bilang guro sa silid-aralan ng Simbahan, kayo ay nasa pinakamahusay na kalagayan upang magpakita ng habag. Kahit na

hindi kadalasang sanay sa pagbibigay ng propesyonal na tulong sa mga miyembrong may mga kapansanan, dapat magkaroon ang guro ng pagnanais na maunawaan at isali ang mga miyembrong ito sa mga gawain ng klase sa pag-aaral. Ang mga miyembro ng klase na mayroong kapansanan sa pag-iisip, katawan, emosyon at iba pang kapansanan ay nangangailangan ng espesyal na pangangalaga. Ang mga sumusunod na patnubay ay dapat makatulong sa inyo upang matulungan ang bawat miyembro.

- Sikaping maunawaan ang mga pangangailangan at kakayahan ng bawat miyembro ng klase.
- Tiyaking nakahanda ang miyembro ng klase bago siya tawagin para magbasa, manalangin, o kaya ay makilahok. Magtanong ng gaya ng, "Ano'ng pakiramdam mo tungkol sa pagbabasa sa klase?" o "Komportable ka bang manalangin sa klase?" Kung nararapat, makipag-alam sa mga pinuno ng pagkasaserdote, magulang, at miyembro ng mag-anak upang matiyak ang mga natatanging pangangailangan ng miyembro.
- Sikaping pag-ibayuhin at pagbutihin ang pakikilahok at pagkatuto ng mga miyembrong may kapansanan.
- Tiyaking iginagalang ng bawat miyembro ng klase ang isa't isa.
- Maging natural, palakaibigan, at magiliw. Bawat anak ng Diyos ay nangangailangan ng pagmamahal at pag-unawa.

Bilang guro sa Simbahan, tandaan na ang bawat miyembro ay maaaring umunlad tungo sa kadakilaan anuman ang kakayahang pisikal, pangkaisipan, emosyonal, o sosyal nito. May tungkulin kayong tulungan ang bawat tao na matutuhan ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa inyong klase. Alalahanin ang mga salita ng Tagapagligtas: "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).



# ANG BUHAY NA CRISTO

## Ang Patotoo ng mga Apostol

### Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Habang ipinagdiriwang natin ang pagsilang ni Jesucristo dalawang libong taon na ang nakaraan, iniaalay namin ang aming patotoo tungkol sa katotohanan ng Kanyang hindi mapapantayang buhay at ang walang hanggang kapangyarihan ng Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Walang sinuman ang nakapagbigay ng gayong makahulugang impluwensiya sa lahat ng nabuhay na at sa lahat ng mabubuhay pa sa mundo.

Siya ang Dakilang Jehova ng Lumang Tipan, at ang Mesiyas ng Bago. Sa ilalim ng pamamahala ng Kanyang Ama, Siya ang manlilikha ng daigdig. "Ang lahat ng bagay ay ginawa niya; at alin man sa lahat ng ginawa ay hindi ginawa kung wala siya" (Juan 1:3). Bagaman siya ay walang kasalanan, bininyagan siya upang gawin ang buong katuwiran. Siya ay "naglilibot na gumagawa ng mabuti" (Ang mga Gawa 10:38), gayon pa man ay kinamuhian siya dahil dito. Ang Kanyang ebanghelyo ay mensahe ng kapayapaan at mabuting balita. Nakiusap Siya sa lahat na sumunod sa Kanyang halimbawa. Binagtas niya ang mga daan sa Palestina na nanggagamot ng maysakit, nagbibigay ng paningin sa bulag, at nagpapabangon ng patay. Itinuro Niya ang katotohanan tungkol sa kawalang-hanggan, at ang katotohanan tungkol sa buhay natin bago tayo nabuhay sa mundo, ang layunin ng buhay natin sa mundo, at ang potensiyal ng mga anak na lalaki at babae ng Diyos sa buhay na darating.

Pinasimulan Niya ang sakramento bilang paalaala sa Kanyang dakilang mapagbayad-salang sakripisyo. Dinakip Siya at tinuligsa batay sa mga maling paratang, pinarusahan upang mabigyang-kasiyahan ang mga mandurumog, at hinatulan ng kamatayan sa krus ng Kalbaryo. Inialay Niya ang Kanyang buhay para sa kasalanan ng lahat ng sangkatauhan. Siya ang dakilang kaloob para sa lahat ng mabubuhay sa ibabaw ng mundo.

Taimtim kaming nagpapatotoo na ang Kanyang buhay, na siyang tampulan ng buong kasaysayan ng sangkatauhan, ay hindi nagsimula sa Betlehem o nagtapos sa Kalbaryo. Siya ang Panganay ng Ama, ang Bugtong na Anak sa laman, ang Manunubos ng daigdig.

Nagbangon Siya sa libingan upang "maging pangunahing bunga ng nangatutulog" (I Mga Taga Corinto 15:20). Bilang Nabuhay na Mag-uling Panginoon, dumalaw Siya sa mga taong minahal Niya noong nabubuhay pa Siya sa lupa. Naglingkod din Siya sa Kanyang "ibang mga tupa" (Juan 10:16) sa sinaunang Amerika. Sa makabagong daigdig, Siya at ang Kanyang Ama ay nagpakita sa batang lalaking si Joseph Smith, upang pasimulan ang matagal nang ipinangakong "kaganapan ng mga panahon" (Mga Taga Efeso 1:10).

Tungkol sa Buhay na Cristo, isinulat ng Propetang Joseph: "Ang kanyang mga mata ay gaya ng ningas ng apoy; ang buhok sa kanyang ulo ay puti gaya ng busilak na niyebe; ang kanyang mukha ay nagniningning nang higit pa sa liwanag ng araw; at ang kanyang tinig ay gaya ng lagaslas ng malalawak na tubig, maging ang tinig ni Jehova, na nagsasabing:

"Ako ang una at ang huli; ako ang siyang nabuhay, ako ang siyang pinaslang; ako ang inyong tagapamagitan sa Ama" (Doktrina at mga Tipan 110:3–4).

Tungkol sa Kanya ay ipinahayag din ng Propeta: "At ngayon, matapos ang maraming patotoo na ibinigay hinggil sa kanya, ito ang patotoo, na pinakahuli sa lahat, na aming ibibigay tungkol sa kanya: Na siya ay buhay!

"Sapagkat siya ay aming nakita, maging sa kanang kamay ng Diyos; at aming narinig ang tinig na nagpapatotoo na siya ang Bugtong na Anak ng Ama—


"Na sa kanya, at sa pamamagitan niya, at mula sa kanya, ang mga daigdig ay nililikha at nalikha, at ang mga naninirahan dito ay mga isinilang na anak na lalaki at babae ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 76:22–24).

Ipinahahayag namin nang taimtim na ang Kanyang pagkasaserdote at Kanyang Simbahan ay ipinanumbalik na sa mundo na—"itinatayo sa ibabaw ng kinasasaligan ng mga apostol, at ng mga propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato na panulok" (Mga Taga Efeso 2:20).

Nagpapatotoo kami na darating ang panahon na babalik Siyang muli sa mundo. "At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay mahahayag, at makikitang magkakasama ng lahat na tao" (Isaias 40:5). Mamamahala siya bilang Hari ng mga Hari at maghahari bilang Panginoon ng mga Panginoon, ang bawat tuhod ay luluhod at ang bawat dila ay magpapahayag sa pagsamba sa Kanya. At bawat isa sa atin ay tatayo upang hatulan Niya ayon sa ating mga gawa at naisin ng ating mga puso.


Nagpapatotoo kami, bilang Kanyang marapat na inordenan na mga Apostol—na si Jesus ang Buhay na Cristo, ang walang kamatayang Anak ng Diyos. Siya ang dakilang Haring Emmanuel, na ngayon ay nakatayo sa kanang kamay ng Kanyang Ama. Siya ang liwanag, ang buhay, at pag-asa ng mundo. Siya ang daan na naghahatid sa kaligayahan sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating. Salamat sa Diyos sa Kanyang walang kapantay na kaloob na Kanyang banal na Anak.

ANG UNANG PANGULUHAN



Ika-1 ng Enero, 2000

ANG KORUM NG LABINDALAWA



# ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO

ANG UNANG PANGULUHAN AT KAPULUNGAN NG LABINDALAWANG APOSTOL
NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

KAMI, ANG UNANG PANGULUHAN at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inordena ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang-hanggang tadhana ng Kanyang nga anak.

LAHAT NG TAO—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pakakakilanlan at layunin ng mga tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

SA BUHAY BAGO PA ANG BUHAY SA MUNDO, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magtamo ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad patungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga taong makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

ANG KAUTUSANG IBINIGAY ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging magulang. Ipinapahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nanatiling may bisa. Amin pang karagdagang ipinapahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae, na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

IPINAPAHAYAG NAMIN na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang-hanggang plano ng Diyos.

ANG MAG-ASAWA ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. "Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon" (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahal at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa-ang mga ina at ama-ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

ANG MAG-ANAK ay inordena ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang-hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na matatamo kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkuling mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may responsibilidad na magtulungan bilang magkasama na may pantay na responsibilidad. Ang pagkakaroon ng kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

KAMI AY NAGBABABALA sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na balang araw sila ay pananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay nagdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

KAMI AY NANANAWAGAN sa mga responsableng mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang ang pangunahing yunit ng lipunan.

# PAGKASASERDOTE AT PAMAHALAAN NG SIMBAHAN



# ANG SUMPA AT TIPAN NG PAGKASASERDOTE

*Aralin 1*

---

Ang layunin ng araling ito ay upang tulungan tayong maunawaan ang sumpa at tipan ng pagkasaserdote at kung paano gagampanan ang ating mga tungkulin.

**Pambungad**

Si Elder Reed Smoot ay dating miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol mula 1900 hanggang mamatay siya noong 1941. Noong mga panahong iyon isa rin siyang namumukod-tanging miyembro ng Senado ng Estados Unidos. Maraming tao ang humikayat sa kanyang tumakbo bilang pangulo ng Estados Unidos. Ngunit sinabi nila sa kanya na kailangan niyang talikuran ang kanyang relihiyon dahil hindi boboto sa isang Mormon ang mga tao noong panahong iyon para maging pangulo. Ang sabi niya, "Kung ako ay mamimili sa pagiging diyakono ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at pagiging Pangulo ng Estados Unidos, pipiliin kong maging diyakono" (binanggit sa *The Faith of Our Pioneer Fathers,* ni Bryant S. Hinckley [1956], 202).

- Sa palagay ninyo bakit binigyan ng gayong pagpapahalaga ni Elder Smoot ang pagkasaserdote?

Kinailangang matugunan ni Elder Smoot ang ilang pangangailangan para maging senador ng Estados Unidos. Gayundin, upang matanggap ang pagkasaserdote, kailangan nating matugunan ang ilang pangangailangan. Kailangan tayong makapanayam ng ating mga pinuno ng pagkasaserdote, na may ilang katanungan sa atin upang malaman ang ating pagiging karapat-dapat na tumanggap ng pagkasaserdote at ang ating kahandaang tumanggap ng mga sagradong pananagutan ng pagkasaserdote.

- Anu-ano ang ilan sa mga maaaring itanong ng ating mga pinuno ng pagkasaserdote?

Pagkatapos mahalal si Elder Smoot bilang senador, nanumpa siya sa kanyang katungkulan at nangakong tutuparin ang kanyang mga

tungkulin sa pamahalaan. Sa gayon ding paraan, kapag tinatanggap natin ang pagkasaserdote, nangangako tayong tutuparin ang mga tungkulin natin sa Panginoon.

**Ang Sumpa at Tipan ng Pagkasaserdote**

Tinatanggap natin ang banal na pagkasaserdote sa pamamagitan ng "sumpa at tipan." Nangangahulugan ito na sumusumpa (sinisiguro) sa atin ang Ama sa Langit na magkakaroon tayo ng kapangyarihan at mga pagpapala ng pagkasaserdote kung makikipagtipan (mangangako) tayo sa Kanya na gagawin ang ilang bagay. "Kaya nga, lahat yaong tumanggap ng pagkasaserdote, ay tumanggap ng sumpa at tipang ito [ng] aking Ama, na hindi niya masisira, ni matitinag" (D at T 84:40).

Ipinaliwanag ni Pangulong Marion G. Romney ang kahulugan ng tipan: "Ang tipan ay isang kontrata, at ang kontrata ay isang kasunduan sa pagitan ng dalawa o higit pa [sa dalawang tao]. Kung makikipagtipan ako sa iyo, mangangako ako ng anumang bagay kapalit ng ipangangako mo sa akin. Kung nakipagkasundo ako sa iyo na babayaran kita ng tiyak na halaga para sa isang kotse, at nangako kangibibigay mo sa akin ang kotse sa halagang iyon, iyon ang tinatawag na tipan. Ngayon, sa tipan ng pagkasaserdote, nangangako tayo sa Panginoon, at Siya naman ay nangangako sa atin kapalit ng ibinigay natin sa kanya" (sa Conference Report, Korea Area Conference 1975, 36).

Ipinaliwanag ang sumpa at tipan sa pagkasaserdote sa Doktrina at mga Tipan, 84. Malinaw na inilalarawan sa bahaging ito ang pangako natin at ang mga pangako ng Panginoon kapag tinanggap natin ang pagkasaserdote.

- Isulat sa pisara ang *Mga Pangako Natin* at *Mga Pangako ng Panginoon.* Ilista sa ilalim ng mga pamagat na ito ang mga pangako natin at ang pangako ng Panginoon habang tinatalakay ang mga ito.

***Mga Pangako Natin sa Panginoon***

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 84:33.

Sa unang bahagi ng talata 33 kinilala ng Panginoon ang ating bahagi sa tipan: "Sapagkat kung sinuman ang matapat sa pagtatamo ng dalawang pagkasaserdoteng ito na aking sinabi, at ang pagtupad sa kanilang mga tungkulin..."

- Ayon sa talatang ito, ano ang bahagi natin sa tipan? (Nangangako tayo na tutuparin ang ating mga tungkulin.)

Ang tuparin ang ating mga tungkulin ay ang gawin ang lahat ng ating makakaya sa pagtanggap at pagsasagawa ng lahat ng ating tungkulin sa pagkasaserdote upang mapalawak natin ang kaharian ng Panginoon

sa mundo. Kapag tinatanggap natin ang pagkasaserdote nangangako rin tayo na magiging matapat at tutuparin ang lahat ng kautusan.

***Mga Pangako ng Panginoon sa Atin***

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 84:33–38. Tumigil sandali matapos ang bawat bahagi ng pangako ng Panginoon, isulat ito sa pisara, at pagkatapos ay talakayin ito.

Nangangako ang Panginoon na kung tutuparin natin ang ating bahagi sa tipan tayo ay "pababanalin sa pamamagitan ng Espiritu para sa pagpapanibago ng [ating] mga katawan" (D at T 84:33). Maasahan nating mapalalakas ang ating katawan at espiritu habang tinutupad natin ang ating mga tungkulin.

Maaari din tayong "maging mga anak na lalaki ni Moises at ni Aaron" (D at T 84:34). Ang mga anak nina Moises at Aaron ay nangasiwa ng mga ordenansa ng kaligtasan sa mga anak ni Israel. May gayon ding tayong pribilehiyo na pangasiwaan ang mga sagradong ordenansang ito sa pamamagitan ng pagkasaserdote ngayon.

Nangangako ang Panginoon na tayo ay magiging "binhi ni Abraham" (D at T 84:34). Sa madaling salita, matatanggap natin ang mga biyayang ipinangako kay Abraham at sa kanyang binhi.

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Abraham 2:8–11.

Nakipagtipan ang Diyos kay Abraham at sa kanyang binhi na sa pamamagitan nila ang lahat ng bansa sa mundo ay pagpapalain ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng kapangyarihan at awtoridad na isinasagawa ng matatapat na maytaglay ng pagkasaserdote, naibibigay ang mga pagpapalang ito sa mundo.

Nangangako rin ang Panginoon na ang matatapat na maytaglay ng pagkasaserdote ay "magiging. . . . hinirang ng Diyos" (D at T 84:34). Nangangahulugan ito na tayong mga maytaglay ng pagkasaserdote na tumutupad sa ating mga tungkulin at nakikipagtipan sa lahat ng sagradong nakapagliligtas na ordenansa ng pagkasasaserdote ay mabibigyan ng kabuuan ng kaharian ng Ama.

Pagkatapos ay sinabi ng Panginoon, "Lahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa [kanila]" (D at T 84:38).

Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Pinag-ukulan mo na ba ng panahon ang [pagbilang] sa mga pagpapala, sa mga kapangyarihang taglay ng Panginoon? Lahat ng kapangyarihan, lahat ng impluwensiya, lahat ng lakas ay mapapasaiyo, at ito ay ayon sa sumpa at tipan ng banal na pagkasaserdoteng taglay mo" (Sa Conference Report, Buenos Aires Area Conference 1975, 51).

Walang pag-aalinlangang tutuparin ng Panginoon ang kanyang mga pangako sa matatapat at masunurin. Ang pananagutan samakatuwid ay nasa atin. Ang hindi pagtupad sa mga pangako natin sa Panginoon ay makapipigil sa Kanyang pagbibigay sa atin ng lahat ng anumang handa Siyang ibigay sa atin.

**Pagtupad sa Ating mga Tungkuling Pagkasaserdote**

Nangako tayo sa pakikipagtipan natin sa Ama sa Langit, na tutuparin natin ang ating mga tungkulin.

- Sa anu-anong paraan natin tutuparin ang ating mga tungkuling pagkasaserdote?

Nang igawad sa atin ang Pagkasaserdoteng Aaron, tayo ay inordenan sa isang katungkulan sa pagkasaserdote: diyakono, guro o saserdote. Bawat isa sa mga gawaing ito ay katungkulan na may mga tiyak na tungkulin at pananagutan. Ang mga katungkulan sa Pagkasaserdoteng Melquisedec ay elder, mataas na saserdote, patriyarka, Pitumpu, at Apostol. (Tingnan sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 14, mga pahina 91–100, para sa pagpapaliwanag ng mga katungkulang ito.)

"Nagbibigay ang Diyos ng karapatan ng pagkasaserdote sa karapat-dapat na kalalakihang miyembro ng Simbahan nang sa gayon ay makakilos sila sa Kanyang pangalan para sa kaligtasan ng mag-anak ng tao. . .

"Ang isang lalaki ay tumatanggap ng Pagkasaserdoteng Aaron o Melquisedec kapag ang isang nagtataglay ng pagkasaserdote ay nabigyang-karapatan na maggawad nito sa kanya at inordenan siya sa isang katungkulan sa pagkasaserdoteng iyon (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5; D at T 42:11). Walang sinuman ang tumatanggap sa karangalang ito sa kanyang sarili (tingnan sa Mga Hebreo 5:4)" (*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2: Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 205).

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Ang pagkasaserdoteng ito ay hindi isang laruan. Hindi ito isang bagay na tataglayin lamang at kalilimutan. Ito ay ang tungkol sa pinakamahalagang bagay sa buong mundo, at tinatanggap natin ito sa pamamagitan ng sumpa at tipan. . . .

". . .Alam ng Panginoon na tayo ay mahihinang tao at maaaring matukso, at sinabi niya na iyon ang dahilan kung bakit Niya tayo inutusang magdasal sa gabi at umaga at sa lahat ng oras. Kaya niya tayo binigyan ng gabing pantahanan ay para mapaalalahanan natin ang ating sarili nang madalas. Kaya niya tayo binigyan ng mga pagpupulong sa pagkasaserdote, na kung saan tayo ay makadadalo at makakahalubilo

natin ang ating mga kapatid at patuloy tayong mapaaalalahanan" (sa Conference Report, Korea Area Conference 1975, 40–41).

Bago magampanang mabuti ng sinuman ang kanyang tungkulin sa pagkasaserdote kailangang malaman niya kung ano ang inaasahan sa kanya. Dapat muna niyang "[matutuhan ang] kanyang tungkulin, at [pagkatapos] kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig" (D at T 107:99).

Ang sumusunod na kuwento ay naglalarawan na nauunawaan ni Pangulong Kimball ang kanyang mga tungkulin at ginampanan niya ang kanyang katungkulan bilang isang diyakono:

"Natatandaan ko pa noong ako ay diyakono. . . .naisip ko na isang malaking karangalan ang pagiging diyakono. Ang aking ama ay laging nauunawaan ang aking mga pananagutan at palagi akong pinapayagang dalhin ang karuwahe at kabayo para sa mabilis na pagtitipon ng mga handog-ayuno. Sakop ng tungkulin ko ang bahagi ng bayan na aking tinitirhan, kaya lang ay may kalayuan ang mga bahay at ang sako ng harina o bote ng prutas o gulay o tinapay ay nagiging mabigat habang nadaragdagan. Kaya ang karuwahe ay napakaginhawa at kapaki-pakinabang. . . .Isang napakalaking karangalan na gawin ang paglilingkod na ito para sa aking Ama sa Langit; at. . .malaking karangalan din na gampanan ang paglilingkod na ito.

"Ako'y isang diyakono. Lagi kong ipinagmamalaki na ako'y isang diyakono. Kapag nakikita ko ang mga Apostol na naglalakad paakyat sa pulpito sa isang kapita-pitagang pagtitipon upang basbasan ang sakramento, at ang ibang Pangkalahatang Awtoridad na umaakyat upang kumuha ng tinapay at tubig at ipinapasa ito nang buong pagpapakumbaba sa mga tao sa pagtitipon at ibinabalik ang kanilang lalagyang walang-laman, ipinagmamalaki ko na ako ay isang diyakono, guro, at saserdote" (sa Conference Report, Abr. 1975, 117; *Ensign,* Mayo 1975, 79).

- Ano ang saloobin ni Pangulong Kimball tungkol sa kanyang katungkulan sa pagkasaserdote? Paano makaiimpluwensiya sa iba ang paraan ng pagtupad natin nang mabuti sa ating mga tungkulin?

**Pagtanggap ng Tulong sa Mabuting Pagsasagawa ng Ating mga Tungkulin**

Sinabi ni Pangulong Marion G. Romney: "Upang magampanan nating mabuti ang ating mga tungkulin sa pagkasaserdote, mayroong tatlong bagay na kinakailangan: Ang isa ay na mayroon tayong *masidhing pagnanais* na gumawa. Ang isa pa ay na ating *saliksikin at pag-isipang mabuti ang mga salita ng buhay na walang hanggan*. At ang ikatlo ay na tayo ay *manalangin*." (sa Conference Report, Abr. 1973, 116; o *Ensign,* Hulyo 1973, 89; idinagdag ang pagkakahilig ng mga salita).

- Ano ang tatlong bagay na sinabi ni Pangulong Romney na kailangan natin upang magampanang mabuti ang ating mga tungkulin? (Ilista ang mga sagot sa pisara. Ang mga sagot ay dapat kabilangan ng pagkakaroon ng pagnanais, pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng mga buhay na propeta, at pananalangin.)

Kung gagawin natin ang mga ito at tutuparin ang mga kautusan, tutulungan tayo ng Ama sa Langit na magampanang mabuti ang ating mga tungkulin.

Si Elder Orson Pratt na isa sa mga dakilang misyonero ng Simbahan ay naniniwala rito nang buong puso. Noong matawag siya sa misyon sa Scotland ay walumpu lamang ang miyembro ng Simbahan sa bansang iyon. Ang mga dating misyonero sa Scotland ay napilitang umalis sa purok nang paghahagisan sila ng bato, basura, at pag-alipusta. Pagdating niya noong mga unang buwan ng 1840, "naglakbay siya. . .papuntang Edinburg, ang kabisera. Kinabukasan ng dating niya roon, umakyat siya sa mabako at mabatong burol na pataas sa gitna ng kapatagan, kung saan matatanaw ang napakagandang tanawin ng lumang lungsod. Ang lugar na iyon ay tinatawag na Arthur's Seat, ngunit kinagigiliwan itong tawaging Pratt's Hill ng mga Banal. Doo'y nanalangin si Orson Pratt sa Panginoon na bigyan siya ng dalawandaang kaluluwang mapababalik-loob. Narinig at sinagot ng Panginoon ang kanyang panalangin" (Muriel Cuthbert, "Strong Saints in Scotland," *Ensign,* Okt. 1978, 36).

Ginampanang mabuti ni Elder Pratt ang kanyang tungkulin at dahil dito, pinagpala ang iba. Nang sumapit ang1853 labintatlong taon matapos umakyat sa burol si Elder Pratt at humingi ng tulong sa Panginoon, mayroon nang 3,291 miyembro ng Simbahan sa Scotland.

**Katapusan**

"Ang mga pagpapala ng Panginoon ay ipinagkakaloob sa mga Banal at sa mundo sa pamamagitan ng paglilingkod ng mga maytaglay ng kanyang banal na pagkasaserdote. . . .Ang pagtataglay ng pagkasaserdote ay hindi isang maliit na bagay. Tayo ay nakikitungo sa kapangyarihan at karapatan ng Panginoon, na ibinigay niya sa atin sa pamamagitan ng pagbubukas ng langit sa mga araw na ito upang ang bawat pagpapala ay maaari nating makamit muli" (Joseph Fielding Smith, "Blessings of the Priesthood," *Ensign,* Dis. 1971, 98).

Ipinangako ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng sumpa at tipan na kapag ginampanan natin ang ating mga tungkulin sa pagkasaserdote ay matatanggap natin ang lahat ng mayroon ang ating Ama. Ang pinakadakilang handog Niya para sa atin ay buhay na walang-hanggan (tingnan sa D at T 14:7), at ipinangako sa atin na maaari itong mapasaatin at na makakatulong tayong tamuhin ito ng iba. Dapat nating isiping madalas ang tungkol sa mga dakilang

pagpapalang ipinangako ng Panginoon sa atin kung tayo ay matapat. Habang ginagawa natin ito, ang pagnanais nating tuparin ang ating mga tipan ay lalago at gagabay sa atin tungo sa buhay na walang hanggan.

**Hamon**

Magpasiya kayo ngayon na gampanang mabuti ang inyong mga tungkulin. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan upang matanggap ang inspirasyon; pagkatapos manalangin nang taimtim para humingi ng tulong. Itanim sa isipan ang sumpa at tipan ng pagkasaserdote, at alalahanin na gustong ibigay sa atin ng ating Ama sa Langit ang lahat ng mayroon Siya. Maging mapagbigay sa inyong paglilingkod sa iba, na ginagamit ang inyong mga katungkulan at tungkulin sa pagkasaserdote upang pagpalain ang kanilang buhay.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Jacob 1:17–19 (gampanang mabuti ang mga tungkulin)
- Mosias 2:20–24 (ang pagkakautang natin sa Diyos)
- Doktrina at mga Tipan 58:26–29 (maging masigla sa paggawa ng mabuting bagay)
- Doktrina at mga Tipan 121:34–36 (pagkasaserdoteng pinamamahalaan ng mga alituntunin ng kabutihan)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 84:1–48. Maging pamilyar lalung-lalo na sa mga talata 33 hanggang 44.
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase upang maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# MGA SUSI NG PAGKASASERDOTE

*Aralin 2*

---

Ang layunin ng araling ito ay mapabuti ang ating pang-unawa sa kahulugan at paggamit ng mga susi ng pagkasaserdote.


**Pambungad**

Ang susi ay nagbubukas ng pinto sa bahay. Hindi tayo makapapasok sa isang bahay maliban kung natanggap natin ang susi o pahintulot ng may-ari. Gayon din, maliban sa karapatan ng mga asawang lalaki o mga ama na basbasan ang kanilang mga mag-anak, ang lalaking maytaglay ng pagkasaserdote ay maaari lamang gamitin ito kapag may tamang pahintulot. Halimbawa, ang saserdote, ay mayroong karapatan na mag-orden ng iba sa isang katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron, pero hindi niya magagawa ito nang walang kapahintulutan na galing sa kanyang obispo o pangulo ng sangay. Ang kapangyarihang ito na magbigay ng pahintulot ay tinatawag na mga susi ng pagkasaserdote.

"Kinakailangan na ang bawat gawaing isinasagawa na nasa ilalim ng kapangyarihang ito ay maisagawa sa tamang oras at lugar, sa tamang paraan, at alinsunod sa tamang orden. Ang kapangyarihang namamahala sa mga gawaing ito ay binubuo ng *mga susi* ng Pagkasaserdote" (Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 136).

Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith: "Ang mga susing ito ay karapatan ng panguluhan; ito ay mga kapangyarihan at karapatan na mangasiwa at mamahala sa lahat ng gawain ng Panginoon sa mundo. Mayroong kapangyarihan ang mga maytaglay nito na pamahalaan at pangasiwaan ang paraan kung saan maaaring makapaglingkod ang iba sa pagkasaserdote. Lahat tayo ay maaaring magtaglay ng pagkasaserdote, ngunit magagamit lamang natin ito kung mayroong pahintulot, at patnubay ang mga ito ang mga maytaglay ng mga susi upang gawin" (sa Conference Report Abr. 1972, 98, *Ensign*, Hulyo 1972, 87).

- Ano ang kaibahan ng pagkasaserdote at ng mga susi ng pagkasaserdote? (Ang pagkasaserdote ay ang kapangyarihan at karapatan ng Diyos. Ang mga susi ay karapatan na gamitin ang kapangyarihan o karapatan na ito sa mga tiyak na paraan.)



*2-a, Inordenan ni Cristo ang Kanyang mga Apostol at ibinigay sa kanila ang mga susi ng pagkasaserdote.*

**Sino ang mga Maytaglay ng mga Susi sa Pagkasaserdote?**

Taglay ni Jesucristo sa tuwina ang lahat ng susi ng pagkasaserdote. Noong una niyang tinawag ang Kanyang labindalawang Apostol, binigyan silang lahat ni Jesus ng pagkasaserdote (tingnan sa Juan 15:16).

- Ipakita ang larawan 2-a, "Inordenan ni Cristo ang Kanyang mga Apostol at ibinigay sa kanila ang mga susi ng Pagkasaserdote."

Bago Siya ipinako sa krus, binigyan ni Cristo ng mga susi ng pagkasaserdote sina Pedro, Santiago, at Juan. Ito'y naganap sa Bundok ng Pagbabagong-anyo. (Tingnan sa *Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 158; Mateo 17:1–9.) Gayunman, sa mga sumunod na siglo pagkatapos mamatay ang mga Apostol, ang mga susing ito ay nawala; at bago muling magamit ng kalalakihan ang pagkasaserdote, ang mga susing ito ay kailangang maibalik. Dahil dito ay isinugo ng Panginoon sina Pedro, Santiago, at Juan kay Propetang Joseph Smith upang ipanumbalik ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at ang mga susi ng pagkasaserdoteng ito (tingnan sa D at T 27:12–13).

Ibinigay ang mga sagradong susing ito sa lahat ng Apostol at propeta ng Simbahan, at ang mga ito ay hawak ng propeta at mga Apostol ng Simbahan sa ngayon.

- Ipakita ang larawan 2-b, "Pangulong Gordon B. Hinckley."

Bagama't taglay ng bawat Apostol ang lahat ng susi sa pagkasaserdote, plano ng Panginoon na tanging isang tao lamang sa bawat panahon ang gagamit ng mga susing ito alang-alang sa Simbahan. Sa dahilang ito, ang nakatatandang buhay na Apostol (sa petsa ng pagka-orden at hindi sa edad) ay oordenan na maging Pangulo ng Simbahan ng Korum ng Labindalawa at binigyan ng karapatan upang gamitin ang lahat ng susi ng pagkasaserdote. Kapag siya ay namatay, ang mga nalalabing Apostol ang oorden sa susunod na nakatatandang buhay na Apostol (ang Pangulo ng Korum ng Labindalawa) upang gamitin ang kanyang mga susi ng Pagiging-Apostol sa kaganapan ng mga ito bilang Pangulo ng Simbahan.

Samakatuwid, ang Pangulo ng Simbahan lamang ang tao sa mundo na mayroong kapangyarihang gamitin ang lahat ng susi ng pagkasaserdote (tingnan sa D at T 132:7). Gayon pa man, ipinakatawan niya ang ilan sa mga susi sa mga pinunong nangungulo sa Simbahan. Kabilang sa kalalakihang ito ang mga pangulo ng misyon, pangulo ng sangay, pangulo ng templo, pangulo ng istaka, obispo, at pangulo ng korum ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ipinakakatawan din naman nila ang bahagi ng kanilang kapangyarihan (subalit hindi ang kanilang mga susi) sa kalalakihan at kababaihan sa kanilang mga yunit sa pagtatalaga sa kanila sa iba't ibang katungkulan at tungkulin.



*2-b, Pangulong Gordon B. Hinckley*

Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph F. Smith: "Sa kanilang kaganapan, ang mga susi ay hahawakan lamang ng isang tao sa isang panahon, ang propeta at Pangulo ng Simbahan. Maaari niyang ipakatawan ang anumang bahagi ng kapangyarihang ito sa iba, sa ganitong kalagayan ang taong iyon ay mayhawak ng mga susi ng tiyak na gawain. Kaya ang pangulo ng templo, pangulo ng istaka, obispo ng purok, pangulo ng misyon, pangulo ng korum, bawat isa ay may hawak ng mga susi sa mga gawaing ginagampanan sa partikular na lupon o lokalidad. Ang kanyang Pagkasaserdote ay hindi tumataas dahil sa natatanging pagkakahirang na ito" (*Gospel Doctrine,* 136).

Ang ilan sa mga karapatan ay ibinibigay nang kusa sa isang lalaki kapag ibinigay sa kanya ang Pagkasaserdoteng Aaron o Melquisedec. Halimbawa, kapag ang lalaki ay naordenan sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, binibigyan siya ng karapatang magbigay ng mga pagbasbas ng ama, mga pagbabasbas para sa kaginhawahan, at pagbabasbas para sa mga maysakit. Hahawakan niya ang mga karapatang ito hangga't tinataglay niya ang pagkasaserdoteng iyon. Hindi ito maaaring kunin sa kanya kahit ng kamatayan.

Sa kabilang dako, may ilang kapangyarihan at karapatang pansamantala lamang maibibigay sa isang tao. Halimbawa, humahawak lamang ang pangulo ng sangay ng mga susi ng kanyang sangay habang siya ay pangulo ng sangay. Kapag siya ay nahalinhinan na sa kanyang katungkulan, hindi na niya hawak ang mga susing ito.

**Kahalagahan ng mga Susi ng Pagkasaserdote**

Kapag tinawag ang isang tao sa pansamantalang gawain sa Simbahan bilang isang pinuno o guro, siya ay itinatalaga sa tungkuling iyon. Ang pinuno ng Simbahan na mayhawak ng mga susi sa tungkuling iyon ay nagbibigay sa isang tao ng karapatang gumawa sa tungkuling iyon sa pagpapala ng pagtatalaga. Pagkatapos noon, wala nang iba pang maaaring gumawa sa kanyang tungkulin—gayon din hindi niya maaaring balikatin ang mga tungkulin ng gawain ninuman. Mananatili ang karapatan sa taong ito hanggang mahalinhinan siya sa kanyang katungkulan. Ang paghahalinhang ito ay ibinibigay ng nangungulong pinuno; pagkaraan nito, wala nang hawak na karapatang kumilos ang taong ito sa katungkulang iyon. Maaaring italagang maglingkod ang mga miyembro ng Simbahan sa mga katungkulan ng paglilingkod sa Simbahan sa loob ng ilang linggo, buwan o taon. Ang haba ng paglilingkod ay ayon sa pangangailangan, sa pagganap ng bawat tao, at sa patnubay ng Panginoon sa pinunong namumuno.

Bagama't kapwa maitatalaga ang kalalakihan at kababaihan sa mga tungkulin, tanging ang mga may taglay lamang ng pagkasaserdote ang maaaring maordenan sa mga katungkulan ng pagkasaserdote. Kabilang



*2-c, Ang mga pagbabasbas ng pagkasaserdote ay maaaring ibigay sa lahat ng miyembro ng mag-anak.*

sa mga katungkulang ito ang diyakono, guro, saserdote, elder, mataas na saserdote, obispo, patriyarka, Pitumpu at Apostol. Ang pag-oorden sa nasabing mga katungkulan ay nakapagbibigay sa tao ng pagkakataong maglingkod sa Simbahan sa mga natatanging paraan—ngunit ito, gaya ng naunang pagtalakay, ay kapag nabigyan lamang ng kapahintulutan ng mga may hawak ng susi ng pagkasaserdote na gawin ang mga ito.

Nagpapakita ang sumusunod na kuwento kung paanong nagpapanatili ng katiwasayan sa Simbahan ang tamang paggamit ng mga susi ng pagkasaserdote.

Noong mga unang araw ng Simbahan, inakala ni Hiram Page na mayroon siyang karapatang ihayag ang mga salita ng Panginoon sa Simbahan. Sinimulan niyang sabihin sa iba ang tungkol sa kanyang mga pahayag, at maraming miyembro ng Simbahan ang naniwala sa lahat ng kanyang itinuro. Si Propetang Joseph Smith ay nanalangin at nagtanong sa Panginoon kung ano ang dapat gawin. Sinagot siya ng Panginoon at sinabing, "Walang sinuman ang itatalagang tatanggap ng mga kautusan at paghahayag sa simbahang ito maliban sa aking tagapaglingkod na si Joseph Smith, Jun." (D at T 28:2). At sinabi rin ng Panginoon kay Joseph na sabihin kay Hiram Page na galing sa diyablo ang mga bagay na itinuturo at isinusulat nito. Ipinaliwanag ng Panginoon na hindi si Hiram ang dapat tumanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan. Sinabi niya: "Ang mga bagay na ito ay hindi itatakda sa kanya. . . . Sapagkat lahat ng bagay ay kailangang maisagawa nang may kaayusan" (D at T 28:11–13).

Tinupad ni Propetang Joseph ang itinagubilin ng Panginoon sa kanya. Nakipagkita siya kay Hiram Page at sinabi niya sa kanya ang sinabi ng Panginoon. Mapagpakumbaba sa Espiritu, nagpahiwatig ng kalungkutan si Brother Page at nangakong ihihinto niya ang kanyang mga ginagawa. Sa nakitang pagsisi niya, inatasan siya ni Joseph na magmisyon. Makaraan ito, sa isang komperensiya, sinabi ng Propeta sa mga miyembro ng Simbahan kung ano ang ipinahayag ng Panginoon, at sinabihan silang kalimutan ang itinuro ni Hiram Page. Sumang-ayon silang lahat, at sinang-ayunan nila si Joseph Smith bilang tangi nilang propeta, tagakita, at tagahayag. (Tingnan sa, *History of the Church*, 1:109–15.)

- Bakit napakahalaga na isang tao lamang ang gagamit sa lahat ng susi ng pagkasaserdote?

**Ang Simbahan ng Panginoon ay "Bahay ng Kaayusan"**

Dahil sagrado ang pagkasaserdote, tayo'y sinabihan na gamitin ito nang maingat. Kung gayon pinamamahalaan ang pagkasaserdote sa isang paraan na may kaayusan para maiwasan ang kalituhan at maling paggamit nito. "Masdan, ang aking bahay ay isang bahay ng kaayusan, wika ng Panginoong Diyos, at hindi isang bahay ng kaguluhan" (D at T 132:8).

Ang kaayusang ito ay dati nang bahagi ng kaharian ng Panginoon sa mundo. Halimbawa, nalaman ni Moises ang kahalagahan ng kaayusan matapos siyang matawag upang pamunuan ang mga Israelita. Nangangailangan ng pinuno ang mga Israelita upang mapanatili silang nagkakaisa, ngunit nalaman ni Moises na hindi niya maaaring pamunuan ang lahat ng tao nang nag-iisa. Kaya pumili siya ng "mga taong bihasa, gaya ng matatakutin sa Diyos, na mga taong mapagpatotoo" at tinawag sila upang mamuno. Itinalaga niya ang ilan para mamuno sa dadaanin, ang iba ay para mamuno sa lilimampuin, at ang iba ay para mamuno sa sasampuin. Tinuruan niya sila kung paano mamuno sa kani-kanilang mga pangkat. (Tingnan sa Exodus 18:17–22.)

Ngayon, ang ating mga pinuno ng pagkasaserdote—mga obispo at pangulo ng istaka, distrito, misyon, sangay, at korum—ay binibigyan ng mga susi ng pagkasaserdote upang maakay tayo sa isang paraang may kaayusan at tumanggap ng mga kailangang ordenansa ng ebanghelyo. Maraming pananagutan ang mga pinuno ng Simbahan dahil sila ang may hawak ng mga susi ng pagkasaserdote. Ang mga pananagutang ito ay kinapapalooban ng:

Pakikipanayam sa sinumang tatanggap ng mga ordenansa.

Pagpapaliwanag ng kahalagahan ng mga ordenansa.

Pag-alam kung handa o hindi ang mga miyembro na tumanggap ng mga ordenansa.

Pagtatago ng mahahalagang talaan.

Pag-alam kung karapat-dapat ang sinuman na magsasagawa ng mga ordenansa.

Paghiling sa isang tao na mamahala sa mga pulong ng Simbahan.

Paghingi ng hayagang pagsang-ayon mula sa mga miyembro ng Simbahan.

**Ang Ama ay may mga Susi na Basbasan ang Kanyang Mag-anak**

Sa paghirang ng Panginoon, ang ama ang siyang pinuno ng kanyang tahanan. Upang maging mabisang espirituwal na pinuno ng kanyang mag-anak, kailangan niyang taglayin nang marangal ang kanyang pagkasaserdote. Kung gagawin niya ito, magkakaroon siya ng kapangyarihang gabayan at basbasan ang kanyang mag-anak nang may pagmamahal at pagkakaisa.

- Anu-anong susi ang ating hawak bilang mga pinuno ng ating mag-anak? Ano ang magagawa ng mga susing ito para sa mga miyembro ng ating mag-anak?

Ang pagkasaserdote ay maghahatid ng maraming magagandang pagpapala sa ating mga buhay. Itinala ni Bishop H. Burke Peterson ang ilan sa mga ito: "Kung mabubuhay tayo [sa paraang maghahanda sa atin upang tanggapin ito], mapapasaatin ang kapangyarihang ibinigay sa atin ng ating Ama sa Langit na magdadala ng kapayapaan sa magulong tahanan. Mapapasaatin ang kapangyarihang magpala at mag-aliw sa maliliit na bata, na magpapatulog sa mga matang pagod sa pagluha sa pagdating ng umaga. Mapapasaatin ang kapangyarihang. . . magpapatahimik sa ninenerbiyos at pagod na asawa. Mapapasaatin ang kapangyarihang magbibigay ng direksyon sa naguguluhan at marupok na tinedyer. Mapapasaatin ang kapangyarihang magbasbas sa anak na babae bago siya lumakad sa kanyang unang pakikipagtipanan o bago ang kanyang kasal sa templo, o magbasbas sa anak na lalaki bago siya umalis patungong misyon o kolehiyo. . . . Mapapasaatin din ang kapangyarihang magpapagaling sa maysakit at aaliwin ang nalulungkot" (sa Conference Report, Abr. 1976, 50–57; o *Ensign,* Mayo 1976, 33).

- Ano ang inyong nadarama sa karapat-dapat na amang may kapangyarihan at karapatang basbasan ang kanyang asawa at mga anak? Ano ang inyong madarama kung manghihingi ang isang miyembro ng inyong mag-anak ng ganoong pagbasbas?

Ang kapatid na babaing si Kyuln Lee ng Korea ay tumanggap ng ginhawa sa pagkakaroon ng pagbabasbas ng pagkasaserdote sa kanyang tahanan. Isinalaysay niya ang sumusunod na kuwento:

"Pitong taon na ang nakakaraan nang mangyari ito, noong sampung buwan pa lamang ang aking unang sanggol. Ang aking asawang miyembro ng panguluhan ng distrito ng Korea ay kinailangang maglakbay nang malayo tuwing katapusan ng linggo, upang gampanan ang kanyang takdang gawain para sa Simbahan; at iniiwan akong mag-isa kasama ang aking anak na babaing si Po Hee. Sa natatanging linggong ito, naglakbay siya nang 270 milya papuntang Pusan noong Sabado (pitong oras ang bawat paglalakbay sa tren) at pagkatapos ay bumalik siya sa Seoul nang gabing iyon upang dumalo sa komperensiya sa sangay ng Seoul East kinabukasan ng Linggo. Ito ay nakakapagod, at naaawa ako sa kanya.

"Noong Sabado at Linggo ay normal ang kalusugan ni Po Hee, at kahit na medyo maingay siya sa pulong sakramento, sa aming pag-uwi ng bahay ay inubos niya ang laman ng bote at saka natulog. Bandang 9:30 ng gabi nang magsimula siyang umiyak. Malakas ang iyak niya kaysa rati, at nang kargahin ko siya, natuklasan kong mataas ang lagnat niya. Hindi ko alam ang gagawin. Nalaman kong ang tanging pagamutang malapit sa amin ay nagsara na noong araw na iyon. Ilang sandali ring

nagpatuloy ang kanyang pag-iyak, at nang dumating at pumasok sa pinto ang aking asawa, naiyak na rin ako.

"Niyakap kami ng aking asawa at nagtanong kung ano ang nangyari. Mukhang kahabag-habag si Po Hee. Nang sabihin ko kung ano ang nangyari, ibinaba niya ang kanyang amerikana at maletin at inilabas ang inilaang langis. Pagkatapos ay binasbasan niya ang aming anak. Hindi ko matandaan lahat ang mga salita, ngunit matapos niyang sabihin ang mga pormal na salita sa pagbabasbas ay nagpatuloy siya: 'Ama sa Langit, nagpapasalamat ako para sa buhay, para sa aking asawa at anak. Nagpapasalamat ako sa ipinanumbalik na ebanghelyo at sa pagkakataong maglingkod. Ipinadala po ninyo ako sa Pusan at sa Sangay ng Seoul East para asikasuhin ang ilang gawain sa Simbahan. Nagampanan ko na ang ibinigay sa aking tungkulin, kahapon at ngayon, at ngayo'y dinatnan ko ang aking anak na may malubhang sakit. Tinulungan ninyo po ako sa lahat ng oras. Hinihiling ko pong tulungan ninyo ako ngayong gabi.'

"Bago niya natapos ang panalangin ay tulog na ang bata, pagtingala ko sa kanya, ang asawa ko ay nakatayo na may luha sa mga mata.

"Ang anak naming babae ay nasa pangalawang baitang na sa paaralan at siya'y malusog at masaya, pero malinaw pa rin sa aking alaala ang bahagi ng panalangin ng aking asawa nang sabihin niya sa Panginoon, 'Nagampanan ko na po ang ibinigay ninyong tungkulin kahapon at ngayon.' Sana ay patuloy ko siyang masuportahan para lagi niyang masasabi sa Panginoon na siya ay naging masunurin. Anong laking pagpapala ang magkaroon ng isang asawang gumagalang sa pagkasaserdote!" ("Our Baby, My Husband, and the Priesthood," *Ensign,* Ago. 1975, 65).

- Ipakita ang larawan 2-c, "Ang mga pagbabasbas ng Pagkasaserdote ay maaaring ibigay sa lahat ng miyembro ng mag-anak."

Ang mga natatanging pagbabasbas ng pagkasaserdote ay maaaring ibigay sa lahat ng miyembro ng mag-anak. Ang batang mayroong suliranin, o asawang nangangailangan ng aliw o patnubay, ay maaaring humiling ng natatanging pagbabasbas, at nang sa gayon ay tumanggap ng tulong na kailangan nila mula sa Panginoon. Sa pagtanggap ng mga pagbabasbas na iyon, dapat nating alalahanin na para sa ating karanasan ang marami sa ating pagsubok. Dapat nating sikaping mapagtagumpayan ang mga ito sa abot ng ating makakaya. Ngunit kapag natuklasan natin na kinakailangan natin ng karagdagang tulong, maaari tayong lumapit sa maytaglay ng pagkasaserdote sa ating mag-anak, sa ating tagapagturo ng tahanan o ibang pinuno ng pagkasaserdote at humingi ng mga natatanging pagbabasbas ng pagkasaserdote.

- Anyayahan ang ilan sa mga miyembro ng klase na maiksing ibahagi ang ilan sa mga pagpapalang tinanggap ng kanilang mag-anak sa pamamagitan ng pagkasaserdote.

"Ang ama ay kailangang makadama ng pagkagutom at pagkauhaw at maghangad na pagpalain ang kanyang mag-anak, magtungo sa Panginoon, pag-isipan ang mga salita ng Diyos, at mamuhay ayon sa Espiritu upang malaman ang kaisipan at kalooban ng Panginoon at kung ano ang dapat niyang gawin upang mapamunuan ang kanyang mag-anak" (Ezra Taft Benson, *God, Family, Country: Our Three Great Loyalties* [1974], 185).

"[Bilang karagdagan sa pagkakaroon ng ganitong uri ng pamumuno], ang karapat-dapat na amang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay dapat mahikayat na pangalanan at basbasan ang kanyang mga anak. Dapat niyang basbasan ang mga maysakit sa tahanan. . . . Maaari siyang magbigay ng pagbabasbas ng ama."

"Bilang Patriyarka ng kanyang tahanan, ang ama rin ang tagapagpahayag sa kanyang mag-anak. . .at. . .sa ganitong kalagayan nakahanda siyang tumanggap ng mga pahayag na galing sa Panginoon para sa kabutihan at pagpapala ng kanyang mag-anak (tingnan sa *Doctrines of Salvation,* 3:172)" (A. Theodore Tuttle, sa Conference Report, Okt. 1973, 86; o *Ensign,* Ene. 1974, 66–67). Ang mga karapat-dapat na ama ay dapat ding magbinyag sa kanilang mga anak, ipagkaloob sa kanila ang kaloob na Espiritu Santo, at ordenan sila sa pagkasaserdote. Gayunman, di-tulad ng mga karapatang kasama sa pagiging ama, maaaring isagawa ng ama ang mga ordenansa pagkatapos lamang na tanggapin ang pahintulot mula sa mga pinuno ng pagkasaserdote na mayhawak ng mga susi sa kanyang unit ng Simbahan.

**Katapusan**

Kahit na may karapatan tayong magsagawa ng ilan sa mga ordenansa bilang mga maytaglay ng pagkasaserdote, hindi natin maisasagawa ang ilan sa mga ito hanggang hindi tayo binibigyan ng pahintulot ng mga pinuno ng ating Simbahan. Ang kapangyarihang magbigay-pahintulot ay tinatawag na mga susi ng pagkasaserdote. Ang propeta lamang ang tanging taong may hawak ng lahat ng susi ng pagkasaserdote, ngunit ibinibigay niya ang ilan sa mga susing ito sa mga namumuno sa mga yunit ng Simbahan; sila naman pagkatapos ang nagbibigay ng pahintulot na gamitin natin ang ating pagkasaserdote upang pagpalain ang mga anak ng ating Ama sa Langit.

Gayundin, kapag inordenan tayo sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, tumatanggap tayo ng ilang mga susi na magagamit natin bilang mga ama. Sa pamamagitan ng mga susing ito, maaari nating gamitin ang pagkasaserdote para pagpalain ang ating mga mag-anak.

**Hamon**

Isaalang-alang nang may panalangin kung paano ninyo magagamit ang inyong pagkasaserdote upang pagpalain ang mga miyembro ng inyong mag-anak.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Doktrina at mga Tipan 65:1–6 (mga susi ng kaharian ng Diyos na ipinagkatiwala sa tao)
- Doktrina at mga Tipan 110:11–16 (ang mga susi nito at ng iba pang dispensasyon na ipinagkatiwala sa tao)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Pag-aralan ang Mga Taga Corinto 12:12–28.
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGGALANG SA PAGKASASERDOTE

*Aralin 3*

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayong unawain ang banal na kapangyarihan ng pagkasaserdote at dagdagan ang ating pagnanais na igalang ito.

**Pambungad**

- Awitin ang "Sa Tuktok Ng Bundok" (*Himno blg.* 4; o *Mga Alintuntunin ng Ebanghelyo*, 358).

"Dalawang misyonerong naglilingkod sa Hong Kong ang naanyayahan sa isang hapunan sa apartment nina Brother & Sister Wong. Iba't ibang uri ng mga mangkok at plato ang inihanda sa hapag-kainan. Magalang na ngumiti si Sister Wong sa dalawang misyonero. Nasa sulok ng silid si Sister Wong kung saan gumagawa siya sa tabi ng umuusok na lutuan. Maya-maya'y inihanda niya ang mga mangkok at bandehang may lamang pagkain sa hapag-kainan. Nagulat ang mga misyonero sa hapunang iyon. Mayroong mga mangkok ng kanin, ngunit mayroon ding mga bandeha ng hipon at iba pang piling pagkain, na labis sa makakayanan ng abang mag-anak na ito. Nagbigkas ng pagbabasbas si Brother Wong at nagsimula na ang hapunan, kumuha lamang ng kaunting pagkain sina Brother at Sister Wong para sa kanila, ngunit ipinilit ang pagkain sa dalawang elder. Naramdaman ng dalawang elder ang taos-pusong pag-aalok, at batid din nilang kumakain sila ng mas masasarap na pagkain na hindi kayang bilhin ng mag-asawa para sa mga pangkaraniwang kainan—mga pagkain na ginugulan ng mag-asawang Wong ng katumbas marahil ng isang buwang kita—gayunpaman hindi nais ng dalawang elder na magdulot ng sama ng loob o makasakit ng damdamin o tumanggi , kung saan kitang-kita ang katibayan ng pagsasakripisyo.

"Napakahirap ikalugod ang hapunang yaon; na nagnanais tanggapin ang handog na tunay na galing sa puso, datapwat nababatid na hirap at kagutuman—sakripisyo—ang nagsakatuparan sa handog. Sina Brother Wong at ang kanilang mga anak ay halos tumikim lamang ng hapunan. Ngunit nang matapos na ito, nagpahayag sila ng kanilang kasiyahan at nababahalang nagtanong kung busog na ang dalawang



*3-a, Ang mundo ay nilikha sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote.*

elder. Nang tumayo na ang lahat upang iligpit ni Sister Wong ang mga pinagkainan, hinawakan sa kamay ng isa sa mga elder si Brother Wong at may matinding damdamin na sinabi: 'Bakit ninyo kami binigyang karangalan sa ganitong paraan, sa kabila ng labis na paghihirap ninyo?' Sa kahinahunan na maaaring idulot lamang ng paglisan niya ng kanyang tahanan at bansa at pagtanggap ng katotohanan sa banyagang lupa, sinabi ni Brother Wong 'Ginawa namin ito para sa inyo dahil taglay ninyo ang pagkasaserdote, at ipinadala kayo dito ng Diyos upang turuan kami' " (*Life and Teachings of Jesus, New Testament Volume 1* [Manwal ng Sistemang Pang-edukasyon ng Simbahan, 1974], 134).

- Paano ipinakita nina Brother at Sister Wong ang paggalang sa mga maytaglay ng pagkasaserdote ng Diyos? Bakit napakahalaga na igalang natin ang ating taglay na pagkasaserdote?

**Pagkasaserdote—Ang Pinakadakilang Kapangyarihan sa Mundo**

Ang pagkasaserdote ang pinakadakilang kapangyarihan sa mundo. Hindi lamang ito kapangyarihan ng Diyos na ibinigay sa tao sa mundo upang gawin ang Kanyang gawain, subalit sa pamamagitan din ng kapangyarihang ito ay naisagawa ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo ang Kanilang gawain. Sa katunayan, nilikha ng Tagapagligtas ang mundo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote.

- Ipakita ang larawan 3-a, "Ang mundo ay nilikha sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote."

Isang malaking karangalan para sa atin na mabigyan ng pagkasaserdote at ng kapangyarihan nito.

- Ipabasa sa mga miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 107:1–4. Ano ang opisyal na pangalan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ("Banal na Pagkasaserdote, alinsunod sa Orden ng Anak ng Diyos")

Tinatawag nating Pagkasaserdoteng Melquisedec ang mataas na pagkasaserdote upang maiwasan ang madalas na paggamit sa pangalan ng "Anak ng Diyos", gayunpaman ang pagkasaserdote ay tunay na pagkasaserdote ng Tagapagligtas.

Marami sa atin ang hindi nakauunawa kung gaano kalakas ang kapangyarihan ng pagkasaserdote. Noong panahon ni Enoc, ang Diyos ay nangako na "bawat taong maordenan alinsunod sa orden at tungkuling ito ay magkakaroon ng kapangyarihan, sa pamamagitan ng pananampalataya, na guhuin ang mga bundok, hatiin ang mga karagatan, patuyuin ang mga tubig, nailiko ang mga ito mula sa kanilang mga pinagdadaluyan, na mapaglabanan ang mga hukbo ng mga bansa, paghatiin ang lupa, pagwatak-watakin ang bawat pangkat, na makatindig sa harapan ng Diyos, na maisagawa *ang lahat ng bagay alinsunod sa kanyang*

*kalooban,* alinsunod sa kanyang utos" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 14:30–31; tingnan din sa *The Mediation and Atonement,* ni John Taylor [1882] 85; idinagdag ang mga pagkakahilig ng mga salita).

Ang mga maytaglay ng pagkasaserdote ay kumakatawan kay Cristo. Samakatwid, dapat nating gawin ang ipinagagawa Niya sa atin kung nais nating makamtan ang Kanyang kapangyarihan. Kailangan nating sundin ang Kanyang mga kautusan at magsikap, sa tuwing ginagamit natin ang pagkasaserdote, na kumilos sa paraang nais Niya na ating ikilos.

"Ipinaliwanag ni Elder H. Burke Peterson: Nauunawaan ko na mayroong pagkakaiba ang karapatan ng pagkasaserdote at kapangyarihan ng pagkasaserdote. . . .Lahat tayong maytaglay ng pagkasaserdote ay may karapatang kumilos para sa Panginoon, subalit ang bisa ng ating karapatan—o kung inyong mamarapatin, ang kapangyarihan na dumarating sa pamamagitan ng karapatang iyon—ay nababatay sa pamamaraan ng ating pamumuhay; ito ay batay sa ating kabutihan" (sa Conference Report, Abr. 1976, 50; o *Ensign,* Mayo 1976, p. 33).

Kung karapat-dapat, may kapangyarihan tayong pagpalain ang ating mga mag-anak, tumanggap ng pahayag para sa ating mga tungkulin sa pagkasaserdote, gumawa ng mga himala, at magapi si Satanas. Ang pagkasaserdote ay kapangyarihan kung saan naisagagawa ang mga ordenansa, naisagagawa ang gawain sa templo, at naipangangaral ang ebanghelyo. Hindi natin matatanggap ang alinman sa mga ordenansang ito at pagpapala kung walang kapangyarihan ng pagkasaserdote.

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ibahagi kung paano nila nakita ang kapangyarihan ng pagkasaserdote sa kanilang buhay.

Nakatulong sa isang misyonero ang pansariling karanasan na maunawaan ang kapangyarihan ng pagkasaserdote:

Ang misyonerong ito at ang kanyang kasama ay nagpunta sa isa sa mahihirap na distrito ng lungsod para magbigay ng talakayan. Ang bagong mag-asawang nagsisiyasat sa Simbahan ay lubhang maralita. Ang pinakamahalaga nilang pag-aari ay ang kanilang sanggol na babae, na noong oras na iyon ay may malubhang karamdaman. Ang kanyang munting mukha ay nangangasulngasul. Panay ang pikit ng kanyang mga mata na para bang inaantok. Ang ama at ina ay nagdadalamhati at umiiyak. Napagtanto nilang ang kanilang pinakamamahal na anak ay malapit nang mamatay. Matinding kaisipan ang dumating sa batang misyonerong ito, "Gamitin mo ang iyong pagkasaserdote!" Kaya sinabi niya sa ama na kargahin ang kanyang anak. Pagkatapos ay ipinatong ng misyonero at ng kanyang kasama ang kanilang mga kamay sa maliit na ulo ng munting sanggol at patuloy na nanampalataya at binigyan ng basbas ang sanggol. Sinabi sa kanila ng tinig ng Espiritu na basbasan siya na makapanumbalik sa kanyang kalusugan at lumaki upang

maging isang butihing batang babae. Natupad ang pagpapalang iyon. Ang bata ay nanumbalik sa magandang kalusugan.

Ang batang misyonero ay nagdiwang sa Panginoon sa pagkakataong yaon na maging Kanyang tagapaglingkod. Nakalulugod ngunit nakapagpapakumbaba ang kanyang karanasan. Tinuruan siya nito ng isang bagay tungkol sa malakas na kapangyarihan ng Diyos na kung saan may karapatang gumamit ang Kanyang mga tagapaglingkod sa pamamagitan ng pagkasaserdote.

- Bakit mahalaga ang ating pananampalataya sa paggamit ng kapangyarihan ng pagkasaserdote?

**Paggalang sa Pagkasaserdote**

Isinalaysay ni Pangulong Harold B. Lee ang sumusunod: "Natatandaan ko ang isang kuwentong isinalaysay minsan ng isa sa aming mga sundalo. Naanyayahan siya sa isang kapisanan ng mga pinuno kung saan nagaganap ang isang inuman, at ang mga kalalakihan ay kumikilos sa napakagulong-asal. Napansin niya ang isang lalake na nakahiwalay sa pangkat na mukhang hindi gusto ang mga nangyayari, kaya lumapit siya sa lalaking ito, na tulad niya, ay hindi umiinom, at nagsabi, 'Mukhang hindi ka nasisiyahan sa ganitong uri ng kasiyahan.' Tumayo ang binata at inayos niyang mabuti ang kanyang sarili at sinabi, "Oo, ginoo, hindi ako sumasali sa ganitong uri ng kasiyahan dahil kasapi ako ng Maharlikang Tahanan ng Inglatera.' At buong pagmamalaki ring sinabi ng ating pinunong Banal sa mga Huling-araw, 'Gayon din ako, dahil ako ay miyembro ng Maharlikang Tahanan ng Diyos' " (*Ye are the Light of the World*, [1974], 22; tingnan din sa I Ni Pedro 2:9).

Dahil ito ang pagkasaserdote ng Tagapagligtas, kailangang igalang natin ito ayon sa nais ni Cristo. Sinulat ni Elder James E. Talmage ang tungkol sa kanyang ordenasyon sa pagkasaserdote at ang kanyang mga damdamin habang sinisikap niyang igalang ito:

"Sa sandaling ako ay naordenan, isang pakiramdam ang napasaakin na lubhang hindi ko lubos na mailarawan. Mukhang babahagyang mangyari, na ako na isang batang lalaki ay lubos na parangalan ng Diyos na matawag sa pagkasaserdote. . . .Nakalimutan kong ako ay isa lamang labing-isang taong gulang na bata; lakas ang aking nadama sa kaisipang kabilang ako sa Panginoon at na Kanya akong tutulungan sa anumang utos Niya sa akin.

"Ang bisa ng aking ordenasyon (bilang isang diyakono) ay pumasok sa lahat ng gawain ng aking kabataan. Nangangamba ako na makalimutan minsan kung sino ako, subalit palagi akong nagpapasalamat na madalas kong naaalaala kung sino ako, at ang pag-aalaala ang nagsisilbi sa tuwina upang mapabuti ako. Kapag naglalaro sa bakuran ng paaralan, at marahil ay natutuksong mandaya sa laro, kapag nasa gitna ng isang pagtatalo sa

isang kalaro, aking maaalaala at magiging mabisa ang kaisipan na parang binigkas nang malakas—'Ako ay isang diyakono; at hindi tama na ang isang diyakono ay kumilos sa ganitong paraan.' Sa mga araw ng pagsusulit, kung kailan parang madali sa akin ang kumopya ng ilan sa gawa ng ibang batang lalaki. . . .Sasabihin ko sa aking isip na, 'Mas masama para sa akin na gawin iyon kaysa sa kanila, dahil ako ay isang diyakono.'

". . .Ang pagpapahalaga sa dakilang karangalan ng aking ordenasyon ang nagpalugod sa aking paglilingkod. . .

"Hindi kailanman kumupas ang impresyon na tumimo sa aking isipan nang ako ay gawing isang diyakono. Ang pakiramdam na tinawag ako sa natatanging paglilingkod sa Panginoon, bilang isang maytaglay ng pagkasaserdote, ang siyang pinagmumulan ng aking lakas sa lahat ng taong nagdaan. Nang malaunang maordenan ako sa mas matataas na katungkulan sa Simbahan, gayon ding katiyakan ang aking nadama sa bawat pagkakataon,—na ako sa katotohanan ay nabigyan ng kapangyarihan mula sa langit, at na ako ay inutusan ng Panginoon na igalang ang kanyang kapangyarihan. Pagkatapos ako ay naordenan na guro, elder, mataas na saserdote, at sa wakas isang Apostol ng Panginoong Jesucristo, at sa bawat ordenasyon may nadarama akong isang bago at isang nakalulugod-kaluluwang damdamin na una kong nadama nang tawagin akong maging isang diyakono sa paglilingkod ng Panginoon" (*Incidents from the Lives of Our Church Leaders* [manwal ng mga tagubilin para sa diyakono, 1914], 135–136).

- Paano iginalang ni Elder Talmage ang pagkasaserdote?

Ipinayo ni Pangulong Harold B. Lee: "Dapat nating sabihin, 'Dahil ako ay maytaglay ng pagkasaserdote ng buhay na Diyos, ako ay isang kinatawan ng ating Ama sa Langit at taglay ang pagkasaserdote na kung saan maaari Siyang gumawa sa pamamagitan ko; hindi ako maaaring magpakababa na gawin ang ilang bagay na maaari ko sanang nagawa dahil kabilang ako sa pagkasaserdote ng Diyos. . .'

"At iyan ang dapat sabihin ng mga nagtataglay ng pagkasaserdote sa kanilang sarili: 'Hindi tayo maaaring maging mga maytaglay ng pagkasaserdote at maging tulad ng ibang kalalakihan. Dapat tayong maging iba" (sa Conference Report, Okt. 1973, 115; o *Ensign*, Enero 1974, 97).

"Ang mga pinuno ng Simbahan ay binigyan ng lubos na tagubilin kung paano igagalang ng mga miyembro ang pagkasaserdote. Sinabi ni Pangulong Brigham Young na "ang kalalakihan na (maytaglay) ng banal na Pagkasaserdote, na naatasan ng mga salita ng walang hanggang buhay para sa mundo, ay dapat patuloy na magsikap sa kanilang mga pananalita at gawa. . .na igalang sa kataas-taasang kadakilaan ang kanilang tungkulin at katungkulan bilang mga

ministro at kinatawan ng Kataas-taasan" (Discourses of Brigham Young, pinili ni John A. Widtsoe [1954], 130).

Sinabi ni Pangulong David O. McKay: "Pagpalain kayo ng Diyos kayong kalalakihan ng pagkasaserdote. Nawa'y taglayin ninyo ito nang may dignidad at kabutihan na nanggagaling mula sa kalooban, hindi sa labas. Ang magtaglay ng pagkasaserdote ng Diyos sa pamamagitan ng banal na karapatan ay isa sa mga pinakadakilang kaloob na maaaring dumating sa tao. Siya na nakadarama ng pananagutang kumatawan sa Diyos ay tunay na pinagpala. Kailangang damahin niya ito hanggang sa antas na isinasaalang-alang niya ang kanyang mga kilos at salita sa ilalim ng lahat ng kalagayan" (sa Conference Report, Okt. 1967, 152–53; o *Improvement Era*, Dis. 1967, 109).

- Ayon kina Pangulong Young at McKay, paano dapat igalang ng mga maytaglay ng pagkasaserdote ang pagkasaserdote?

Ipinaliwanag ni Elder Robet L. Simpson:

"Ang taglayin ang pagkasaserdote ng Diyos na may dangal ay nangangahulugan. . .na namumuhay tayo nang may tahimik na kadakilaan, hindi lamang sa hapag ng sakramento ngunit gayundin sa gawain, sa paaralan, at kahit na sa paglalakad ni Itay sa daan patungo sa kanyang gawain; tayo ay mga maytaglay ng pagkasaserdote; tayo ay naiiba, hindi naman sa higit na mabuti sa iba, ngunit tayo ay naiiba. Ang kinatawan ng Diyos ay nananamit nang maayos; siya ay laging malinis. . . . At higit sa lahat, dapat ay malinis na malinis ang ating mga katawan, pati ang ating kasuotan . . . .

". . .Minsan kailangang pagbutihin ng isang maytaglay ng pagkasaserdote ang kanyang pananalita. Walang dangal sa labis na paggamit ng salitang lansangan. Pang-aalipusta sa Diyos ang mga mapanlapastangang pananalita. . . .

". . .Ninanakawan natin ang Diyos kapag hindi tayo sumusunod sa batas ng ikapu. (Tingnan sa Malakias 3:8.) Walang maytaglay ng pagkasaserdote ang makatatayo nang mayroong higit na dangal maliban kung ang kanyang tungkulin sa pananalapi sa Panginoon ay nababayaran nang maaga at nang buo.

"Walang maytaglay ng pagkasaserdote ang tumatayong mababa ang dangal maliban kung hindi niya pinanatili at itinuring na templo ng Diyos ang kanyang katawan. . . .Mga kapatid, tayo ay totoong walang dangal kapag lumalabag tayo sa batas ng kalusugan ng ating Ama sa Langit [sa pamamagitan ng paggamit ng alak, bawal na gamot o tabako]" (sa Conference Report, Melbourne Area Conference 1976, 38).

- Ano ang iminungkahi ni Elder Simpson na maaaring makatulong sa ating taglayin ang pagkasaserdote nang may karangalan? (Isulat sa

pisara ang mga sagot. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagkamapagpakumbaba, pagdaramit nang maayos, pagkamayumi, pagkamalinis, wastong pananalita, pagbabayad ng ikapu, at pagsunod sa Salita ng Karunungan.) Ano pang mga bagay ang gagawin natin upang igalang ang pagkasaserdote?

- Ipaisip nang mabuti sa mga miyembro ng klase ang magagawa nila upang higit na maigalang ang pagkasaserdoteng tinataglay nila ngayon o tataglayin balang araw.

**Katapusan**

Ang pagkasaserdote ay ang kapangyarihan ng Diyos. Kung gayon, ito ang pinakadakilang kapangyarihan sa mundo. Maigagalang natin ang pagkasaserdote sa pag-aalaala na taglay natin ang kapangyarihan ng Diyos at iniuutos sa atin ng Panginoon na igalang ang kapangyarihang iyon. Tinataglay natin ang pagkasaserdote nang may karangalan kapag sinusunod natin ang mga kautusan at ginagawang lahat ang ating makakaya upang maging mabuti.

**Hamon**

Pag-isipang mabuti ang mga tanong na ito: "Mayroon ba akong ginagawa na hindi tamang gawin ng isang maytaglay ng pagkasaserdote? Akin bang taimtim na isinaalang-alang ang aking pagkasaserdote na sapat upang magkabisa ito sa lahat ng aking kilos?" Manalangin nang taimtim upang makamtan ang damdamin na inilalarawan ni Elder Talmage. Higit na sikaping taglayin ang pagkasaserdote nang may dangal sa pamamagitan ng pagpapabuti ng inyong buhay.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- 1 Ni Pedro 2:9 (isang lahing hirang)
- Doktrina at mga Tipan 121:39–43 (mga patnubay para sa mga maytaglay ng pagkasaserdote)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A,* Aralin 2, "Ang Pagkasaserdote mula kay Adan hanggang sa Panunumbalik."
2. Ihanda ang klase na awitin ang himnong "Sa Tuktok Ng Bundok" bilang pambungad na awit (*Mga Himno bilang* [4] o *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* 358).
3. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan, siping banggit na nais ninyo.

# ANG LAYUNIN NG MGA ORDENANSA NG PAGKASASERDOTE

*Aralin 4*

---

Ang layunin ng araling ito ay maragdagan ang ating pang-unawa sa mga ordenansa ng pagkasaserdote at ang kahalagahan nito sa ating buhay.

**Pambungad**

"Naniniwala kami na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3).

Sa Simbahan ang salitang *mga ordenansa* ay kadalasang tumutukoy sa mga seremonyang ibinigay sa atin ng Panginoon para sa ating kaligtasan, gabay at kaginhawahan (tingnan sa Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine,* ikalawang edisyon [1966], 548-49.) Ang mga ordenansang ito ay mga pisikal na pagkilos na sumasagisag sa mga espirituwal na karanasan. Sa pakikilahok sa mga ito, tatanggapin natin ang espirituwal na kapangyarihan na kailangan natin upang baguhin ang ating mga buhay. Halimbawa, ang pagbibinyag ay kumakatawan maliban sa iba pa, sa paghuhugas ng ating mga kasalanan matapos ang taimtim na pagsisisi.

Hinihingi ng ating Ama sa Langit na isagawa ng kalalakihang nagtataglay ng nararapat na pagkasaserdote ang mga ordenansa ng ebanghelyo. Sumasang-ayon lamang ang ating Ama sa Langit kung isinasagawa ang ordenansa sa karapatang ito.

May dalawang uri ng ordenansa ng pagkasaserdote: ang mga yaong kailangan para sa ating kadakilaan at ang mga yaong isinasagawa para sa ating kaginhawahan at patnubay.

**Mga Ordenansang Kailangan para sa Kadakilaan**

Sinabi ni Pangulong Wilford Woodruff, " Walang [taong] makatatanggap ng kaluwalhatiang selestiyal maliban sa pamamagitan ng mga ordenansa ng Bahay ng Diyos" (sa *Journal of Discourses,* 19:361; tingnan din sa D at T 84:20–22). Ang mga ordenansang kinakailangan para makabalik tayo sa ating Ama sa Langit ay kinabibilangan ng pagbibinyag, pagpapatibay, sakramento, pagkakaloob ng Pagkasaserdoteng Melquisedec (para sa kalalakihan), endowment sa templo, at kasal sa templo.



*4-a, Ang pagbibinyag ang unang ordenansa ng ebanghelyo.*

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyong nasa pisara:

> **Mga Ordenansang Kinakailangan para sa Kadakilaan**
> 1. Pagbibinyag
> 2. Pagpapatibay
> 3. Ang Sakramento
> 4. Paggawad ng Pagkasaserdoteng Melquisedec (para sa kalalakihan)
> 5. Ang endowment sa templo
> 6. Kasal sa Templo

***Pagbibinyag***

- Ipakita ang larawan 4-a, "Ang pagbibinyag ang unang ordenansa ng ebanghelyo."
- Basahin ang Juan 3:3–5. Anong ordenansa ang binanggit sa kasulatang ito? (Pagbibinyag sa tubig at sa Espiritu, o Espiritu Santo)

Ang pagbibinyag ang unang ordenansang dapat nating tanggapin kung nais nating makabalik sa piling ng ating Ama sa Langit. Upang makapiling Siya kailangang malinis tayo sa espirituwal at karapat-dapat. Sa pamamagitan ng pagsisisi at pagbibinyag napatatawad tayo sa ating mga kasalanan at nagiging dalisay upang manahan sa kinaroroonan ng Panginoon. (Tingnan sa *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A*, aralin 29, "Pagbibinyag, Isang Patuloy na Tipan.")

Ang mabinyagan ay katulad ng pagsisimula ng bagong buhay. Nang tayo ay binyagan inilulubog tayo sa tubig. Inihahambing ito ng mga banal na kasulatan sa paglilibing o pag-iwan ng ating lumang pagkatao (tingnan sa Mga Taga Roma 6:4; Mosias 18:14; D at T 76:51).

Sa pag-ahon natin sa tubig, tayo ay nahugasan na sa ating kasalanan. Sa pagkahugas sa ating mga dating kasalanan, tumanggap tayo ng lubos na kapangyarihang espirituwal na baguhin ang ating mga pamumuhay, at maging higit na kagaya ng ating Ama sa Langit.

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ibahagi kung paano nakaapekto sa kanilang buhay ang binyag.

***Ang Pagpapatibay***

Pagkatapos ng ating binyag tinatanggap natin ang ordenansa ng pagpapatibay. Sa ordenansang ito, ipinapatong ng mga maytaglay ng pagkasaserdote ang kanilang mga kamay sa ating ulo at (1) pinagtitibay tayo bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga



*4-b, Ang pagkakaloob ng kaloob na Espiritu Santo ay isang ordenansa ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.*

Banal sa mga Huling Araw at (2) ipinagkakaloob sa atin ang Espiritu Santo na tinatawag ding "binyag ng apoy" (2 Nephi 31:13).

- Ipakita ang larawan 4-b, "Ang pagkakaloob ng kaloob na Espiritu Santo ay ordenansa ng Pagkasaserdoteng Melquisedec."

Sinabi ni Joseph Smith: "Ang binyag sa tubig, kung walang binyag na apoy at pagdalo ng Espiritu Santo, ay walang kabuluhan; kinakailangang ang mga ito ay magkasama at di-maaaring paghiwalayin. Ang isang tao ay dapat ipanganak sa tubig at sa Espiritu upang makapasok sa kaharian ng Diyos." (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 360).

- Anu-anong kapakinabangan ang maibibigay natin sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo?

Ang kaloob na Espiritu Santo ay nagbibigay sa atin ng karapatan, sa pamamagitan ng ating pananampalataya, na mapasaatin ang Espiritu Santo bilang ating gabay. Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo na sumunod sa mga batas, alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo. Siya ay nagpapatotoo sa Ama at sa Anak (tingnan sa 3 Nephi 28:11), ipinakikita ang mga bagay na darating (tingnan sa Juan 16:13), at nagpapaalala sa atin ng mga bagay-bagay (tingnan sa Juan 14:26), at nagtuturo sa atin ng katotohanan sa lahat ng bagay (tingnan sa Moroni 10:5). (Tingnan sa *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A*, aralin 30; "Ang Kaloob na Espiritu Santo.")

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ibahagi kung paano nakaimpluwensiya sa buhay nila ang Espiritu Santo.

***Ang Sakramento***

Nagpapaalaala ang ordenansa ng sakramento sa atin ng mga pangakong ginawa natin noong tayo ay binyagan. Pinananariwa natin ang ating tipan sa pagbibinyag sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento. Sa ating pagtanggap ng tinapay at tubig, inaalaala natin muli ang buhay ng ating Tagapagligtas at ang kanyang pagsasakripisyo. Naaalala natin ang ating pangakong sumunod sa Kanya. Kung tumatanggap tayo ng sakramento nang karapat-dapat, ang sakramento ay panggagalingan ng espirituwal na lakas. Nakatutulong ito sa atin na magkaroon ng higit na lakas na sundin ang mga kautusan. Nang may taimtim na pagsisisi, makatutulong ito na malinis tayo sa mga pagkakasalang nagawa matapos ang binyag.

- Paano natin magagawang higit na makabuluhan ang sakramento sa ating buhay?



*4-c, Upang dakilain, kailangang matanggap ng kalalakihan ang Pagkasaserdoteng Melquisedec*

***Paggawad ng Pagkasaserdoteng Melquisedec***

- Ipakita ang larawan 4-c, "Upang dakilain, kailangang matanggap ng kalalakihan ang Pagkasaserdoteng Melquisedec."

Ang mga karapat-dapat na mga miyembrong lalaki ng Simbahan ay dapat pagkalooban ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at maordenan sa katungkulan sa pagkasaserdoteng iyon. Ang pagkasaserdoteng ito ay nagpapahintulot sa tao na tanggapin ang kapangyarihan at karapatan ng Diyos. Ito ay nagiging bukal ng karunungan sa kanya at natutulungan siyang unawain ang mga espirituwal na bagay. Dahil dito, siya ay may karapatang magsagawa ng mga ordenansa ng kaligtasan para sa ibang tao, buhay man o patay.

Maaaring tumanggap ng mga pagpapala ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang isang babae sa pamamagitan ng pagtanggap ng mga ordenansa ng ebanghelyo, at sa pagpapakasal sa matapat na maytaglay ng pagkasaserdote. Ang mga pagpapalang dumarating sa tahanan kapag ginagampanang mabuti ng lalaki ang kanyang pagkasaserdote ay nakaaapekto rin sa kanyang asawa katulad sa kanya. Marahil ang pinakamahalagang paraan ng babae upang makalahok sa mga pagpapala ng pagkasaserdote ay sa pamamagitan ng pagtanggap ng kanyang endowment at pagpapakasal sa templo.

***Ang Endowment sa Templo***

- Ipakita ang larawan 4-d, "Dumarating ang kadakilaan sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo."

Ang endowment ay sagradong ordenansang isinasagawa lamang sa templo. Sinabi ni Pangulong Brigham Young, "Ang iyong *endowment*, ay para tanggapin ang lahat ng ordenansa sa Bahay ng Panginoon, na napakahalaga sa iyo, pagkatapos mong pumanaw sa buhay na ito, upang makabalik sa piling ng Ama, upang madaanan ang mga anghel na nakatayo bilang mga bantay, maibigay mo sa kanila ang mga salitang ginagamit bilang susi, mga senyas at palatandaan, na may kinalaman sa Banal na Pagkasaserdote, at makamit ang iyong walang hanggang kadakilaan" (sa *Journal of Discourses*, 2:31).

Nagtuturo sa atin ng maraming bagay na dapat nating malaman at gawin ang endowment sa templo upang makabalik tayo sa ating Ama sa Langit. Sa endowment nangangako rin tayo sa Panginoon na susundin ang mga batas ng pagsasakripisyo at kalinisang puri at maging handang ibigay ang lahat ng mayroon tayo upang makatulong sa Kanyang gawain. Dahil ang mga pangakong ito ay napakasagrado, matatanggap lamang natin ang endowment matapos na magpakita tayo ng pagsisikap sa pagsunod sa mga kautusan ng ating Ama sa



*4-d, Dumarating ang kadakilaan sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. (Templo ng Portland Oregon)*

Langit. Upang mapaalalahanan tayo ng mga pangakong ito, binigyan tayo ng sagradong kasuotan na isusuot.

- Paano nakatutulong sa atin ang pagtanggap ng mga ordenansang ito upang makabalik sa ating Ama sa Langit?

***Kasal sa Templo***

Kinakailangan din ang ordenansa ng kasal sa templo kung nais natin na maging kagaya ng ating Ama sa Langit. Ginagawang posible ng kasal sa templo na magkaroon tayo ng walang hanggang mag-anak. Kapag tinatanggap natin nang karapat-dapat ang ordenansang ito at tinutupad ang mga tipang ginawa natin, mapagpapala ang ating mga mag-anak na mamuhay nang sama-sama sa kawalang hanggan. Dapat turuan ng mga magulang ng pagkamapitagan sa templo ang kanilang mga anak at ihanda sila para sa kasal sa templo.

Ginugunita ang ganap na pagbalik sa pagkaaktibo, ipinaliwanag ng isang kapatid ang kahalagahan ng kasal sa templo sa kanyang mag-anak.

"Isa sa mga aralin namin [sa klase ng institute ng sangay] ay ang tungkol sa kasal sa templo at gawain alang-alang sa mga patay. Isang gabi pagkatapos noon, nanaginip ako na nakita ko ang aking tiyuhin, na labing-siyam na taon nang patay noon, at ang aking amain na namatay na rin. Parang mayroon silang gusto mula sa akin. May naramdaman akong bumubulong sa akin na dapat akong pumunta sa templo, na ang kasal sa templo ay kautusan ng Diyos.

" Nang magising ako, lumuhod ako at hiniling sa Ama sa Langit na pahintulutan kaming pumunta roon. Pagkatapos, sa pagnanais na mapatatag ang aking pasiya, kumuha ako ng isang pirasong papel at isinulat ang panalanging kaaalay ko pa lang. 'Ama sa Langit,' isinulat ko, 'kung kalooban po ninyo, hinihiling ko sa Inyo na pahintulutan akong pumunta sa templo kasama ng aking asawa, si Ceci at ng aking mga anak, sina Diego at Adrianita.' Ginising ko ang aking asawa at sinabi sa kanya ang ginawa ko. Umiyak siya at niyakap ako. Alam niya kung gaano kahirap maabot ang layuning ito.

"Dahil naninirahan kami sa Ambato, Ecuador, ang pinakamalapit na templo ay sa kabilang pambansang hangganan sa Lima, Peru. Mangangailangan ang pagtungo roon ng maraming pag-aayos ng papeles, tatlumpu't anim na oras na pagbibiyahe sa bus, at totoong sakripisyo sa pananalapi. Mahirap iyon para sa aming mga anak na hindi pa nakapaglakbay at masyadong aktibo. Ngunit napalakas ang aming pasiya nang matanggap namin ang aming mga basbas patriyarka.

"Noong ika-20 ng Mayo, 1987 nakita namin sa wakas ng aking asawa, ng aking anak na babae at lalaki ang templo. Naroon ang dibuho ni anghel Moroni, nakatingala sa langit mula sa isa sa mga tore. Kay



*4-e, Kadalasang pinangangalanan at binabasbasan ang mga sanggol sa pulong ng pagpapatotoo.*

ligaya ng nadama namin habang tinatanggap naming mag-asawa ang aming mga endowment at ibinuklod sa aming mga anak para sa kawalang-hanggan! Pagkaraan ay gumawa kami ng mga ordenansa alang-alang sa aming mga minamahal" (Vicente Munoz Ulloa, "Our Return to Full Activity," *Tambuli*, Set. 1994, 22).

- Ipabasa sa miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 131:1–4. Ayon sa banal na kasulatang ito, bakit lubhang mahalaga ang makasal sa templo?

- Paano nagbibigay ng kaibahan sa inyong buhay may-asawa at sa inyong pakikitungo sa iba ninyo pang kasambahay ang kaalaman na ang inyong kasal ay walang hanggan?

**Mga Ordenansa para sa Kaaliwan at Patnubay**

Nagbigay ang Panginoon ng maraming ordenansang pagkasaserdote na maaari nating matanggap o isagawa para sa patnubay at kaaliwan. Kinabibilangan ito ng pagpapangalan at pagbabasbas ng mga bata, pagbabasbas sa mga maysakit, mga pagbabasbas patriyarkal, pagbabasbas ng ama, pagbabasbas ng patnubay at kaaliwan, at paglalaan ng mga libingan.

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon sa pisara.

**Mga Ordenansa para sa Kaaliwan at Patnubay**

1. Pagpapangalan at pagbabasbas ng mga bata
2. Pagbabasbas sa mga maysakit
3. Mga pagbabasbas patriyarkal
4. Mga pagbabasbas ng ama
5. Mga pagbabasbas ng patnubay at kaaliwan
6. Paglalaan ng mga libingan

***Pagpapangalan at Pagbabasbas ng mga Bata***

- Ipakita ang larawan 4-e, "Ang mga sanggol ay kadalasang pinapangalanan at binabasbasan sa pulong ng pagpapatotoo."

Ang mga bata ay kadalasang pinangangalanan at binabasbasan sa pulong pag-aayuno at pagpapatotoo. Isinasagawa ang ordenansang ito ng isang taong maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, higit na mabuti kung ang ama (tingnan sa D at T 20:70).

Matapos na basbasan ang kanyang sanggol na lalaki, isang bagong ama ang nagsalaysay ng kanyang karanasan sa kanyang patotoo.

Sinabi niya: "Nabagbag ang damdamin ko ng hapong ito. Nang ako ay tumayo upang basbasan si Mark, hindi ko natitiyak kung ano ang aking sasabihin, bagaman mayroon akong naiisip na ilang bagay. Ngunit nang siya ay aking hawakan at simulan ang panalangin, nagsimulang mapuno ng mga impresyon ang aking isipan. Hindi ako pinabayaang nag-iisa sa pagbibigay ng basbas sa aking anak: binigyang-inspirasyon ako ng Panginoon sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo na malaman kung ano ang aking sasabihin" (Jay A. Parry, "Miracles Today?" *Ensign,* Enero 1978, 53).

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na nagsagawa ng ordenansang ito na ibahagi ang kanilang mga damdamin tungkol dito.

***Pagbabasbas sa mga Maysakit***

- Ipakita ang larawan 4-f, "Ang matatapat na elder ay may kapangyarihan na magbigay sa mga maysakit ng pagbabasbas ng kalusugan."

Tulad ng pagbabasbas ni Jesus sa mga maysakit, ang matatapat na elder ng Simbahan ay may kapangyarihan na basbasan at pagalingin ang maysakit. Dapat alamin at ipahayag ng kalalakihang nangangasiwa sa mga maysakit ang kalooban ng Panginoon sa pagbabasbas (tingnan sa D at T 42:43–48).

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na maiksing ibahagi ang kanilang mga karanasan sa pagbabasbas sa mga maysakit.

***Mga Pagbabasbas Patriyarkal***

Ang mga pagbabasbas patriyarkal ay mga basbas na binigyang inspirasyon na ibinibigay ng mga naordenan ng patriyarka sa mga karapat-dapat na miyembro ng Simbahan. Ang mga pagbabasbas na ito ay nagbibigay sa isang tao ng patnubay at payo mula sa Panginoon. Inihahayag din nito ang kanyang angkan sa maharlikang sambahayan ni Israel. Itinatala at pinangangalagaan ng Simbahan ang pagbabasbas patriyarkal na ibinigay ng naordenang patriyarka . Ang mga pagbabasbas na ito ay pansarili at sagrado, at hindi dapat ihayag.

***Mga Pagbabasbas ng Ama***

Ang isang amang nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay maaaring magbigay ng pagbabasbas sa kanyang mga anak. Maaaring higit na makatulong ito kapag ang anak ay pumapasok na sa paaralan, magmimisyon, mag-aasawa, papasok sa serbisyong militar, o humaharap sa mga natatanging paghamon. Maaaring itala ng mag-anak ang mga pagbabasbas ng ama, ngunit hindi ito ibinibilang sa mga talaan ng Simbahan.



*4-f, Ang matatapat na elder ay may kapangyarihang magbigay sa mga maysakit ng pagbabasbas ng kalusugan.*

*Mga Pagbabasbas ng Patnubay at Kaaliwan*

Ang pagbabasbas ng patnubay at kaaliwan ay maaaring maibigay ng asawa, obispo, pangulo ng sangay, tagapagturo ng tahanan, o ibang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ang mga pagbabasbas na ito ay kagaya ng pagbabasbas ng isang ama. Tumutulong ang mga ito sa bawat tao na maghanda sa mga natatanging pagkakataon o mapaglabanan ang mga suliranin na nangangailangan ng natatanging tulong mula sa ating Ama sa Langit.

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na maiksing ibahagi ang kanilang mga karanasan tungkol sa pagbibigay ng mga pagbabasbas ng ama at iba pang pagbabasbas ng patnubay at kaaliwan.

*Mga Paglalaan ng mga Libingan*

Ang paglalaan ng mga libingan ay isinasagawa ng mga nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ang panalangin ng paglalaan ay karaniwang nagtatalaga sa mga pinaglilibingan bilang himlayan ng mga namatay, nananalangin na mapabanal at mabantayan ang lugar na iyon hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli (kung naaangkop), kinabibilangan ito ng mga salitang pang-alo para sa mag-anak ng namatay, at kinabibilangan ng iba pang kaisipan ayon sa patnubay ng Espiritu.

**Katapusan**

Binigyan tayo ng mga ordenansa ng pagkasaserdote ng Ama sa Langit upang pagpalain tayo. Ang mga ordenansang ito ay kaakibat ng dakilang kapangyarihang espirituwal na tutulong sa ating higit na maging katulad ng Ama sa Langit at maghandang bumalik sa Kanya.

Upang matanggap ng Diyos, dapat maisagawa ang mga ordenansang ito sa pamamagitan ng naaangkop na karapatan ng pagkasaserdote. Sinabi ni Pangulong Lorenzo Snow: "May iisa lamang daan kung saan ang kadakilaan at kaluwalhatian ay maaaring makamit. Kailangan tayong mabinyagan para sa kapatawaran ng mga kasalanan at maipatong sa atin ang mga kamay para sa pagtanggap ng Espiritu Santo. Ang mga ito at iba pang ordenansa ay tiyak na kakailanganin para sa kadakilaan at kaluwalhatian" (*Millennial Star,* ika-27 ng Hunyo 1895, 405).

Dapat nating tandaan na ang mga pangakong pagpapala na kaugnay ng anumang ordenansa ay makakamit lamang sa pamamagitan ng matwid na pamumuhay.

**Hamon**

Gumawa ng mga tiyak na plano upang tanggapin ang lahat ng kinakailangang ordenansa para sa kadakilaan. Mamuhay nang karapat-dapat upang maisagawa ang mga ordenansa ng pagkasaserdote sa iba.

Planuhing gawing natatangi at sagradong okasyon ang bawat ordenansang isasagawa para sa mga miyembro ng inyong mag-anak.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Santiago 5:14–15 (ang mga elder ay may kapangyarihan na magbasbas ng maysakit)
- 3 Nephi 11:32–40 (ang pangangailangan sa binyag at kaloob na Espiritu Santo)
- Mormon 9:24 (ang pagpapatong ng mga kamay upang basbasan ang maysakit)
- Doktrina at mga Tipan 20:41 (ang pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo)
- Doktrina at mga Tipan 105:33 (ang endowment ay ibibigay)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Ihanda ang mga poster na iminungkahi sa aralin, o isulat ang impormasyon sa pisara.
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

*Paalala:* Huwag isa-isahin kung paano isinasagawa ang mga ordenansa. Ang kaalamang ito ay ibibigay sa aralin 5.

# PAGSASAGAWA NG MGA ORDENANSA NG PAGKASASERDOTE

*Aralin 5*

---

Ang layunin ng araling ito ay turuan tayo kung paano isagawa ang mga ordenansa ng pagkasaserdote.

**Pambungad**

Sinabi ng Panginoon sa atin: "Dahil dito ang bawat tao ngayon ay matuto ng kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig" (D at T 107:99). Dapat malaman ng mga maytaglay ng pagkasaserdote kung paano isagawa ang mga ordenansa ng pagkasaserdote at maging karapat-dapat na tumanggap ng patnubay ng Espiritu Santo sa pagsasagawa ng mga ito.

Ang ating kakayahan na magbigay ng pagpapala sa buhay ng ating kapwa sa pamamagitan ng mga ordenansa ng pagkasaserdote ay makakamit sa pamamagitan ng ating pananampalataya at pagsunod. Sinabi ni Joseph Fielding Smith, "Ako'y nakatitiyak. . .na tayo ay makakikita ng higit na maraming paghahayag ng Espiritu ng Diyos, tulad ng pagpapagaling ng maysakit, kung tayo ay mamumuhay lamang nang higit na malapit sa mga pangunahing katotohanang ito [ang paggamit ng pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ating mga tungkulin bilang mga miyembro ng Simbahan]" (*Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2: 311–12).

Ang ating pagkamabisa bilang mga maytagalay ng pagkasaserdote ay maaari ring mapalakas sa pamamagitan ng panalangin. Bago tayo magsagawa ng mga ordenansa sa pagkasaserdote dapat tayong lumapit sa Panginoon sa panalangin. Kung minsan pati ang pag-aayuno ay kinakailangan sa mga natatanging pagkakataon. (Tingnan sa *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A,*aralin 31, "Panalangin at Pag-aayuno.") Kung tayo ay lalapit sa Panginoon sa diwa ng panalangin at pag-aayuno at ipamumuhay ang Kanyang mga turo sa abot ng ating makakaya, ang Espiritu ang gagabay sa ating mga gawaing pagkasaserdote.

**Anu-anong mga Ordenansa ang Maaari Nating Isagawa?**

- Anu-anong ordenansa ang maaari nating isagawa sa pamamagitan ng mga katungkulan ng pagkasaserdote na taglay natin? (Gamitin ang sumusunod na impormasyon upang mapangasiwaan ang talakayan.)

***Mga Diyakono***

Ang mga diyakono ay nakikibahagi sa ordenansa ng sakramento sa pamamagitan ng pagpapasa ng sakramento sa mga miyembro ng Simbahan.

***Mga Guro***

Ang mga guro ay nakikibahagi sa ordenansa ng sakramento sa pamamagitan ng paghahanda ng sakramento. Maaari rin nilang ipasa ang sakramento kapag walang diyakono.

***Mga Saserdote***

Ang mga saserdote ay nakikibahagi sa ordenansa ng sakramento sa pamamagitan ng pagbabasbas ng tinapay at tubig. Maaari silang tumulong sa paghahanda at pagpapasa ng sakramento kung kinakailangan. Kung pinahintulutan ng obispo o ng pangulo ng sangay, ang mga saserdote ay maaaring magsagawa ng ordenansa ng pagbibinyag, magkaloob ng Pagkasaserdoteng Aaron at mag-orden ng iba sa mga katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron.

***Mga Maytaglay ng Pakasaserdoteng Melquisedec***

Maaaring isagawa ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang lahat ng ordenansa ng Pagkasaserdoteng Aaron. Dagdag pa rito, sila ay maaaring magbasbas at magpangalan sa mga bata, magpatibay ng mga miyembro ng Simbahan at magbigay ng kaloob na Espiritu Santo, maglaan ng langis, magbasbas ng mga maysakit, maglaan ng mga libingan, magbigay ng mga pagbabasbas ng ama sa kanilang mga anak, magbigay ng pagbabasbas ng patnubay at kaaliwan, at magkaloob ng Pagkasaserdoteng Melquisedec kapag pinahintulutan ng pangulo ng istaka o ng misyon. Ang mga Elder ay maaaring mag-orden ng iba sa katungkulang elder, at maaaring mag-orden ang mataas na saserdote sa iba sa katungkulan ng mataas na saserdote o elder.

- Para sa karagdagang kompletong impormasyon tungkol sa mga ordenansang isinasagawa ng pagkasaserdote, tingnan sa *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A*, mga aralin 5, 6, 7, at 9.

**Paano Isinasagawa ang mga Ordenansa**

Ang mga kapatid na lalaking nagsasagawa ng mga ordenansa ng pagkasaserdote ay dapat ihanda ang kanilang mga sarili upang magabayan ng Espiritu Santo. Dapat isagawa nila ang bawat ordenansa sa marangal na pamamaraan, tinitiyak na nakatutugon ito sa mga sumusunod na hinihingi:

1. Dapat isagawa ang lahat ng ordenansa sa pangalan ni Jesucristo. Kapag nagsasagawa ng mga ordenansa ng pagkasaserdote ang isang tao, dapat niyang maunawaan na siya ay kumikilos alang-alang sa Tagapagligtas.
2. Dapat maisagawa ang lahat ng ordenansa sa pamamagitan ng karapatan ng pagkasaserdote. Tanging ang kalalakihan lamang na nagtataglay ng naaangkop na pagkasaserdote at karapat-dapat ang dapat magsagawa o tumayo sa bilog ng nagbibigay ng pagbabasbas o pagpapatibay para sa isang ordenansa.
3. Dapat mabigyang-karapatan ang mga sumusunod na ordenansa ng namumunong awtoridad na may hawak ng mga angkop na susi (karaniwan ang obispo o pangulo ng istaka); pagpapangalan at pagbabasbas ng mga bata, pagbibinyag, pagpapatibay, pangangasiwa sa sakramento, pagkakaloob ng pagkasaserdote at pag-oorden sa isang katungkulan, at paglalaan ng mga libingan. Ang paglalaan ng langis, pagbabasbas sa mga maysakit, at pagbibigay ng mga pagbabasbas ng ama ay hindi na kinakailangan pang bigyang-karapatan ng namumunong awtoridad. Binibigyang karapatan ang isang tao na isagawa ang mga ordenansang ito kung tinataglay niya ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at karapat-dapat.
4. Dapat isagawa ang lahat ng ordenansa kaakibat ang mga kinakailangang pamamaraan nito tulad ng paggamit ng mga itinakdang salita o pagpapatong ng mga kamay.

"Itinuturo ng mga pinuno ng pagkasaserdote sa mga kapatid kung paano isinasagawa ang mga ordenansa at basbas. Tinutulungan din ng mga pinuno ang mga ama na maging handa at karapat-dapat sa pagsasagawa ng mga ordenansa at basbas para sa mga miyembro ng pamilya" (*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2, Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 219).

- Ang sumusunod na impormasyon ay hinggil sa mga pangunahing ordenansa ng ebanghelyo na pinangangasiwaan ng pagkasaserdote. Sa ilalim ng pamamahala ng mga pinuno ng pagkasaserdote, pumili ng ilan sa mga sumusunod na ordenansa upang repasuhin ito sa mga miyembro ng klase.

***Pagpapangalan At Pagbabasbas ng mga Bata***

Sa ilalim ng pamamahala ng namumunong awtoridad, tanging ang kalalakihan lamang na maytaglay ng Pagkasasedoteng Melquisedec ang nakababahagi sa ordenansa ng pagpapangalan at pagbabasbas sa mga bata (tingnan sa D at T 20:70). Dapat hikayatin ang mga karapat-dapat na amang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec na basbasan ang kanilang sariling mga anak.

Kapag nagbabasbas ng sanggol, magkakasamang tumatayo sa bilog ang mga kalalakihan at inilalagay ang kanilang mga kamay sa ilalim ng sanggol. Kapag nagbabasbas ng mas nakatatandang bata, magaan na ipinapatong ng mga kalalakihan ang kanilang mga kamay sa ulo ng bata. Ang taong nagbabasbas ay:

1. Mananawagan sa Ama sa Langit.
2. Ipahahayag na ang pagbabasbas ay isinasagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.
3. Ibibigay ang pangalan ng bata.
4. Magbibigay ng mga pagbabasbas ng pagkasaserdote ayon sa patnubay ng Espiritu.
5. Magwawakas sa pangalan ni Jesucristo.

***Pagbibinyag***

Ang ordenansa ng pagbibinyag ay maaaring isagawa lamang ng isang karapat-dapat na saserdote, o ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec sa ilalim ng pamamahala ng namumunong awtoridad. Ang maytaglay ng pagkasaserdote ay:

1. Tumatayo sa tubig kasama ang taong bibinyagan.
2. (Para sa kaginhawahan at kaligtasan) hahawakan ng kanyang kaliwang kamay ang kanang pulso ng bibinyagan; hahawakan ng bibinyagan ang kaliwang pulso ng maytaglay ng pagkasaserdote ng kanyang kaliwang kamay.
3. Itataas ang kanyang kamay nang kapantay ng siko ang balikat.
4. Tatawagin ang bibinyagan sa kanyang buong pangalan, at sasabihin, "Bilang naatasan ni Jesucristo, binibinyagan kita sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo, Amen." (D at T 20:73).
5. Ipahahawak sa kanang kamay ng bibinyagan ang kanyang ilong (para sa kaginhawahan); pagkatapos ilalagay na ng maytaglay ng pagkasaserdote ang kanyang kanang kamay sa likod ng bibinyagan at ilulubog ito nang lubusan, kasama pati ang kasuotan ng taong bibinyagan.
6. Tutulungan ang bininyagan na umahon sa tubig.

Ang bawat pagbibinyag ay dapat saksihan ng dalawang saserdote o mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, na tinitiyak na naisagawa ito nang maayos. Kailangang ulitin ang pagbibinyag kung hindi nabigkas nang wasto ang panalangin o kung may bahagi ng katawan o kasuotan ng binibinyagan na hindi lubusang nailubog.

***Pagpapatibay***

Tinatanggap ng isang tao ang ordenansa ng pagpapatibay matapos siyang mabinyagan (tingnan sa D at T 20:41). Sa ilalim ng pamamahala ng obispado o panguluhan ng sangay, ang isa o higit pang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay maaaring makibahagi sa ordenansang ito. Ipinapatong nila nang magaan ang kanilang mga kamay sa ulo ng tao. Pagkatapos ang taong nagsasagawa ng ordenansa ay:

1. Tatawagin ang tao sa kanyang buong pangalan.
2. Ipahahayag na isinasagawa niya ang ordenansa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.
3. Pagtitibayin ang tao bilang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling-araw.
4. Ibibigay ang kaloob na Espiritu Santo sa kanya sa pamamagitan ng pagsasabi ng mga salitang, "Tanggapin ang Espiritu Santo."
5. Magbibigay ng mga pagpapala ng pagkasaserdote sa patnubay ng Espiritu.
6. Magwawakas sa pangalan ni Jesucristo.

***Ang Sakramento***

Ang sakramento ay isang napakabanal na ordenansa at pinangangasiwaan sa ilalim ng pamamahala ng obispado o panguluhan ng sangay. Kadalasang ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang nagsasagawa ng mga tungkuling ito. Gayunpaman, maaari ring magbasbas at magpasa ng sakramento ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec kung walang sapat na bilang ng Pagkasaserdoteng Aaron o inaanyayahan sila paminsan-minsan ng obispo o pangulo ng sangay.

Dapat maunawaan ng bawat maytaglay ng pagkasaserdote na nakikibahagi sa ordenansang ito na siya ay kumikilos alang-alang sa Panginoon. Ang personal na kaanyuan at kaasalan ng lahat ng nakikibahagi ay dapat magpahiwatig ng kasagraduhan ng ordenansa. Dapat hugasan ng mga maytaglay ng pagkasaserdote ang kanilang mga kamay bago sila maghanda, magbasbas, o magpasa ng sakramento.

Maaaring ihanda ng mga karapat-dapat na guro, saserdote, at maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang sakramento. Bago magsimula ang pulong, dapat tiyakin ng mga naghahanda ng sakramento na nakapuwesto na ang malilinis na trey na may lamang tinapay na hindi pa napipira-piraso, malilinis na trey ng mga kopitang puno ng malinis na tubig, at malilinis na tapete.

Maaaring basbasan ng mga karapat-dapat na saserdote at maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang sakramento. Maaaring ipasa ng

mga karapat-dapat na diyakono, guro, saserdote, at maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang sakramento.

Habang inaawit ang himno sa sakramento, dapat pagpira-pirasuhin ng maytaglay ng pagkasaserdote na magbabasbas ng sakramento ang tinapay. Pagkatapos ng himno, ang taong magbabasbas ng tinapay ay luluhod at mag-aalay ng panalangin sa sakramento para sa tinapay (tingnan sa D at T 20:77). Ang mga panalangin sa sakramento ay ipinahayag ng Panginoon. Tinitiyak ng obispo o pangulo ng sangay na binibigkas ang mga ito nang malinaw, wasto, at nang may dignidad. Kung may pagkakamali na dapat iwasto ng obsipo o pangulo ng sangay, dapat niyang gawin ito sa maingat na paraan upang maiwasan ang pagkapahiya o paggambala sa kasagraduhan ng ordenansa.

Pagkatapos ng panalangin, ipinapasa ng mga diyakono o iba pang maytaglay ng pagkasaserdote ang tinapay sa mapitagan at maayos na paraan. Ang namumunong opisyal ang unang tumatanggap ng sakramento. Kapag naipasa na ng mga kapatid ang tinapay, ibabalik nila ang mga trey sa hapag ng sakramento. Ang mga nangangasiwa sa hapag ng sakramento ay tatakpan muli ang trey ng tinapay at aalisan ng takip ang mga trey ng tubig. Ang taong nagbabasbas ng tubig ay luluhod at mag-aalay ng panalangin sa sakramento para sa tubig (tingnan sa D at T 20:79), inihahalili ang salitang *tubig*, para sa *alak*. Pagkatapos ng panalangin, ipinapasa ng mga diyakono, saserdote o iba pang pinuno ng pagkasaserdote ang tubig sa kongregasyon. Kapag natapos na sila, ibabalik nila ang mga trey sa hapag ng sakramento, maghihintay sa mga mangangasiwa na takpan ang mga trey, at mapitagang babalik sa kanilang upuan.

***Paggawad ng Pagkasaserdote at Pag-oorden sa Katungkulang Pagkasaserdote***

Ang ordenasyon sa mga katungkulan sa Pagkasaserdoteng Aaron ay ginagawa sa ilalim ng pamamahala ng obispo o pangulo ng sangay. Ang ordenasyon sa katungkulan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay isinasagawa sa ilalim ng pangulo ng istaka o ng misyon. Upang maisagawa ang ordenasyon sa pagkasaserdote, isa o higit pang magtaglay ng pagkasaserdote na binigyang-karapatan ang magpapatong nang magaan ng kanilang mga kamay sa ulo ng tao. Ang maytaglay ng pagkasaserdote na nagsasagawa ng ordenasyon ay:

1. Tatawagin ang tao sa kanyang buong pangalan.
2. Ipahahayag ang karapatan kung saan isinasagawa ang ordenasyon (Pagkasaserdoteng Aaron o Melquisedec).
3. Igagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron o Melquisedec, maliban kung ito ay iginawad na noong una.

4. Oordenan ang tao sa katungkulan sa Pagkasaserdoteng Melquisedec o Aaron at igagawad ang mga karapatan, kapangyarihan, at ng katungkulang iyon.
5. Magbibigay ng mga pagpapala ng pagkasaserdote sa patnubay ng Espiritu.
6. Magwawakas sa pangalan ni Jesucristo.

***Paglalaan ng Langis***

Isa o higit pang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang dapat maglaan ng langis ng oliba bago ito gamitin sa pagpapahid sa mga maysakit o may karamdaman. Walang ibang uri ng langis ang dapat gamitin. Sa paggawa nito, ang maytaglay ng pagkasaserdote ay:

1. Hahawakan ang bukas na lalagyan ng langis ng oliba.
2. Mananawagan sa ating Ama sa Langit.
3. Ipahahayag na siya ay kumikilos sa ilalim ng karapatan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.
4. Ilalaan ang langis (hindi ang lalagyan) at itatalaga ito para sa pagpapahid at pagbabasbas ng maysakit at may karamdaman.
5. Magwawakas sa pangalan ni Jesucristo.

- Ipalaan sa bawat maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang ilang langis ng oliba para sa kanyang sarili at para sa iba sa klase na maaaring mangailangan sa kanilang tahanan.

***Pagbabasbas sa mga Maysakit***

Tanging ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang maaaring magbasbas sa mga maysakit o may karamdaman. Ang pagbabasbas, sa maysakit ay may dalawang bahagi: (1) pagpapahid ng langis at (2) pagpapatibay ng pagpapahid.

Ang pagpapahid ay isinasagawa ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Kanyang:

1. Nilalagyan ng kaunting inilaang langis ang ulo ng taong maysakit.
2. Ipapatong nang magaan ang mga kamay sa ulo ng maysakit at tatawagin ang maysakit sa kanyang buong pangalan.
3. Ipahahayag na siya ay kumikilos sa ilalim ng karapatan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.
4. Sasabihing siya ay nagpapahid ng inilaang langis.
5. Magwawakas sa pangalan ni Jesucristo.

Kadalasan, dalawa o higit pang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang nagpapatong nang magaan ng kanilang mga kamay sa ulo ng maysakit. Ang nagpapatibay ng pagpapahid ay:

1. Tatawagin ang maysakit sa kanyang buong pangalan.
2. Ipinahahayag na isinasagawa niya ang ordenansa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.
3. Pagtitibayin ang pagpapahid na naganap.
4. Magbibigay ng mga pagbabasbas ng pagkasaserdote sa patnubay ng Espiritu.
5. Magwawakas sa pangalan ni Jesucristo.

Kung ang isang tao ay humihiling sa maytaglay ng pagkasaserdote ng higit sa isang pagbabasbas para sa gayunding sakit, hindi na karaniwang kailangan ng maytaglay ng pagkasaserdote na magpahid ng langis pagkatapos ng unang pagbasbas. Sa halip, magbibigay siya ng pagbabasbas sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay at karapatan ng pagkasaserdote.

***Paglalaan ng mga Libingan***

Dapat isagawa ang paglalaan ng mga libingan ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, bilang binigyang-karapatan ng pinuno ng pagkasaserdote na nangangasiwa sa serbisyo. Sa paglalaan ng libingan, siya ay:

1. Mananawagan sa ating Ama sa Langit.
2. Ipahahayag na kumikilos siya sa ilalim ng karapatan ng pagkasaserdoteng Melquisedec.
3. Itatalaga at ilaan ang libingan bilang himlayan ng katawan ng taong namatay.
4. (Kung naangkop) ipananalangin na ang lugar na iyon ay maging banal at mapangalagaan hanggang sa Pagkabuhay na Mag-uli.
5. Hihilingin sa Panginoon na aluin ang mag-anak, at magpapahayag ng mga kaisipan sa patnubay ng Espiritu.
6. Magwawakas sa pangalan ni Jesucristo.

***Mga Pagbasbas ng Ama at Pagbabasbas ng Kaaliwan At Pagpapayo***

Maaaring magbigay ang ama at iba pang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ng pagbabasbas ng kaaliwan at pagpapayo. Ang mga ama ay maaaring magbigay sa kanilang mga anak ng pagbabasbas sa mga natatanging pagkakataon tulad ng, kapag papasok ang anak sa serbisyong militar o kaya ay aalis ng tahanan upang mag-aral o kaya ay magmisyon. Maaaring itala ng mag-anak ang pagbabasbas ng ama sa talaan ng mag-anak, subalit hindi ito itinatala sa mga talaan ng Simbahan.

Sa pagbibigay ng pagbabasbas ng ama o iba pang pagbabasbas ng kaaliwan at pagpapayo, inilalagay nang magaan ng isa o higit pang maytaglay ng pagkasaserdote ang kanilang mga kamay sa ulo ng tao.

Pagkatapos ang pinuno ng pagkasaserdote na nagbibigay ng pagbabasbas ay:

1. Tatawagin ang tao sa kanyang buong pangalan.
2. Ipahahayag na ang pagbabasbas ay isinasagawa sa pamamagitan ng karapatan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.
3. Babasbasan ang tao ayon sa patnubay ng Espiritu.
4. Magwawakas sa pangalan ni Jesucristo.

**Katapusan**

Bilang mga maytaglay ng pagkasaserdote, dapat nating ihanda ang ating sarili sa panahong kinakailangang isagawa natin ang mga ordenansa. Ang pagiging handa sa pagsasagawa ng mga ordenansa ng pagkasaserdote ay nangangahulugang ipinamumuhay natin ang mga kautusan sa abot ng ating makakaya, at nauunawaan natin kung paano isagawa ang mga ordenansa. Ang ganitong paghahanda ay makapagdudulot ng mga pagpapala sa ating sarili at sa iba.

**Hamon**

Pag-aralan ang mga paraan sa pagsasagawa ng mga ordenansa. Maghangad na matutuhan ang isa bawat linggo. Mag-isip ng isang bahagi sa inyong buhay kung saan ninyo maaaring mapagbuti ang inyong pagiging karapat-dapat upang magsagawa ng mga ordenansa sa pagkasaserdote. Pagpasiyahan na mapagbuti ang inyong buhay sa bahaging iyon.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Mateo 3:13–17 (pagbibinyag kay Jesus)
- Marcos 6:13 (pinahiran ng langis ang maysakit)
- Marcos 16:17–18 (pagpapatong ng mga kamay sa maysakit)
- Santiago 5:14–16 (papahiran ng mga Elder ng Simbahan ang mga maysakit)
- 3 Nephi 11:22–26 (paraan ng pagbibinyag)
- Moroni 2:2 (ang Espiritu Santo ay ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay)
- Doktrina at mga Tipan 42:11 (ang kalalakihan ay dapat ordenan ng mga may karapatan)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote,* mga aralin 4, "Ang Korum ng Pagkasaserdote," at 31, "Panalangin at Pag-aayuno."
2. Kumuha ng maliliit na bote ng purong langis ng oliba—isa para sa bawat kinatawan ng mag-anak sa klase. Sa ganitong paraan ang bawat tahanan ay magkakaroon ng bote ng inilaan na langis ng oliba upang gamitin ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec kapag nagbibigay ng mga pagbabasbas.
3. Planuhin na mapabilis ang aralin mula sa unang bahagi ng aralin upang magugol ang maraming oras ng klase sa pagtalakay ng mga ordenansa.
4. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGTUTURO SA TAHANAN

*Aralin 6*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayong unawain at tuparin ang ating mga tungkulin bilang mga tagapagturo ng tahanan.

**Pambungad**

Bilang mga guro, saserdote o maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, maaari tayong italaga bilang mga tagapagturo ng tahanan. Nagbibigay ang takdang gawaing ito sa atin ng pagkakataon upang magampanan ang pagkasaserdote sa pamamagitan ng pagtuturo, pagdalaw, pangangalaga, at pagtulong sa mga miyembro ng Simbahan.

Sinabi ni Elder Boyd K. Packer, "Narinig ko sa mga kalalakihan na nagwika bilang sagot sa katanungan tungkol sa kanilang takdang gawain sa Simbahan, 'Ako ay isa lamang tagapagturo ng tahanan.' " Pagkatapos ay ipinaliwanag niya"ang pagtuturo sa tahanan ay isa sa mga pinakamahalagang takdang-gawain sa Simbahan. Ang mga tagapagturo ng tahanan ay mga tagapangalaga ng kawan. Hinirang sila kung saan pinakamahalaga ang ministeryo. Sila ay mga tagapaglingkod ng Panginoon. (Sa Conference Report, Okt. 1972, 104; or *Ensign,* Enero 1973, 90.)

- Ipakita ang larawan 6-a, "Ang mga tagapagturo ng tahanan ay itinatalaga ng pinuno ng kanilang korum."

Nagbibigay ng mga takdang gawain ang mga pinuno ng korum ng Pagkasaserdoteng Melquisedec sa mga miyembro ng korum pagkatapos makipagsanggunian sa obispo o pangulo ng sangay. Ang miyembro ng obispado o panguluhan ng sangay ay nagtatalaga ng mga guro at saserdote ng Pagkasaserdoteng Aaron upang maging mga tagapagturo ng tahanan. Kadalasang nagtatalaga ang mga pinunong pagkasaserdote ng dalawang kapatid na lalaki upang maging magkasama sa pagtuturo sa tahanan, kasama ang mga kapatid na may Pagkasaserdoteng Aaron bilang mga nakababatang kasama.



*6-a, Ang mga tagapagturo ng tahanan ay itinatalaga ng pinuno ng kanilang korum.*

**Mga Tagapagturo ng Tahanan—Mga Tagapaglingkod ng Panginoon**

Ipinakikita ng sumusunod na kuwento ang kahalagahan ng pagtuturo sa tahanan.

Bilang mga tagapagturo ng tahanan, si Brother Earl Stowell at ang kanyang kasama ay itinalaga upang dumalaw sa mga mag-anak na hindi gaanong-aktibo. Isinalaysay ni Brother Stowell: "Nakarating kami sa isang pinto. Dahil ako'y maliit, madalas ay kinailangan ko pang tumingala para matingnan ang mukha ng isang tao. Ngunit sa pagkakataong ito kailangan kong yumuko nang bumukas ang pinto, at bumungad sa pintuan ang isang maliit na lalaking hindi tataas sa limang talampakan.

- Ipakita ang Larawan 6-b, "Si Ben Liit."

"Siya ay payat [at matanda], ngunit ang kanyang tuwid na pangangatawan at masiglang paggalaw ay nagpaalam sa amin na bata pa ang kanyang hitsura kaysa kanyang edad. Malaki ang agwat ng kanyang maliliit at matatalim na mata . Malaki ang kanyang bibig na may manipis na labi, na para bang umaabot sa magkabilang tainga. Ang kanyang kutis ay mistulang kulubot na balat.

"Sinabi namin na kami ay magkapitbahay at mga miyembro ng Simbahan, na dumaan kami upang makipagkilala. Tila hindi siya mapalagay nang anyayahan niya kami sa kanyang miliit na sala, na puno ng lalagyan ng abo ng sigarilyo. . . .Sinabi niya na nagmamaneho siya ng trak. Inaakala ko ay pick-up; yaon pala ay malaking trak ng basura. Ako'y nanggilalas.

" 'Ang mga nagmamaneho ay kadalasang malalaki at malalakas. Paano ninyo—'

"Pinigil niya ako. 'Ako ay may malaking liyabe sa upuan ko. Alam ng mga kasama ko ito. Kaya pantay-pantay na kami'. . . .

"Habang lumilipas ang mga buwan, nagsimula na kaming umasam sa pagbisita kay Ben. [Isang gabi noong bisitahin namin siya, pagod siya sa pag-aayos ng kanyang trak] kaya nanatili lang kami ng ilang minuto. Habang papalapit na kami sa pinto, tumingala sa Ben at nagtanong, 'Kailan ninyo uumpisahang sabihin ang dapat kong gawin—huminto sa paninigarilyo, mag-umpisang dumalo sa mga pulong ng pagkasaserdote at magsimba, at lahat ng iba pa?'

" 'Ben,' sabi ko sa kanya, 'pareho tayong magiging lalong maligaya kung ginagawa mo ang mga bagay na iyon, pero nasasa-iyo ang kapasiyahan. Maiinsulto ka lang namin kung sasabihin pa namin ang dapat mong gawin gayong alam mo na naman. Pinasyalan ka namin dahil—dahil hindi buo ang mag-anak namin kung wala ka.' Hindi niya agad binitiwan ang aking kamay. . . .

"Makaraan ang linggong iyon, tumawag siya sa telepono at nagtanong, 'Anong oras ang pulong ng pagkasaserdote?' Sinabi ko sa kanya at inalok na susunduin ko siya para lang may makasama siya.

" 'Huwag, alam ko ang daan, at hindi na ako kailangang sunduin para pumunta sa dapat kong puntahan.'

"Natagpuan ko siyang nakatayo sa labas ng simbahan. 'Siguro hindi muna ako papasok hanggang hindi ko pa naihihinto ang paninigarilyo,' wika niya. Sinabi ko naman sa kanya na mas madaling gawin iyon sa tulong ng Panginoon. Sinabi niya, 'naninigarilyo na ako walong taon pa lang, at hindi ako nakatitiyak kung maihihinto ko ito.' Sinabi ko sa kanya na sa palagay ko ay kaya niya.

"Hindi nagtagal napangalanan siyang Ben Liit. . . Kahit na halos wala siyang pormal na edukasyon, maliit, at may edad, nagkaroon pa rin siya ng matatalik na kaibigan at laging kasali sa mga proyektong ginagawa ng korum ng mga elder.

"Isang gabi nakatanggap ako ng tawag. 'Kailangan kitang makausap.' Tila balisa ang kanyang tinig. 'Gusto nila akong maging tagapagturo [ng tahanan]. Hindi ko magagawa iyon. Naninigarilyo ako at walang kaalam-alam. Paano ko maituturo sa mga tao ang bagay na hindi ko alam?. . .Anong gagawin ko?'


"Ako rin ay nangatal. Si Ben Liit ay mahalaga sa amin, at hindi namin gustong mawala siyang muli. Sa aking kalooban nagsimula akong magdasal nang taimtim. Pagkatapos ay huminga ako nang malalim at nagsimula, 'Ben, sinubukan na ba naming sabihan ka kung ano ang dapat mong gawin?'

" 'Hindi, ipinakita lang ninyo na mahalaga ako sa inyo at ipinadamang ako'y mahalaga. Kaya siguro ako nagsimulang magsimba.'

" 'Noong makilala ka namin, nakilala namin ang isang taong karapat-dapat sa anumang pagsisikap namin. Ngayon maaari mo bang tawagan ang mga taong ito at alalahanin kung gaano sila kahalaga? Maaari mo bang sabihin sa kanila na mahalaga sila na nais mong umupo na katabi sila ngayon at magpakailanman at sabihin sa kanila ang bagay na iyong natagpuan na mahalaga para sa iyo at nais mo itong ibahagi sa kanila?'

"May mga sandaling katahimikan, at pagkatapos, 'Siyempre magagawa ko iyon!'

"Sa tuwing katapusan ng araw nagmamaneho ako kadalasan sa kalye kung saan nakatira ang ilan sa mga kamag-anak ni Ben. Lahat sila ay napatunayang hindi na nagsisimba, karamihan ay hindi miyembro ang mga asawa, at malayo na sa Simbahan sa maraming taon. Isang gabi nakita ko si Ben Liit na dala ang pinakamalaking pakwan na nakita ko



*6-b, "Si Ben Liit"*

sa panahong iyon. Ang kanyang mga daliri ay nagsala-salabat sa ilalim ng pakwan at ang bawat hakbang ay may kahirapan. Mga tatlong bloke ang layo niya mula sa palengke. Habang nagmamaneho ako, lumiko siya sa isa sa mga bahay.

"Noong makita ko siyang muli, binanggit ko ito. Siya'y umiling, 'Noong papauwi ako napadaan ako sa palengke. Naisip ko yung mga bata. Nasa trabaho ang kanilang ama. Madalang ang pakwan at mahal sa taong ito. Alam kong walang-wala ang mga bata. Para makasigurong makakakain ang bawat bata hangga't gusto nila, binili ko ang pinakamalaking pakwan sa tindahan.'

"Pagkatapos noon nakita ko siyang mabilis na naglalakad sa maalinsangang gabi at may hawak na malaking kard na pangbertdey. Nagpaliwanag siya, 'Puro lalaki ang mga kapatid ng isang musmos na batang babaeng ito. Sa kanila nakatuon ang lahat ng pansin. Kaya naisip kong dalhin ko na lang sa kanya ang kard kaysa ikoreo ko upang malaman ng batang babae na siya ay mahalaga. Kagaya noong mga nakaraang linggo sa ibang lugar, ilang bata ang humila sa isang braso ng manika. Wala ng ibang nagpahalaga kung hindi yaong batang babae. Iniuwi ko ang kanyang manika, kumuha ako ng lumang panungkit ng butones sa aparador, at hinila ko ang muwelyeng pinagkakabitan ng braso. Naayos ko nga ito, at kahit na buong gabi ang ginugol ko sulit ito nang ibalik ko sa kanya. Ngayon kapag pumupunta ako roon kinukuha niya ang kanyang manika, uupo sa sahig sa harap ko, sa sahig at isinasandal ang ulo niya sa akin.' Parang may napansin akong pangangatal sa kanyang tinig.

"Makaraan ang ilang sandali, nakatanggap ako ng kapana-panabik na tawag sa telepono. 'Ang isang maliit na batang babaing tinuturuan ko [sa tahanan] ay bibinyagan na!' Yaon ang nakikitang resulta [ng kanyang pagtuturo sa tahanan]. Natuwa ako. . . .

"Noong nakaraang limang taon, ang mga mag-anak na yaon ay walang pakikipag-alam sa Simbahan kung hindi sa tagapagturo ng tahanan, at minsan sa mga tawag mula sa tagapagturong dumadalaw. Ngunit sa mga sumunod na tatlong taon walong beses tumawag sa akin si Ben Liit, lagi siyang natutuwang sabihin sa akin ang pagpapalang gagawin, isang darating na pagbibinyag o pagsusulong ng batang lalaki sa pagkasaserdote. Tinanong ko kung paano niya napagbago ang kanilang mga buhay. 'Ginawa ko lang ang sinabi mo. Ipinaaalam ko sa kanila na hindi ako higit na mabuti sa kanila at hindi ako nagpunta para sabihin sa kanila ang dapat nilang gawin.' Naroon ako dahil ang mabait na Panginoon ay naghanda ng espiritwal na mesa para sa kanyang mag-anak, at kapag hindi nila kami sinaluhan, ito'y nag-iiwan ng bakanteng lugar sa mesa; hindi magiging buo ang mag-anak.' " ("Little Ben," *Ensign*, Mar. 1977, 66–68).



*6-c, Ang mga tagapagturo ng tahanan ay itinatalagang dumalaw sa mga mag-anak.*

- Bakit nagtagumpay ang mga tagapagturo ni Ben Liit? Ano ang matututuhan natin mula sa kanila at mula kay Ben Liit na tutulong sa atin bilang mga tagapagturo ng tahanan?

**Mga Pananagutan ng mga Tagapagturo ng Tahanan**

- Ipakita ang larawan 6-c, "Ang mga tagapagturo ng tahanan ay itinalagang dumalaw sa mga mag-anak."

Ang pananagutan ng mga tagapagturo ng tahanan na dumalaw sa mga tahanan ng mga miyembro at himukin silang manalangin at asikasuhin ang mga tungkulin nila sa mag-anak na ay ibinigay ng Panginoon. Tinawag Niya silang maging mga "bantay" upang mangalaga at magbantay sa Kanyang mga anak (tingnan sa Jeremias 31:6; Ezekiel 33:1–9).

Sinabi ni Pangulong Harold B. Lee na dapat maunawaan ng mga tagapagturo ng tahanan na ang kanilang misyon ay magbantay, palakasin, at tulungan ang mga miyembro na gampanan ang kanilang tungkulin. Hiniling niya sa mga pinuno ng pagkasaserdote na baguhin ang pagbibigay-diin sa pagiging mga *tagapagturo* ng tahanan na nagtuturo ng mga aralin tungo sa pagiging *tagapag-alaga* ng tahanan na nagbabantay sa Simbahan. Kapag naunawaan natin ang ideyang ito, magagawa natin ang pagtuturo sa tahanan na magdadala ng resulta. (Tingnan sa regional representatives' seminar, Abr. 1972, 8).

- Ano ang ibig sabihin ng pagiging tagapag-alaga ng Simbahan? Bakit mahalagang malaman ng mga tinuturuan nating mag-anak na inaalala natin sila bago natin subukang turuan sila? (Sumangguni sa kuwento ni Ben Liit.)

Bilang mga tagapagturo ng tahanan, kinakatawan natin ang obispo o pangulo ng sangay sa mga taong pinaglilingkuran natin. Sa palagiang pakikipanayam sa mga pinuno ng pagkasaserdote inuulat natin ang tungkol sa pagtuturo sa tahanan at ang mga pangangailangan ng mga miyembrong naitalaga para sa atin. Kung may malubhang karamdaman o iba pang suliraning kailangang pag-ukulan ng pansin ng mga pinuno ng pagkasaserdote, kailangang ipaalam natin ito kaagad.

**Pagtugon sa mga Pangangailangan ng mga Miyembro**

Bilang mga tagapagturo ng tahanan, kailangan nating alamin ang tungkol sa mga pangangailangan ng mga miyembrong pinaglilingkuran natin. Pagkatapos dapat tayong magplano at kumilos upang makatulong sa pagtugon sa mga pangangailangang iyon, nagbibigay ng suporta at panghihikayat. Hindi sapat ang pag-aalok lamang ng tulong.

Ang bagay na kailangan ng lahat ay ang pagiging naroon at impluwensiya ng Espiritu. Sinabi ni Pangulong David O. McKay,

"Tungkulin natin bilang mga Tagapagturo ng Tahanan na dalhin ang Banal na Espiritu sa bawat tahanan at puso" (binanggit ni Pangulong Marion G. Romney, "The Responsibilities of Home Teachers," *Ensign,* Marso 1973, 15). Upang matulungan ang mga mag-anak na makamtan ang Espiritu, dapat natin silang hikayating magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak, magkaroon ng pangmag-anak at pansariling panalangin at aktibong makilahok sa Simbahan (tingnan sa D atT 20:51, 53–55).

Kailangan din ng mga tao ng tulong sa panahon ng karamdaman. Ang Panginoon ay nagpayo na sa panahon ng karamdaman tayo ay dapat "tumawag sa mga elder ng iglesia [Simbahan]" (Santiago 5:14; tingnan din sa talata 15). Bilang mga tagapagturo ng tahanan, dapat nating malaman kung ang mga miyembro ng mag-anak na nakatalaga sa atin ay maysakit, at dapat tayong maging karapat-dapat at handang magbasbas sa kanila kung hinihiling nila ito.

Dapat ding magbigay ng tulong ang mga tagapagturo ng tahanan kapag ang isang tao o mag-anak ay naharap sa mga natatanging hamon o pinanghihinaan ng loob.

- Anu-anong pangangailangang mayroon ang karamihan sa mga mag-anak? (Ilista ang mga sagot sa pisara. Magdagdag pa ng ibang pangangailangan sa listahang ito habang iminumungkahi ang mga ito kalaunan sa aralin.)

- Paano hinarap ni Ben Liit ang pangangailangan ng mga mag-anak na nakatalaga sa kanya?

Ipinakikita ang sumusunod na kuwento kung paano tumulong sa isang mag-anak ang isang mabuting tagapagturo ng tahanan.

"Sina Brother at Sister Robertson. . .ay bata pa at aktibong magkabiyak sa Simbahan na hindi nagdaraos ng pangmag-anak na panalangin o gabing pantahanan ng mag-anak 'dahil dalawa lang kami.' Naglahad kami ng aralin sa paksang ito at hinikayat sila subalit walang nangyari. . . .

"Noong sumunod na dalawang linggo kami ng kasama ko ay nagkita ng mga ilang ulit upang talakayin ang maaaring pangangailangan ng aming mga mag-anak. Pinag-usapan namin ang mga bagay na nadarama naming mangangailangan ng aming espesyal na atensyon. At noong sumunod naming pagbisita sinubukan namin ang aming bagong pamamaraan. Para kina Brother at Sister Robertson hindi namin itinanong ang, 'Anong magagawa namin para makatulong?', kundi, 'Maaari ba kayong makipagkita sa amin sa Huwebes sa aming tahanan at sumali sa isang natatanging gabing pantahanan ng mag-anak?' . . .[Sila'y sumagot,] 'Aba'y oo, salamat!' . . .



*6-d, Dapat tulungan ng mga tagapagturo ng tahanan ang namumuno sa tahanan sa pamumuno sa kanyang mag-anak.*

"Makaraan ang katatapos na pulong sa sakramento, lumapit sina Brother at Sister Robertson sa akin at nagbahagi ng kanilang mga taimtim na patotoo, sinasabi sa akin kung paano nadagdagan ang kaligayahan sa kanilang tahanan simula noong sila ay magsimula ng pangmag-anak na panalangin at magkaroon ng gabing pantahanan ng mag-anak" (Don B. Center, "The Day We Really Started Home Teaching," *Ensign*, Hunyo 1977, 18–19).

**Pagtulong sa Namumuno sa Mag-anak**

- Ipakita ang larawan 6-d, "Dapat tulungan ng mga tagapagturo ng tahanan ang namumuno sa tahanan sa pamumuno ng mag-anak."

Ang namumuno sa mag-anak—ang ama, maliban kung walang ama—ay may pangunahing pananagutang pamunuan ang kanyang mag-anak tungo sa kadakilaan. Bilang mga tagapagturo ng tahanan, higit tayong magiging mabisa habang tinutulungan natin ang namumuno sa mag-anak na makamit ito.

Isa sa mga pinakamabuting paraan upang malaman kung paano tayo makatutulong ay, una, magkaroon ng pribado, personal na pagdalaw sa namumuno sa mag-anak. Sa pagkakataong ito, maaari nating tanungin ang mga pangangailangan ng mag-anak at kung ano ang magagawa natin upang makatulong sa pagtugon sa mga pangangailangang iyon.

Ang sumusunod na salaysay ay naglalarawan kung paano naglingkod ang dalawang tagapagturo ng tahanan sa pamamagitan ng namumuno sa mag-anak.

"Si Samuel Bowen ay [hindi pa miyembro] ng Simbahan. Ang kanyang asawa at mga anak ay mga miyembro na at dahil dito, maraming pagdalaw at pagtuturo sa tahanan ang naisagawa sa mag-anak na Bowen ng mga pantulong sa samahan at tagapagturo ng tahanan. Ang mga pagdalaw na ito ay karaniwang nakatuon lamang sa mga miyembro ng Simbahan sa tahanan. Dahil doon, hindi humaharap si Brother Bowen tuwing oras ng pagdalaw. . . .

"Sa loob ng nakalipas na dalawang taon, si Brother Walker ay naitalaga bilang bagong tagapagturo ng tahanan sa mag-anak na Bowen. Matapos siyang makipagtagpo sa kanila at talakayin ang kalagayan sa pinuno ng pagkasaserdote, nakadama nang malakas na pakiramdam si Brother Walker na ituon ang kanyang atensyon kay Brother Bowen. Sa mga sumunod na buwan ginawa niya ito sa isang sadya at masusing pinag-isipang pamamaraan. . . Halimbawa, siya ay nagtatakda ng pagdalaw sa pamamagitan ni Brother Bowen. . . .Sa mga pagdalaw na ito tatalakayin niya kung paano ito makatutulong sa bawat miyembro ng kanyang mag-anak. Noong una, si Brother Bowen ay nabigla sa kaibahang ito sapagkat hindi ito ayon sa nakaugaliang paraan, subalit natutuhan

niyang pahalagahan si Brother Walker. Marami pang matapat na pagbisita ang nangyari sa tahanan, ngunit bihira lang na maparating sa mag-anak ang tahasang mensahe ng ebanghelyo.

"Isang gabi binisita ni Brother Walker nang sarilinan si Brother Bowen sa kanyang salas. Tinanong niya, 'Sam, kahanga-hanga ang iyong mag-anak na aktibong-aktibo sa Simbahan, bakit hindi mo man lang naisip ang pagiging miyembro ng Simbahan?' Si Brother Walker ay nagitla sa kasagutan: 'Sa tingin ko walang sinuman ang nagtanong sa akin kung ako'y interasado. Ang totoo ay nabasa ko na ang marami sa mga panitikan ng inyong Simbahan at naniwala katulad mo.'

"Makaraan ang isang buwan, si Samuel Bowen ay nabinyagan sa Simbahan, at ngayon ang kanyang mag-anak ay nabuklod na. . . . sa templo" (*When Thou Art Converted, Strengthen Thy Brethren* [manwal ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, 1974] 217–18).

- Anyayahan ang isang tagapagturo ng tahanan na magbigay ng kanyang patotoo tungkol sa pagtuturo sa tahanan. Pagkatapos ay anyayahan ang isang ama na magbigay ng kanyang patotoo kung paano pinagpala ng pagtuturo sa tahanan ang kanyang mag-anak.

**Katapusan**

Bilang mga tagapagturo ng tahanan tayo ay nabigyan ng pananagutang pangalagaan ang mga miyembro sa Simbahan. Dapat natin silang dalawin nang madalas, turuan sila ng ebanghelyo, at hikayatin silang mamuhay nang matwid. Dapat nating matutuhang mahalin ang bawat taong pinaglilingkuran natin. Dapat din tayong gumawa nang may taimtim na panalangin kasama ang namumuno sa bawat mag-anak sa pagtukoy at pagtulong na matugunan ang mga pangangailangan ng mag-anak.

**Hamon**

Alamin nang may panalangin kung paano ninyo mapagbubuti ang inyong pagiging tagapagturo ng tahanan, matutulungan ang kasama ninyo na maging mas mahusay na tagapagturo ng tahanan, makakasamang gumawa ang namumuno sa bawat itinalagang mag-anak, at tugunan ang mga pangangailangan ng bawat miyembro ng mag-anak.

Talakayin sa inyong sariling mag-anak kung paano ninyo matutulungan ang inyong mga tagapagturo ng tahanan.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Juan 21:15–17 (inatasang magturo sa iba)
- II Kay Timoteo 2:2 (ang matatapat upang magturo sa iba)

- 1 Kay Pedro 5:1–4 (pananagutan at mga maaaring maging kaluwalhatian ng mga [elder])
- Doktrina at mga Tipan 46:27 (kaloob na pang-unawa na ibinigay sa mga tagapagturo ng tahanan)
- Doktrina at mga Tipan 84:106 (ang malakas upang palakasin ang mahina)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Pag-aralan ang Doktrina at mga Tipan 20:46–47, 53–55.
2. Hilingin sa isang tagapagturo ng tahanan na maghandang magpatotoo tungkol sa pagtuturo sa tahanan sa katapusan ng aralin.
3. Hilingin sa isang ama na maghandang magpatotoo tungkol sa naging bunga ng pagtuturo sa tahanan sa kanyang mag-anak sa katapusan ng aralin.
4. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGTITIWALA SA SARILING KAKAYAHAN

*Aralin 7*

Ang layunin ng araling ito ay upang tulungan tayong magkaroon ng pagtitiwala sa sariling kakayahan.

**Pambungad**

Noong ika-9 ng Pebrero, 1971, niyanig ng lindol ang California San Fernando Valley. Inilarawan ni Sister Ina Easton ang ilang nangyari pagkatapos ng lindol:

"Mula umaga ng Martes, ika-9 ng Pebrero—pagkatapos na pagkatapos lumindol—hanggang dapit-hapon ng Biyernes, ika-12 ng Pebrero, mayroon kaming inaasikasong mga 17 [hanggang] 22 bisita sa aming tahanan para pangalagaan. Wala kaming kuryente sa loob ng isang araw at isang gabi at wala ring gaas para sa pag-iinit at pagluluto o sapat na tubig habang sila ay nasa amin.

". . .Isa talagang hamon ang mag-alaga ng marami sa maliit na lugar at kaunting kagamitan. Napangasiwaan pa rin namin sila nang maayos kahit na sa ganoong kalagayan, salamat sa ating mga kahanga-hangang bisita at sa plano ng Simbahan na pag-iimbak ng pagkain at tubig. . . . Sarado ang lahat ng tindahang malapit sa amin. Wasak ang mga daanan. Hindi na kami makapupunta sa pamilihan. Nagpapasalamat kami at nagagalak sa mga pagkain at tubig na aming itinabi. . . .

"Marami kaming natutuhang bagay. Ilan sa mga ito ay kung anong mga bagay ang pinakamagandang itabi: sabong pampaligo at sabong panlabang natutunaw sa malamig na tubig; mga lumang tuwalya. . .; tisyu peyper na pampalikuran; mga sipilyo at tutpeyst. . . .dagdag kasuotan kaya—isang pampalit sa bawat kasapi ng mag-anak? Ang mga kagamitang pang-unang lunas ay kailangan. May mga nasugatang paa at pinsala kung saan-saan. Hindi malubha ang ilan sa mga ito pero naging malubha dahil walang panustos na benda at mangangalaga para dito. Maraming mga bata ang nag-iiyakan dahil sila ay nagugutom at hindi nagiginhawahan. Hindi masasaya ang sanggol. Ang pagkain ng sanggol, mga bote, mga kumot, gatas, at lampin na pang-isahang gamit ay maaaring nagdulot sana ng kaibahan. . . . Ilan sa mga bagay na

nakalimutan ng mga taong dalhin dahil sa pagmamadali ay mga gamot para sa puso at gamot sa diyabetis. Sa ilang kaso, ito ay talagang nakalulunos.

"Nalaman namin na ang nabibitbit na lutuang de-gaas ay mahalagang bagay. Walang panganib at madaling itago ang panggatong nito. Ang gasera ay nagbibigay ng kahanga-hangang liwanag kapag walang koryente. . . .

"Marami pang maaaring sabihin ngunit ang pinakamahalagang bagay na dapat nating alalahanin lahat ay ang sinabi ng Panginoon na magtabi ng pagkain, tubig, damit, at pera dahil darating ang araw na kakailanganin natin ang mga ito. Ang patotoo ko ay talagang kailangan nga natin ang mga ito. Sa pagsunod sa mga utos na ibinigay sa atin ng ating mga pinuno, nagkaroon kami ng marami at sapat na ibinahagi sa aming mabubuting kaibigan at miyembro ng purok na napilitang iwanan ang kanilang mga tahanan' " (*Relief Society Courses of Study 1977–78,* 78–79).

**Ang Plano ng Panginoon**

Ang plano ng Panginoon para magkaroon ang mga miyembro ng Simbahan ng tiwala sa sariling kakayahan ay simple lang. Ito ay ang kailangan nating gawin ang ating makakaya na maglaan para sa ating mga pansariling pangangailangan at pangangailangan ng ating mag-anak sa pamamagitan ng pagkakaroon ng magandang ugali sa pagtatrabaho; pagiging matipid; pag-iipon ng mga panustos sa bahay, na mga bagay na kakailanganin upang tumustos sa atin sa loob ng kahit isang taon; pagplano para sa mga kinakailangan natin sa hinaharap; at pagpapanatili ng kalusugan sa katawan, espiritu, damdamin at pakikihalu-bilo sa ibang tao. Nagsisimula ang pagtitiwala sa sariling kakayahan sa tahanan, indibidwal at sa mag-anak.

- Sino ang may pananagutang mag-asikaso sa ating mga pangangailangan at sa mga pangangailangan ng ating mga mahal sa buhay?

Kapag hindi tayo makapaglaan ng para sa ating sariling pangangailangan, tayo ay dapat munang humingi ng tulong sa ating mga kamag-anak. Halimbawa, ang isang taong may kapansanan ay maaaring mangailangan ng higit na tulong kaysa sa maibibigay ng kanyang mag-anak. Sa ganitong kalagayan, dapat hilingan ang mga kamag-anak na tumulong. Sa huli, kapag hindi pa natin kayang tugunan ang ating pangunahing pangangailangan sa pamamagitan ng sariling pagsisikap at sa mga pagsisikap ng ating mga kamag-anak, makahihingi tayo ng pansamantalang tulong mula sa Simbahan.

Ang pagiging handa ay hindi lang nakatutulong sa ating pangalagaan ang ating sarili, kung hindi nakatutulong din ito sa atin na makatulong sa iba sa mga oras ng pangangailangan. Umuunlad tayo sa espirituwal kapag walang pagkamakasariling ibinibigay natin ang ating kakayahan, oras, at talino para tulungan ang iba.

- Sa palagay ninyo, bakit nais ng ating Ama sa Langit na maglaan tayo para sa ating mga sarili at sa ating mga mag-anak?
- Paano tayo napagpapala kapag tumutulong tayo sa ibang nangangailangan?

**Paghahanda sa Ating mga Mag-anak**

- Ipakita ang tsart na Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan, (larawan 7-a) o tukuyin ang impormasyong nasa pisara.

Ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat magkaroon ng pagtitiwala sa sariling kakayahan sa sumusunod na anim na pangunahing bagay.

***Pag-iimbak sa Tahanan***

Kung pinahihintulutan ng batas at kung maaari, bawat tao at mag-anak ay dapat mayroong hustong pagkain para sa kanilang pangunahing pangangailangan sa loob ng kahit isang taon. Ito ay nangangahulugan na dapat tayong magtanim at mag-imbak ng pagkain at pagkatapos ay gamitin at palitan ang pagkaing iyon para maiwasan ang pagkabulok. (tingnan sa Aralin 16 ng manwal na ito para sa talakayan sa paghahalaman sa tahanan). Dapat din na alam nating gumawa ng damit at, kung maaari dapat magtabi ng pampaningas at panustos sa pangangailangang medikal. Ang paggawa ng panustos at pag-iimbak ay nakatutulong sa ating kalingain ang ating sarili, ang sarili nating mga mag-anak, at ang iba sa oras ng pangangailangan. (Tingnan sa *Mga Tungkulin at mga Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A,* aralin 22, "Paggawa ng Pantahanang Panustos at Pag-iimbak.")

- Paano natin mapag-iibayo ang ating pagtitiwala sa sariling kakayahan sa paggawa ng pantahanang panustos at pag-iimbak?

***Pisikal na Kalusugan***

Ang ating mga pisikal na katawan ay sagrado, at mahalagang panatilihin natin itong malinis, malakas, at malusog. Tulad ng ipinahayag sa Salita ng Karunungan, kailangang kumain tayo ng masusustansiyang pagkain at huwag uminom ng alak, manigarilyo, at gumamit ng iba pang nakapipinsala sa kalusugan (tingnan sa D at T 89). Upang maiwasan ang sakit, kailangang panatilihing nating malinis ang ating tahanan at bakuran at magkaroon ng mga pagbabakuna sa kaligtasan na iminumungkahi sa ating lugar.

Kailangang palagian tayong nag-eehersisyo, pinananatiling malinis ang ating katawan, at sinusunod ang iba pang kaugalian ng mabuting kalusugan. Habang pinananatili nating malusog ang ating katawan higit nating natutugunan ang ating sariing pangangailangan at nakapaglilingkod sa iba.

- Paano natin mapagbubuti ang ating pisikal na kalusugan?

***Kalakasang Espirituwal, Emosyonal at Sosyal***

Dapat nating palakasin ang ating mga sarili at mag-anak sa espirituwal, emosyonal, at sosyal. Kapag ginawa natin ito higit tayong magiging handa sa paglutas sa mga problema at kalungkutan. Sinabi ni Elder Boyd K. Packer:

"Sinadya na ang buhay ay maging isang hamon. Ang magdanas ng ilang pagkabahala, ng ilang kalungkutan, ng ilang kabiguan, kahit ilang pagkabigo ay karaniwan lamang.

"Turuan ang ating mga miyembro na kung mayroon silang. . . napakalungkot na araw paminsan-minsan, o sunod-sunod, na tumayo nang matatag at harapin ang mga ito. Ang mga bagay-bagay ay maaayos din.


"Mayroong magandang layunin sa ating paghihirap sa buhay" (sa Conference Report, Abr. 1978, 140; o *Ensign,* Mayo 1978, 93).

Kapag dumarating ang mga paghamon, dapat nating mahalin, tulungan, at hikayatin ang isa't isa. Sa pamamagitan ng pagtulong sa isa't isa, nagkakaroon tayo ng lakas na mapagtagumpayan ang ating mga suliranin. Isinalaysay ni Elder Marvin J. Ashton ang tungkol sa mag-anak na nagkaroon ng ganitong uri ng lakas:

Ang bunsong babae ay nagkaroon ng malubhang sakit sa utak mula pa sa pagkasilang, bunga nito, hindi siya lumaki nang normal. Siya'y namatay sa gulang na labimpito, ngunit higit na lumakas ang mag-anak na ito nang panahong iyon. Ipinahayag ni Elder Ashton: "Ang patuloy na pag-aalaga ng mapagmahal na ina, pagtitiyaga at pagmamahal na mula sa mabait na ama, at pang-unawa mula sa tatlong dakilang kapatid na lalaki at sa maalalahaning kapatid na babae ang nagbigay-halaga sa kaniyang pagkakasama sa mag-anak. . . .Sinabi ng [kanyang ama], 'Walang anumang mabibili ng salapi ang nakapagbuklod sa amin sa pag-ibig, pagtitiis at kababaang-loob tulad ng nagawa ng pag-aalaga namin sa kanya.' Narito ang isang trahedya na. . .naging isang pagkakataon para sa mga pagpapala" ("Family Home Storage," sa 1977 *Devotional Speeches of the Year,* 69).

Tulad ng inilarawan ng kuwentong ito, ang isang mabait, mapanalangin, mapagmahal na ugnayan ng mag-anak ay malaking

# Tsart na Pagtitiwala sa Sariling Kakayahan




*7-a, Ang anim na mga pangunahing bagay ng Pagtitiwala sa Sariling kakayahan*

pagpapala sa buhay ng bawat miyembro ng mag-anak. Ang ganoong ugnayan ay dapat maging hangarin ng bawat mag-anak. Ipinaliwanag ni Elder Marvin J. Ashton:

"Kadalasan ang malalaking [tulong] na ating tinatanggap ay nanggagaling sa loob ng hanay ng ating mga mag-anak. Minsan ang tulong na labis na kailangan natin ay nanggagaling sa pinakamalapit sa atin. . . .Iniutos ng Diyos na magtulungan ang mga miyembro ng mag-anak. . . .

"Dapat nating akayin ang mga miyembro ng mag-anak at ipakitang tapat at nananatili ang ating pagmamahal" (sa Conference Report, Okt. 1973, 131; o *Ensign,* Enero 1974, 104).

- Paano tayo magkakaroon at makapagbibigay ng tulong na emosyonal sa ating mga mag-anak?

- Bakit ang pagtulong, pag-unawa, at pagmamahal sa iba ay mahalaga para sa ating kapayapaan at kaligayahan? Paano ito makatutulong sa atin na maghanda para sa hinaharap?

***Edukasyon***

Sa Doktrina at mga Tipan sinabi sa atin ng Panginoon na "ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan, o sa ibang salita, liwanag at katotohanan" at inutusan tayo "na palakihin ang [ating] mga anak sa liwanag at katotohanan" (D at T 93:36, 40). Ang bawat isa sa atin ay dapat matutong bumasa, sumulat, at gumawa ng pangunahing matematika at pagkatapos ituro ang mga kasanayang ito sa ating mga anak. Dapat nating pag-aralan nang palagian ang mga banal na kasulatan, pati na ang iba pang mabubuting libro, at basahin ito sa ating mga anak. Kailangang samantalahin natin ang pambayan at iba pang oportunidad na pang-edukasyon.

- Bakit tayo dapat matuto ng ating mga mag-anak na magbasa, magsulat at gumawa ng pangunahing matematika ? Bakit mahalaga ang edukasyon?

***Trabaho***

Kung maaari, dapat tayong magkaroon ng mga trabahong makapagtutustos nang sapat sa ating mga mag-anak at makapagbibigay sa atin ng pansariling kasiyahan. Dapat ay sang-ayon din ang ating trabaho sa mga itinuturo ng Simbahan at magpapahintulot sa atin na gampanan ang ating mga tungkulin sa Simbahan. Dagdag pa sa pagkakaroon ng ganoong trabaho para sa ating sarili, dapat nating payuhan ang ating mga anak at ang ibang kabataan sa pagpili ng kurso.

Ipinayo ni Elder Marvin J. Ashton: "Gawing isang tuloy-tuloy na proseso ang edukasyon. Hangga't maaari ay tapusin ang pormal na pag-aaral . Kasama rito ang mga paaralang teknikal. Ito ay mabuting pamuhunan ng salapi. Mag-aral sa gabi upang makapaghanda pa tayong lalo. Magtamo ng natatanging kahusayan o kakayahang magagamit upang maiwasan ang matagal na kawalang trabaho" ("One for the Money," *Ensign,* Hulyo 1975, 73).

- Talakayin ang mga mapagkukunan na maaaring maibigay upang tulungan ang mga miyembro ng klase na mapagbuti ang kanilang kasanayan sa pagtatrabaho. Ang mga mapagkukunan ay maaaring kabilangan ng mga kursong iniaalok sa mga pamantasan, kursong pangpamayanan para sa mga may edad, pag-iinterno, at pagsasanay habang nagtatrabaho. Alamin sa inyong obispo o pangulo ng sangay kung ang inyong purok o sangay ay may dalubhasa sa pangkapakanan na responsable sa pagpapaempleyo. Kung magkagayon, ipaliwanag na makatutulong ang dalubhasa sa mga miyembro na makahanap ng trabaho.

- Paano maihahanda ng mga kabataang lalaki ang kanilang sarili para sa isang karera [career]?

***Pangangasiwa sa Pananalapi***

Upang maging handa sa pananalapi, dapat tayong matutong mamuhay sa kaya ng ating kinikita. Ito ay mangangailangan ng pagtatakda at pamamahala sa pagbabadget. Ang pagbabadget ay kinapapalooban ng paggawa ng praktikal na hangaring pananalapi, pagbabayad ng ikapu at mga handog, at pag-iwas sa mga pangungutang. Dagdag pa sa pagbabadget, ang matalinong pangangasiwa ng ating kinikita ay kinabibilangan ng pagbili ng pagkain at iba pang mahahalagang bagay na mura, pag-iwas sa pag-aaksaya, at kung maaari, pagkakaroon ng impok para panglaan sa mga biglaang pangangailangan sa pananalapi.

Isang mag-anak ang nagmungkahi ng sumusunod para sa pangangasiwa ng pananalapi ng mag-anak. "Ang isang bagay na kailanma'y hindi nakatutulong. . .ay ang ugaling, 'Ito ay *aking* salapi, kaya gagastusin ko ito sa paraang gusto ko.' Hindi mahalaga kung ang lalaki o ang babae ang nagpapasok ng salapi, lahat ng salapi ay kapwa kanila bilang mag-asawa. Hindi ang mister o ang misis ang may karapatang gumastos 'dahil sa akin ito' " (Orson Scott Card, "Family Finances," *Ensign,* Hunyo 1978, 13).

- Paano nagdadala ng kapayapaan sa tahanan ang mahusay na paggamit ng salapi?

- Ipaisip na mabuti sa mga miyembro ng klase kung gaano sila kahanda at ang kanilang mag-anak sa bawat isa sa anim na pangunahing bahagi ng pagtitiwala sa sariling kakayahan.

**Pagiging Handa sa Pagtulong bilang isang Simbahan**

Bilang karagdagan sa pangangalaga ng ating sarili at ng mga pangangailangan ng mag-anak, inutos ng Panginoon sa atin na magtulungan ang isa't isa (tingnan sa D at T 52:40). Minsan ang ating mga pagsisikap na tulungan ang iba ay maaaring kusang-loob na natin. Sa ibang pagkakataon, ang mga pagsisikap at mapagkukunan ng mga miyembro ng Simbahan ay pinagsasama at ginagamit ayon sa pamamahala ng mga pinuno ng pagkasaserdote.

Ipinaliwanag ni Elder Joseph B. Wirthlin:

"Hindi nililimitahan ng Simbahan ang mga pagsisikap nitong makatulong sa mga miyembro nito ngunit sinusunod ang payo ni Propetang Joseph Smith nang sinabi niyang, 'Ang taong puno ng pagmamahal ng Diyos, ay hindi kuntento sa pagpapala lamang ng kanyang mag-anak, kundi naghahangad na tulungan din ang iba sa sandaigdigan, sabik na pagpalain ang buong sangkatauhan.' Inutusan niya ang mga miyembro na 'pakainin ang nagugutom, damitan ang hubad, itaguyod ang mga balo, tuyuin ang luha ng mga ulila, bigyang-ginhawa ang mga naghihirap.'

"Hindi pa gaanong natatapos ang isang dekada, ang Simbahan ay nakapagpadala na ng mahigit 27,000 tonelada ng kasuotan, 16,000 tonelada ng pagkain, at 3,000 toneladang panustos na gamot at mga kasangkapang pang-edukasyon upang maibsan ang paghihirap ng milyun-milyong anak ng Diyos sa 146 bansa sa maraming bahagi ng daigdig. Hindi natin itinatanong, 'Mga miyembro ba kayo ng aming Simbahan?' Tinatanong lamang natin, 'Naghihirap ka ba?' " (sa Conference Report, Abr. 1999, 100; o *Ensign,* Mayo 1999, 77).

Ang mga sumusunod ay halimbawa ng mga kapahamakang nangangailangan ng tulong na galing sa Simbahan upang maitaguyod ang lokal na pagsisikap:

"Sa mapang-wasak na baha sa Rapid City, South Dakota, ang mga Banal sa purok na iyon ay tumugon agad upang tulungan ang mga biktima ng dumadaluhong na tubig. Ang mga damit, tulugan, at mainit na pagkain ay ibinigay sa pamamagitan ng pagsisikap ng lokal na samahan ng Simbahan. . . .Isa lang trak na puno ng mga bagay katulad ng pagkain ng bata, mga lampin, at kumot [ang kailangang] ipadala" (Junior Wright Child, "Welfare is the Church," *Ensign,* Set. 1973, 71).

Matapos and lindol noong Disyembre 1972 sa Managua, Nicaragua, sa Gitnang America, "ang tanging bagay na ipinadala sa mga Banal na

ito na mula [sa Estados Unidos] ay serum para sa tipus. . . .Lahat ng ibang tulong ay nakuha sa pook ding iyon ; ang mga Banal sa Costa Rica, na nag-aayos ng mga panustos na tulong at nakikipag-ugnayan sa mga pinuno ng pamahalaan, ang nangasiwa sa gawain" (*Ensign,* Set. 1973, 71).

Ipinaliwanag ni Elder Russel M. Nelson na "ang gayong nagkakaisang pagsisikap na tulungan ang mga naghihirap na kapitbahay ay lumalagpas sa anumang hadlang na itinatakda ng relihiyon, lahi o kultura. Ang mabubuting gawaing iyon ay pagpapakita ng pagmamahal sa mga huling araw!" (sa Conference Report, Abr. 1994, 91; o *Ensign,* Mayo 1994, 70).

Kailangan nating maghanda bilang isang Simbahan, bilang mga tao, at bilang mga mag-anak upang makaligtas sa mga ganitong biglaang pangyayari. Kapag ang Simbahan ay naitatag na sa ating purok, maaari tayong gumawa ng sama-sama upang maghanda ng pagkain, mga damit, at gamit sa bahay na magagamit sa mga panahon ng kagipitan. Sa ganitong paraan, yaong mga nangangailangan, at ang mga mag-anak na gumawa na ng kanilang makakaya ay tatanggap ng tulong na ito. Kung tutulungan natin ang isa't isa sa lahat ng paraang ating makakaya, magiging karapat-dapat na tumanggap ng tulong kung nangangailangan tayo nito.

**Katapusan**

Habang masigasig tayong gumagawa tungo sa pagkakaroon ng tiwala sa sariling kakayahan, mararagdagan ang ating pagmamahal sa ating mga mag-anak at sa iba, titibay ang ating patotoo sa pangangailangan ng pagtitiwala sa sariling kakayahan. Sa patotoong ito, gugustuhin nating tumulong sa iba na tulungan ang kanilang sarili.

Sinabi ng Panginoon, "Lahat ng bagay sa akin ay espirituwal, at hindi kailanman ako nagbigay ng batas sa inyo na temporal" (D at T 29:34). Ang saligan ng pagtulong sa ating sarili at sa iba ay pagmamahal at pagkakawanggawa. Sinabi ng Tagapagligtas, "Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa" (Mateo 25:40).

**Hamon**

Sa inyong susunod na gabing pantahanan ng mag-anak, suriin ang pagtitiwala ninyo sa inyong sariling kakayahan. Alamin ang anumang mahinang bahagi, at magplano para sa pagpapabuti. Bilang tagapagturo ng tahanan, alamin natin ang pangangailangan ng mga mag-anak na nasa ilalim ng ating pangangalaga. Hikayatin silang ihanda ang kanilang sarili upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- 1 Kay Timoteo 5:8 (dapat tayong maglaan para sa ating mag-anak)
- 1 Juan 3:17 (ang kahalagahan ng pagtulong sa iba)
- Alma 34:28 (ang ating mga tungkulin sa pagtulong sa iba)
- Doktrina at mga Tipan 56:16–18 (mga payo sa mayayaman at mahihirap)
- Doktrina at mga Tipan 68:30–32 (pinagsabihan ang mga tamad)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Pag-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 27 "Gawa at Pansariling Pananagutan," at 37, "Mga Tungkulin ng Mag-anak"
2. Ihanda ang poster na iminungkahi sa aralin , o isulat ang impormasyon sa pisara.
3. Magtalaga ang mga miyembro ng klase na maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# ANG ATING MGA PANANAGUTAN SA TEMPLO AT KASAYSAYAN NG MAG-ANAK

*Aralin 8*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayong maunawaan ang ating mga pananagutan sa templo at kasaysayan ng mag-anak.

**Ang mga Ordenansa ay Kinakailangan para sa Kaligtasan**

Upang makabalik tayo sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit, dapat tanggapin ng bawat isa sa atin ang mga ordenansang kailangan sa kaligtasan. Sinabi ni Elder Boyd K. Packer:

"Ang mga ordenansa at tipan ang ating nagiging kredensiyal upang makapasok sa Kanyang kinarorooonan. Ang matanggap ito nang karapat-dapat ay panghabambuhay na hangarin; ang mapanatili ito pagkatapos noon ay ang hamon ng mortalidad.

"Sa sandaling matanggap natin ang mga ito para sa ating sarili at para sa ating mag-anak, may pananagutan na tayong ilaan ang mga nakapagliligtas na ordenansang ito sa ating mga namatay na kaanak, sa katunayan sa buong mag-anak ng tao" (sa Conference Report, Abr. 1987, 27; o *Ensign*, Mayo 1987, 24).

**Pagtanggap ng Ating Sariling mga Ordenansa sa Templo at Pagtulong sa mga Miyembro ng ating Mag-anak na Matanggap ang sa Kanila**

Ang pagbibinyag at pagpapatibay, mga unang ordenansa ng ebanghelyo, ay ang pasukan kung saan pumapasok tayo sa makipot at makitid na landas patungo sa buhay na walang hanggan (tingnan sa 2 Nephi 31:17–18). Upang makapagpatuloy sa landas na ito matapos ang binyag, dapat ding tanggapin natin ang mga sagradong ordenansa ng templo—ang endowment at mga nakapagbubuklod na ordenansa. Dapat tayong manatiling tapat sa mga tipang ginagawa natin. Mahalaga ang mga ordenansang ito sa ating kadakilaan.

Ipinaliwanag ni Pangulong Howard W. Hunter ang kahalagahan ng mga ordenansa sa templo: "Ang lahat ng ating mga pagsisikap sa pagpapahayag ng ebanghelyo, pagpapaganap sa mga Banal, at



*8-a, Ang bahay ng Panginoon.*
*(Templo ng Lungsod ng Guatemala)*

pagtubos sa mga patay ay humahantong sa banal na templo. Ito ay dahil sa ang mga ordenansa sa templo ay tunay na mahalaga; hindi tayo makababalik sa kinaroroonan ng Diyos nang wala ang mga ito. Hinihikayat ko ang bawat isa na maging karapat-dapat na dumalo sa templo at pagsikapan ang araw kung kailan kayo ay makapapasok sa banal na bahay na iyon upang tanggapin ang inyong mga ordenansa at tipan" (sa Conference Report, Okt. 1994, 118; *o Ensign,* Nob. 1994, 88).

Ang mga miyembrong nasa hustong gulang na hindi pa nakapapasok sa templo ay dapat makipag-usap sa kanilang obispo o pangulo ng sangay upang alamin kung paano makapaghahanda sa pagtanggap ng mga pagpapala ng templo. Dapat din nating ikintal sa ating mga anak at iba pang miyembro ng mag-anak ang hangaring maghanda para sa pagbibinyag at mga ordenansa sa templo.

- Paano natin maituturo sa ating mga anak at iba pang miyembro ng mag-anak ang kahalagahan ng templo? (Isulat ang mga sagot sa pisara. Ang mga ito ay maaaring kabilangan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa sa pamamagitan ng palagiang pagdalo sa templo o masigasig na kumikilos upang magkaroon ng rekomendasyon sa templo, nagpapahayag ng pasasalamat sa mga panalanging pangmag-anak para sa templo at sa mga ordenansang ito, at pagsama sa mga bata 12 taong gulang at pataas sa templo upang mabinyagan para sa mga patay.)

**Pagkakaroon ng Rekomendasyong may Bisa sa Kasalukuyan at Palagiang Pagpunta sa Templo**

- Ipakita ang larawan 8-a, "Ang Bahay ng Panginoon."

Hinggil sa mga templo, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Ang mga kakaiba at kahanga-hangang gusali, at ang mga ordenansang isinasagawa sa loob nito, ay kumakatawan sa pinakatampok sa ating pagsamba. Ang mga ordenansang ito ang nagiging pinakamalinaw na pagpapahayag ng ating teolohiya. Hinihikayat ko ang ating mga tao saan man, sa lahat ng mga panghihimok na makakaya ko, na mamuhay nang karapat-dapat upang magkaroon ng rekomendasyon sa templo, magtamo nito at ituring ito bilang mahalagang pag-aari, at gumawa ng ibayong pagsisikap na pumunta sa bahay ng Panginoon at makibahagi sa diwa at mga pagpapalang makakamtan doon. Nasisiyahan ako na bawat lalaki o babaing nagpupunta sa templo sa diwa ng katapatan at pananampalataya ay lumilisan sa bahay ng Panginoon na mas mabubuting lalaki o babae. May pangangailangan para sa palagiang pagpapabuti ng ating buhay. May pangangailangan paminsan-minsan na iwanan ang ingay at kaguluhan ng daigdig at pumasok sa loob ng sagradong bahay ng Diyos, upang doon ay damhin ang Kanyang



*8-b, Ang mga taong mapagsasanggunian tungkol sa kasaysayan ng mag-anak ay makatutulong sa paghahanda ng impormasyon.*

Espiritu sa kapaligiran ng kabanalan at kapayapaan" (sa Conference Report, Okt. 1995, 72; o *Ensign,* Nob. 1995, 53).

Kahit na hindi tayo pinahihintulutan ng ating mga kalagayan na makadalo nang palagian, kailangang magkaroon tayo ng rekomendasyon sa templo. Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: "Makalulugod sa Panginoon kung bawat miyembrong may sapat na gulang ay maging karapat-dapat na—magdala—ng rekomendasyon sa templo na may bisa sa kasalukuyan. Ang mga bagay na dapat at hindi natin dapat gawin upang maging karapat-dapat para sa isang rekomendasyon sa templo ay ang mismong mga bagay na magbibigay katiyakan sa atin na magiging maligaya tayo bilang mga indibidwal at bilang mag-anak" (sa Conference Report, Okt. 1994, 8; o *Ensign*, Nob. 1994, 8).

- Anu-anong pagpapala ang ipinangako sa atin kung may hawak tayong rekomendasyon sa templo at dumadalo nang palagian sa templo?

Upang magtamo ng rekomendasyon sa templo, kailangang magkaroon tayo ng mga taunang pakikipagpanayam sa ating mga pinunong pagkasaserdote. Maaari rin tayong maanyayahang dumalo sa mga klase para sa natatanging paghahanda at mga oryentasyon. (Para sa karagdagang impormasyon sa paghahanda sa pagdalo sa templo, tingnan sa *Mga Tungkulin at mga Pagpapala ng Pagkasaserdote*, *Bahagi A*, aralin 35, "Ang Walang Hanggang Mag-anak.")

**Paglalaan ng mga Ordenansa para sa mga Namatay na Ninuno**

Ninanais ng Panginoon na ang lahat ng nabuhay sa mundo na may gulang na higit sa walong taon ay magkaroon ng pribilehiyong makatanggap ng pagbibinyag, ng endowment, at ng mga nakapagbubuklod na ordenansa. Ipinadala Niya ang propetang si Elijah kay Joseph Smith upang ipanumbalik ang mga susi ng pagkasaserdote ng kaligtasan para sa mga patay, mga susi na makapagpapangyari sa mga buhay na magsagawa ng mga ordenansa alang-alang sa mga yaong namatay. Bilang mga miyembro ng Simbahan, may pananagutan tayong maglaan ng mga nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo para sa ating mga ninunong namatay nang hindi natanggap ang mga ito.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 128:15. Bakit mahalaga para sa atin na maglaan ng mga ordenansa para sa ating mga namatay na ninuno? (Hindi sila ganap na maliligtas kung wala tayo, at hindi tayo ganap na maliligtas kung wala sila.)

Kapag ibinaling natin ang ating mga puso sa ating mga ninuno, matutuhan ang tungkol sa kanila at magsagawa ng mga ordenansang pagkasaserdote para sa kanila, makababahagi tayo sa kagalakan ng ating mga ninuno sa pagtanggap nila ng pagkakataong magtamo ng buhay na



*8-c, Mahalaga ang pagsusulat ng mga pansarili at pangmag-anak na kasaysayan.*

walang hanggan. Maliban diyan, habang pinaglilingkuran natin ang ating mga kapatid, higit nating nauunawaan at napahahalagahan ang kahulugan ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa ating sariling buhay. Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith ang ating ginagampanan sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak:

"Ang mga susi ay dapat maipahatid, ang espiritu ni Elijah ay dapat dumating,. . . .at ang mga Banal ay dapat maging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion.

"Ngunit paano sila magiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion? Sa pamamagitan ng pagtatayo ng kanilang mga templo. . . .at pagtanggap ng lahat ng ordenansa. . . .alang-alang sa lahat ng ninuno nila na namatay na, at tubusin sila nang sa gayo'y mapabilang sila sa unang pagkabuhay na mag-uli at dakilain sa mga putong ng kaluwalhatian kasama nila; at dito ay ang kawil na nagdudugtong sa mga puso ng mga ama sa kanilang mga anak, at ng mga anak sa kanilang mga ama, na nagsasakatuparan sa misyon ni Elijah" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith[1976], 330).

- Anu-anong pagpapala ang maaaring dumating mula sa pagsasagawa ng mga ordenansa para sa ating mga namatay na ninuno?

**Paggunita sa Ating mga Ninuno**

Sa pagsisimulang isakatuparan ang ating mga pananagutan sa kasaysayan ng mag-anak, makagagawa ang bawat isa sa atin ng listahan ng ating mga namatay na kamag-anak na kilala at natatandaan natin. Wala ng mga natatanging tulong sa pagsasaliksik o mapagkukunan ang kakailanganin. Makatutulong ang listahang ito na matukoy ang mga kamag-anak na namatay nang hindi nakatatanggap ng kanilang mga nakapagliligtas na ordenansa sa templo. Kahit na ang ating mga ninuno ay mga naunang miyembro ng Simbahan o kung may miyembro sa ating mag-anak na may nagawa na sa kasaysayan ng mag-anak, kadalasan ay matutukoy natin ang mga namatay na kamag-anak na hindi pa nagagawan ng gawain sa templo.

- Magpasa ng mga lapis at papel sa klase. Ipalista sa mga miyembro ng klase ang mga namatay nilang kamag-anak na natatandaan nila, at pagkatapos ipatukoy sa kanila ang mga yaong namatay nang walang mga ordenansa sa templo.

Kapag natukoy na natin ang mga kamag-anak na hindi pa nagawan ng gawain sa templo, dapat nating tiyakin na magagawa ito. Binigyang-diin ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang kahalagahan ng templo sa gawain ng kasaysayan ng mag-anak: "Lahat ng malaking pagsisikap natin sa kasaysayan ng mag-anak ay nakatuon sa gawain sa templo. Wala ng iba pang layunin para dito. Ang mga ordenansa sa templo ang

# Talaan ng mga Ninuno

Tsart blg.______

Blg. 1 sa tsart na ito ay katulad ng blg. _________ sa tsart blg. _________.

Markahan ang mga kahon kapag ang mga ordenansa ay natapos na.

- [B] Nabinyagan
- [N] Na-endow
- [IM] Ibinuklod sa mga magulang
- [IA] Ibinuklod sa asawa
- [M] Mayroon nang Talaan ng Mag-anak ang mag-asawang ito
- [A] Nakumpleto na ang mga ordenansa para sa mga anak

**1** ______ (Pangalan) [B] [N] [IM] [IA] [M] [A]
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan ikinasal
Saan
Kailan namatay
Saan
______ (Asawa) [B] [N] [IM] [IA]

**2** (Ama) [B] [N] [IM] [IA] [M] [A]
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan ikinasal
Saan
Kailan namatay
Saan

**3** (Ina) [B] [N] [IM] [IA]
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan namatay
Saan

**4** (Ama ng blg.2) [B] [N] [IM] [IA] [M] [A]
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan ikinasal
Saan
Kailan namatay
Saan

**5** (Ina ng blg.2) [B] [N] [IM] [IA]
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan namatay
Saan

**6** (Ama ng blg.3) [B] [N] [IM] [IA] [M] [A]
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan ikinasal
Saan
Kailan namatay
Saan

**7** (Ina ng blg. 3) [B] [N] [IM] [IA]
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan namatay
Saan

**8** (Ama ng blg. 4) [B] [N] [IM] [IA] [M] [A] — Ipinagpatuloy sa tsart blg. ______
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan ikinasal
Kailan namatay
Saan

**9** (Ina ng blg. 4) [B] [N] [IM] [IA] — Ipinagpatuloy sa tsart blg. ______
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan namatay
Saan

**10** (Ama ng blg. 5) [B] [N] [IM] [IA] [M] [A] — Ipinagpatuloy sa tsart blg. ______
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan ikinasal
Kailan namatay
Saan

**11** (Ina ng blg.5) [B] [N] [IM] [IA] — Ipinagpatuloy sa tsart blg. ______
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan namatay
Saan

**12** (Ama ng blg.6) [B] [N] [IM] [IA] [M] [A] — Ipinagpatuloy sa tsart blg. ______
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan ikinasal
Kailan namatay
Saan

**13** (Ina ng blg. 6) [B] [N] [IM] [IA] — Ipinagpatuloy sa tsart blg. ______
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan namatay
Saan

**14** (Ama ng blg. 7) [B] [N] [IM] [IA] [M] [A] — Ipinagpatuloy sa tsart blg. ______
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan ikinasal
Kailan namatay
Saan

**15** (Ina ng blg. 7) [B] [N] [IM] [IA] — Ipinagpatuloy sa tsart blg. ______
Kailan ipinanganak
Saan
Kailan namatay
Saan

| Inyong pangalan at tirahan | |
|---|---|
| Numero ng telepono | Petsa kung kailan ginawa |

© 1998 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

(Pedigree Chart, Tagalog). 3/96. (3/96). 31826 893

*8-d, Tsart ng Talaangkanan.*

nagiging pinakamataas na pagpapalang maiaalay ng Simbahan" (sa Conference Report, Abr. 1998, 115–16; o *Ensign*, Mayo 1998, 88).

- Ipakita ang larawan 8-b, "Ang mga taong mapagsasanggunian tungkol sa kasaysayan ng mag-anak ay makatutulong sa paghahanda ng impormasyon."

Makatutulong sa paghahanda ang mga taong mapagsasangunian tungkol sa kasaysayan ng mag-anak ng impormasyong kakailanganin ng templo bago isagawa ang mga ordenansa sa templo. Ang mga lathalain ng kasaysayan ng mag-anak ng Simbahan, mga lokal na pinunong pagkasaserdote, at mga templo ay dapat na mayroon din ng mga tagubiling ito.

- Talakayin sa mga miyembro ng klase ang mga proseso at hinihingi para sa paghahanda ng mga pangalan para sa gawain sa templo. Kung maaari, ipakilala ang taong mapagsasanggunian tungkol sa kasaysayan ng mag-anak, at hayaang pamunuan niya ang talakayang ito.

Bilang karagdagan sa pagsasagawa ng mga ordenansa sa templo para sa mga ninunong natatandaan natin, isaalang-alang din natin ang iba pang ninuno. Maaari nating kausapin ang ating mga magulang, lola't lolo, tiyo, pinsan, at iba pang miyembro ng mag-anak na maaaring nakaaalaala pa ng mga taong hindi pa natin nakikilala. Matitiyak natin na maisasagawa rin ang gawain sa templo para sa mga ninunong ito.

**Pagtatala ng Inyong Impormasyon**

Habang natutuhan natin ang tungkol sa ating mga ninuno, maaaring kailanganin din nating itala ang impormasyong makikita natin. Matutulungan tayo ng mga pormularyo ng kasaysayan ng mag-anak ng Simbahan at ng mga programa sa kompyuter upang magawa ito. Gayunpaman, maaari kayong gumamit ng anumang paraang makatutulong sa inyong maalaala ang natutuhan ninyo. Makatutulong din nang lubos na itala ang mga petsa kung kailan isinagawa ang mga ordenansa upang malaman ninyo kung sino pa ang mga nangangailangan nito.

**Ilang Gabay**

Sa pagsusumite natin ng mga pangalan para sa gawain sa templo, kailangang tandaan natin ang mga gabay na ito:

1. Ang pinakaunang pananagutan natin ay ang ating sariling mga ninuno. Hindi tayo dapat magsumite ng mga pangalan ng taong walang kaugnayan sa atin, kabilang na ang mga pangalang maaari nating makuha mula sa pansariling proyektong paghalaw.

2. Ang taong ang pangalan ay isinumite ay dapat na namatay na nang may kahit isang taon.
3. Kung ipinanganak ang tao sa nakalipas na 95 taon, kailangang kumuha ng pahintulot mula sa pinakamalapit na nabubuhay pang kamag-anak bago isumite ang pangalan.
4. Walang ordenansang kinakailangan para sa mga batang patay nang isilang. Gayunpaman, kung may posibilidad na nabuhay ang bata pagkatapos maipanganak, siya ay dapat maibuklod sa kanyang mga magulang, maliban na lang kung ang bata ay ipinanganak sa tipan (ibig sabihin na ibinuklod na ang mga magulang ng bata bago pa siya ipinanganak).
5. Ang mga batang namatay bago magwalong taon at hindi ipinanganak sa tipan ay kailangan lang ibuklod sa kanilang mga magulang. Hindi na nila kailangan ang iba pang ordenansa.

**Iba pang Paraan Upang Makabahagi sa Kasaysayan ng Mag-anak**

- Ipakita ang larawan 8-c, "Ang pagsusulat ng mga pansarili at pangmag-anak na kasaysayan ay mahalaga."

Ang iba pang paaan upang makabahagi tayo sa kasaysayan ng mag-anak ay kinabibilangan ng:

Pagtitipon ng impormasyon tungkol sa mga ninunong nabuhay bago ang mga taong natatandaan natin at ng ating mag-anak, at isakatuparan ang gawain sa templo para sa kanila.

Pagtuturo sa ating mga anak tungkol sa ating mga ninuno at paghihikayat sa kanilang isakatuparan ang kanilang sariling mga pananagutan sa kasaysayan ng mag-anak.

Pagsusulat ng mga pansarili at pangmag-anak na kasaysayan.

Pag-iingat ng mga pansarili at pangmag-anak na dokumento at ulat.

Pag-iingat ng talaarawan.

Pakikibahagi sa mga programang pangkasaysayan ng Simbahan tulad ng pagsusumite ng mga pangalan ng mag-anak sa Ancestral File at pakikibahagi sa paghahalaw ng talaan ng mag-anak.

- Kung may oras pa kayo, ipakita ang larawan 8-d, "Tsart ng Talaangkanan." Pagkatapos ay tulungan ang mga miyembro ng klase na punan ang kasalukuyang pormularyo para sa kasaysayan ng mag-anak (humingi sa taong sinasanggunian tungkol sa kasaysayan ng mag-anak o sa mga lokal na pinuno ng pagkasaserdote) para sa sarili nilang mag-anak.

**Katapusan**

Kailangang matanggap natin ang mga ordenansa ng ebanghelyo upang makabalik sa ating Ama sa Langit. Upang matanggap ang lahat ng mga pagpapalang kaakibat ng mga ordenansang ito, kailangan nating:

1. Tanggapin ang ating sariling mga ordenansa at tulungan ang malalapit nating kamag-anak na matanggap ang kanila.
2. Magkaroon ng rekomendasyon sa templo na may bisa sa kasalukuyan at dumalo sa templo nang madalas hanggang sa makakaya natin. Kahit hindi tayo nakatira sa lugar kung saan makadadalo tayo sa templo, dapat na mayroon tayong rekomendasyon sa templo.
3. Kilalanin ang ating mga ninunong namatay na hindi nakatanggap ng mga ordenansa at tiyaking naisagawa ang mga ordenansa alang-alang sa kanila.

Habang matapat nating tinutupad ang ating mga pananagutang pagkasaserdote para sa gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak, tutulungan tayo ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng inspirasyon ng Kanyang Espiritu.

**Hamon**

Kung hindi pa ninyo natanggap ang inyong sariling mga ordenansa sa templo, mag-ayos ng pakikipanayam sa inyong obispo o pangulo ng sangay upang alamin kung ano ang magagawa ninyo para makapaghanda.

Ituro sa inyong mag-anak ang tungkol sa kahalagahan ng binyag at mga ordenansa sa templo.

Tumukoy ng kahit isa sa inyong mga ninunong namatay na hindi nakatanggap ng lahat ng nakapagliligtas na ordenansa ng ebanghelyo, at gawin ang mga ordenansa para sa kanya.

Kung wala kayong rekomendasyon sa templo, maghandang magkaroon nito.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Malakias 4:5–6 (pababalingin ang mga puso ng mga ama at anak sa isa't isa)
- I Mga Taga Corinto 15:29 (pagbibinyag para sa mga patay)
- I Ni Pedro 3:18–19; 4:6 (ipinangaral ang ebanghelyo sa mga namatay)
- Moroni 8:5–23 (hindi kinakailangan ang pagbibinyag para sa maliliit na bata)

- Doktrina at mga Tipan 124:26–39 (tahanang itatayo sa Panginoon, kung saan maaaring isasagawa ang gawain para sa mga namatay)
- Doktrina at mga Tipan 128 (mga tagubilin sa tumpak na pag-iingat ng talaan at pagbibinyag para sa mga patay)
- Joseph Smith—Kasaysayan 1:38–39 (misyon ni Elijah)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* kabanata 40, "Gawain sa Templo at Kasaysayan ng Mag-anak."
2. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pag-iingat ng pansarili at pangmag-anak na talaan, tingnan sa *Ang Babaeng Banal sa mga Huling Araw, Bahagi B*, aralin 19, "Mga Pangmag-anak at Pansariling Kasaysayan."
3. Maghanda ng papel at lapis para sa bawat miyembro ng klase.
4. Kumuha ng mga kopya ng kasalukuyang pormularyo ng kasaysayan ng mag-anak ng Simbahan para sa pagtatala ng impormasyong pangtemplo at pangmag-anak para sa bawat miyembro ng klase.
5. Kung ang inyong purok, sangay, istaka, o misyon ay may taong mapagsasanggunian tungkol sa kasaysayan ng mag-anak, tanungin siya tungkol sa mga prosesong ginagamit sa pagsusumite ng mga pangalan para sa gawain sa templo. Kung maaari, makipag-ayos sa taong ito na magturo sa isang bahagi ng klase. Kung walang taong mapagsasanggunian tungkol sa kasaysayan ng mag-anak, maaari rin ninyong alamin kung ano ang mga prosesong ito mula sa lokal na Sentro ng Kasaysayan ng Mag-anak, sa inyong mga pinuno ng pagkasaserdote, kasalukuyang lathalain ng Kasaysayan ng Mag-anak, o pinakamalapit na templo sa inyo.
6. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGBABAHAGI NG EBANGHELYO

*Aralin 9*

Ang layunin ng araling ito ay himukin tayong mas mabisang ibahagi ang ebanghelyo.

**Pambungad**

Sa sumusunod na kuwento, isang nagbalik-loob ang nagsalaysay kung paanong naipakilala siya at ang kanyang mag-anak sa Simbahan:

"Hindi pa nagtatagal makaraang kami ay lumipat sa bagong pamayanan, ako ay nasa labas at gumagawa sa aking halamanan nang isa sa aking mga kapitbahay ay nag-alok sa akin ng malaking pangko ng mga kamatis na kapipitas lamang niya. Iyan ang simula ng walang hanggang pagkakaibigan.

"Sa mga sumunod na buwan, [ang aming mga kapitbahay] ay napatunayang pinakamatatalik na kaibigan. . .na aming nakilala. Hindi sila takot na maging lubhang palakaibigan at itinuring ang aming mag-anak na parang mag-anak din nila. Nagustuhan namin ang mainit na lutong-bahay na tinapay na ipinahahatid sa amin halos bawat linggo; ang hapunang dinala isang gabi noong ako ay may malubhang sakit at hindi nakapagluto ng para sa amin; ang magandang palabas noong isang gabing panahon ng tag-init sa Independence, na may dalang sorbetes sa pag-uwi. . . .

"Palagi kaming inaanyayahan sa mga gawain sa Simbahan ngunit hindi kami pinipilit na pumunta. Noong kami ay nagpasiyang pumunta, ang magigiliw na maaasahang anak na babae ng aming kapitbahay ay pumunta sa amin upang mag-alaga ng bata—at minsan ay ayaw pang tumanggap ng bayad.

"Matapos ang mahirap na trabaho sa bahay, inaanyayahan ako ng aking kaibigan na samahan siya sa Samahang Damayan. Ako ay talagang sabik na makalabas ng bahay sa puntong iyon. Subalit sa pagpunta ko, ang natatagpuan ko ay higit kaysa sa pamamahinga lamang sa trabaho sa bahay. Sa magiliw na pagbati ng mga kapatid na babae ay nagawa kong maging palagian ang pagdalo ko nang halos isang taon bago kami nabinyagan. . . .

"Ngunit makaraan ang panahon, alam namin sa aming puso na nais namin ng higit na kumpletong buhay na katulad ng kanila. Kami ngayon ay naanyayahang magsimba tuwing Linggo at nagsimulang dumalo sa klase ng mga nagsisiyasat bawat Linggo.

"Noong Marso 1976 kami ay bininyagan.

"Hindi nagtagal matapos iyon ay nakarinig kami ng natatanging talumpati sa pulong-sakramento tungkol sa isang taong nag-aatubili na magbahagi ng ebanghelyo sa takot na magmukha siyang mapilit—at ang mag-anak ay kailangang maghintay ng sampung taon bago dumating uli ang pagkakataon. Sampung taon, naisip ko. . . Nasaan kaya tayo sa loob ng sampung taon kung wala sa amin ngayon ang Simbahan? Nagalak ang puso ko at hindi na ako makapaghintay na hanapin ang aming kapitbahay matapos ang pulong.

" 'Salamat sa pagbabahagi ng ebanghelyo sa amin' ang tangi kong nasabi. Marami akong nais sabihin, ngunit hindi na kinakailangan. Lumuha rin sila habang kaming lahat ay nagpapalitan ng mga mapagmahal na pananalita at yakapan, kagaya ng aking pagkakaalam na laging magiging ganito, sa habang panahon at hanggang sa kawalang-hanggan" (Doris E. Heydon, binanggit ni Jay A. Parry, "Converts Tell. . .What Brought Me In," *Ensign,* Peb. 1978, 43)

- Anong ginawa ng mag-anak na ito upang maihanda ang kanyang mga kapitbahay na tumanggap ng ebanghelio?

- Ipaisip na mabuti sa mga miyembro ng klase kung kanino nila maibabahagi ang ebanghelyo ngayon. Ano ang ginawa ng mag-anak na ito upang ihanda ang kanilang kapitbahay sa pagtanggap ng ebanghelyo?

**Pagbabahagi ng Ebanghelyo—Ang Ating Tawag mula sa Panginoon**

- Ipakita ang larawan 9-a, "Dapat maging misyonero ang bawat miyembro."

Sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta inutos ng Panginoon sa bawat miyembro ng Simbahan na makibahagi sa gawaing misyonero. Maaaring isipin ng ilan sa atin na ang gawaing misyonero ay para lamang sa mga *full time* na misyonero. Ngunit lahat tayong nabinyagan ay may pananagutang mag-anyaya sa iba na tanggapin ang mga pagpapala ng ebanghelyo. Sinabi ng Panginoon:

"At muli, sinasabi ko sa inyo, binibigyan ko kayo ng isang kautusan, na bawat lalaki, kapwa mga elder, saserdote, guro, at gayon din ang kasapi, na humayo nang buo niyang lakas, lakip ang gawain sa kanyang mga kamay, upang ihanda at tuparin ang mga bagay na aking ipinag-utos.



*9-a Dapat maging misyonero ang bawat miyembro.*

"At ang inyong pangangaral ang magiging tinig ng babala, bawat tao sa kanyang kapwa, sa kahinahunan at kaamuan" (D at T 38:40–41).

- Bakit nais ng ating Ama sa Langit na ibahagi natin ang ebanghelyo? (Siya ay umaasa sa atin na ibahagi ang ebanghelyo sa mga hindi pa nakaririnig nito upang lahat ng kanyang anak ay magtamasa ng mga pagpapala nito.)
- Anong mga pagpapala ng ebanghelyo ang ating tinatamasa at nais nating matamo rin ng iba? (Ang isang pagpapala ay ang kaalaman na mga anak tayo ng mapagmahal na Ama sa Langit na kung kanino maaari tayong manalangin upang humingi ng tulong at patnubay. Ang ebanghelyo ay tumutulong sa ating maging masaya sa buhay na ito at mamuhay nang karapat-dapat upang makasama natin ang ating Ama sa Langit sa susunod na buhay. Nagbibigay rin ang ebanghelyo sa atin ng pagkakataon upang ang ating mag-anak ay maging walang hanggan.)

Ang ilan sa ating mga kaibigan at kamag-anak ay maaaring hindi kailanman makatanggap ng mga pagpapala ng ebanghelyo kung hindi tayo magmamalasakit at magiging mabibisang misyonero. Maaaring hindi sila magsabi na turuan sila ng ebanghelyo kung hindi natin sila kakausapin tungkol dito. Totoong ang pagiging mabuting halimbawa ng ating paniniwala ay bahagi ng pagiging misyonero, ngunit dapat din tayong maghanap ng paraan na masabi sa mga tao ang ating mga paniniwala. Sinabi ng Panginoon: "Sapagkat marami pa sa mundo sa lahat ng pangkat, grupo, at sekta, na binubulag ng pandaraya ng mga tao, kung saan sila ay naghihintay upang malinlang, at na napagkakaitan lamang ng katotohanan sapagkat hindi nila alam kung saan ito matatagpuan" (D at T 123:12).

**Mabisang Pagbabahagi ng Ebanghelyo**

Nagbigay si Pangulong Spencer W. Kimball sa atin ng ilang payo upang matulungan tayong mabisang ibahagi ang ebanghelyo: "Ama, ikaw ang dapat manguna. Kapag sama-samang nagtatrabaho bilang mga mag-anak, higit na maraming trabaho ang matatapos. Kasama ang iyong mag-anak, manalangin at mamili ng isa o dalawang mag-anak na kakaibiganin. Magpasya kung sino sa iyong mga kamag-anak o mga kaibigan ang ipakikilala sa Simbahan. Maaaring magplano ng gabing pantahanan ng mag-anak na kasama sila. . .o magkakasamang makibahagi sa iba pang gawain. Pagkatapos, kapag ang mga mag-anak na ito ay nagpakita ng interes, makipag-ayos sa iyong pinuno ng misyon sa purok o sangay na imbitahan sila at ang mga misyonero sa inyong tahanan upang ibahagi ang mensahe ng Pagpapanumbalik. Kung susundin ninyo ang simpleng pamamaraang ito, makapagdadala



*9-b Ang pagiging mabuting misyonero ay nangangahulugan ng pagiging mabuting kaibigan.*

tayo ng ilang magagaling na mag-anak sa Simbahan" (*Sharing the Gospel through Priesthood Missionary Service* [*filmstrip*, 1975]).

Karamihan sa atin ay gustong magbahagi ng ebanghelyo sa iba dahil sa ating pagmamahal at malasakit sa kanila. Ngunit hindi alam ng ilan sa atin kung paano magbahagi ng ebanghelyo at takot ang iba na gawin ito. Ang sumusunod na plano ay makatutulong sa atin na mas mabisang maibahagi ang ebanghelyo.

- Ipakita ang poster na may sumusunod na tala, o tukuyin ang impormasyon sa pisara:

**Paano Mabisang Maibabahagi ang Ebanghelyo**

1. May panalanging pumili ng isang mag-anak o indibidwal.
2. Kaibiganin ang mag-anak o indibidwal.
3. Ipakilala ang mag-anak o indibidwal sa Simbahan.
4. Anyayahan ang mag-anak o indibidwal na makipagkita sa mga misyonero.

***May Panalanging Pumili ng Isang Mag-anak o Indibidwal***

Una, may panalanging pumili ng isang mag-anak o indibidwal na ipakikilala sa Simbahan. Ang mga tao sa mga sumusunod na kalagayan ay kadalasang pinakamadaling tumanggap:

1. Mga taong nakaranas ng mahalagang pagbabago sa kanilang buhay (yaong mga bagong kapitbahay, bagong panganak, bagong kasal, o may kamamatay pa lamang sa mag-anak).
2. Mga taong kadadalo lamang ng aktibidad o pulong sa Simbahan, bumisita sa pagbubukas sa publiko ng templo, sa visitors' center, sa makasaysayang lugar ng Simbahan, o iba pang pasilidad ng Simbahan; nakapanood ng programa sa telebisyon ng mga Banal sa Huling-Araw; o nakarinig sa Tabernacle Choir.
3. Mga taong kaibigan ng mga miyembro ng Simbahan.
4. Mga taong may kaugnayan sa mga miyembro ng Simbahan (mga miyembrong ang hindi lahat ng mag-anak ay miyembro ng Simbahan o mga kamag-anak ng kamimiyembro pa lamang sa Simbahan).
5. Mga taong may interes tungkol sa Simbahan (Yaong mga nagtatanong tungkol sa Simbahan, may magagandang sinasabi tungkol sa mga miyembro ng Simbahan, nagpapahayag ng interes



*9-c Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay isang nakalulugod na karanasan.*

sa mga paniniwala o alituntunin ng Simbahan, o naghahanap ng bagong relihiyon.)

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Ang ebanghelyo ay hindi dapat ikahiya. Dapat ipagmalaki ito. 'Huwag mo ngang ikahiya ang pagpapatotoo sa ating Panginoon,' ang isinulat ni Pablo kay Timoteo (2 Tim. 1:8). Laganap ang mga pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo" (Find the Lambs, Feed the Sheep," *Ensign*, Mayo 1999, 105–6).

***Kaibiganin ang Mag-anak o Indibidwal***

- Ipakita ang larawan 9-b, "Ang pagiging mabuting misyonero ay nangangahulugang pagiging mabuting kaibigan."

Ang namumuno sambahayan ay dapat maging halimbawa sa kanyang mag-anak sa pakikipagkaibigan sa mga hindi miyembro.

- Paano tayo makikipagkaibigan sa mag-anak o indibidwal na hindi miyembro? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagiging masayahin, pagiging mabuting tagapakinig, pagtanda sa kanilang mga pangalan, paggawa ng mabuti sa kanila, pagtalakay ng kanilang mga interes na kasama sila, pagdalaw sa kanilang tahanan, pag-anyaya sa kanila sa ating tahanan, paglabas na kasama sila upang maglibang, at paggawa ng iba pang bagay na nagpapakita nag pagmamahal natin sa kanila.)

Sa sumusunod na salaysay, ipinaliwanag ng isang tao kung paano humantong sa pagiging interesado niya sa Simbahan ang pagkakaibigan:

"Dahil sa trabaho [ako at ang kasama ko sa trabaho] ay nagkakilala nang mabuti. Iginagalang ko siya. Habang nagiging matalik ang aming pagkakaibigan, pinag-uusapan namin ang tungkol sa aming mag-anak at ang aming mga ginagawa, na humantong sa Simbahan. Masasabi kong ang Simbahan ang dahilan kung bakit naiiba siya at ang kanyang mag-anak—sa napakapositibong paraan—sa karamihan sa mga tao. Hindi nagtagal pinag-uusapan na namin ang ilan sa mga doktrina ng Simbahan, pero hindi ako kailanman pinilit o pinangaralan. . . .Isang araw tinanong niya kung gusto ko pang may maraming malaman. . . .[Tinanggap naming mag-anak ang mga araling pangmisyonero]sa kanyang tahanan.

"Kung hindi dahil sa totoong malasakit at interes na ipinakita sa amin ng mag-anak na Brooks, sa palagay ko hindi kami magiging miyembro ng totoong simbahan at magkakaroon ng liwanag at kaalaman tungkol sa aming Ama sa Langit at sa kanyang mga plano para sa amin" (Keith Knoblich, binanggit ni Jay A. Parry, *Ensign,* Peb. 1978, 39).

Isa pang nagbalik-loob ang nagsabi, "Dapat muna tayong makipagkaibigan bago magpabalik-loob."

**Ipakilala ang Mag-anak o Indibidwal sa Simbahan**

- Ipakita ang larawan 9-c, "Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay isang nakalulugod na karanasan."

- Paano natin maipakilala ang mga tao sa Simbahan?

Ang ilang paraan upang maipakilala natin ang mga tao sa Simbahan ay ang kausapin sila tungkol sa ebanghelyo; bigyan sila ng Aklat ni Mormon o magasin ng Simbahan; magpatotoo; dalhin sila sa mga pulong, gawain, *fireside*, at pagbubukas ng Simbahan sa publiko; anyayahan sila sa mga gabing pantahanan ng mag-anak at kasayahang pagkapitbahayan; anyayahan sila na makibahagi sa mga proyektong pangserbisyo ng Simbahan; at anyayahan silang bumiseta sa Sentro ng Kasaysayan ng Mag-anak. Maaari rin nating anyayahan ang mga tao sa mga pulong ng pagbibinyag, manood ng mga *video* ng Simbahan kasama nila, dalawin ang mga taong bago sa pamayanan, at magbigay ng serbisyong pangkomunidad.

Ang isa pang mahalagang paraan upang mapakilala ang iba sa Simbahan ay ang pagpapakita ng mabuting halimbawa. Kung magagawa natin ito, kadalasang nagiging interesado ang mga tao dahil naiiba ang ating pamumuhay.

Higit sa lahat, dapat nating ipakita ang ating pagmamahal at pagmamalasakit sa mga hindi miyembro habang tayo ay nagsisikap na gumawa ng mga pagkakataong maituro ang ebanghelyo. Ang damdaming ipinadarama natin sa kanila ay higit na mahalaga kaysa sa mga ginagamit nating paraan.

**Anyayahan ang Mag-anak o Indibidwal na Makipagkilala sa mga Misyonero**

Kapag nadarama natin na ang isang tao ay nakahanda nang makinig ng mga talakayan ng mga misyonero, dapat "magpaabot nang tuwiran, simple, at malinaw na paanyayang makinig sa talakayan ng misyonero sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang "maaari ba." Kadalasan higit na lalong napagaganda ang pagkakaibigan pagkaraang maipaabot ang paanyaya, kahit na piliin ng taong hindi makipagkilala sa mga misyonero" (*Hanbuk ng mga Tagubilin ng Simbahan, Aklat 2; Mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* [1998], 323).

Kapag nag-aanyaya sa mga tao na makipagkilala sa mga misyonero hindi tayo dapat matakot na hindi nila magugustuhan iyon, ni panghinaan ng loob kung tanggihan man nila iyon. Ang pag-aanyaya sa kanila na matutuhan ang tungkol sa ebanghelyo ay hindi makasasama sa

ating pakikipagkaibigan, at tutulungan tayo ng Espiritu na madama kung panahon na para muling magtanong.

Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Dakila ang ating gawain, napakalaki ng ating pananagutan sa pagtulong sa paghahanap ng mga yaong tuturan. Ang Panginoon ay nagbigay sa atin ng kautusan na ituro ang ebanghelyo sa bawat nilalang. Kakailanganin nito ang pinakamalaking pagsisikap ng bawat [miyembro]" (*Ensign*, Mayo 1999, 107).

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 84:85. Paano maiuugnay ang banal na kasulatang ito sa gawaing misyonero?

Sa lahat ng aspeto ng gawaing misyonero, kailangang magkaroon tayo ng pananampalataya sa Panginoon at hangarin nang may panalangin ang Kanyang Espiritu. Kapag ginawa natin ito, gagabayan tayo at tutulungan tayo ng Espiritu habang ginagawa natin ang gawain ng Panginoon (tingnan sa D at T 100:5–8).

**Katapusan**

Sinabi ng Panginoon, "Nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang-babala na balaan ang kanyang kapwa" (D at T 88:81). Kung gagawin natin ang iniuutos ng Panginoon, na ginagamit ang mga hakbang na ibinanghay sa araling ito, marami tayong taong matutulungan para matagpuan ang katotohanan.

**Hamon**

Maging mabuting kaibigan at halimbawa sa inyong mga kapitbahay at miyembro ng mag-anak na hindi miyembro ng Simbahan. Pumili nang may panalangin ng isang mag-anak o indibidwal na hindi miyembro na maipakikilala sa Simbahan. Kaibiganin ang mag-anak o indibidwal, at ipakilala sila sa Simbahan. Anyayahan silang makipagkilala sa mga misyonero.

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

Magtalaga ng mga miyembro sa klase na maglahad ng anumang kuwento, banal na kasulatan, siping-banggit na nais ninyo.

# PAKIKIPAGKAIBIGAN: PANANAGUTAN NG PAGKASASERDOTE

*Aralin 10*

---

Ang layunin ng araling ito ay hikayatin tayong palakasin ang mga miyembro ng Simbahan sa pamamagitan ng pakikipagkaibigan.

**Pambungad**

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 18:10. Bakit mahalaga ang bawat tao sa ating Ama sa Langit?

Kahit sino pa man tayo, at kung saan man tayo nakatira, anuman ang ating wika, at lahi na kinabibilangan, ang gawain at kaluwalhatian ng Ama sa Langit ay ang maisakatuparan ang ating kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan (tingnan sa Moises 1:39). Upang matulungan Siya sa gawaing ito, ipinanumbalik ng Panginoon ang pagkasaserdote sa mundo at ibinigay sa atin ang pananagutang mahalin natin ang isa't isa katulad ng pagmamahal Niya sa atin. Pananagutan at pribilehiyo nating tulungan ang ating mga kapatid na matanggap ang mga pagpapalang inihanda ng Ama sa Langit para sa yaong matatapat.

Ang gawaing misyonero ay mahalaga, ngunit ang pagtulong sa ating mga kapatid ay hindi humihinto sa pagbibinyag. Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Tunay na walang katuturan ang pagtupad sa gawaing misyonero maliban kung mapananatili natin ang mga nagbalik-loob sa sa Simbahan. Ang dalawa ay hindi dapat magkahiwalay. Mahalaga ang mga nagbalik-loob na ito. Bawat nagbalik-loob ay anak na lalaki o babae ng Diyos. Bawat nagbalik-loob ay mahalaga at mabigat na pananagutan. Tunay na napakahalaga na pangalagaan natin ang mga taong naging bahagi natin" ("Find the Lambs, Feed the Sheep," *Ensign*, May 1999, 108).

- Basahin ang Lucas 22:32. Paano natin mapalalakas ang iba bilang mga maytaglay ng pagkasaserdote?

Tayo ay narito upang tulungan ang isa't isa na umunlad. Kailangang pangalagaan natin ang bawat isa bilang mga anak ng Panginoon. Sinabi ni Pangulong Hinckley, "Naniniwala ako na napakakaunti lamang ang mawawala sa atin sa Simbahan kung higit nating mapangangalagaan sila" (*Ensign*, May 1999, 109).

**Pakikipagkaibigan sa Simbahan**

Ang ibig sabihin ng pakikipagkaibigan ay paghikayat at pagtulong sa isa't isa na matamasa ang buong pagpapala ng ebanghelyo. Ito ay pagpapakita ng paggalang at kabaitan, pagbabahagi ng mga karanasan, pagpapaabot ng paglilingkod at pagmamahal. Tayo ay nakikipagkaibigan sa pamamagitan ng pagiging mabuting kaibigan at kapit-bahay.

Kapag ibinabahagi natin ang ating panahon, mga talino, at pag-aari sa iba, tayo ay nagkakaroon ng diwang pagkakaisa. Ang kapatirang ito ay inilarawan ni Pablo nang sabihin niya na ang mga bagong miyembro ng Simbahan ay hindi na mga dayuhan "kundi. . .mga kababayan na kasama ng mga banal" (Mga Taga Efeso 2:19).

Kahit na dapat tayong maging palakaibigan at palakapitbahay at sinisikap na ipakita ang ating pagmamahal sa lahat ng tao, ang pagbibigay ng tulong at pakikipagkaibigan sa bago at hindi gaanong aktibong kasapi ay pangunahing pananagutan ng pagkasaserdote. Tumutulong ang Simbahan sa atin na gawin ito sa maraming paraan. Ito ay naglalaan ng mga programang katulad ng pagtuturo sa tahanan na naghihikayat sa ating maglingkod sa ating mga kapatid. At naglalaan din ng mga pulong na kung saan tayo nakikihalubilo sa isa't isa. At ito ay nagbibigay ng tagubilin sa wastong pagpapahayag ng ating pagmamahal at pagmamalasakit.

Dapat nating laging bigyang-pansin ang mga mag-anak sa atin na may ama, ina, anak na lalaki o babaing hindi miyembro. Kailangan tayo ng mga mag-anak na ito. Sa pakikipagkaibigan sa kanila at pagbabahagi sa kanila ng ating pang-unawa at pagmamahal, matutulungan natin ang mga mag-anak na ito na may kaanak na hindi miyembro na magkaisa sa ebanghelyo.

- Isulat sa pisara ang listahan ng mga nangangailangan ng ating pakikipagkaibigan.

**Mga Paraan ng Pakikipagkaibigan**

Kung paano tayo makikipagkaibigan sa isang tao ay naaayon sa kanyang kalagayan at kaugnayan natin sa kanya. Isang mag-anak ang nagpaliwanag kung paano sila nakipagkaibigan sa isang dayuhan sa Simbahan: "Ang dayuhan sa tabi namin ay balisa. Nakatingin siya sa malayo at pigil ang kanyang paghinga. Hindi man lamang siya ngumingiti sa aming dalawang maliit na anak na laging nakikipagkaibigan para sa amin. Pagkatapos ng simba inimbitahan ng aking asawa ang tahimik na lalaki na sumama sa aming kumain ng minatamis. Isang ngiti ang nagbigay-buhay sa kanyang mukha. 'Kabibinyag ko lamang noong nakaraang linggo at lumipat ako sa inyong purok,' paliwanag niya. Matapos iyon, napadalas na ang

**MGA GAWAING PAKIKIPAGKAIBIGAN**

**Mga Gawain sa Inyong Tahanan**

Magsalu-salo sa hapunan.

Magkaroon ng gawaing panlibangan.

Manood ng mabuting programa sa telebisyon.

Magpakita ng mga larawan ng mag-anak.

Magpiknik.

Magkaroon ng impormal na pagtitipon.

Magtulungan sa isang proyekto.

**Mga Gawain sa Kanilang Tahanan**

Dalhan sila ng niluto mong pagkain.

Sama-samang magplano ng isang salu-salo.

Tulungan sila sa paglilipat, paghahalaman, o pagkukumpuni.

Dalawin sila.

Alagaan ang kanilang mga anak.

**Mga Gawain sa Pamayanan**

Manood ng ispesyal na palabas o palatuntunan.

Sunduin sila patungo sa pagdiriwang sa paaralan (pagkatapos ay magmiryenda sa inyong tahanan).

Pumunta sa piknik.

Dumalo sa parehong gawain ng mga bata (tulad ng larong ginagamitan ng bola.)

*10-a, Mga gawaing pakikipagkaibigan*

pagdalaw niya sa bahay at tuwang-tuwa tungkol sa [lumalaking kaalaman sa ebanghelyo], sabik na talakayin ang mga banal na kasulatan at nanabik sa kanyang mga pansariling gawain. Ang sa amin ay malaking kaligayahang masdan ang pagsulong ng aming kapatid. Hindi na siya isang dayuhan" (Susan Spencer Zmolek, "The Strangers within Our Gates," *Ensign,* Marso 1976, 49).

Ang pagtuturo sa tahanan ay nagbibigay din ng mga pagkakataon para sa pakikipagkaibigan. Isang babae ang nagkuwento sa amin kung paanong siya at ng kanyang anak ay isinama ng kanyang mga tagapagturo ng tahanan sa kanilang mga gawain: "Gusto ko ng panibagong simula matapos ang napakasakit na diborsiyo, kaya dinala ko ang aking anak na lalaki at lumipat sa timog upang magtapos sa kolehiyo. Sa pag-aakalang ang klima ay magiging mainit, iniwan namin ang aming mga pangginaw at kumot sa imbakan. Talagang gininaw kami nang taglamig na iyon sa aming maliit na bahay, ngunit lubha kaming natatakot na sindihan ang lugar na painitan o manghiram ng mga kumot. Wala akong kakilala. Ang pakiramdam ko ay hindi ako nababagay sa mga tao sa Simbahan, sapagkat ako'y nakipag-diborsiyo at ayokong isipin ninuman na ako'y isang [pabigat]. Tuwang-tuwa ako nang dumating ang aking mga tagapagturo ng tahanan! Talagang gusto nilang madama naming kami'y malugod na tinatanggap at lagi silang pumaparito nang madalas, kahit kami'y walang telepono at madalas wala sa bahay. Lagi nila kaming isinasama sa gawain ng kanilang mag-anak. Magmula noon hindi na ako nahiyang humiram ng mga kumot sa kanila" (ayon sa pagbanggit ni Susan Spencer Zmolek, *Ensign,* Mar. 1976, 47–48).

- Isulat sa pisara ang iba't ibang paraan ng pakikipagkaibigang ipinakita sa mga karanasang nabanggit sa itaas.

Kapag tayo ay nakadarama ng dalisay na pakikipagkaibigan sa iba, ang ating gawain sa pakikipagkaibigan ay hindi lamang sa pulong tuwing Linggo kundi sa ibang oras at gawain din sa buong linggo. Kasama sa mga gawaing ito ang pag-anyaya sa kanila sa ating mga tahanan, sa mga gawaing panlipunan, at pamayanan at sa mga kaganapan sa Simbahan. Ang pakikipagkaibigan ay tanda ng tunay na Banal na tinutukoy ni Jesus noong sinabi niyang, "Ako'y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy" (Mateo 25:34–36).

Ang sumusunod na kuwento ay nagpapakita kung paano nagpamalas ang dalawang kapatid ng dalisay na pakikipagkaibigan:

Isang binata ang nalulumbay at nalulungkot. Ang kanyang pagdalo sa Simbahan ay di-palagian at nahihirapan siyang mapagtiwalaan sa mga

takdang gawain sa Simbahan. Dalawang lalaki, na parehong balo, ang nag-imbita sa binata na sumali sa kanilang mga gabing pantahanan ng mag-anak.

Hindi nagtagal, ang Lunes ng gabi ay naging pinakamahalagang panahon sa kanyang linggo. Doon, nakisali siya sa maraming talakayan ng ebanghelyo at nagkaroon ng hangaring magsimulang magdasal nang taimtim. Hindi gaanong nagtagal ang kanyang mahinang patotoo ay naging nagliliyab na patototo ng katotohanan.

Tinanggap siya ng dalawang kapatid at ipinaabot ang kanilang pakikipagkaibigan sa pinakamabuting paraan na kanilang nalalaman. Umuupo sila sa tabi niya sa mga pulong ng simbahan at iniimbita siya sa kanilang mga tahanan upang maghapunan, at tinutulungan siyang ayusin ang kanyang tahanan.

Hindi nagtagal siya ay tumulong na rin sa iba, at naging responsable na rin siya sa kanyang takdang gawain sa Simbahan. Isang araw habang nakikipagtalakayan siya sa isang kakilala ng tungkol sa kanyang kaligayahan sa buhay, ang isa ay nagtanong. "Ano sa tingin mo ang dahilan kung bakit ito nangyari?"

"Ang kabutihan ng dalawang kaibigan ang pinakamahalagang dahilan," sagot niya. "Nagtiwala at nakadama ako ng katiwasayan sa kanilang pagmamahal, at ang pagmamahal na iyon ay nakatulong sa aking gawin ang mga bagay na hindi ko inaakalang mangyayari." (Halaw sa *Relief Society Courses of Study, 1977–78,* 130).

- Idagdag sa talaan sa pisara ang mga paraang ginamit ng dalawang kapatid na ito sa pakikipagkaibigan sa nangungulilang miyembro.

Isinalaysay ng isang kapatid ang sumusunod na kuwento tungkol sa pakikipagkaibigan:

"Si Susan Munson ay isang aktibong miyembro ng Simbahan na matiyagang naghihintay sa asawa niyang hindi miyembro na magkainteres sa Simbahan. Palagi nitong sinasabi, 'Mainam iyan sa iyo at sa mga bata, pero hindi ako interesado.'

"Iyon ay may katotohanan. Ngunit si Jack ay mahiyain rin. . . .Sa huli ay nagtanong si Susan kay Brother Caldwell, ang pinuno ng misyon sa purok, kung wala nang magagawa. Nangako siyang tatalakayin ang bagay na ito sa kanyang lingguhang pulong sa mga misyonero.

"Ang pangkat. . .ay nagpasiya na isang 'salu-salo' ang pinakamagandang paraan upang magsimula. Hinilingan nila ang tatlong mag-anak na miyembro sa pook na iyon na magplano ng pagdiriwang sa likod-bahay para sa mga Munson at mga Noble, na nagsisiyasat na mag-anak. . . . Lahat silang tatlo ay sumali sa pakikipagkaibigan.

"Si Jack na nag-aatubiling sumama, ay nagulat at nagalak sa pangkaraniwan at likas na pagkapalakaibigan ng pangkat. Bago matapos ang gabi masigla niyang itinaguyod ang ideya na magkaroon uli ng pangalawang pagsasalu-salo, isang piknik pagkaraan ng dalawang linggo. Walang nabanggit tungkol sa pagpunta sa simbahan, pero si Allen Westover na, sa panahon ng salu-salo, ay tumalakay sa proyekto ni Jack na pinturahan ang kanyang bahay ay dumating nang Sabado sa bahay ni Jack na dala ang kanyang sariling hagdanan—at bumabalik tuwing gabi matapos ang trabaho. Sina Steve Caldwell at Glen Rivers ay tumulong din ng ilang ulit.

"Sa dakong katapusan ng buwang iyon nang nagkaroon ng proyekto ang korum ng mga elder, sabik na tumulong si Jack sa *kanila*. . . . Habang ang tag-araw ay nagdaraan si Jack ay lalong naglalaan ng oras na makasama ang mga miyembro ng Simbahan. May mga usapan tungkol sa pangingisda at pulitika, at pagpapalaki ng mga anak, tungkol sa paghahalaman, pagsasa-ayos ng mga suliranin ng mag-asawa, at pagdadala ng mga kagipitan sa trabaho. Si Jack ay nagsasalita at nakikinig din. Ang mga gabi ng pakikihalubilo sa iba't ibang mag-anak ay kinabibilangan ng mga gabing pantahanan ng mag-anak at espirituwal na talakayan. Labis na ikinatuwa ni Susan nang isang gabi ay sinabi ni Jack na handa na siya sa susunod na hakbang, ang maturuan ng mga misyonero at. . .ang pagsapi sa Simbahan."

Idinagdag niya: "Ang mga gawain sa 'pakikipagkaibigan' kapag walang damdaming pangkaibigan ay walang saysay. Ang damdamin ay dapat mauna." Hinihikayat niya tayong maging mabuting tagapakinig, alamin ang gusto at ayaw ng tao, ang mga gawain ng mag-anak, at ang kanyang hanapbuhay. Binigyang-diin niya na dapat malaman ng mga kinakaibigan natin na nagmamalasakit tayo sa kanila. ("That Part-member Family," ni Ernest Eberhard, *Ensign*, Hulyo 1978, 38–39).

- Anu-anong pamamaraan ng pakikipagkaibigan ang ginamit sa kuwento na maaari nating idagdag sa nakatala sa pisara?
- Ipakita ang larawan 10-a, "Mga Gawain sa Pakikipagkaibigan." Banggitin ang mga gawaing nakalista sa larawan na hindi pa natatalakay. Hilingan ang mga miyembro ng klase na magmungkahi pa ng ilang gawaing pakikipagkaibigan.

**Katapusan**

Ang pakikipagkaibigan ay mahalagang pananagutan ng pagkasaserdote. Nakatutulong ito sa mga bagong nagbabalik-loob at sa ibang miyembro ng Simbahan na madamang tinatanggap at

kailangan sila, at naghihikayat sa kanilang makibahagi sa Simbahan. Sa pagtanggap natin ng pananagutang tumulong sa iba na maging aktibo sa Simbahan, tayo ay makararanas ng ligaya at kasiyahan. Nangako ang Panginoon na ang kagalakang ito ay magiging walang hanggan.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 18:15–16. Paano makapagdudulot sa atin ng kagalakan ang pakikipagkaibigan?
- Hilingin sa itinalagang miyembro na ibahagi ang kanyang patotoo kung paano nakatulong sa kanya ang pakikipagkaibigan.

**Hamon**

Kilalanin ang isang bagong nagbalik-loob at makipagkaibigan sa kanya. Pagbutihin ang pakikipagkaibigan sa mga mag-anak na nakatakda mong turuan sa tahanan. Pumili ng mag-anak na di-gaanong aktibo at makipagkaibigan sa mga miyembro upang bumalik sila sa pagiging aktibo sa Simbahan. Maging palakaibigan sa lahat ng miyembro ng Simbahan, lalo na sa mga hindi ninyo gaanong kakilala. Kung mayroong mag-anak sa inyong pook na may mga kaanak na hindi miyembro, isama sa gawain sa Simbahan ang mga hindi miyembro.

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Hilingin sa isang miyembro ng klase na magbigay ng patotoo kung paano nakatulong ang pakikipagkaibigan sa kanya. Maaaring siya ay bagong nagbalik-loob, isang miyembrong napabalik sa Simbahan o nakatulong sa pagbabalik ng iba sa pagiging aktibo.
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na maglahad ng mga kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# MGA UGNAYANG PANTAHANAN AT PANGMAG-ANAK



# ANG AMA BILANG PATRIYARKA

*Aralin 11*

---

Ang layunin ng araling ito ay patatagin ang ating pang-unawa sa tungkulin ng ama bilang patriyarka sa tahanan.

**Pambungad**

- Ipakita ang larawan 11-a, "Inaasahan ng Panginoon na pamumunuan ng mga ama ang kanilang mag-anak."

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Isinaayos ng Panginoon ang [Kanyang mga anak], sa simula pa lamang, na may ama na lumilikha, nagkakaloob, nagmamahal at pumapatnubay at may ina na nagdadalang-tao, nagsisilang at nag-aalaga, nagpapakain, nagtuturo, [at mga anak] na natututong magmahal, gumalang, at magpahalaga sa isa't isa. Ang mag-anak ang dakilang plano ng buhay ayon sa pagkakalalang at pagkakaayos ng ating Ama sa Langit" (sa Conference Report, Abr. 1973, 151; o *Ensign*, Hulyo 1973, 15).

- Ano ang binanggit ni Pangulong Kimball na tungkulin ng ama?

"Ang titulong *ama* ay sagrado at walang hanggan. Kapansin-pansin na sa lahat ng titulo ng paggalang at pagdakila at paghanga na ibinigay sa Diyos, inatasan niya tayo na tawagin Siyang Ama" (*Father, Consider Your Ways* [polyeto,1973], 2).

- Awitin o basahin ang mga taludtod ng himnong "Aking Ama" (*Mga Himno,* bilang 182, o *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, 370–71).

Sa panahon ng misyon ng Tagapagligtas dito sa lupa, madalas Niyang banggitin ang Kanyang Ama nang buong kabanalan. Ipinakikita sa mga banal na kasulatan na kilala Niya ang Kanyang Ama, dahil nakipag-usap Siya sa Kanya at sinunod Niya ang Kanyang kalooban (tingnan sa Marcos 14:36). Dapat tayong sumunod, at turuan ang ating mga anak na sumunod, sa halimbawa ng paggalang at pagmamahal ng Tagapagligtas sa Kanyang Ama.

- Paano natin maipakikita ang ating paggalang sa ating Ama sa Langit? sa ating ama dito sa lupa?

Ang isang ama na maytaglay ng pagkasaserdote ay kailangang mamuhay nang karapat-dapat upang matawag sa banal na titulong *ama* ng kanyang mga anak. Kung siya nga ay ganoon, siya ay nakahanda para sa walang hanggang pagka-ama. Bawat isa sa atin ay may kapangyarihang makaranas ng kagalakan kasama ng ating mag-anak sa kawalang-hanggan.

**Ang Ama ang Patriyarka ng Kanyang Mag-anak**

- Basahin ang Mga Taga Efeso 5:23.

Itinalaga ng ating Ama sa Langit na ang asawang lalaki o ama ang mangulo sa kanyang sambahayan—siya ang patriyarka ng mag-anak. Tayo ay sadyang pinagpala bilang mga miyembro ng Simbahan dahil taglay natin ang pagkasasaserdote na tumutulong sa atin na maging mabubuting patriyarka.

Bawat mag-anak sa Simbahan ay isang kaharian o pamahalaan na rin. Ang ama ang ulo ng pamahalaang iyon, siya ang pinakamataas na may kapangyarihan sa kanyang tahanan at namumuno sa lahat ng ginagawa ng mag-anak. (Tingnan sa Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon [1939], 286–88.) Si Pangulong Joseph F. Smith ay sumulat tungkol sa bagay na ito: "Kung minsan, nangyayari na tinatawag ang mga elder upang mangasiwa sa mga miyembro ng mag-anak. Sa mga elder na ito ay maaaring may mga pangulo ng mga istaka, mga apostol, o pati na mga miyembro sa unang panguluhan ng Simbahan. Hindi naaangkop sa ganitong pagkakataon na tumabi ang ama at asahan ang mga elder na pangasiwaan ang pagsasagawa ng mahalagang ordenansang ito. Naroroon ang ama. Karapatan at tungkulin niya ang mangulo. Siya ang dapat pumili kung sino ang maglalapat ng langis, at kung sino ang mananalangin, at siya ang dapat. . .mamahala sa pangangasiwa ng pagpapalang iyon ng ebanghelyo sa kanyang tahanan" (*Gospel Doctrine*, 287).

Nais ng Panginoon na pagpalain ng ama ang kanyang mag-anak, hindi basta lamang pamunuan sila. Upang maisagawa ito, kailangang gamitin niya nang wasto ang kanyang pagkasaserdote sa pagbabasbas sa bawat kasapi ng kanyang mag-anak. Si Eldred G. Smith, ang Patriyarka sa Simbahan, ay nagsalaysay tungkol sa isang babae na pumunta sa kanya at humingi ng tanging pagbabasbas ng pagkasaserdote. Ang sabi niya:

"Nang tanungin ko siya kung bakit gusto niya ng natatanging basbas, tumanggi siyang sabihin ito sa akin. Napag-alaman ko sa kanya na ang kanyang asawa ay miyembro ng Simbahan at taglay ang Pagkasaserdoteng Melquisedec, kaya ginugol ko ang sapat na panahon sa pagsisikap na ituro sa kanya ang mga alituntunin ng kaayusan ng pagkasaserdote, na ang ama ng tahanan ang siyang

dapat magbasbas sa mga miyembro ng kanyang mag-anak. [Pinagsabihan ko siyang] umuwi at hingin ang kanyang pagpapala mula sa kanyang asawa, sa halip na mula sa akin.

"Kamakailan lamang, bumalik siya sa aking tanggapan, sinariwa sa alaala ko ang karanasang ito, at sinabing umalis siya sa aking tanggapan na labis na naghihinanakit. . . .

"Sinabi niya na ang sanhi ng kanyang pagtutol na sabihin sa akin kung bakit gusto niya ang pagbabasbas, ay sa kadahilanang wala na ang mabuting pagtitinginang namamagitan sa kanilang mag-asawa, pagkatapos ay pinauwi ko siya upang humingi ng pagbabasbas sa kanyang asawa. Kaya siya ay may kaunting hinanakit.

"At sinabi pa niya, 'Iyon ang isa sa pinakamabubuting bagay na naganap.' Sinabi niya na umuwi siya, nanalangin, pinag-isipan ito, at sa wakas, nakaipon siya ng sapat na lakas ng loob na hilingan ang kanyang asawa ng pagbabasbas. Talaga ngang ito'y nakabigla sa kanya, subalit siya ay nagtiyaga; hinayaan niyang pag-isipan nito iyon, pagnilay-nilayin ito, at manalangin; at sa wakas binasbasan siya ng kanyang asawa. Sinabi pa niya, 'Hindi pa nagkaroon ng ganoon kabuting pagtitinginan sa aming tahanan sa buong buhay namin gaya ng napasaamin, matapos na ibigay niya sa akin ang pagbabasbas na iyon' " (sa Conference Report, Abr. 1965, 115; o *Improvement Era,* Hunyo 1965, 534).

Ang tahanan ang lugar para sa pag-unlad ng mag-anak—kapwa magkakasama at isa-isa. Upang pasiglahin ang kaunlarang ito, kailangang palaging mangulo ang ama sa kanyang tahanan nang may pagmamahal, karunungan, kahinahunan, pang-unawa, at tiyaga. Bilang patriyarka ng tahanan, ang ama ang dapat maging gabay na huwaran. Ang matatapat at masusunuring ama na pinamumunuan ang kanilang mag-anak sa wastong pamumuhay sa mundo ay makatutulong sa kanilang mag-anak na maging karapat-dapat na mabuhay na magkakasama sa mga kawalang-hanggan.

Bilang mga patriyarka ng ating mag-anak, dapat nating pakitunguhan ang ating asawa at mga anak nang may lubusang paggalang.

- Basahin ang Mga Taga Efeso 5:25–28. Paano natin pakikitunguhan ang ating asawa?

- Basahin ang Mga Taga Efeso 6:4. Paano dapat palakihin ng mga ama ang kanilang mga anak?

Sinabi ni Pangulong N. Eldon Tanner, "Kapag naunawaan ng isang lalake na siya ang ama sa mundo ng isang espiritung anak ng Diyos, hindi siya iiwas kundi magsusumigasig siya sa kanyang tungkulin na alagaan ang batang iyon nang may buong magiliw na pagmamahal at



*11-a, Inaasahan ng Panginoon na pamumunuan ng mga ama ang kanilang mag-anak.*

pangangalaga na maaaring niyang maibigay,"("Fatherhood," *Ensign*, June 1977, 2).

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 121:41–45. Paano tayo matutulungan ng mga salitang ito na maging mabuting patriyarka sa ating mag-anak?

Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng maraming salaysay tungkol sa mga ama na mabubuting patriyarka. Tinipon ng Nakababatang Alma ang kanyang mga anak na lalaki at kanyang pinayuhan at binasbasan ang bawat isa (tingnan sa Alma 35:16). Tinuruan ni Haring Benjamin ang kanyang mga anak na lalaki na unawain ang mga banal na kasulatan (tingnan sa Mosias 1:2). Bago namatay sina Adan at Lehi kapwa nila binasbasan ang bawat isa sa kanilang mga anak (tingnan sa D at T 107:53; 2 Nephi 3:1–25; 4:1–11). Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, tinupad ng mga propetang ito ang kanilang mga tungkulin bilang patriyarka sa kanilang mag-anak. Sa pamamagitan ng ating pagkasaserdote, tayo man ay magiging mabuting patriyarka sa ating mag-anak.

**Pagtugon sa mga Pangunahing Pangangailangan ng Mag-anak**

Bilang patriyarka ng kanyang mag-anak, tungkulin ng isang ama na tulungan ang mga miyembro ng mag-anak na matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Una, ang bawat isa ay may pisikal na pangangailangan, gaya ng pagkain, bahay, at kasuotan.

- Anu-ano pa ang ibang pangunahing pangangailangan ng ating mag-anak? (Itala sa pisara ang mga sumusunod na ideya habang ang mga ito ay binabanggit.)

***Ang Kailanganin at Mahalin***

Mapupunan natin ang pangangailangan ng mga miyembro ng ating mag-anak ng pagmamahal at pagtanggap sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagmamahal at pagsasabi sa kanilang minamahal natin sila. Nagbigay si Elder Loren C. Dunn sa atin ng halimbawa ng pangangailangang ito:

"Naalaala ko ang isang dula na kamakailan lamang ay isinapelikula. Tungkol ito sa mga magulang na may kaisa-isang anak na lalaki na bumalik mula sa paglilingkod sa hukbong militar. Hindi kailanman naging malapit sa isa't isa ang ama at anak. Iyon ay isang kalagayan kung saan kapwa ang ama at ang anak ay nagmamahalan subalit hindi sila makakita ng paraan na ipahayag ang kanilang niloloob, kaya ang pag-iiringan ay namagitan, dahil nag-aakala ang bawat isa na hindi siya gusto ng isa. . . .

"Ang kasukdulan ng dula ay naganap nang magsabi ang batang lalaki sa kanyang ama ng ganito:

" 'Itay, palagi ko kayong kinaiinisan noong ako'y bata pa, dahil hindi ninyo nasabi man lamang sa akin na ako'y mahal ninyo, subalit napag-isip-isip ko na hindi ko rin nasabi sa inyo kailanman na mahal ko kayo. Itay, sinasabi ko ngayon sa inyo: Mahal ko kayo.'

"Sa loob ng isang kalugod-lugod na sandali nagyakapan ang ama at anak habang ang nakuyom na pagmamahal at pagpapahalaga sa loob ng maraming taon ay nangibabaw" (sa Conference Report, Abr. 1969, 22–23; o *Improvement Era,* Hunyo 1969, 52–53).

- Bakit dapat nating sabihin sa mga miyembro ng ating mag-anak na minamahal natin sila? Paano pa natin maipakikita sa kanila na kailangan at mahal natin sila?

***Ang Magkaroon ng Pagpapahalaga sa Sarili***

Matutulungan natin ang mga miyembro ng ating mag-anak na magkaroon ng pagpapahalaga sa sarili sa pamamagitan ng pagpuri sa mga nagawa nila. Maituturo natin sa kanila na sila'y mga anak ng Diyos at matutulungan natin sila na mapalawak ang kanilang mga talino. Ang lahat ng ito ay tutulong sa kanila na mapag-ibayo ang kanilang pagtitiwala, ang walang pag-aalinlangan sa sariling kakayahan, at ang damdamin ng pagiging mahalaga. Ang mga magulang ay dapat magpatuloy sa paghanap ng paraan upang purihin at palakasin ang loob ng kanilang mga anak. Bilang ganti, ang mga anak ay dapat magpahayag tuwina ng pasasalamat sa kanilang mga magulang. Isang ama ang nagsabi: "Ginugugol ko ang mga sandali ng gabing pantahanan ng mag-anak sa pagpuri sa mga anak ko sa halip na pintasan sila. Mas nais ko pang sabihin sa kanila ang nakita kong ginawa nilang mabuti kaysa nakita kong ginawa nilang mali" (binanggit ni George Durrant, "*A Gift from Heaven*," *Ensign,* Mar. 1971, 7).

***Ang Magkaroon ng Layunin sa Buhay***

Kailangang madama ng bawat isa na ang buhay ay may kahulugan. Matutulungan natin ang mga miyembro ng mag-anak na matugunan ang pangangailangang ito sa pagtuturo sa kanila ng ebanghelyo. Kailangang malaman ng bawat isa na ang buhay sa mundo ay tumutulong upang tayo ay umunlad at maging higit na katulad ng Diyos. Kailangan nating ituro sa ating mga anak na ang layunin natin dito sa lupa ay hanapin ang kapayapaan at kaligayahan at ihanda ang ating sarili sa pagbalik sa ating Ama sa Langit.

***Ang Magkaroon ng Pagtitimpi sa Sarili at Makapagtrabaho***

Si Brother Glenn E. Nielson, pangulo ng isang malaking kumpanya ng langis, ay minsang tinanong kung sinong guro ang higit na nakaimpluwensiya sa kanya. Ang sagot niya: "Ang aking ama. . . itinuro niya sa akin ang kagalakan ng paggawa nang maayos. Tinuruan niya

ako kung paano maglagay ng maraming dayami sa aking panguhang tinidor at humakbang nang pasulong habang inihahagis ko ito sa salansan ng mga dayami, at sinabi pa niya, ‘Ang lahat ng gawain ay higit na madali at higit na magaan kung ginagawa nang kusa at hindi napipilitan lamang’ (*Church News*, ika-25 ng Mar. 1978, 2).

- Ipakita ang larawan 11-b, “Kailangang turuan ng mga ama ang kanilang mga anak na gumawa.”

Ang kapakinabangan sa pagkatuto sa paggawa ay inilalarawan ng sumusunod na kuwento: “Dalawang may gulang na magkapitbahay ang [nag-uusap] isang araw, tungkol sa mga buhay nila at ng kanilang mga anak. Ang panganay na anak na lalaki ni John ay magtatapos na sa kolehiyo at palaging kabilang sa nangunguna sa klase sa panahon ng kanyang pag-aaral. Ang anak naman ni Jim ay nahatulan kamakailan lamang dahil sa isang mabigat na kasalanan at dinala sa panlalawigang [bilangguan]. Sina Jim at John ay magkalapit ng tirahan at naging mabuting magkapitbahay sa panahon ng paglaki ng kanilang mga anak. Magkalaro at magkasama sa paaralan ang mga anak nilang lalaki. Sa pagsasalaysay sa nangyari, sinabi ni Jim, ‘Ang buong kaibahan na namagitan sa buhay ng ating mga anak ay ang pag-aalaga mo ng baka, John. Natatandaan ko na kapag ang ating mga anak ay naglalaro, maagang umaalis ang iyong anak upang magatasan at mapakain ang mga baka. Sa pag-aalaga ng baka, naturuan mo ang iyong anak na tumanggap ng pananagutan’ ” (*1967–68 Priesthood Study Course: Aaronic Priesthood—Adult*, 35).

Dapat na bigyan natin ng gawain ang ating mga anak. Dapat din natin silang bigyan ng laya na lutasin ang mga suliranin na kasama ng gawain; hindi natin dapat gampanan para sa kanila ang kanilang gawain, kundi tulungan silang matapos nang matagumpay ang kanilang gawain. (Tingnan sa aralin 15, “Pagtutulungan sa Gawain ng Mag-anak.”)

**Pagtugon sa mga Espirituwal na Pangangailangan ng Mag-anak**

Ang mga ama na nagtataglay ng pagkasaserdote ay may karapatan at pananagutan na basbasan ang kanilang mag-anak nang may pamumuno ng pagkasaserdote at isagawa para sa kanila ang mga ordenansa ng pagkasaserdote. Mapamumunuan at mababasbasan sila ng mga ama sa mga sumusunod na paraan:

1. Mamuno sa tahanan.
2. Mangasiwa ng sariling pakikipanayam sa bawat miyembro ng mag-anak. (Sinabi ni Pangulong N. Eldon Tanner na noong bata pa siya ay kinakapanayam siya ng kanyang ama: “Sinabi niya sa akin kung gaano kahalaga ang pagkasaserdote at kung ano pa ang kinakailangan ko upang maging karapat-dapat sa ganoong



*11-b, Kailangang turuan ng mga ama ang kanilang mga anak na gumawa.*

pagkasaserdote. Siya ang pinakamatalik kong kaibigan" [sa Conference Report, Okt. 1978, 58; o *Ensign,* Nob. 1978, 41].)

3. Magbigay ng basbas ng kaginhawahan sa kanilang asawa at mga anak (maisasagawa lamang ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.)
4. Basbasan ang may sakit sa kanilang mag-anak (Maisasagawa lamang ng maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec).
5. Tumanggap ng paghahayag at inspirasyon para sa kanilang mag-anak.
6. Magdaos ng panalanging pangmag-anak sa umaga at sa gabi.
7. Humirang ng isa sa mag-anak na mananalangin at magbabasbas ng pagkain.
8. Magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak tuwing Lunes ng gabi.
9. Himukin ang mga miyembro ng mag-anak na makibahagi sa gawaing misyonero, pananaliksik ng kasaysayan ng mag-anak, at mga ordenansa sa templo.
10. Maging mabuting halimbawa at sundin ang mga kautusan.
11. Lumikha ng pagmamahalan at pag-uunawaan sa tahanan.

- Hilingan ang inatasang maytaglay ng pagkasaserdote na ipahayag ang kanyang patotoo tungkol sa kagalakan ng pagiging bahagi ng lubos na nagmamahalang mag-anak.

**Katapusan**

Sa plano ng Panginoon, ang mga asawang lalaki at ama ang mangungulo sa kanilang tahanan at ang mga patriyarka ng kanilang mag-anak. Sa gayon, ang ama ay dapat magkaroon ng ugnayang may pagmamahal, pagtitiwala at pagtulong sa kanyang asawa at mga anak at dapat na may pagmamalasakit sa kapakanan ng bawat miyembro ng mag-anak. Ang mga sumusunod na tanong ay makatutulong sa kanya na malaman kung paano niya mapagbubuti ang kanyang sarili:

1. Talaga bang ginugugulan ko ng panahon ang pagmamalasakit sa aking mag-anak?
2. Iginagalang ko ba ang iniisip, ninanais, pag-aari, at anupaman ng aking mag-anak?
3. Kinikilala ko ba ang kahalagahan ng bawat isa sa aking mag-anak?
4. Sinasabi ko ba sa aking mag-anak na mahal ko sila? Ipinakikita ko ba sa kanila ang aking pagmamahal?

Ipinaliwanag ni Pangulong N. Eldon Tanner, "Isang nakalulugod na karapatan at pagpapala, at isang mabigat na pananagutan, ang maging ama at patriyarkang pinuno ng isang mag-anak, na may paghamong

turuan at ihanda ang mga miyembro nito sa pagbalik sa kinaroroonan ng kanilang Ama sa Langit, na kung saan ang mag-anak ay sama-samang patuloy na magtatamasa ng buhay na walang hanggan" (*Ensign,* Hunyo 1977, 2).

**Hamon**

*Mga asawa at mga ama:* Unawain ang inyong pananagutan bilang patriyarka ng inyong tahanan. Talakayin ito kasama ang inyong maybahay sa loob ng linggong ito at kamtin ang kanyang pagsang-ayon sa pagtulong sa inyo na tupdin ang inyong mga tungkulin. Igalang ang inyong ama; nananatili siyang patriyarka ninyo kahit na kayo ay may asawa na.

*Mga binata at walang asawa:* Igalang ang inyong pagkasaserdote. Ihanda ang inyong sarili sa pagiging mabuting patriyarka ng inyong tahanan. Igalang ninyo ang inyong ama; siya ang patriyarka ng inyong mag-anak.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Deuteronomio 6:1–7 (tuturuan ng mga magulang ang kanilang mga anak na mahalin ang Panginoon at sundin ang Kanyang mga kautusan).
- Josue 24:14–15 (piliin kung sino ang iyong paglilingkuran)
- I Kay Timoteo 3:4–5 (pamamahalaang mabuti ng mga ama ang kanilang tahanan)
- Doktrina at mga Tipan 75: 28–29 (ang mga ama ang maglalaan para sa kanilang mag-anak)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote Bahagi A,* aralin 12, "Ang Pananagutan ng Ama sa Kapakanan ng Kanyang Mag-anak."
2. Ihanda ang klase sa pag-awit ng "Aking Ama" sa simula ng aralin (*Mga Himno* , 182; o *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* , 370–71).
3. Magtalaga ng isang maytaglay ng pagkasaserdote na may mapagmahal na mag-anak na magpatotoo tungkol sa kagalakang nadarama niya sa piling ng kanyang mag-anak.
4. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# MABISANG PAMUMUNO SA MAG-ANAK

*Aralin 12*

---

Ang layunin ng araling ito ay mahihikayat tayo na hangarin at sundin ang inspirasyon ng Espiritu Santo sa pagpapatnubay sa ating mag-anak.

**Pambungad**

Si Elder Bruce R. McConkie ay naglahad ng sumusunod na kuwento na nagpapaliwanag kung bakit dapat tayong makinig sa Espiritu:

"Ang isa sa mga natatandaan ko sa aking kabataan ay ang pagsakay sa kabayo sa taniman ng mansanas. Ang kabayo ay maamo at turuan at palagay ang loob ko sa pagsakay.

"Ngunit isang araw, may kinatakutan ang aking kabayo at siya ay kumaripas ng takbo sa taniman. Sumabit ako sa isang nakalawit na sanga ng puno at ako'y dumausdos sa upuan, at ang isa kong binti ay dumulas hanggang sa estribo. Sa kawalan ng pag-asa kumapit ako nang mahigpit sa taling balat na halos ay patid na. . . .Napatid na sana ang tali dahil sa aking bigat, subalit sa anu't ano pa man, tumagal pa ito. Isa o dalawa pang daluhong ng nag-aalmang kabayo, ay mapapatid na ang tali o huhulagpos ito sa aking mga kamay at iiwan ako upang makaladkad sa kapinsalaan o kamatayan na ang aking paa ay nakasalabid sa estribo.

"Walang anu-ano huminto ang kabayo, at namalayan ko na may mahigpit na humahawak sa kabisada at pinapayapa ang nanginginig na kabayo. Kapagdaka ako ay nasa mga bisig na ng aking ama.

"Ano ang nangyari? Ano ang nagbunsod sa aking ama sa pagliligtas sa akin sa isang iglap, bago ako nalaglag sa ilalim ng mga paa ng aking kabayo na takot na takot?

"Ang aking ama ay nasa bahay at nagbabasa ng pahayagan nang ang Espiritu ay bumulong sa kanya, 'Humayo ka sa taniman!'

"Walang pag-aatubili at hindi naghintay na malaman pa kung bakit o kung sa anong kadahilanan, ang aking ama ay tumakbo. Namalayan niyang nasa taniman siya at hindi alam kung bakit siya naroon, nakita

niya ang kumakaripas na kabayo at naisip niyang *kailangan kong pigilin ang kabayong ito.*

"Ginawa niya iyon at natagpuan ako. At sa gayon ako nailigtas sa malubhang kapinsalaan o maaaring kamatayan" ("Hearken to the Spirit," *Friend,* Set. 1972, 10).

- Ano ang nag-udyok sa ama ni Elder Bruce McConkie na pumunta sa taniman? Bakit mahalagang sumunod kaagad ang kanyang ama sa Espiritu?
- Anyayahan ang itinalagang miyembro ng klase na ibahagi ang kanyang karanasan tungkol sa pagkakataong tinulungan siya ng Espiritu Santo bilang isang ama.

**Ang Espiritu Santo ay Makapapatnubay sa Mag-anak**

Isa sa mga pinakamahalagang pananagutan natin dito sa lupa ay ang patnubayan ang ating mag-anak. Ipinaliwanag ni Pangulong N. Eldon Tanner na, "Dapat maunawaan ng ama na ang kanyang mag-anak ang pinakamahalagang bagay sa kanyang buhay. . . .Sa tahanan itinuturo ang pinakanakapupukaw na aral at kung saan hinuhubog ang buhay ng ating mga anak" (*Ensign*, Hulyo 1973, 92). Itinuro ni Pangulong David O. McKay na "walang ibang tagumpay ang makapupuno sa pagkukulang sa tahanan" (sinipi mula sa *Home: The Savior of Civilization* ni J.E. McCulloch, [1924], 42; sa Conference Report, Abr. 1935, 116).

Ang pananagutan ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak ay dati nang mahalaga, ngunit pinag-iibayo pa ito dahil pasama nang pasama ang daigdig.

Sa pagharap sa mga hamon sa atin ngayon bilang mga magulang, maaari nating madama na hindi sapat ang karunungan o sapat ang ating lakas upang palagiang makapagpasiya ng tama para sa ating mag-anak. Nauunawaan ito ng Panginoon at naglaan siya sa atin ng paraan upang tumanggap ng patnubay na kailangan natin. Ang patnubay na ito ay dumarating sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Upang makatanggap ng tulong mula sa Espiritu Santo, kailangan nating sundin ang mga kautusan. Hindi mamamalagi ang Espiritu Santo sa sinumang nagwawalang bahala sa mga kautusan o hindi sumusunod sa mga iyon. Kung nais natin ng Kanyang tulong, kailangang patuloy nating pagsisihan ang mga kasalanan natin at gawin ang mga bagay na nais ng Panginoon na gawin natin.

Sa pagkilala na ang mag-anak ang kanilang pangunahing pananagutan, ang mga magulang ay makasusumpong ng kaaliwan sa kaalaman na makapagdarasal at mapapatnubayan sila ng Espiritu Santo na gawin ang mga tamang bagay para sa kanilang mga mag-anak. Halimbawa,

ang isang ama, "matapos hingin ang tulong ng Panginoon, ay tinipon ang kanyang mag-anak, bago nagpasiya na tanggapin ang gawain sa ibang lungsod. Hiningi niya ang payo ng [mga miyembro] ng kanyang mag-anak hinggil sa kabutihan ng paglipat at binigyan sila ng pagkakataong lumapit sa Panginoon at tumanggap ng kasagutan para sa kanilang sarili kung ano ang dapat nilang gawin. Pagkatapos nilang manalangin, nakaramdam sila ng inspirasyon, tulad ng sa ama, na sila ay dapat lumipat. Sa gayon, dahil sa binigyan niya sila ng pagkakataong makamtam ang espirituwal na kasagutan na kanya ring tinanggap, sila ay naniwala at sumunod sa kanyang payo" (Henry B. Eyring, "Family Followership," *Ensign,* Abr. 1973, 32).

**Pagsunod sa Patnubay ng Espiritu Santo**

- Basahin ang 2 Nephi 32:5.

Tinutulungan tayo ng Espiritu Santo sa paglutas ng ating mga suliranin at sinasagot ang ating mga katanungan sa maraming paraan. Ang isang paraan na ginagawa Niya ito ay ang patotohanan ang mga kalutasang natagpuan na sa mga banal na kasulatan. Kapag may suliranin tayo, kailangan nating pag-aralan ang mga banal na kasulatan para sa mga kasagutan. Kapag ginawa natin ito, tutulungan tayo ng Espiritu Santo na matagpuan natin ang mga kasagutan at patutunayan sa atin na ang mga kasagutan ay totoo. Tutulungan din tayo ng Espiritu Santo na maalaala ang mga bagay na natutuhan na natin ngunit nakalimutan na (tingnan sa Juan 14:26).

Bagama't ang Espiritu Santo ay maaari ng makatulong at tutulong sa atin sa paglutas ng ating mga suliranin, Siya ay katuwang lamang. Hindi niya lulutasin para sa atin ang ating mga suliranin dahil lang sa humingi tayo ng tulong. Noong mga unang araw ng Simbahan, nalaman ni Oliver Cowdery na kadalasang kailangan din nating gumawa at hindi humingi lamang ng kasagutan.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 9:1–9. Ayon sa banal na kasulatang ito, ano ang dapat nating gawin bago tayo magtanong sa Panginoon tungkol sa ating suliranin? (Pag-aralan ito sa ating isipan.) Paano natin malalaman na ang pasiyang ginawa natin ay tama? (Tinatanong natin ang Panginoon na magsasabi sa atin kung ito ay tama.)

Ang ibang paraan ng pagtulong sa atin ng Espiritu Santo sa paglutas ng mga suliranin ay ang tuwirang paghahayag ng kasagutan sa atin sa isang marahan at banayad na tinig (tingnan sa 1 Mga Hari 19:11–13), o ng di-tuwiran sa pamamagitan ng payo mula sa isang pinuno ng Simbahan, sa isang miyembro ng mag-anak, sa isang kaibigan, sa mga banal na kasulatan o sa isang taong maaasahan. Sa ibang mga pagkakataon, ang Espiritu Santo ay karaniwang nag-uudyok sa atin

habang tayo'y gumagawa ng ating mga pang-araw-araw na gawain. Ang mga pag-uudyok na iyon ay maaaring isang kutob na dapat tayong gumugol ng mahabang panahon kasama ng isang tao sa ating mag-anak o gumawa ng isang tanging bagay para sa kanya.

Bagama't maaaring dumating ang kasagutan sa isang panalangin sa iba't ibang paraan, ang Panginoon ay naglaan ng isang paraan para sa atin upang matiyak na mula sa Kanya ang kasagutan. Sinabi Niya sa atin na kung ang pasiyang ating ginawa ay tama, magkakaroon tayo ng kapayapaan sa ating puso at isipan (tingnan sa D at T 6:14–16, 22–24;8:2).

Maaaring hindi dumating kaagad-agad ang mga sagot sa ating panalangin gaya ng nais natin. Gayunpaman mahal tayo ng Panginoon at nalalaman Niya kung ano ang pinakamabuti para sa atin. Hindi tayo dapat panghinaan ng loob, kung gayon, sakali mang hindi tayo makatanggap ng sagot kaagad-agad. Dapat tayong magpatuloy na manalangin, mamuhay nang matwid, mag-aral ng mga banal na kasulatan, at hangarin ang patnubay ng Espiritu Santo.

Kapag tayo'y tumanggap ng kasagutan sa ating mga panalangin, kailangan nating gawin ang hinihingi ng kasagutan na gawin natin. Hindi natin maaasahan na palagi tayong tutulungan ng Espiritu Santo kung ipagwawalang-bahala natin ang mga panghihikayat Niya. Kahit na hindi natin gusto ang kasagutan o kung ang pagsisikap na hinihingi Niya sa atin ay labis-labis, kailangang maluwag sa kalooban natin na gawin ang Kanyang itinuturo. Kung hindi, ipinakikipagsapalaran natin ang pagkawala ng ating pakikipag-ugnayan sa Espiritu Santo, at sa ganoon, pati na ang Kanyang pag-alo at patnubay.

May mga pagpapasiya na iniiwan sa atin ng Panginoon. Ang mga pasiyang ito ay karaniwang bagay na gusto lamang natin sa halip na isang bagay na tama o mali. (Tingnan sa D at T 58:26–28; 60:5; 80:3.) Sa ganoong mga pagkakataon, kailangang gumamit tayo ng mabuting pagpapasiya batay sa ating kaalaman at karanasan.

Ibinigay ni Pangulong Joseph Fielding Smith ang payong ito: "Sa ngayon, iniisip ko na higit sa lahat dito sa mundo, ako, at kayo, at lahat ng miyembro ng Simbahan ay dapat magsikap upang patnubayan ng Espiritu ng Panginoon. Sa saklaw ng ating pagtatamo sa pamamatnubay ng Espiritung iyon, tayo ay magiging propeta sa ating sarili at sa ating sariling gawain, at matatagpuan din natin ang ating sarili na sumasang-ayon sa mga propeta na itinalaga ng Panginoon sa Unang Panguluhan at sa Kapulungan ng Labindalawa" (*Joseph Fielding Smith—A Prophet Among the People,* pinamatnugutan nina J. M. Heslop at Dell R. Van Orden [1971], 24–25).

**Paano Pinagpapala ng Espiritu Santo ang Ating Mag-anak**

Kapag tayo'y pinapatnubayan ng Espiritu Santo, tayo ay labis na pinagpapala at kung gayon mapagpapala din natin ang ating mag-anak. Halimbawa, si Elder McConkie noong siya'y bata pa ay naligtas sa kapinsalaan dahil nakinig ang kanyang ama sa Espiritu Santo. Ang ganitong pangangalaga ay mapasasaatin kung handa tayong tumanggap ng inspirasyon mula sa Espiritu Santo at kung gagawin natin ang sinasabi Niya sa atin.

Bukod sa pag-iingat sa ating pisikal na kaligtasan, tumutulong din sa atin ang Espiritu Santo na iwasan ang mga tukso na makapipinsala sa ating espiritu. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo maaari rin nating malaman kung may masamang nangyayari sa ating mag-anak. Marahil ang isa o higit pang miyembro ng mag-anak ay may tanging suliranin na kailangang pag-usapan. O kaya nama'y mayroon siyang mga tanong tungkol sa Simbahan o kaya'y nababalisa sila tungkol sa dahilan kung bakit hindi nila masunod nang mabuti ang mga kautusan tulad nang nararapat. Sa tulong ng Espiritu Santo matutulungan natin at mapatatatag ang ating mag-anak. Maaaring mangyari na mailigtas natin sila sa labis na sakit at dalamhati.

Kapag dinidisiplina natin ang ating mga anak, kailangan din nating hilingin ang pamamatnubay ng Espiritu Santo. Kapag sinusunod natin ang patnubay ng Espiritu Santo at tinatrato ang ating mga anak nang may pagmamahal at paggalang, makikita nila na sinisikap lang natin silang tulungan. (Tingnan sa D at T 121:41–44.)

Ang Espiritu Santo ay makatutulong kapag nagbibigay tayo ng pagbabasbas ng ama. Mahihikayat Niya tayo na bigyan ng payo ang ating mag-anak, kahit na sa mga suliranin na maaaring wala pa silang kinalaman. Ang ganoong pagbabasbas ay magiging isang banal na karanasan para sa ating mag-anak.

- Ipakita ang larawan 12-a, "Nakapagpapalakas ng mga miyembro ng mag-anak ang mga pagbabasbas ng ama."

Inilahad ni Elder Ezra Taft Benson ang sumusunod na karanasan:

"Isang kabataang lalaki ang pumunta sa aking tanggapan . . .upang tumanggap ng pagbabasbas. May mga suliranin siya. . .;siya ay litung-lito; siya ay nababahala at nag-aalala. Kaya nga't nag-usap kami nang mga ilang sandali at ang sabi ko sa kanya, 'Humingi ka na ba ng basbas mula sa iyong ama?' 'O,' ang sabi niya, 'Hindi ko po alam kung si tatay ay gagawa ng ganyang bagay. Hindi siya masyadong aktibo.' Ang sabi ko, 'Subalit siya ay iyong ama.' 'Opo.' 'Nagtataglay ba siya ng pagkasaserdote?' 'Opo, siya po ay hindi aktibong elder.' Ang sabi ko, 'Mahal mo ba siya?' At sabi niya, 'Opo, mahal ko siya. Mabuti siyang tao, mabait siya sa aming mag-anak, mabait sa mga anak.'. . .Ang sabi ko, 'Kung ganoon, pumapayag ka bang umuwi at mag-abang ng



*12-a, Nakapagpapalakas ng mga miyembro ng mag-anak ang mga pagbabasbas ng ama.*

pagkakataon, at tanungin ang iyong ama, kung bibigyan ka niya ng basbas? At kung ito'y hindi maganap, bumalik ka, at magagalak akong tulungan ka.'

"At siya'y umalis, at sa loob ng tatlong araw ay bumalik siya. 'Brother Benson, ito na ang pinakamagandang bagay na naganap sa aming tahanan,' sabi niya. 'Si nanay at ang mga bata ay nangakaupo doon, ang mga nakababata kong kapatid, at si nanay ay nagpahid ng luha sa kanyang mga mata. Ipinahayag niya ang kanyang pasasalamat pagkaraan. Binigyan ako ni tatay ng napakagandang pagbabasbas.' Idinugtong niya, 'Masasabi kong iyon ay galing sa kanyang puso.' " (*God, Family, Country: Our Three Great Loyalties,* [1974], 84).

- Bakit ang ama ng kabataang lalaking ito ang pinakamabuting tao na makapagbibigay sa kanya ng basbas sa natatanging sandaling iyon?
- Paano natin masasabi na ang ating mga karanasan ay pinatnubayan ng Espiritu Santo?

**Katapusan**

Binigyan tayo ng Panginoon ng isang napakahalagang kaloob upang tulungan tayo sa paggawa ng mga pasiya at paglutas sa mga suliranin. Ang kaloob na ito ay ang pagsama ng Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng Espiritu Santo higit na malalapit tayo sa ating Ama sa Langit at makatatanggap ng paghahayag sa pamumuno nang wasto sa ating mag-anak. Ang paghahayag na ito ay makatutulong sa atin na maglaan ng ilang lakas at katalinuhan na kailangan ng mga miyembro ng mag-anak upang mapaglabanan nila ang mga tukso at suliranin. Makadarama tayo ng katiyakan na tutulungan tayo ng Panginoon kung nakahanda tayong gawin ang pinakamabuting makakayanan natin. Dalawang mahahalagang bagay ang mangyayari sa pagtanggap natin ng tulong na ito: ang ating mga anak ay babaling sa atin para sa kaaliwan at patnubay, at tayo ay magiging higit na malapit sa Panginoon.

**Hamon**

Pag-aralan ang mga banal na kasulatan upang matutuhan ang maraming paraan kung paano makatutulong sa inyo ang Espiritu Santo. Sa pamamagitan ng pagsisisi, panatilihing karapat-dapat ang inyong sarili upang patnubayan ng Espiritu Santo. Sundin ang mga udyok na tinatanggap ninyo mula sa Kanya, gaano man kahirap gawin ang mga iyon.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Lucas 12:11–12 (sinasabi ng Espiritu Santo sa atin kung ano ang dapat sabihin)
- Juan 16:13 (ipinakikita ng Espiritu ang mga bagay na darating)
- 3 Nephi 28:11 (ang Espiritu Santo ay nagpapatotoo sa Ama at sa Anak)
- Moroni 10:3–5 (sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo malalaman natin ang katotohanan)
- Doktrina at mga Tipan 39:6 (ang Espiritu Santo ay nagtuturo sa atin ng mga mapayapang bagay)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang *Mga Tungkulin at mga Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A,* aralin 30, "Ang Kaloob na Espiritu Santo."
2. Basahin ang *Mga Alintuntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 21, "Ang Kaloob na Espiritu Santo."
3. Hilingan ang isa sa mga ama sa klase na ihandang isalaysay ang isang pagkakataon na siya'y tinulungan ng Espiritu Santo bilang ama.
4. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGPAPATATAG SA MAG-ANAK SA PAMAMAGITAN NG GABING PANTAHANAN NG MAG-ANAK

*Aralin 13*

---

Ang layunin ng araling ito ay turuan kung paano mapatatatag ang ating mag-anak sa pamamagitan ng gabing pantahanan ng mag-anak.

**Pambungad**

Dapat gumugol ang bawat mag-anak ng kahit isang gabi sa isang linggo nang sama-sama upang turuan at palakasin ang isa't isa . Upang mahikayat ito, inilaan ng Simbahan ang Lunes ng gabi para sa gabing pantahanan ng mag-anak.

- Ipakita ang larawan 13-a, "Ang bawat mag-anak ay dapat magdaos ng gabing pantahan ng mag-anak minsan sa isang linggo"; 13-b, "Ang mag-anak ang pinakamahalagang yunit sa Simbahan"; 13-c, "Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay dapat maging bahagi ng gabing pantahanan ng mag-anak" at 13-d, "Kailangan ng mga bata ang tulong sa pagkakaroon ng espirituwal na damdamin."

Dahil hindi magkakatulad ang lahat ng mag-anak, gayundin ang mga gabing pantahan ng mag-anak. Ang ilang mag-anak ay binubuo ng mga magulang at mga anak, ang iba ay may isang magulang, at ang iba ay mag-asawa lang. Marami ring binata o dalaga ang naninirahang mag-isa o may mga kasama sa inuupahang silid. Kahit anupaman ang bilang o laki ng mag-anak, ang gabing pantahanan ng mag-anak ay para sa lahat. Dapat na lingguhang magpulong ang mga magulang at mga anak. Yaong mga naninirahang mag-isa ay mapagpapala sa pamamagitan ng pakikibahagi lamang sa gabing pantahanan ng mag-anak, kasama ng ibang tao, o ng mga mag-anak.

"Wala nang higit pang naaangkop na pook para sa pagtuturo ng ebanghelyo kaysa sa tahanan. Sa tahanan lamang matututuhan ng mga bata ang katangian ng buhay mag-anak ayon sa itinakda ng ating Ama sa Langit. Ang Lunes ng gabi, na magkakasama ang mag-anak ay nagtatatag ng isang diwa para sa lahat ng karanasang pangmag-anak.



*13-a, Ang bawat mag-anak ay dapat magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak minsan sa isang linggo.*

Ang mga yaong may diwang ito sa kalipunan nila ay masusumpungang iyon ang pinagmumulan ng kanilang labis na kagalakan" (Ang Unang Panguluhan, *Family Home Evening* [manwal, 1971] 4).

Hindi tayo dapat panghinaan ng loob kung hindi lubos na matagumpay ang bawat gabing pantahanan ng mag-anak; ang mahalaga ay kasama natin ang ating mag-anak. Ipinangangako ng Panginoon na kung patuloy tayong magtitiyagang magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak, patatatagin Niya ang ating mag-anak.

**Pagpaplano at Pangangasiwa sa Gabing Pantahan ng Mag-anak**

Nakabubuti na magdaos ng maikling sanggunian ang mag-anak o pulong ng pagpaplano bilang bahagi ng bawat gabing pantahanan upang masuri ang mga gawain at plano ng mga miyembro ng mag-anak para sa darating na linggo. Ito ay lalong nakatutulong kung maraming miyembro ang mag-anak.

Isang ama ang nagsabi na sa sangguniang pangmag-anak, "kami ay nag-iipun-ipon sa may hapag-kainan, na si Tatay ang namamahala, at pinag-uusapan namin ang mga gawain ng mag-anak. . . .Ibinibigay namin ang anumang pahayag na mahalaga sa mag-anak at pinag-uusapan at pinupuri ang anumang kahanga-hangang ginawa ng mga bata sa loob ng nagdaang linggo. Habang naririnig ng bawat anak ang kanyang [mga ginawa] na isinasalaysay muli sa mag-anak siya ay kitang-kitang nasisiyahan-–kaya nga maidagdag ko, gawin ninyo ito, mga magulang" (Glen W. Harper, "Participation: Our Family Home Evening Success Key," *Ensign*, Dis. 1977, 17).

Ang mga ama ang patriyarka ng kanilang mag-anak at dapat na mamuno sa mga gabing pantahanan ng mag-anak. Kung wala ang asawang lalaki o ama, ang maybahay o ina ang dapat mamuno. Dapat na maagang magplano ang mga magulang at bigyan ng takdang gawain ang mga miyembro ng mag-anak.

- Ipakita ang larawan 13-e, "Dapat ibilang ang lahat ng miyembro ng mag-anak sa gabing pantahanan ng mag-anak."

Ang ama ang magtuturo ng aralin o kaya'y ipakakatawan niya ang pagtuturo sa kanyang maybahay o sa mga anak. Maaaring magbigay ng karagdagang takdang gawain ang guro upang maisali ang iba pang miyembro ng mag-anak.

Maraming gawain ang naaangkop para sa gabing pantahanan ng mag-anak tulad ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagtalakay ng ebanghelyo, pagbabahagi ng mga patotoo, pagsasagawa ng isang proyektong paglilingkod, pagpipiknik o paglalaro ng isang larong pangmag-anak. Ang mga gawain sa gabing pantahanan ng mag-anak ay dapat na may kasamang panalangin.



*13-b, Ang mag-anak ang pinakamahalagang yunit sa Simbahan.*

Ang sumusunod ay isang halimbawa ng isang plano ng gabing pantahanan ng mag-anak:

1. Tagakumpas: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na magiging tagakumpas)
2. Pambungad na awit: (pamagat ng himno o awiting pang-primarya)
3. Pambungad na panalangin: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na magbibigay ng panalangin)
4. Usaping pangmag-anak: (pangangasiwaan ng namumuno sa tahanan)
5. Bilang na pangmusika: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na magbibigay ng bilang na pangmusika)
6. Aralin mula sa manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo:* (pangalan ng miyembro ng mag-anak na maglalahad ng aralin)
7. Pagtalakay at pagpaplano para sa darating na linggo
8. Pangwakas na awit: (pangalan ng himno o awiting pang-Primarya)
9. Pangwakas na panalangin: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na magbibigay ng panalangin)
10. Nakaaaliw na gawain: (pangalan ng itinalagang miyembro ng mag-anak)
11. Pamatid-gutom: (pangalan ng itinalagang miyembro ng mag-anak)

Huwag tayong mag-atubili na hilingan din ang maliliit na bata na tumulong sa pagtuturo sa gabing pantahanan ng mag-anak. Isang batang miyembro ng Simbahan ang nagbahagi ng sumusunod: " 'Nang imungkahi ni Tatay na ang lahat sa mag-anak ay magsasalitan sa pagbibigay ng aralin sa gabi ng mag-anak, inisip ko na magiging katawa-tawa kung sasabihin kong, "Siya nga, hayaan nating si John ang magbigay ng aralin sa susunod na linggo." Si John ay tatlong taon pa lamang. Kaya, ang paksang-aralin ay itinakda ni Tatay kay John, at sa tulong ni Nanay ay ibinigay ni John ang isa sa mga pinakamahusay na aralin sa gabi ng mag-anak na aming naranasan, at ang kasiyahang nakalarawan sa mukha ng maliit na batang iyon ay higit na mahalaga kaysa ano pa mang bagay na maaari naming ibigay sa kanya bilang kapalit' " (binanggit ni Lowell Durham, Jr., "What Makes a Good Family Home Evening," *New Era,* Hunyo 1972, 13).

Bawat miyembro ng mag-anak ay makatutulong sa ikatatagumpay ng gabing pantahanan ng mag-anak. Isa sa ating magagawa ay ang ilaan ang Lunes ng gabi para sa gabing pantahanan ng mag-anak. Gayon din, maaaring tumulong ang bawat miyembro ng mag-anak sa paghahanda o paglalahad ng aralin o gawain para sa gabing pantahanan ng mag-anak. Ang mga nakababatang anak ay nasisiyahan sa pananalangin,



*13-c, Ang pag-aaral ng ebanghelyo ay dapat maging bahagi ng gabing pantahanan ng mag- anak.*

pamumuno sa musika, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, paghawak ng mga larawan, pag-arte, paglalahad ng mga simpleng kwento sa flannel board, paghahanda ng pamatid-gutom, at pakikibahagi sa iba pang gawain. Maaaring tulungan sila ng Nanay o nakatatandang kapatid sa paghahanda nito o ng iba pang takdang-gawain sa buong linggo. Higit na handang makibahagi ang mga bata kapag isinasali sila ng kanilang ama at ina at matiyaga sa kanilang mga pagsisikap.

Natuklasan ng isang ama na ang maingat na pagpaplano ay hindi nagbibigay-katiyakan ng isang matagumpay na gabing pantahanan ng mag-anak kung walang pagmamahal at tiyaga:

"Ilang taon na ang nakalilipas, isang Lunes ng gabi, masama ang loob ko. Sa pagsisimula ng aming gabing pantahanan, ang mga bata ay naghaharutan at magagaslaw kumilos. Nagalit ako at sa malakas na tinig ay nagpahayag, 'Magsiupo kayo ng matuwid at tigilan ang paghaharutan at kung hindi, magkakaroon ng malaking gulo dito.' Nakita ng mga bata sa namumula kong mukha na ako'y hindi nagbibiro. Tumahimik sila. Nagpatuloy ako sa pagsasabi na, 'Hindi ko alam kung bakit hindi kayo makaupo nang tahimik sa loob ng ilang sandali at makinig. Sa ngayon, ayaw kong makarinig ng kahit ano sa inyo hanggang matapos ko ang araling ito. At pagkatapos ko, tatanungin ko kayo. At dapat alam ninyo ang mga sagot.'. . .

"Sa wakas natapos ko ang aralin at nagsimulang magtanong. Alam nilang lahat ang sagot. Naituro ko nang mahusay ang paksang-aralin. Ako'y nagtanong, 'Mga bata, mayroon ba kayong tanong?'

"Sa malumanay na tinig ang panganay kong anak na lalaki ay nagsalita, 'Ako po.' Pagkatapos ay nagtanong siya, 'Sa susunod na linggo, maaari bang si Nanay ang magturo?'

"Ipinahiwatig sa akin ng kanyang mga salita at ng aking pakiramdam na sa pagsisikap kong makagawa nang mabuti, ang nagawa ko ay mali. Naituro ko ang mga ideya subalit hindi ko naturuan ang aking mag-anak. . . .

"May natutuhan akong ilang bagay mula noon. Hindi ko pa rin pinalalampas ang masyadong kaguluhan ng mga bata—na tila hindi nila gusto—subalit nakatuklas ako nang higit na mabuting paraan ng pagdidisiplina. Determinado na akong magtimpi, at sa tulong ng panalangin, nagawa ko ito. Basta iniiwasan ko lang na magalit tuwing gabing pantahanan ng mag-anak."

Tinapos ng ama na ito ang pag-uulat ng kanyang karanasan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga sumusunod na payo:

"Maging magiliw. Ilaan ang pinakamabuti at pinakakawili-wili ninyong kilos sa tahanan. . . .



*13-d, Kailangan ng mga bata ang tulong sa pagkakaroon ng espirituwal na damdamin.*

"Sa ating tahanan, ang gabing pantahanan ng mag-anak ay di tulad ng mga pormal na klase sa simbahan. Walang batas na nagsasabi na kailangan tayong maupo sa mga upuan; madalas kaming nauupo sa sahig upang makatiyak na ang bawat isa ay panatag. . . .

"Nababalisa ang mga ama dahil nadarama nila na kailangan nilang matiyak na maituturo ang aralin at lubos na makikinig ang buong mag-anak. Ang ideyang iyon ay tama rin subalit kapag ito ang naging palagiang kagustuhan, ang mga gabing pantahanan ng mag-anak ay nagiging hindi kawili-wiling karanasan" (George D. Durrant, *Love at Home, Starring Father,* [1976], 44–46).

- Paano natin magagamit ang panalangin sa pagpapabuti ng ating mga gabing pantahanan ng mag-anak?

- Gaano kahabang panahon ang iuukol natin bawat linggo sa paghahanda para sa gabing pantahanan ng mag-anak? Paano napagaganda ng mas mabuting pagpaplano ang ating mga gabing pantahanan?

Tinanong ng mga miyembro ng Unang Panguluhan ang mga magulang: "Gumugugol ba kayo ng kasindaming panahon sa ikatatagumpay ng inyong mag-anak at tahanan tulad ng ginagawa ninyong pagsisikap na magtagumpay sa lipunan at sa inyong hanapbuhay? Iniuukol ba ninyo ang inyong pinakamahusay na malikhaing kakayahan sa pinakamahalagang yunit ng lipunan—ang mag-anak; o, ang pakikitungo ba ninyo sa inyong mag-anak ay karaniwang kalakaran lamang, walang gantimpalang bahagi ng buhay?"

Ipinagpatuloy pa nila, sinasabing, "Kailangang kusang-loob na unahin ng mga magulang at mga anak ang mga tungkulin sa mag-anak upang makamtam ang kadakilaan ng mag-anak" (*Family Home Evening* [manwal, 1973], 4).

**Nagpapatatag sa Mag-anak ang Gabing Pantahanan ng Mag-anak**

- Hawakan ang isang bungkos ng patpat o mga palito ng posporo. Sabihin sa klase na ang mga iyon ay kumakatawan sa mga miyembro ng isang mag-anak. Kunin mula sa bigkis ang isa sa mga patpat at baliin ito. Sabihin sa klase na kapag tayo'y nag-iisa hindi tayo kasinglakas tulad ng kapag kasama natin ang ating mag-anak. Pagkatapos kumuha kayo ng pisi o goma at sama-samang talian ang mga patpat. Sabihin sa klase na ang pisi ay kumakatawan sa nakapagpapalakas na kapangyarihan ng ebanghelyo. Ipakita kung gaano kahirap baliin ang mga patpat. Ipaliwanag na tayo'y higit na matatag kung nagkakaisa tayo bilang mag-anak at sama-samang nagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo.



*13-e. Dapat na ibilang ang lahat ng miyembro ng mag-anak sa gabing pantahanan ng maganak.*

Ang mahusay na pagpaplano ng mga gabing pantahanan ng mag-anak na idinaraos bawat linggo ay makatutulong sa atin na tulungan ang mga miyembro ng mag-anak na mapaglabanan ang masasamang impluwensiya sa mundo. Tinutuligsa ni Satanas ang kabutihan, gumagamit ng maraming iba't ibang panunukso upang mapairal ang kasalanan at kasamaan. Ang mga kabataan ang sadya niyang pinatatamaan. Kung ituturo natin sa kanila ang ebanghelyo at patatatagin ang kanilang espirituwalidad sa tahanan, mas mapagtatagumpayan nila ang mga tukso na haharapin nila sa mundo.

"Sa ating mga Gabing Pantahanan at iba pang magagandang karanasan ng mag-anak ay mapupuno natin ang ating mga kaluluwa ng mga bagay ng Diyos, kaya't walang maiiwang puwang para sa kasamaan upang makakita ng kalalagyan sa ating mga puso o isipan" (Ang Unang Panguluhan, *Family Home Evening,* [manwal, 1972], 4).

Noong 1915 ang Unang Panguluhan ng Simbahan ay nagbigay sa atin ng ganitong pangako: "Kung susundin ng mga Banal ang mga payong ito [ang magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak], ipinangangako namin na mga dakilang pagpapala ang ibubunga nito. Ang pagmamahalan sa tahanan at pagkamasunurin sa mga magulang ay madaragdagan. Ang pananampalataya ay uusbong sa mga puso ng mga kabataan ng Israel, at magkakaroon sila ng lakas upang labanan ang masasamang impluwensiya at tukso na nakapaligid sa kanila ("Home Evening," *Improvement Era,* Hunyo 1915, 734.)

- Anu-anong pagpapala ang dumating sa inyong mag-anak sa pamamagitan ng gabing pantahanan ng mag-anak?

Ang programa ng gabing pantahanan ng mag-anak ay nakapagtatatag ng pagmamahalan at kapayapaan sa ating tahanan. Habang umuusbong ang damdaming ito, ang ating mag-anak ay maghahangad na ipamuhay ang ebanghelyo, at ang maraming awayan at alitan sa ating tahanan ay mawawala. Habang ang ating mag-anak ay sama-samang nananalangin, umaawit, at tinatalakay ang ebanghelyo, ang Espiritu ng Panginoon ay mapasasaating tahanan, at papalitan ang anumang diwa ng pag-aalitan na naroroon.

Ibinahagi ni Elder Marion D. Hanks ang isang personal na kuwento na naglalarawan sa Espiritung ito. "Ako'y lumuhod kasama ng aking mag-anak, sa pagtatapos ng isang dakilang gabing pantahanan ng mag-anak, noong gabi bago ikasal sa templo ang aming magandang anak na babae. Sa tingin ko ay hindi niya mamasamain ang pagsasalaysay ko sa inyo na pagkatapos naming magtawanan at mag-iyakan at magunita ang nakalipas, siya ay inatasang manalangin. Hindi ko gaanong matandaan ang kanyang panalangin, ang mga luha, at ang kagalakan at ang katamisan, subalit natatandaan ko ang

isang bagay: pinasalamatan niya ang Diyos sa walang pasubaling pagmamahal na kanyang natanggap. Ang buhay na ito ay hindi nagbibigay sa isang tao ng maraming pagkakataon na madama ang nag-uumapaw na kagalakan at ang kaunting tagumpay, subalit napakainam ng aking pakiramdam ng gabing iyon" (sa Conference Report, Okt. 1971, 119; o *Ensign,* Dis. 1971, 106).

- Paano makapagdadala ng higit na pagmamahal at kapayapaan sa ating mga tahanan ang palagiang pagdaraos ng mga gabing pantahanan ng mag-anak? Paano nakatutulong ang mga ito sa mga miyembro ng mag-anak na labanan ang mga kampon ng kasamaan? (Isulat ang mga ideya sa pisara.)

- Hilingin sa mga itinalagang miyembro ng klase na ibahagi ang mga natatanging karanasan nila sa gabing pantahanan ng mag-anak.

**Katapusan**

Ang gabing pantahanan ng mag-anak ay bahagi ng plano ng Panginoon upang tulungan tayo na makabalik sa Kanya. Iyon ay sandaling inilaan sa atin upang ituro sa ating mga anak ang mga alituntunin ng ebanghelyo at tulungan ang ating mag-anak na magkalapit sa pagmamahalan at pag-uunawaan. Makatutulong sa atin ang mga sandaling ito ng pagsasama-sama sa pagpapatatag ng ating mag-anak at tinuturuan tayo kung paano mamuhay nang sama-sama sa dakilang pagmamahalan at pag-uunawaan. Magkakaroon nang higit na kakayahang labanan ng mga miyembro ng mag-anak natin ang mga impluwensiya ng kasamaan sa mundo.

"Minsan pa buong taimtim naming hinihimok ang mga magulang na tipunin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at pagtitiyaga at pag-unawa at turuan sila ng katotohanan at kabutihan. . . .Ang tahanan ang una at pinakamabisang pook para sa mga bata na matutuhan ang mahahalagang aral sa buhay" (Ang Unang Panguluhan, *Family Home Evening* [manwal, 1975], 3).

**Hamon**

Kung hindi palagiang ginagawa ang gabing pantahanan ng mag-anak, simulang gawin ito sa linggong ito. May panalanging paghandaan ang inyong gabing pantahanan ng mag-anak upang matugunan ang mga pangangailangan ng inyong mag-anak. Isali hangga't maaari ang lahat ng miyembro ng mag-anak sa gabing pantahanan ng mag-anak.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Mosias 4:14–15 (ituturo ng mga magulang sa mga anak ang katotohanan)

- Doktrina at mga Tipan 68:25 (ituturo ng mga magulang sa mga anak ang doktrina)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Maghanda ng isang bigkis ng maliliit na patpat o palito ng posporo upang gamitin sa pagpapaliwanag ng aralin na iminungkahi sa aralin.
2. Hilingan ang ilang miyembro ng klase na maghanda upang mailahad nila nang maikli ang mga natatanging karanasan nila sa gabing pantahanan ng mag-anak.
3. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# SAMA-SAMANG PAGSASAYA BILANG MAG-ANAK

*Aralin 14*

Ang layunin ng araling ito ay hikayatin tayo na patatagin ang ating mag-anak sa pamamagitan ng pakikipagsayahan sa kanila.

**Pambungad**

- Ipakita ang larawan 14-a "Ang sama-samang pagsasaya ay nagpapatatag sa mga mag-anak."
- Hilingin sa dalawang inatasang miyembro ng klase na ibahagi ang pinakamasaya nilang karanasan sa mag-anak. Talakayin na ang mahalagang bahagi ng ebanghelyo ay ang sama-samang paggawa ng mga bagay bilang isang mag-anak.


Isinalaysay ni Elder Marion D. Hanks ang sumusunod na kuwento:

"Ang mga bata ay nagnanais at may karapatan na magkaroon ng mga magulang at mag-anak na maipagkakapuri nila. . . .Ang impluwensiya ng isang mabuting mag-anak ay lubos na nakapaloob sa ulat na ito mula sa hindi kilalang tao:

"'Noon ay isang napakagandang araw ng Oktubre. Ang aking asawang si Art at ako ay nasa daungan ng bangka na tumutulong sa kaibigan naming si Don na hataking paahon sa dalampasigan ang kanyang maliit na bangka. Sinabi ni Art nang may pananabik na matatagalan pa bago magsimula ang susunod na tag-araw, kung kailan kami makapagsisimulang maglayag na muli. "Kayo ay dapat mag-aral na mag-iski katulad ng aking mag-anak at magkaroon ng katuwaan sa buong taon," ang sabi ni Don.

" ' "Hindi ba iyon lubhang magastos?" ang tanong ko.

"'Tumayo si Don at ngumiti. "Iyon ang nakatutuwa," ang sabi ni Don, "Nakatira kami sa isang lumang bahay. . . .Maraming taon kaming nag-iipon upang maipabago ang paliguan. Subalit tuwing taglamig kinukuha namin ang salapi sa bangko at sumasama sa dalawang mag-anak sa pamamasyal na nag-iiski. Ang aming panganay na anak na



*14-a, Ang sama-samang pagsasaya ay nagpapatatag sa mga mag-anak.*

lalaki ay nasa hukbo ngayon at madalas niyang banggitin sa kanyang mga sulat kung gaano kami kasaya sa mga pamamasyal na iyon. Alam ninyo, hindi ko lubos maisip kung ang isusulat niya sa amin ay, 'Hay naku, talagang mayroon tayong magandang paliguan, di ba?' " ' " (sa Conference Report, Abr. 1968, 57; o *Ensign,* Hunyo 1968, 75).

- Paano pinalakas ng mag-anak na ito ang kanilang pagkakaisa?

Marami sa atin ang nagnanais na gugulin ang ating panahon sa paggawa ng mga bagay na kapakipakinabang. Ang pagtatrabaho, pagtupad sa mga tungkulin sa Simbahan, paglilibang, pagpapahusay sa ating sarili—ay mahalaga lahat at gumugugol nang malaki sa ating panahon. Subalit, maaaring hindi ito ang pinakamahahalagang bagay sa ating buhay. Isipin kung paano ninyo sasagutin ang mga sumusunod na tanong:

- Ano ang pinakamahahalagang gawain sa aking buhay?
- Gumugugol ba ako nang sapat na oras sa paggawa ng mga pinakamakabuluhang gawain sa aking buhay?
- Paano ko maisasaayos ang aking buhay upang magkaroon ako ng higit na panahon para sa pinakamahahalagang gawain?

Ang isa sa pinakamahahalagang paraan upang gugulin ang ating oras ay ang gugulin ito sa ating mag-anak. Gayunpaman, ang ating mga pang-araw-araw na gawain, pansariling kapakanan, o di mabuting pagpaplano, ay nagbubunga ng masamang kaugalian at pag-aaksaya ng panahon na maaaring gugulin sa ating mag-anak. Kahit na ano pa ang ating katayuan, kailangan nating maglaan ng panahon para gugulin na kasama ang ating mag-anak at tumuklas ng mga paraan na mapagbuti ang ating pakikitungo sa ating mag-anak.

- Ano ang higit na naglalapit sa mag-anak? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagkalinga, pagpapakita ng pagmamahal, pagbabahagi, at paggawa ng mga bagay para sa at kasama ang bawat isa.)

**Mga Gawaing Nagbubuklod sa Mag-anak**

Karamihan sa atin ay nakagugunita mula sa ating pagkabata ng labis na kagalakan sa pakikibahagi sa mga karanasan bilang isang mag-anak. Isang ina ang nagbigay ng ganitong puna:

"Kapag pinagbabalikan kong isipin ang aking kamusmusan at ang mga taon ng kabataan, nagugunita ko nang may pagpipitagan ang nakalulugod na alaala ng mga bagay na ginawa naming mga anak at ng aking ina at ama bilang isang mag-anak. Nagugunita ko pa na noong panahong iyon, walang gaanong magagawa sa kabayanan, kaya kami'y humahanap ng aming mapaglilibangan sa aming tahanan. Hindi ko ipagpapalit ang mga alaala ng mga pagtitipon ng

aming mag-anak at iba pang libangan ng mag-anak sa lahat ng mga dulaan, bolingan at mga restawran sa panahong ito. . . .

"Pinagtibay kong gawin ang lahat ng aking makakaya na magbalak ng mga gawain para sa aking mag-anak na magdadala rin sa Espiritu ng Panginoon sa aming tahanan sa kaparaanang pinuspos ng Espiritu ang tahanan ng aking mga magulang. Nais kong magkaroon ang aking mga anak ng mga dakilang pagpapala na magkaroon ng mga alaala na napakahalaga sa akin." (*Family Home Evening Manual* [1968], 184–85).

Katulad ng inang ito, dapat nating sikaping maglaan ng mabubuting alaala sa ating mag-anak, subalit ang mga gawaing inaalay ng mundo sa labas ng tahanan ay hindi palaging katanggap-tanggap; karamihan ay hindi nakabubuo ng pagkakaisa ng mag-anak at ng pagkamalapit sa ating Ama sa Langit. Alam ng mga pinuno ng Simbahan ang lumalaking pangangailangan ng mga mag-anak na sama-samang gumawa ng mga bagay at sa gayon ay nagpayo sa atin na magplano ng mga gawaing pangmag-anak. Si Pangulong David O. McKay, halimbawa, ay nagpayo sa atin na gawing kaakit-akit ang ating mga tahanan at magkaroon ng maraming gawain doon (tingnan sa *Gospel Ideals*,[1954], 485–86). Kung gagawin natin ito, ang mga anak natin ay magiging masaya at maipagkakapuring dalhin ang kanilang mga kaibigan sa tahanan, sapagkat ang tahanan ay magiging masigla, magiliw at masayang pook.

- Anu-ano ang ilang gawin na nagbubuklod sa mga mag-anak? (Itala sa pisara ang mga iminungkahi. Idagdag sa tala ang alinman sa mga sumusunod: sumulat nang palagian sa sinumang nasa malayo, gumawa ng aklat ng mga bagay na pangmag-anak, gumawa ng palaro at maglaro, magkainan pagkatapos ng isang gawain, magkaroon ng gabi ng pag-aawitan, magkaroon ng gabi ng paglilibang, gumawa ng saranggola at paliparin ito, magsalitan sa pagbasa nang malakas ng paboritong aklat bawat linggo, o tulungan ang ibang mag-anak.)

Isang ama ang nagbahagi kung paano niya tinulungang magkasama-sama ang kanyang mag-anak.

"Nang ako ay tawaging maging pangulo ng misyon, ako'y natakot na sa napakahalagang sandali sa buhay ng aking walong anak, ay hindi ako magkaroon ng sapat na panahon na maging mabuting ama. Pinagpasiyahan ko na ang pagiging ama ay higit na mahalagang tungkulin mula sa Panginoon kaysa pagiging pangulo. Ito'y nangangahulugan na kahit na italaga ko ang aking sarili sa misyon, kailangan kong doblehin ang aking paglalaan ng sarili bilang isang ama. Alam ko na upang mapamunuan ko nang mabisa ang misyon, dapat munang pamunuan ko nang mahusay ang aking tahanan. Pinaggugulan ko ng maraming panahon ang aking mag-anak, sa

kaalamang sila lamang ang tanging mananatiling akin pagkatapos ng aking misyon. Kung nakaramdam sila ng katiwasayan at kaligayahan sa mga unang araw ng aming misyon, ang mga bagay ay mapabubuti.

"Isa sa pinakauna kong ginawa ay ang maghagis ng lubid sa taas ng sanga ng isang malaking puno na nakatayong napakataas sa loob ng aming bakuran. [Isang misyonero] ang nag-akyat ng lubid at itinali ito sa sanga. Sa ganoon ang malaking duyan sa tahanan ng misyon ay nalikha. Sa pagkakaroon ng duyan nagdatingan ang mga bagong kaibigan mula sa mga kapitbahay para sa mga nakababata kong anak.

"Makaraan ang ilang buwan pagkarating namin, dumalo kami sa pulong ng mga pangulo ng misyon. Bawat pangulo, na tinanong kung ano sa pakiramdam niya ang pinakamainam niyang ideya hanggang sa sandaling iyon, ay nag-ulat ng mga palatuntunan na sa pakiwari niya ay nakaragdag ng kabutihan sa gawain. Nang dumating ang pagkakataon ko, sinabi ko, 'Ang pinakamabuting nagawa ko hanggang sa ngayon ay ang gumawa ng duyan.' Ang lahat ay nagtawanan. Namangha si Pangulong S. Dilworth Young at nagtanong. 'Ano?' Inilarawan ko ang duyan at ipinaliwanag ko na ang pangunahin kong layunin ay ang maging isang mabuting ama. . . .Ang duyan ang naging sagisag ko sa pagsasaayos ko ng aking mga dapat unahin. Pagkatapos ay dumating ang palaruan sa pagbabasketbol at ang talaksan ng buhangin. Ang aming bakuran ay naging parke, na pinagpalipasan ko ng maraming panahon kasama ng aking mga anak at kung saan sila nanirahan ng tatlong taon. Naniniwala ako na habang panahon nilang magugunita nang may kagalakan ang panahon nila sa Kentucky at Tennessee" (George D. Durrant, *Love at Home, Starring Father* [1973], 18–20).

- Ano ang ginawa ng amang ito upang tumulong sa pagtatatag ng pagkakaisa ng mag-anak?

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Eclesiastes 3:1–8.

Sinasabi ng banal na kasulatang ito na "sa bawat bagay ay may kapanahunan at panahon sa bawat panukala sa silong ng langit," kasama ang "panahon na tumawa." Gaano man tayo kaabala, dapat tayong magkaroon ng panahon bilang mag-anak na maglibang at magkasayahan nang sama-sama. Ang ating tahanan ay dapat mapuno ng mga tawanan at kaligayahan.

Maging ang gawain ay magiging masaya kung haharapin sa tamang paraan. Halimbawa, sa mga mag-anak na may maliliit na anak ang paggawa tulad ng pagtatanim sa halamanan, paglilinis ng bahay o paghuhugas ng pinagkainan ay maaaring harapin na parang isang laro. Pananatilihin nito ang kasiglahan at interes. Ang ganitong paraan ay makatutulong sa atin na akayin ang ating mag-anak patungo sa

maligayang buhay na balanse sa pagitan ng paggawa, pamamahinga at paglalaro.

**Pagpaplano ng mga Gawaing Pangmag-anak**

Ang matagumpay na gawaing pangmag-anak ay karaniwang pinaplano muna. Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong sa ating magplano at maisagawa ang mga gawaing pangmag-anak.

1. Ilista ang mga gawaing ikinasisiyang lahat ng miyembro ng mag-anak. Maaari itong gawin sa gabing pantahanan ng mag-anak.
2. Pumili ng gawain sa talaan.
3. Pumili ng araw para sa gawain. Isulat iyon sa kalendaryo ng mag-anak upang maiwasan ang salungatan.
4. Iplano nang sama-sama ang gawain, na isinasali ang lahat. Magbigay ng takdang gawain sa bawat miyembro ng mag-anak.
5. Ilathala ang gawain sa inyong mag-anak—pag-usapan ito nang may kasabikan.
6. Mag-ipon ng pera para sa gawain, kung kinakailangan.
7. Gawin ito!

- Ano pa ang magagawa natin upang makapagplano at makapagsagawa ng gawaing pangmag-anak?

Matapos idaos ang gawain, dapat nating pag-isipan kung papaano mapagbubuti ang paglilibang ng mag-anak. Kailangan nating tanungin ang ating mga sarili kung ano pa ang higit na makapagpapatagumpay sa gawain at higit na makapaglalapit sa mag-anak. Kung gagawin natin ito, mas malamang na hindi natin mauulit ang ating mga pagkakamali. Sama-sama tayong makapagpaplano upang maging higit na mabuti ang susunod na gawain.

Kailangan nating itala sa mga talaan ng ating mag-anak at mga sariling talaarawan ang ating mga gawain at isama ang mga larawan at natatanging alaala, kung maaari. Ang gunitain ang kasiyahang pinagsaluhan natin nang sama-sama, ay makapagpapalakas sa ating pagmamahal para sa isa't isa.

Kailangan ding magplano ang mga ama na gumugol ng panahon sa bawat miyembro ng mag-anak. Ito ay isang mabuting paraan para sa isang ama na mapag-ibayo ang pagkamalapit niya sa kanyang mga anak. Mararamdaman ng mga anak na sila ay mahalaga, at minamahal, kapag ang kanilang ama ay nagsisikap na gugulin ang kanyang panahon na sila lamang ang kasama.

Ang mga hindi pinlanong gawain ay nakapagpapalapit din sa mga mag-anak. Ang mga gayong gawain ay mahalaga; dapat nating samantalahin ang mga iyon.

**Nagpapatatag ng mga Mag-anak ang mga Gawain**

Ang sumusunod na kuwento ay nagpapakita kung ano ang pinakagusto ng mga anak sa kanilang mga ama:

"Tatlong daan at dalawampu't anim na batang mag-aaral ng distrito na malapit sa Indianapolis ang hinilingang sumulat, nang hindi ibibigay ang kanilang pangalan, kung ano ang iniisip ng bawat isa sa kanyang ama.

"Inisip ng guro na ang pagbabasa nang malakas sa mga isinulat ng mga bata ay makahihikayat sa mga amang dumalo sa kahit isang pagpupulong ng Samahan ng mga Magulang at Guro.

"At nangyari nga.

"Nagpunta sila na sakay ng mumurahing sasakyan at [mamahaling] sasakyan . Mayroong mga pangulo ng bangko, manggagawa, propesyonal, kawani, tindero, tagabasa ng metro, magsasaka, mangangalakal, panadero, mananahi, may-pagawaan, at mangongontrata, bawat tao ay may tiyak na pagkalkula sa kanyang sarili sa larangan ng pananalapi, kahusayan at kabutihan o personalidad. . . .

"Kumuha ang pangulo mula sa mga bunton ng papel. "Gusto ko ang itay ko," binasa niya ang bawat isa. Napakaraming dahilan; ginawa niya ang bahay ng aking manika, isinakay niya ako sa kariton, tinuruan niya akong mamaril, tinutulungan ako sa aking mga aralin sa paaralan, ipinapasyal ako sa parke, binigyan ako ng baboy upang patabain at ipagbili. Karamihan sa mga isinulat ng mga bata ay maaaring mapaikli ng ganito: 'Gusto ko ang aking ama. Nakikipaglaro siya sa akin.'

"Walang isa man sa mga bata ang bumanggit sa bahay ng kanyang mag-anak, kotse, kapitbahayan, pagkain, o damit.

"Ang mga amang pumunta sa pulong ay mula sa iba't ibang kalakaran ng buhay; lumabas sila sa dalawang uri: kaibigan ng kanilang mga anak o ibang tao sa kanilang mga anak.

"Walang tao ang labis na mayaman o labis na mahirap upang makipaglaro sa kanyang mga anak" (*Not by Bread Alone*, ni Bryant S. Hinckley [1955], 84).

Ang sama-samang paglalaro bilang mag-anak ay madalas magbigay sa atin ng pagkakataon na ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Ang pagsisimula ng ating mga gawain sa panalangin ng mag-anak ay

magtuturo sa ating mga anak ng kahalagahan ng panalangin. Ang paglutas ng mga hidwaan na natataon kapag tayo'y naglalaro ay magtuturo sa atin kung paano makibagay sa iba at maging maunawain sa damdamin ng iba. Ang pagtutulungan at ang paggawa ng sama-sama bilang isang pangkat ay magtuturo ng pananagutan at pagtutulungan. Ang sama-samang pagkakatuwaan ay makatutulong sa lahat ng miyembro ng mag-anak na magkaroon ng positibo at masayang saloobin.

Sa loob ng maraming taon ang mga ginagawa ng mag-anak ay kadalasang nagiging mga kaugalian. Ang ilang mag-anak ay may muling pagtitipun-tipon; ang iba ay nagbabakasyon, bumibisita sa templo o kaya'y nangingisda o nangangaso; ang iba ay nagtatatag ng pangkat ng mang-aawit o bumubuo ng mga mapaglilibangan ng mag-anak nang sama-sama. Maraming mabubuting kaugalian ang maitatatag ng mga mag-anak, at lahat ng iyon ay pawang mahahalaga, sapagkat tumutulong ang mga ito na mabuklod nang sama-sama ang mga mag-anak.

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ilahad kung papaanong nagpatatag sa kanilang mag-anak ang paglalaro ng sama-sama.

Ang iba sa atin ay labis na nahuhumaling sa ating hanap-buhay at sa mga gawain sa Simbahan kaya't nakaliligtaan natin ang ating mag-anak. Hindi ito kasiya-siya sa ating Ama sa Langit. Isang ganitong tao, na gumugol ng halos buong buhay niya sa paglilingkod sa Simbahan, ay napag-alaman isang araw na napapalayo sa kanya ang anak niyang lalaki. Hindi niya ito pinag-ukulan ng maraming panahon, at ang ibinunga nito hindi sila malapit sa isa't isa tulad ng inaasahan sa mga ama at anak. Nang tangkain niyang turuan ang kanyang anak na ipamuhay ang ebanghelyo, ang anak niya ay nagrebelde at hindi na nagsimba.

Subalit ang butihing ama na ito ay may katalinuhan sa paglikha ng panahon para sa anak, gaya ng iniukol niya sa mga nakatatandang anak, bago siya naging lubusang abala. Hindi siya nangaral sa anak; sa halip, sinimulan niyang makipaglaro sa kanyang anak. Sinimulan niyang gawin ang gustong gawin ng kanyang anak. Magkasama silang pumupunta sa mga palaro ng bola. Magkasama silang nangangaso at nangingisda. Magkasama silang nagkakamping.

Pagkaraan ng tatlong taon ng pagsasama nila sa ganoong gawain, na sa panahong iyon ang dalawa'y naging malapit na malapit, bumalik ang kanyang anak sa simbahan. Pagkatapos ay tinanggap niya ang tungkulin na maglingkod sa isang misyon. Natutuhan ng amang ito na ang isang paraan upang maabot ang isang anak ay ang paggawa ng mga bagay na kasama nito.

**Katapusan**

Ang ating mag-anak ang pinakamahalagang bagay sa ating buhay. Samakatwid, napakahalaga na gawin natin ang yaong makatutulong sa atin na maging walang hanggang mag-anak. Ang paglalaan ng panahon upang maglaro nang sama-sama at pagbuklurin ang isa't isa ay makatutulong sa atin upang maisagawa ito.

- Ipahayag ang inyong patotoo sa kahalagahan ng pakikipaglaro sa inyong mag-anak.

**Hamon**

Bumuo ng gawaing pangmag-anak na magiging kasiya-siya sa buong miyembro ng mag-anak. Ang pagpaplano ay maaaring gawin sa oras ng gabing pantahanan ng mag-anak. Magtakda ng mga tiyak na gawaing pangmag-anak bawat buwan at isulat ang mga iyon sa kalendaryo.

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Hilingan ang dalawang miyembro ng klase na maikling ilahad ang tungkol sa kanilang pinakamasasayang karanasan sa mag-anak.
2. Maging handa sa pagpapatotoo sa kahalagahan ng pakikipaglaro sa inyong mag-anak.
3. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGTUTULUNGAN SA GAWAIN NG MAG-ANAK

*Aralin 15*

---

Ang layuning ng araling ito ay tulungan tayo na pairalin ang mabuting pag-uugali tungkol sa paggawa at hikayatin ang ugaling ito sa mga miyembro ng ating mag-anak.

**Pambungad**

"[Isang pahayagan ang naglathala] ng isang pakikipanayam sa isang retiradong pastol na ang gulang ay nakatala sa 165. Ang pangalan niya ay Shirali Mislimov. Siya'y isinilang at nanirahan sa buong buhay niya sa mga Bundok Caucasus. . .sa pagitan ng Black Sea at ng Caspian Sea. . . .

"Si Mislimov ay nagsisibak pa rin ng kahoy. 'Ako'y naniniwala na ang tamad ay hindi mabubuhay nang matagal,' ang sabi niya sa tagapanayam. . . .

"Sinabi sa lathalain na ang matandang lalaki ay 'naghuhukay pa rin sa paligid ng mga punong kahoy sa isang taniman, na kanyang paulit-ulit nang tinamnan sa buong buhay niya.'

"'*Ang walang tigil na paggawa*, ang hangin sa bundok at katamtamang pagkain ay nakatulong sa akin na marating ang gayong gulang,' ang sabi ni Mislimov na hindi umiinom ng alak o naninigarilyo" (Wendell J. Ashton, "The Sweetness of Sweat," *Ensign,* Hulyo 1971, 35; idinagdag ang mga pagkakahilig ng mga titik).

Inilahad ni Elder Neal A. Maxwell kung paano niya natutuhan ang kahalagahan ng paggawa noong kaniyang kabataan: "Ako'y biniyayaan ng mga magulang, na bilang matatapat na miyembro ng Simbahan, ay tinuruan ako nang maaga sa aking buhay ng maraming bagay tungkol sa ebanghelyo, pati na ang kahalagahan ng ebanghelyo ng paggawa. Kapwa sila masigasig na manggagawa at nagsikap na ipunin ang anumang pera na mayroon sila. . . .Naging madali sa akin ang matutuhang mahalin ang gawain dahil may mga magulang ako na gumagawa nang hindi dumadaing" ("Gospel of Work," *Friend*, Hunyo 1975, 6).

Sinabi ni Pangulong David O. Mckay, "Pakaunawain natin na ang pribelihiyo ng paggawa ay isang kaloob, na ang kakayahang gumawa ay isang pagpapala, na ang pagmamahal sa gawain ay tagumpay" (binanggit ni Franklin D. Richards, "The Gospel of Work," *Improvement Era,* Dis. 1969, 101).

- Bakit mahalaga ang ating pag-uugali tungkol sa paggawa? Paano nakaaapekto ang ating pag-uugali sa ating ginagawa? Paano nakaiimpluwensiya sa ating mga anak ang pag-uugali natin tungkol sa ating gawain?

**Gawain para sa Buong Mag-anak**

- Ipakita ang larawan 15-a, "Ang bawat miyembro ng mag-anak ay dapat makibahagi sa gawaing pangmag-anak."

Na walang pagsasaalang-alang kung sino tayo o kung saan tayo naninirahan, lahat tayo ay may gawaing dapat gawin. Pangkaraniwan na ang mga ama ang naglalaan ng pagkain, kasuotan at tirahan para sa kanilang mag-anak. Ang mga ina naman ang karaniwang namamahala sa tahanan at nagtuturo sa mga anak. At ang buong mag-anak ang mananagot sa mga gawaing pambahay. Dapat maunawaan ng mga bata na sila'y mahalagang bahagi ng mag-anak at kailangan ang kanilang tulong.

- Anu-ano ang gawain sa ating tahanan na pananagutan natin at ng ating mga anak? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagpapanatiling maayos ng bakuran at bahay, pag-aalaga ng mga hayop, pag-aalis ng mga basura, paghahanda ng pagkain, pag-aalaga ng mga anak, pananahi, pamimili, at paglilinis.)

Kung minsan kailangan nating lumikha o humanap ng gawain para sa mga bata. Isinalaysay ni Elder Loren C. Dunn kung paano nilutas ng kanyang ama ang suliraning ito:

"Habang kami'y lumalaki sa isang maliit na komunidad, nakita ng aking ama ang pangangailangan naming magkapatid na matutuhan ang alituntunin ng paggawa. Kaya ang resulta, pinagawa niya kami sa isang maliit na bukid sa dulo ng bayan kung saan siya lumaki. Siya ang nagpapatakbo ng pambayang pahayagan, kaya hindi siya makagugol ng maraming oras sa amin maliban sa umagang-umaga at sa gabi. Iyon ay malaking pananagutan para sa dalawang kabataan, at kung minsan kami'y nagkakamali.

"Ang munti naming bukid ay napaliligiran ng ibang bukirin at ang isa sa mga magsasaka ay nakipagkita sa aming ama isang araw upang sabihin sa kanya ang mga bagay na sa akala niya ay mali ang ginawa namin. Nakinig mabuti ang aming ama sa kanya at pagkatapos ay



*15-a, Ang Bawat miyembro ng mag-anak ay dapat makibahagi sa gawaing pangmag-anak.*

nagsabi, 'Jim, hindi mo nauunawaan. Tingnan mo, ako'y nagpapalaki ng mga batang lalaki at hindi mga baka.' Pagkamatay ng tatay ko sinabi sa amin ni Jim ang kanyang kuwento. Napakalaki ng pasasalamat ko sa aking ama na nagpasiyang magpalaki ng mga batang lalaki at hindi ng mga baka. Sa kabila ng aming pagkakamali, natutuhan namin kung paano ang gumawa sa munting bukid na iyon at sa palagay ko, kahit hindi sila nagsalita ng higit pa, nalalaman namin na kami'y higit na mahalaga sa aming ina at ama kaysa mga baka, o sa ganoong bagay, kahit anupaman" (sa Conference Report; Okt. 1974, 12; o *Ensign,* Nob. 1974, 11).

**Pagsasaayos at Pagtatakda ng Gawain**

Ang buong mag-anak ay nakikinabang sa gawain na ginagawa sa tahanan, kaya kailangang handa nilang gawin ang kanilang bahagi. Ang bawat isang miyembro ng mag-anak ay dapat bigyan ng mga tungkulin na naangkop sa kanyang kakayahan. Mahahadlangan nito ang katamaran at matatapos ang lahat ng gawain. Pati na ang maliliit na anak ay maaaring mabigyan ng madadaling gawain.

Sa pagsasaayos at pagtatakda ng gawain ng mag-anak, dapat nating pulungin ang ating mag-anak at isama sila sa paggawa ng kapasiyahan. Magagawa natin ito sa oras ng ating gabing pantahanan ng mag-anak, o kaya'y maaari tayong magdaos ng isang tanging pulong ng mag-anak. Kahit na pangangasiwaan natin ito, ang buong miyembro ng mag-anak ay dapat makisali sa pagsasaayos, yayamang ang lahat ay inaasahang gagawin ang kanilang bahagi sa gawain.

Isang paraan ng pagsasaayos ng gawaing bahay ay ang paggawa ng talaan ng lahat ng dapat gawin, na itinatala ang mga gawain ng sunod-sunod ayon sa kahalagahan o sa kahirapan. Pagkatapos ang pangalan ng isang miyembro ng mag-anak ay ilalagay sa papel na pinagtakdaan, kasunod ng bawat gawain. Kapag tapos na ang talaan, ito'y dapat ipaskil sa lugar na makapagpapaalaala sa lahat ng kanilang tungkulin. Kung ang isang miyembro ng mag-anak ay hindi pa nakababasa, maaaring gumuhit ng larawan bilang mga simbolo ng mga salita at pangalan.

- Ipakita ang poster ng mga sumusunod na halimbawa ng talaan, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara.

| **Mga Tungkulin ng Mag-anak** | |
|---|---|
| Maglilinis ng bakuran<br>Mamimili | Ama |
| Mananahi at maglalaba ng damit<br>Maghahanda ng mga pagkain | Ina |
| Gagatasan ang baka<br>Pakakainin ang mga hayop<br>Ilalabas ang basura | Juan |
| Maghuhugas ng pinagkainan<br>Mag-aalaga ng mga nakababatang kapatid | Maria |
| Maglilinis ng kusina<br>Mangangahoy | Sara |

Upang makapagbigay ng pagbabago at iba't ibang karanasan maaaring naisin ng mga miyembro ng mag-anak na makipagpalitan ng mga tungkulin linggo-linggo o buwan-buwan. Kung gagawin ito, ang talaan ng takdang-gawain ay kailangang palitan ng bago. Siyempre pa, ang tsart na ito ay isang paraan lamang ng pagsasaayos ng mga gawain ng mag-anak.

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ibahagi kung paano nila isinasaayos ang mga gawain ng mag-anak.

Natuklasan ng isang mag-anak na gumamit ng paraang ito, na ito ay nagbigay-daan sa kanila upang turuan ng sariling pananagutan ang kanilang mga anak. Sa isang gabing pantahanan ng mag-anak, ang mag-anak ay gumawa ng isang talaan ng mga gawain sa bahay. Ang anim na taong gulang na batang lalaki ay sumang-ayon na pangalagaan ang bakuran sa harap ng kanilang bahay. Ito'y nangangahulugang didiligin niya ang mga halaman, bubunutin ang mga talahib at papantayin ang mga damo.

Makaraan ang ilang araw napansin ng ama ang mga papel na nakakalat sa lupa at ang damuhan ay mukhang napabayaan. Naisip niyang gawin ang gawain ng bata. Madaling gawin iyon subalit alam niyang kapag ginawa niya iyon, binabawi niya ang pananagutan na kanyang ibinigay. Kaya iniwan niya ang bakuran gaya ng makita niya ito.

Nang sumunod na gabi higit na maruming tingnan ang bakuran. Totoong hindi ginagawa ng kanyang anak ang kanyang gawain. Ang malilinis na bakuran ng kanyang mga kapitbahay ay lalo lamang nagpapangit sa kanyang bakuran. Napag-isip-isip ng ama ang magugugol kung mamamatay ang mga halaman. Nag-alinlangan tuloy siya kung napakalaki ng ibinigay niyang tungkulin sa kanyang anim na taong gulang na anak. Subalit muli, siya'y nagpasiya na higit na mahalaga ang kanyang anak kaysa mga bagay, at tumanggi siyang gawin iyon.

Sa halip, tinanong ng ama ang kanyang anak kung maaaring maglakad silang dalawa sa paligid upang makita ang kalagayan ng mga bagay-bagay. Sumang-ayon ang anak. Matapos nilang makapaglakad sa paligid ng bakuran, sinabi ng bata, "Naku itay, napakahirap nito!" Sinabi ng ama, "Gusto mo bang tulungan kita?" "Opo!" ang sagot ng anak. "Maghintay po kayo dito." Ang bata'y tumakbo sa loob ng bahay, naglabas ng dalawang supot at hiniling sa ama na linisin ang isang bahagi ng bakuran habang nililinis niya ang iba. Pagkaraan ng ilang sandali, natapos sila.

Sa loob ng dalawa pang linggo ang anak na iyon ay naging lubos na responsable sa bakuran. Alam niya na kung hindi niya aalagaan iyon ay walang ibang mag-aalaga nito. Alam niyang umaasa at nagtitiwala sa kanya ang kanyang ama (Halaw mula sa *The Spiritual Roots of Human Relations* ni Stephen R. Covey [1970], 145–46).

- Paano tinulungan ng amang ito ang kanyang anak na gampanan ang kanyang tungkulin? Bukod sa pagkakaloob ng sariling tulong, ano pa ang magagawa natin upang mas maging kasiya-siya ang mga paulit-ulit na gawain? (Makapagbibigay tayo ng maliliit na pabuya upang himukin ang mga bata na tapusin ang kanilang gawain.)

Ang pagtuturo ng pananagutan at ang pakikibahagi sa bigat ng gawain ay mahalaga. Ang pagsasaayos ng mag-anak upang ang lahat ay may mga tiyak na tungkulin ay makatutulong sa atin bilang magulang na gawin ito. Subalit huwag nating kalilimutan na maglaan ng panahon upang mamahinga at maglibang. Pinaaalalahanan tayo ni Elder Franklin D. Richards na magtakda ng panahon para sa paglilibang gaya rin ng paggawa: "Sa paghahanap ng paraang magkaroon ng pagmamahal sa gawain, huwag nating kaligtaan ang halaga ng paglilibang. Kahit na ang gawain ay lubos na mahalaga sa pagtatagumpay, ang paglilibang at wastong pamamahinga ay kailangan din. [Ang kakayahang timbangin ang paraan ng paggawa] ay isang mahalagang sanhi ng pagkakaroon ng pagmamahal sa gawain. Inaasahan ng Panginoon ang bawat isa sa atin na isagawa ang pagbabalanse ng paggawa at paglilibang at gayon din ang pisikal at espiritwal na bahagi ng buhay" (*Improvement Era,* Dis. 1969, 103).

**Ang Halaga ng Paggawa nang Sama-sama**

- Ano ang halaga ng paggawa nang sama-sama bilang isang mag-anak? (Itala sa pisara ang mga kasagutan ng klase. Tiyaking ibilang ang mga sumusunod: tayo'y makararanas ng kagalakan sa pagkakita natin sa bunga ng ating sama-samang paggawa, higit na malalapit tayo sa ating mag-anak at, ang ating mga anak ay matututong makiisa at makibahagi sa pananagutan, makararanas tayo ng kagalakan bilang mga magulang dahil sinusunod natin ang kagustuhan ng Panginoon, at ang buong mag-anak ay makikinabang mula sa pagkatutong gumawa).

"Sa isang mag-anak na Banal sa mga Huling Araw kung saan ang Ama ay isang manggagamot, nag-aalala ang mga magulang kung paano matutuhan ng kanilang mga anak ang halaga ng paggawa. Napag-isip-isip nila na pinalalampas nila ang pagkakataon para sa pag-unlad ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pag-upa sa isang katiwala upang linisin ang tanggapan.

"Ang mga bata na tuwang-tuwa sa pagkakataong kumita nang palagian ay umako ng paglilinis ng tanggapan tuwing umaga. Ang pagtutulungan ay naging mahalagang bagay. Ang mga babae sa mag-anak ay maglilinis sa tanggapan isang umaga habang ang mga lalaki ay nasa bahay upang tumulong sa mga gawaing bahay; pagkatapos, magpapalitan sila kinabukasan ng tungkulin. . . .

"Bilang bunga ng proyektong ito: (1) naging pamilyar ang mga bata sa hanapbuhay ng kanilang ama. . . (2) nadama ng mga bata na bahagi sila ng hanapbuhay ng kanilang ama at nakadama ng pagmamalaki sa sarili sa kanyang paggawa. (3) Nagkaroon ng palagiang proyekto ang mga bata na may pang-araw-araw na tungkuling dapat tuparin at ang damdaming may pananagutan na makitang natapos ang gawain. (4) Nagkaroon ng pagtutulugan ang mga bata. . . (5) Nagkaroon ng regular na kita ang mga bata" (Elwood R. Peterson, "Family Work Projects for Fun and Profit," *Ensign,* Hunyo 1972, 8).

- Ano ang batas ng pag-aani? ("Aanihin natin ang ating ipinunla." Isulat ang pariralang ito sa pisara.

Bawat tungkuling ating gawin ay may likas na gantimpala. Habang naghahalaman tayo at inaalagaan ang mga iyon, tinatamasa natin ang bunga ng ating pagpapagal sa panahon ng anihan. Sa ating pagtatayo at pagkukumpuni ng ating tahanan, tayo'y naninirahan sa higit na kaginhawahan at katiwasayan. Habang pinananatili nating malinis at kaakit-akit ang ating pananamit, nagtatamasa tayo ng higit na kaginhawahan at nagpapakita ng mabuting huwaran ng kalinisan. Sa ating paghahanda ng masusustansiyang pagkain at pinananatiling

malinis ang mga kagamitan sa pagkain, nagtatamasa tayo ng mas mabuting kalusugan.

Ang isa sa mga layunin ng gawaing pangmag-anak ay ang pag-ibayuhin ang ugali at matutong gumawa. Napagkakatiwalaan ang mga tao habang inaako nila ang pananagutan at nagtatamasa ng kasiyahan sa tungkuling buong husay na ginampanan. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Umaasa ako na nauunawaan natin na, samantalang may halamanan, halimbawa, ay nakatutulong nang madalas sa pagpapaliit ng gastos sa pagkain at nagkakaroon tayo ng masasarap at mga sariwang bungang-kahoy at gulay, higit pa sa rito ang nagagawa nito. Sino ang makasusukat ng halaga ng tanging pag-uusap ng anak na babae at ng ama habang sila'y nagbubunot ng mga damo o kaya'y nagdidilig ng halaman? Paano natin mapahahalagahan ang kabutihang nanggagaling sa nakikitang aralin tungkol sa pagtatanim, pagbubungkal at sa walang hanggang batas ng pag-aani? At paano natin masusukat ang pagkakaisa at pagtutulungan ng mag-anak na kailangang kasama ng matagumpay na pagpepreserba ng pagkain? Oo, nag-iipon tayo ng mga kailangan, ngunit marahil ang higit na kahusayan ay napapaloob sa mga aral ng buhay na natututuhan natin habang *buong pagsisinop tayong namumuhay* at ipinaaabot sa ating mga anak ang kanilang minana sa mga nauna sa kanila" ("Welfare Services: The Gospel in Action," *Ensign*, Nob. 1977, 78).

Ang sumusunod na pangyayari ay nagsasalaysay kung papaanong natututo ang isang miyembro ng mag-anak ng kahalagahan ng paggawa na kasama ang kanyang mag-anak:

"Noong kalahatian ng mga buwan ng tag-araw ang malalaking bahagi ng taniman ng kamote ay kailangang hawanin. Ito'y nangangahulugan na dapat naming hukayin ang ibang maliliit na gulay upang magkaroon ng lugar para tumubo ng malalaki ang mga kamote. Gustong-gusto naming kumain ng hinawang kamote, subalit labis kaming napagod sa kayuyuko sa buong maghapon na paghahawan. Isang araw, sinubukan kong tumigil sa bahay at hindi na bumaba doon sa mahahabang hanay ng mga taniman ng kamote. Sinabi ko sa aking ama na masakit ang aking ulo—na natitiyak kong masakit nga—subalit hindi niya ako binigyan ng pahintulot na magpahinga. Kaya lahat kami'y naglakad patungo sa bukid at nagsimulang gumawa.

"Matapos akong makapaghawan ng ilang sandali ako'y dumaing na masakit ang ulo. Wari'y hindi ako pinaniwalaan ng aking ama dahil hindi niya ako pinauwi. Paulit-ulit akong dumaing na masakit ang aking ulo. . . . Sa wakas sinabi nang aking ama, 'Sige, umuwi ka sa bahay at sabihin mo sa iyong ina na pumunta dito at maghawan ng kamote kapalit mo.' Ito'y nakapagpahilakbot sa akin—hindi ko maisip na pupunta ang nanay ko sa bukid at gagawin ang gawain ko. Sinabi

ko sa aking ama na mamabutihin ko na ang magpaiwan at gumawa: habang ako'y gumagawa nawala ang sakit ng ulo ko at hindi na ako dumaing na muli."

- Ano ang natutuhan ng batang ito sa kanyang karanasan? (Ang mga sagot ay maaaring kapalooban ng kahalagahan ng paggawa, paggawa ng kanyang bahagi, paggalang sa kanyang mga magulang.)

**Katapusan**

Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell:

"Hindi ako naniniwala na magiging masaya ang tao maliban kung may ginagawa silang gawain. Ang isa'y maaaring tunay na maging alipin ng katamaran kaysa gumawa. Pinananatili rin tayong mapagpakumbaba ng paggawa at nagpapagunita ito sa atin kung paano dumarating ang lahat ng ating pagpapala mula sa ating Ama sa Langit. . . .

"Ang ebanghelyo ng paggawa ay isang napakahalagang turo ng Simbahan. Kapag natuto tayong gumawa sapul sa ating pagkabata, tayo'y higit na magiging mabubuting tao, mabubuting miyembro ng mga mag-anak, mabubuting kapwa, at mabubuting disipulo ni Jesucristo, na Siya mismo ay natutong gumawa bilang isang karpintero" (*Friend,* Hunyo 1975, 7).

**Hamon**

Maging masaya at huwag dumaing tungkol sa inyong gawain. Magplano, magtatag, at maghanda ng iskedyul ng gawaing pangmag-anak ngayong linggong ito na nagtatakda sa mga miyembro ng mag-anak ng kanilang mga tungkulin.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Mga Kawikaan 6:6–11 (halimbawa ng langgam)
- Mga Taga Efeso 4:28 (payo na maging masikap sa sarili at mapagmahal sa kapwa)
- I Mga Taga Tesalonica 4:9–12 (Ang mga banal ay gagawa sa pamamagitan ng kanilang sariling kamay)
- 2 Nephi 5:17 (ang mga Nephita ay hinihikayat na maging masipag)
- Doktrina at mga Tipan 42:42 (ang mga tamad ay hindi kakain ng pinaghirapan ng manggagawa)
- Joseph Smith—Kasaysayan 1:55 (gumawa si Joseph Smith)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang *Mga Tungkulin at mga Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A,* aralin 23, "Pagpapaunlad at Pagpapabuti ng mga Kasanayang Panghanapbuhay."
2. Basahin ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 27, "Gawa at Pansariling Pananagutan."
3. Ihanda ang poster na iminungkahi sa aralin, o isulat ang impormasyon sa pisara.
4. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGHAHALAMAN SA TAHANAN

*Aralin 16*

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na paghusayin ang ating kasanayan sa paghahalaman para sa mag-anak.

**Pambungad**

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Hinihikayat namin kayo na magtanim ng lahat na makakain na maaari ninyong patubuin sa inyong bakuran. Mga palumpong, ubas, bungang kahoy–itanim ang mga iyon kung ang klima ay hiyang para sa pagtubo ng mga ito. Magpatubo ng mga gulay at kainin ang mga iyon mula sa inyong bakuran. Kahit na yaong mga nakatira sa mga apartment at kondominyum ay makapagpapatubo rin ng kaunting makakain sa mga paso at anumang taniman. Pag-aralan ang pinakamabuting paraan ng paglalaan ng inyong sariling pagkain. Gawin ninyo ang inyong halamanan na. . .maayos at kahali-halina at nagbubunga rin nang sagana. Kung may mga bata sa inyong tahanan, isali sila sa proseso ng pagtatanim na may mga takdang pananagutan" (sa Conference Report, Abr. 1976, 170–71; o *Ensign,* Mayo 1976, 124).

**Ang mga Gantimpala ng Paghahalaman sa Tahanan**

Maraming mabubuting dahilan upang maghalaman:

***Pagkakaisa ng Mag-anak***

Ang mag-anak na nagtutulungan sa paghahalaman sa tahanan ay nagkakaroon ng pagkakaisa dahil kabahagi sila ng iisang layunin. Sinabi ni Pangulong Kimball: "Inaasahan namin na ginagawa ninyo ang [panukalang paghahalamang] ito na isang gawaing pangmag-anak, na ang lahat, kahit na ang pinakabata ay may takdang gawain. Napakarami pang matututuhan at maaani mula sa inyong halamanan, higit pa sa pagiging basta ani lamang" (sa Conference Report, Abr., 1978, 120; o *Ensign,* Mayo 1978, 79).

***Pagpapahalaga sa Gawain***

Ang halamanan sa tahanan ay tumutulong sa mga bata na matutuhan ang kahalagahan ng paggawa. Matapos nilang tulungan ang mag-anak

na magtanim at pangalagaan iyon, masisiyahan silang makita ang kalalabasan ng kanilang kasipagan.

***Nakapagsasarili***

Ang paghahalaman ay tumutulong sa atin na magkaroon ng tiwala sa sarili habang nagiging higit tayong handa na matugunan ang ating mga sariling pangangailangan. Alam natin na kung darating ang mga suliranin ay mahaharap natin iyon dahil mayroon tayong nakaimbak na prutas, may halamanan at nagtanim ng mga bungang-kahoy at palumpong ng mga gulay. Isang karagdagang pagpapala ang malaman na makatutulong din tayo sa ibang nangangailangan..

***Tagubilin at Kasiyahan***

Ang halamanan ay nagpapagunita sa atin ng kagandahan ng daigdig na ito na nilikha ng ating Ama sa Langit para sa atin at makapagbibigay ito sa atin ng mga sandali ng tagubilin at kasiyahan habang nasasaksihan natin ang himala ng pagtubo nito. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na ang halamanan "ay magpapagunita sa ating lahat ng batas ng pag-ani. . . .Tunay ngang inaani natin ang ating itinanim. Kahit na ang kapirasong lupa na inyong binungkal, tinaniman at pinag-anihan ay maliit lamang, inilalapit nito ang likas na tao sa kalikasan tulad nang nangyari sa simula sa ating mga unang magulang" (sa Conference Report, Abr. 1976, 117; o *Ensign,* Mayo 1978, 77–78).

***Kalusugan***

Mahal tayo ng Panginoon at nais niya tayong maging malusog. Ang pagtatanim at pagkain ng sarili nating sariwang gulay at bungang-kahoy ay makatutulong sa atin na manatiling malusog. Gayundin, ang mga nakukuha nating pagkain mula sa ating halamanan ay karaniwang mas sariwa at mas malasa kaysa sa mga binibili nating pagkain.

***Mababawasan ang Gastos***

Ang paghahalaman sa tahanan ay nakababawas sa halaga ng pamumuhay. Ang pagkain ng mga bungang-kahoy at gulay na itinanim natin ay makapagpapaipon sa atin ng pera na magugugol sana natin sa pagbili ng pagkain na itinanim ng iba.

- Anu-ano pa ang matutuhan natin mula sa pagtatanim at pag-aani sa halamanan?

**Pagsisimula nang may Plano**

Bago tayo magtanim sa ating halamanan, kailangang gawin natin ang mga sumusunod na pagpapasiya.

***Saan Tayo Magtatanim?***

- Ipakita ang larawan 16-a. "Ang isang halamanan sa tahanan ay nakapagbubunga ng maraming uri ng pagkain,"



*16-a, Ang isang halamanan sa tahanan ay makapagbubunga ng maraming uri ng pagkain.*

16-b, "Makapaghahalaman halos kahit saan"; 16-c, "Maaaring itanim ang mga gulay at prutas sa mga paso kung walang lupang mapagtatamnan."

Ang halamanan ay marapat lamang na malagay sa pinakamainam na lugar, sapagkat ito'y magiging isang napakahalagang piraso ng lupa. Isang maaliwalas na lugar na naaarawan nang hindi kukulangin sa anim na oras isang araw ang pinakamainam para sa halamanan.

Hanggang maaari ang halamanan ay malapit sa bahay. Ito'y hindi dapat napakatarik na maaanod ng tubig ang mga lupa at buto. Kung ang halamanan ay nasa matarik na libis, ang mga tudling ay kailangang *pahalang* sa libis at hindi pataas at pababa.

Ang lupa ay mahalaga rin. Kung labis itong mabuhangin, ito'y hindi makapag-iimbak ng tubig. Kung ito naman ay puno ng luwad maglulusak ang tubig sa ibabaw at mabagal bababa. Alinman sa suliraning ito ay malulutas sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kabaligtarang uri ng lupa at sa pamamagitan ng pagdaragdag ng mga binulok na halaman at dumi ng hayop. Kung hindi sapat ang ulan sa lugar na iyon, kakailanganin ang patubig.

Ang mga naninirahan sa apartment ay nahaharap sa natatanging suliranin dahil sa kaliitan ng lugar. Ang mga taong ito ay maaaring magtanim sa mga paso at iba pang mapagtataniman, o kaya ay humiram o umupa ng lupa. Ganito ang ginawa ng dalawang mag-anak sa Alemanya upang makapaghalaman. Sa pagsulat ng kanilang karanasan kay Pangulong Spencer W. Kimball, sinabi nila:

"Kami ay dalawang mag-anak sa Misyong Frankfurt, at [sumulat] kami upang sabihin sa inyo ang tungkol sa aming halamanan.

"Hindi madali ang humanap ng isang maliit na lupa sa isang malaking lungsod katulad ng Frankfurt—ito'y maliit na halamanan—at noong upahan namin ito, ito'y mukhang isang kasukalan, may sira-sirang bakod, isang sirang maliit na bahay, at mga ligaw na damo sa lahat ng dako. Hindi iyon nakapagpahina sa aming loob.

"Una, gumawa kami ng bagong bakod, kinumpuni ang maliit na bahay at [hinukay] ang buong halamanan. Noong tagsibol, nagtanim kami ng mga gulay at sinabi ng mga kapitbahay namin, na hindi raw tutubo [ang mga iyon]. May maliit na batis na napupuntahan namin nang nakabisikleta at mayroon [kaming dala-dalang mga lata] at sa ganoong paraan namin dinadala ang aming tubig. Nanalangin kami sa Panginoon na pagpalain ang aming halamanan. Dininig nga ng Panginoon ang aming mga dalangin. Lahat ng uri ng gulay ay tumubo. Kahanga-hangang pagmasdan ang mga halamang tumutubo" (binanggit ni Spencer W. Kimball sa Conference Report, Okt. 1976, 5; o *Ensign*, Nob. 1976, 5).



*16-b, Makapaghahalaman halos kahit saan.*

***Ano ang Ating Itatanim?***

Ang pangalawang pagpapasiya na ating gagawin ay kung ano ang ating itatanim. Ang ibang taniman ay maraming puwang, ang iba nama'y maliit lamang. Kapag ang lugar ay maliit, piliin natin ang mga pananim na tumutubo nang pataas, katulad ng mga ampalaya, sitaw, o kamatis na tinutukuran ng mga tulos. Ang puwang ay mapangangalagaan din sa pamamagitan ng pagtatanim ng buto na namumunga ng marami, tulad ng kalabasa at kamatis, sa halip na magtanim ng buto na isa lamang ang bunga o paisa-isang ugat tulad ng mga labanos.

Bagama't kakailanganin nating maglaan ng puwang, dapat tayong pumili ng pagkaing makapagbibigay sa ating mag-anak ng mga sustansiyang kailangan nila. Dapat din nating itanim ang mga pagkaing gusto nila at kanilang kakainin. Ang gulay na buto gaya ng patani, balatong, kagyus at mani; mga prutas at madadahong gulay; mga ugat na gulay; at mga butil ay nagbibigay sa atin ng iba't ibang sustansiya mula sa iba't ibang grupo ng pagkain. Mangyari pa, sa ating pagpili, dapat lamang na piliin natin ang mga pagkain na tutubo nang maayos sa ating klima at lupa.

- Ipakita ang poster na may talaan ng mga tanging prutas, gulay, buto, ugat at butil na tumutubo sa inyong lugar o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara. Maaari ninyong talakayin kung alin sa mga bungang ito ang nagbibigay ng pinakamaraming pagkain sa kakaunting lugar na pagtataniman.

Kailangan tayo gumuhit ng mapa ng ating halamanan bawat taon sa ating pagpaplano ng ating pananim upang mapagpalit-palit natin ang mga pagkain taun-taon. Kapag ang magkatulad na halaman ay itinatanim sa parehong lugar taun-taon, bababa nang bababa ang uri ng mga iyon.


- Ipakita ang larawan 16-d, “Isang halimbawang plano ng halamanan.”

***Kailan Tayo Magtatanim?***

Ang isa pang pagpapasiya na dapat nating gawin ay kung kailan tayo magtatanim. Ang iba't ibang pagkain ay tumutubong higit na mabuti sa ilalim ng iba't ibang kalagayan. Higit na tumutubo ang ibang pananim sa panahon ng tag-init, samantalang hiyang ang iba sa panahon ng tag-ulan. May mga pananim na tumutubo ng pinakamainam sa malamig na panahon, tulad ng mga ubi, repolyo, karot, litsugas, sibuyas, kagyos at kangkong. Ang iba'y tumutubong mabuti sa mainit-init na panahon, tulad ng mga sitaw, mais, milon, kalabasa at kamatis. Dapat nating malaman kung kailan itatanim ang mga prutas o gulay na tumutubo nang mainam sa ating lugar.



*16-c, Maaaring itanim ang mga gulay at prutas sa paso kung walang lupang mapagtatamnan.*




*16-d, Isang halimbawang plano ng halamanan.*

- Ipakita ang poster na may tala ng panahon ng pagtatanim para sa mga tanging pananim sa inyong lugar, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara.

**Paghahanda ng Lugar na Pagtatamnan**


Apat hanggang anim na linggo bago sumapit ang pagtatanim, alisan ng mga damo, tuod, bato, sukal, at maliliit na sanga, ang lugar na pagtatamnan at bungkalin ang lupa sa pamamagitan ng pala o asarol, upang madaling makalagos ang tubig. Ang lupa ay tamang-tama lamang pagtamnan kung ito'y buhaghag subalit hindi kimpal-kimpal.

Karamihan sa lupa ay maaari pang mapainam. Ang pataba na mga pinagsamang binulok na halaman at dumi ng hayop ay makapagpapabuti sa sangkap ng kapwa mabuhangin at maluwad na lupa. Ang pinaghalong binulok na halaman at dumi ng hayop ay tumutulong din sa pagkakaroon ng marami at mas magandang ani dahil iyon ay nagdaragdag ng pampataba sa lupa. Ang mahusay na pagkakahanda ng binulok na halaman at dumi ng hayop, gayunpaman ay hindi magagawa at maidaragdag sa lupa sa gayunding araw. Karaniwan nang inaabot ng apat hanggang anim na buwan ang paggawa ng patabang binulok na halaman at dumi ng hayop. Dahil dito, ang ibang tao ay gumagawa ng bunton ng mga binulok na halaman at dumi ng hayop taun-taon at idinaragdag ito sa kanilang halamanan sa susunod na taon.

Hindi mahirap gumawa ng pinaghalong binulok na halaman at dumi ng hayop. Una, humanap ng lugar na paglalagyan. Ito'y maaaring hayag na lugar na malayo sa tubig na iniinom, o isang hukay o kaya'y isang kural na may tatlong tagiliran na yari sa bakod na kahoy o kawad sa ibabaw ng lupa. Susunod, ikalat ang isang anim na pulgadang bunton ng mga nabubulok na bagay o basura gaya ng mga damo, dahon, tinadtad na busal ng mais, dayami, gulay o balat ng prutas, o mga tira-tirang pagkain sa lugar na iyon, at paka-ingatang hindi masama sa bunton ang mga lata, bagay na yari sa bakal, buto, taba at iba pang bagay na hindi agad nabubulok. Sa buntong ito ay idagdag ang dumi ng mga alagang hayop o mga manok o ang binibiling pataba. Ang dumi ng mga baka, manok, tupa, kambing, kabayo at baboy ay nagiging mabuting pataba. Ang mga dumi ng tao o hayop na kumakain ng karne ay hindi dapat gamitin: ang mga duming ito ay nakasisira sa lupa.

- Ipakita ang larawan 16-e, "Ang bunton ng binulok na pataba."

Tapusin ang bunton ng pataba sa pamamagitan ng pagtatakip sa suson ng dumi na may dalawang pulgadang suson ng lupa. Pagkatapos ayusin ang itaas ng bunton upang mag-anyong palanggana na mag-




*16-e, Ang bunton ng binulok na pataba.*

iipon ng tubig. Habang maraming dumi ang naiipon, ang bawat anim na pulgadang suson ng dumi ay tinatakpan ng dalawang pulgadang lupa. Basain ang bawat suson kapag ito'y idinagdag sa bunton.

Dapat panatilihing mamasa-masa ang bunton, subalit hindi basang-basa, at binabali-baligtad ng panusok na tinidor bawat linggo o higit pa upang makapasok ang hangin sa gitna. Ang bunton ay madaling mabubulok kung ang gitna ay nag-iinit ng mga 160°F. Kung ang bunton ng pataba ay hindi mainit sa gitna, marami pang nitrogen ang maaaring idagdag sa kaanyuan ng giniling na buto ng bulak o tinuyong dugo ng hayop o gumamit na pampataba na nitrogen, kung may makukuha. Kapag nawala na ang amoy ng bunton maaari nang idagdag ang binulok na pataba sa lupa.

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ilarawan kung paano sila gumagawa ng pataba.

**Pagtatanim sa Halamanan**

Sa mga lugar na ang panahon ng pagpapatubo ay maigsi, ang halamanan ay maaaring simulan sa paso sa loob ng bahay. Kung ang halamanan ay sinimulan sa labas, itanim ang mga buto sa tuwid na hanay upang makilala ang kaibahan ng sumisibol na gulay sa mga damo.

Magtanim sa bawat hanay ng magkakatulad na pananim, gaya ng mais, tuwing linggo sa loob ng sunud-sunod na linggo upang ang mga pananim ay hindi agad gugulang nang sabay-sabay. Iba-iba ang laki ng mga buto, kaya hindi sila maitatanim ng magkakasinglalim. Karaniwan, ang buto'y dapat itanim nang hindi lalalim ng tatlong ulit kaysa kanilang bantod. Mag-iwan din ng puwang sa pagitan ng mga buto sa bawat hanay upang habang umuusbong at tumutubo ang mga halaman ay may sapat na puwang upang lumaki sila nang husto. Dapat na pikpiking mabuti ang lupa na nasa babaw ng mga buto, at mag-iwan ng sapat na lugar sa pagitan ng mga hanay ng mga buto, upang mabungkal ang lupa sa paligid ng halaman habang sila'y lumalaki.

Pagkatapos itanim ang mga buto, panatilihing mamasa-masa ang lupa. Kapag natuyo ang lupa, hindi sisibol ang mga buto.

**Pag-aalaga ng Halamanan**

Ang lahat ng pagpaplano, paghahanda at pagtatanim ay may maliit lamang na pakinabang kung hindi pangangalagaan ang halamanan pagkatapos. Ang mga gayong pangangalaga ay kinapapalooban ng mga sumusunod:



*16-f, Ang magandang ani ay bunga ng mahusay na paghahalaman.*

***Diligin***

Diliging mabuti ang halamanan minsan sa isang linggo kung walang sapat na ulan. Ang lupa'y dapat basa ng pitong pulgada ang lalim matapos diligin. Makabubuting huwag magdilig kung mainit na ang araw upang maiwasan ang pagkakahurno ng lupa.

***Bungkalin***

Inaagaw ng mga damo ang tubig at pampalusog sa mga tanim. Bunutin ang mga ito ng kamay, o kaya'y hukayin sa pamamagitan ng asarol. Matapos na umusbong ang inyong mga halaman, ang makapal na dayami o mga dahong panakip ay makapipigil sa pagtubo ng mga damo, ngunit kailangan pa rin ninyong buhaghagin ang lupa linggu-linggo. Na ginagamit ang asarol, ilagay sa isang tabi ang panakip, buhaghagin ang lupa, at pagkatapos palitan ang panakip.

***Takpan***

Kapag ang mga tanim ay may ilang pulgada na ang taas, alisin ang anumang natitirang damo at ilagay ang mga kusot, ginutay-gutay na mga pahayagan, damo, dahon o kaya'y dayami nang may dalawa o tatlong pulgada ang taas sa paligid ng mga tanim at sa pagitan ng mga hanay. Pinipigil ng mga panakip na ito ang labis na pagkatuyo ng lupa o ang labis na init. Natuklasan ng maraming tao na gumagamit ng panakip na hindi na sila nag-aalis ng damo nang madalas.

***Pigilin ang Pamiminsala ng mga Kulisap***

Pinipinsala ng mga kulisap ang mga halaman at maaari rin nitong salantahin ang buong pananim. Maaari ninyong alisin sa pamamagitan ng mga kamay ang mga kulisap, hugasan iyon o patayin ng pamatay-kulisap. Kung gagamit kayo ng pamatay-kulisap, kailangang hugasang mabuti ang pagkain bago ito kainin.

***Anihin ang Pananim***

- Ipakita ang larawan 16-f, "Ang magandang ani ay bunga ng mahusay na paghahalaman."

Ang mga prutas at gulay na kapipitas pa lamang bago lutuin, kainin at imbakin ay higit na malasa at higit na marami ang sustansiya. Ang ilang pananim, tulad ng pipino ay nagbubunga ng higit na mainam kung inaani nang madalas. Ang mga ito'y hindi dapat pabayaang mahinog nang labis, malanta o matuyo. Anihin ang mga madahong gulay habang ang mga iyon ay mura pa at malambot.

- Paano natin mahihikayat ang ating mga sarili na mag-alaga ng halamanan matapos nating maplano, maihanda at matamnan iyon?

**Katapusan**

Maipakikita natin ang ating pagmamahal at pagtitiwala sa Panginoon sa pamamagitan ng paggawa ng mga inuutos sa atin ng Kanyang mga propeta. Ang isang bagay na iniutos ng mga propeta na gawin natin ay ang paghahalaman. Kung ang bawat isa sa atin ay magpaplano, maghahanda at mag-aalaga ng halamanan, at pananatilihin itong maayos at namumungang mabuti, tayo'y pagpapalain.

**Hamon**

Makipagtulungan sa buong mag-anak na magtanim at mag-alaga ng isang halamanan.

**Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Doktrina at mga Tipan 59:16–20 (binigyan tayo ng Diyos ng mabubuting bagay sa lupa)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Mag-aral sa inyong aklatan, sa pambayang tagapayo sa pagsasaka, o sa may karanasan sa paghahalaman—
   a. Kung aling pananim ang nagbubunga nang mainam sa inyong pook.
   b. Alin sa mga pananim na ito ang nagbubunga ng pinakamaraming pagkain sa maliliit na lugar.
   c. Mga petsa ng pagtatanim para sa bawat pananim na ito.
2. Ihanda ang mga poster na iminungkahi sa aralin o isulat ang impormasyon sa pisara.
3. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PANSARILING PAG-UNLAD



# MGA LAYUNING PANSARILI AT PANGMAG-ANAK

*Aralin 17*

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na magtakda at makamit ang mga layuning pansarili at pangmag-anak.

**Pambungad**

Nang si Pangulong Spencer W. Kimball ay 14 na taong gulang pa lamang, isang pinuno ng Simbahan ang dumalo sa pulong ng kanyang istaka at sinabi nito sa mga nagtipun-tipon sa pulong na kailangang basahin nila ang mga banal na kasulatan. Sa paggunita niya sa karanasang ito, sinabi ni Pangulong Kimball:

"Nalaman ko na hindi ko pa nababasa ang Biblia, [kaya] nang gabi ring iyon. . . naglakad akong pauwi sa di-kalayuang bahay namin at umakyat ako sa maliit na silid na nasa pagitan ng kisame at bubungan at sinindihan ko ang maliit na ilawang langis na nasa maliit na mesa, at binasa ko ang unang kabanata ng Genesis. Pagkaraan ng isang taon, inilapat ko na ang Biblia, na nabasa ang bawat kabanata sa malaki at maringal na aklat na iyon. . . .

"Natuklasan ko na may mga bahagi na mahirap maunawaan ng isang labing-apat na taong gulang na bata. May mga pahina na hindi talagang kawili-wili sa akin, subalit nang [matapos ko ang pagbabasa], nagkaroon ako ng lubos na kasiyahan, na ako'y nakapagtakda ng layunin at naisakatuparan ko iyon" (sa Conference Report, Abr. 1974, 126–27; o *Ensign,* Mayo 1974, 88).

Ang layunin ay bagay na nais nating makamtan. Sa ating buhay bago pa ang buhay sa mundong ito, bilang mga espiritung anak ng ating Ama sa Langit, napag-alaman natin na ang buhay na ito ay panahon upang magpatuloy tayo sa pag-unlad tungo sa pagiging katulad ng ating Ama sa Langit. Ang pag-unlad na ito ang dapat na maging pangunahing layunin sa buhay. Upang makamtan natin ang layuning iyon kailangang magtakda tayo at kamtin ang mga pumapangalawang layunin. Ang pagtatakda ng mga ganitong layunin ay makatutulong din sa atin na magkaroon ng lubos at masaganang pamumuhay.

**Pagpili ng mga Layuning Pansarili at Pangmag-anak**

Ang unang hakbang sa pagpili ng isang layunin ay ang pag-aralan kung paano tayo namumuhay at magpasiya kung paano natin mapagbubuti ito. Sa gayon makapipili tayo ng mga layuning pansarili at pangmag-anak na tutulong sa ating pag-unlad. Halimbawa, kung nais nating maging malakas ang ating espiritu, kailangang suriin natin ang ating espirituwal na katatagan at magtakda ng mga angkop na layunin para sa pag-unlad, maaari nating isaalang-alang ang mga sumusunod na katanungan:

Nananalangin ba ako nang kasingdalas na siyang nararapat?

Alam ko ba ang sinasabi ng propeta, at sinusunod ko ba ang kanyang payo?

Binabasa ko bang palagi ang mga banal na kasulatan?

Matapat ko bang isinasagawa ang mga tungkulin ko sa pagkasaserdote?

Tapat ba ako sa pagbabayad ng ikapu at ng mga handog?

Nag-iisip ba ako ng malinis at karapat-dapat na kaisipan sa lahat ng sandali?

Nagdaraos ba ng gabing pantahanan ng mag-anak ang aking mag-anak linggu-linggo?

Kami bang mag-anak ay nabuklod na sa templo?

Inihahanda ba ng aming mag-anak ang iba upang tanggapin ang ebanghelyo?

Dapat din nating isaalang-alang ang kaunlarang inaasahan nating makamtan sa ating pag-aaral, hanapbuhay at sa iba pang bagay. Sa ating pagsasaalang-alang sa bawat bahagi ng ating buhay, dapat nating pagpasiyahan kung papaano tayo dapat umunlad. Kung gayon dapat tayong magtakda ng mga layunin upang matulungan tayo na magawa ito. Bawat layunin ay dapat mapanghamon, subalit ito ay dapat na isang bagay na makakaya nating gawin.

- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na magtala at talakayin ang mga makatwirang layunin sa mga sumusunod na paksa: pananalangin, pag-aaral ng banal na kasulatan, gabing pantahanan ng mag-anak, kasal sa templo, kasaysayan ng mag-anak, pagtuturo sa tahanan, gawaing misyonero, ikapu, pag-iisip ng malilinis na kaisipan, edukasyon o hanapbuhay.

Nangangailangan ng mahabang panahon at pagsisikap ang pagsasagawa ng mga bagay na ito. Dahil dito, dapat tayong magsimula sa pamamagitan ng pagpili ng isa o dalawa ng layunin na isasagawa



*17-a, Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng mag-anak ay nagbibigay ng maraming gantimpala.*

natin. Habang tayo'y bumubuti sa isang bagay, mapag-uukulan na natin ng panahon ang isa pa. Ang pagiging ganap ay bagay na pagsusumikapan nating makamtan nang paunti-unti sa ating buong buhay at sa kawalang-hanggan; hindi ito nangyayari dahil lamang itinakda natin ito bilang ating layunin.

Sa pagtatakda ng ating mga pansariling layunin kailangang isaalang-alang natin ang ating mga ninanais at kakayahan at manalangin para sa inspirasyon mula sa Panginoon. Maaari rin tayong humingi ng payo sa asawa, magulang, pinuno ng Simbahan, o pinagkakatiwalaang kaibigan sa pagtatakda ng mga layunin. Kailangan nating pagpasiyahan kung ano ang nais nating gawin, kung papaano natin gustong gawin iyon, at kung kailan natin gustong tapusin iyon.

Si Pangulong N. Eldon Tanner ay naglahad ng isa niyang karanasan sa kanyang apong lalaki na nagtakda ng pansariling layunin:

Ang sabi ng apo: " 'Lolo, lubos ko pong ginampanan ang aking mga tungkulin simula nang ako'y inordenan bilang isang diyakono isang taon na ang nakalilipas. . . .hindi pa po ako lumiban sa pulong-sakramento, sa Panlinggong Paaralan o sa pulong ng pagkasaserdote. . . .'

"Binati ko siya at sinabi ko, 'John, kung magpapatuloy ka sa iyong katapatan hanggang sa ikaw ay may sapat nang gulang upang magmisyon, tutustusan ko ang iyong misyon.' Ngumiti siya at nagsabi, 'Gagawin ko iyon.'

"Akala ko ay ligtas na ako subalit itinakda niya na matupad ang layuning iyon. Natatandaan ko sa dalawang pagkakataon kung gaano niya sinupil ang kanyang sarili upang matupad ang kanyang pangako. Minsan, inanyayahan siya ng kanyang tiyo na maglakbay kasama nito at ng kanyang mga anak na lalaki, sa lugar na pagpapalipasan nila hanggang sa araw ng Linggo. Ang sabi ni John, 'May mapupuntahan ba akong lugar doon upang dumalo sa aking mga pulong sa araw ng Linggo?' at nang sabihan siyang wala, ang sabi niya, 'Hindi ako makakasama. Ayokong lumiban sa pagsimba,' at samakatwid isinakripisyo niya ang masayang paglalakbay sa dagat at sa isang pulo na kanilang pagdarausan ng pagdiriwang.

"Sa isang pagkakataon naman, nang malapit nang mag-Linggo, nabali ang kanyang binti. Ang unang tanong niya sa manggagamot ay, Makapagsisimba ba ako sa Linggo? Kailangan kong dumalo sa lahat ng pulong." Dumalo nga siya na nakasaklay.

"Nang sumapit siya sa gulang na labing siyam, ang sabi niya, 'Lolo, hindi ako lumiban sa simbahan kahit minsan mula nang magkaroon tayo ng kasunduan.' Galak na galak ako sa pagtustos sa kanyang



*17-b, Higit na mapaglalapit ng panalangin ang mga mag-anak.*

misyon. Ang kahanga-hangang tagumpay na ito ay naging malaking impluwensiya sa kanyang buhay" (sa Conference Report, Abril 1975, 113; o *Ensign*, Mayo 1975, 77).

- Gaano katagal nagsikap si John upang matupad ang kanyang layunin? (Anim na taon) Ano sa palagay ninyo ang kanyang naramdaman nang makamit niya ang kanyang layunin?

Sa pagtatakda ng layunin ng mag-anak, kailangang pag-usapan ng mga miyembro ng mag-anak ang kanilang mga naisin at damdamin sa isa't isa. Dapat na makibahagi ang bawat isa sa pagtatakda ng layunin, na pinamumunuan ng ama kung maaari. Ang panalangin ay makatutulong sa pagtatakda ng layunin.


Isinalaysay ni Elder J. Thomas Fyans kung paano pumili ng mga layunin ang isang mag-anak:

"Tatlong libong milya mula sa [lungsod ng Salt Lake, Utah] ay naninirahan ang isang mag-anak na muling gagawa ng isang natatanging bagay, pagkatapos ng komperensiyang ito. Pagdating sa kanilang tahanan ng *Ensign* na naglalaman ng mga talumpati sa komperensiyang ito, ang mag-anak na ito ay kaagad magbabasa ng mga mensahe, at ang mga nakatatandang anak ay mag-uulat tungkol sa mga piniling mensahe.

"Subalit higit pa sa pagbabasa ang kanilang gagawin. Sa mga gabing pantahanan ng mag-anak, pipili sila ng mga pangmag-anak at pansariling layunin batay sa mga mensaheng ibinigay sa komperensiya. Ang kanilang mga layunin ay tunay na maisasagawa: 'Alalahanin ang Lola sa ating pang-araw-araw na panalangin, magsaulo ng isang himno ng Simbahan, pagbalik-aralan ang pagiging handa ng ating mag-anak, gawin ang ipinagagawa ng Panginoon sa Kanyang paraan—hindi ang sa atin, magsama ng hindi miyembro sa simbahan.' Pag-uusapan nila ang kanilang mga layunin, mananalangin tungkol doon, at susuriin ang mga ito nang madalas. Nakapagtataka ba kung bakit nasasabi ng ama: 'Itinuturing ng aming mag-anak ang pangkalahatang komperensiya na talaan ng mga bagay ng Panginoon na dapat nating pagbuhusan ng pag-iisip. Higit ang halaga nito sa amin at sa aking mga anak kaysa sa mga masasabi lamang' " (sa Conference Report Okt. 1974, 89–90; o *Ensign*, Nob. 1974, 65).

**Ang mga Layunin ay Tumutulong sa Ating Walang Hanggang Pag-unlad**

- Hilingan ang buong klase na sandaling mag-isip tungkol sa kanilang mga walang hanggang layunin. Anyayahan ang ilan sa kanila na ibahagi sa buong klase ang ilan sa kanilang mga layunin. Itala ang mga layuning ito sa pisara.



*17-c, Nakapagtatatag ng espirituwalidad ang gabing pantahanan ng mag-anak.*

Habang nagtatakda tayo ng mga layunin na tumutulong sa ating higit na maging tulad ng Tagapagligtas at ng Ama sa Langit, higit tayong nagiging karapat-dapat na magkaroon ng walang hanggang buhay kasama ng ating mag-anak. Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith: "Subalit dito [sa lupa] ay naglagay tayo ng batayan. Dito tayo tinuturuan ng mga payak na katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo, sa pagsubok na kalagayang ito, upang ihanda tayo sa ganoong kaganapan. Tungkulin nating gumawa ng higit na mabuti sa araw na ito kaysa kahapon, at lalong higit na mabuti bukas kaysa ngayon" (*Doctrines of Salvation*, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:18).

- Ipakita ang larawan 17-a, "Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng mag-anak ay nagbibigay ng maraming gantimpala" at 17-b, "Higit na mapaglalapit ng panalangin ang mga mag-anak"; 17-c, "Nakapagtatatag ng espirituwalidad ang gabing pantahanan ng mag-anak."

Kailangan nating pumili at makamit ang mga layunin na tutulong sa ating magkaroon ng buhay na walang hanggan at higit na mapalapit sa Ama sa Langit. Halimbawa, makapagtatakda tayo ng mga layunin na magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw, o manalangin bilang mag-anak, o magdaos ng gabing pantahanan ng mag-anak.

- Anu-ano pang layunin ang makatutulong na maghahanda para sa buhay na walang hanggan at higit na mapalapit sa Diyos?

Ang sumusunod na kuwento ay naglalarawan kung paano tumutulong ang mga layunin sa pag-unlad natin patungo sa buhay na walang hanggan:

Nang unang makilala ni Jerry ang mga misyonero, siya ay 24 na taong gulang at napakalungkot. Siya ay sinanay bilang isang guro subalit ang ginagawa niya ay walang kaugnayan sa pagtuturo. Wala pa siyang asawa at wala siyang makitang tunay na layunin sa buhay. Tuwing umaga tinatanong niya ang kanyang sarili, "Bakit kailangang tapusin ang isa pang araw?"

Isang araw, isang dating kaibigan na sumapi sa Simbahan ang nag-anyaya sa kanya na makipagkita sa mga misyonero. Siya ay hinamon ng mga elder na basahin at manalangin tungkol sa Aklat ni Mormon. Habang pinag-aaralan niya ang ebanghelyo ni Jesucristo, nadama ni Jerry na ang buhay ay talagang may layunin. Sa kanyang pagdarasal, nalaman niya kaagad na totoo ang Aklat ni Mormon at gusto niyang sundin ang Tagapagligtas. Dahil gusto niyang magpabinyag, binago niya ang kanyang pamumuhay at sinimulang ipamuhay ang ebanghelyo.

Pagkatapos ng kanyang binyag, tinanggap ni Jerry ang tungkuling ibinigay ng obispo at siya'y naging lubos na matapat sa kanyang mga tungkulin sa pagkasaserdote. Nagkaroon siya ng matinding pagnanais na makatulong sa iba at hindi nagtagal, nakakita siya ng gawain bilang guro ng mga bata. Pagkatapos ay nakilala niya at pinakasalan ang isang magandang dalaga, na isa ring bagong binyag. Nagtakda sila ng layuning makadalo sa templo at di nagtagal sila'y pinagbuklod para sa kawalang-hanggan. Mula noon, natagpuan nila ang labis na kasiyahan sa pagsunod sa plano ng Panginoon.

**Pagkamit ng Ating mga Layunin**

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang 2 Nephi 32:9.

Sinabi ni Nephi sa atin na manalangin muna tayo bago magtangkang magsagawa ng anumang bagay. Ang isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng pagtatakda ng layunin ay ang pagtatalaga sa ating sarili na tuparin ang layunin. Sa ating pagdalangin sa ating Ama sa Langit, dapat tayong humingi ng tulong sa Kanya. Dapat nating ipangako na gagawin natin ang lahat nang ating makakaya upang makamtan ang ating mga layunin.

- Ano ang maaari nating gawin upang mapaalalahanan ang ating mga sarili tungkol sa ating mga layunin? (Siguraduhing banggitin ang mga sumusunod na ideya: maari nating isulat ang ating mga layunin sa talaarawan, isulat ang mga ito sa isang pirasong papel na makikita natin araw-araw, o talakayin ang mga ito araw-araw sa ating mag-anak.)

Lahat ng mabubuting pagnanais at layunin na mayroon tayo ay hindi makatutulong sa atin maliban kung magtutulung-tulong tayo sa ikatutupad ng mga iyon. Sinabi ng Panginoon: "Lahat ng tagumpay at kaluwalhatian ay isinasakatuparan sa inyo dahil sa inyong pagsisikap, katapatan, at mga panalangin nang may pananampalataya" (D at T 103:36). Habang masigasig tayong gumagawa, sumusunod sa mga kautusan at nananalangin, makakamit natin ang ating mabubuting layunin. Ang bawat araw ay isang pagkakataon na makalapit nang kaunti sa pagkakamit ng ating mga layunin. Makagagawa rin tayo ng mga natatanging pagsisikap upang tulungan ang mga miyembro ng mag-anak na maabot ang kanilang mga layunin.

Kadalasan, kailangan nating magsakripisyo upang makamtan ang ating layunin. Minsan ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball kung paano niya nakamtan ang isa sa kanyang mga layunin sa pamamagitan ng pagsasakripisyo:

"Pagkatapos ng aking misyon, nais kong mag-aral sa kolehiyo, subalit hindi kaya ng aking mag-anak na tustusan ang aking pag-aaral. Kaya ako'y namasukan sa bakurang pangkargada ng Southern Pacific Railroads sa Los Angeles upang makaipon ng salapi sa aking pag-aaral. Ako'y gumawa nang labing-apat na oras bawat araw, nag-uusod ng mga bagahe sa pagitan ng mga bodega at mga kahon sa itinutulak na dalawahang-gulong na trak. Madalas, mayroon akong isang libong libra ng bagahe sa itinutulak na trak. Natitiyak ko na mauunawaan ninyo kung bakit ako pagod sa katapusan ng araw.

"Ako ay naninirahan sa aking kapatid na babae, mga dalawa o tatlong milya ang layo. Sampung sentimo ang bayad sa trambiya, at nilalakad ko na lamang ang buong agwat ng balikan, upang makaipon ako ng dalawampung sentimo bawat araw. Talagang gusto kong makapasok sa kolehiyo, at ang paglakad ko sa agwat na iyon ay naglalapit sa aking layunin. . . . [Sa pamamagitan ng pagsasakripisyo] nakaipon ako ng sapat na halaga upang makabalik sa aking tahanan sa Arizona at pumasok ako sa Pamantasan ng Arizona" ("Decisions: Why It's Important to Make Some Now," *New Era,* Abr. 1971, 2-3).

**Katapusan**

Sinabi ni Elder O. Leslie Stone: "Dapat *suriin natin sa tuwina ang ating pag-unlad*. Upang tayo'y makapamuhay nang makatwiran at maisakatuparan ang mga layunin ng paglikha sa atin, dapat nating palaging balik-balikan ang nakaraan, alamin ang ating kasalukuyang kalagayan, at magtakda ng mga layunin para sa hinaharap. Kung wala ang prosesong ito, kakaunti lamang ang pagkakataong matupad ang layunin ng sinuman" (sa Conference Report, Abr. 1978, 87; o *Ensign,* Mayo 1978, 57).

Ang pagtatakda ng mga karapat-dapat na layunin, pagpaplano at pagsisikap patungo roon, pagsusuri sa ating pag-unlad at pagkatapos ay pagtatakda ng mga bagong layunin ay bahagi ng prosesong maglalapit sa atin sa buhay na walang hanggan. Nasisiyahan ang ating Ama sa Langit kapag tayo'y nagtatakda ng mabubuting layunin at tutulungan Niya tayo na makamtan ang mga iyon.

**Hamon**

Piliin nang may panalangin ang pansariling layunin. Maaari kayong magtakda ng isang layunin sa isa sa mga sumusunod na paksa: panalangin, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, gabing pantahanan ng mag-anak, kasal sa templo, gawaing pangkasaysayan ng mag-anak, gawaing misyonero, ikapu, ang paglilinang ng malilinis na isipan, o pagtuturo sa tahanan.

Isulat ang inyong layunin sa inyong talaarawan o sa isang papel na makikita ninyo nang madalas. Italaga ang inyong sarili na tuparin ang layuning iyon. Manalangin para sa tulong at mangako sa Panginoon na gagawin ninyo ang pinakamabuti ninyong makakayanan.

Talakayin sa inyong mag-anak ang layuning maisasakatuparan ninyo nang sama-sama, at pagsikapang matupad ito.

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGPAPAUNLAD AT PAGTUTURO NG PAGTITIMPI SA SARILI

*A r a l i n 1 8*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na higit na mapaunlad ang ating pagtitimpi sa sarili at turuan tayo kung paano matutulungan ang ating mga anak na magkaroon ng lakas na ito.

**Pambungad**

Isang kuwento ang isinalaysay kung paano pinipili at sinasanay ang mga kabayong Arabo. Sa kadahilanang ang mga kabayong ito ay ginagamit sa mahahalagang paglilingkod, sila'y kailangang magkaroon ng walang-alinlangang pagkamasunurin sa kanilang panginoon. Sa pasimula ng kanilang pagsasanay sila'y tinuturuan na sumunod kaagad sa utos ng panginoon. Pagkatapos binibigyan sila ng mga pagsubok upang malaman kung paano sila kikilos sa ilalim ng kagipitan. Sa loob ng mahabang panahon sila ay nasa isang kulungan na malayo sa tubig na naroroon lamang sa may labas ng tarangkahan. Pagkaraan ng ilang panahon ang tarangkahan ay bubuksan at ang mga kabayo ay tatakbo patungo sa tubig. Bago sila makarating sa tubig, gayon man, hihipan ng panginoon ang pito. Dahil sa kauhawan, hindi magbibigay-pansin ang ibang kabayo. Subalit ang iba ay agad iikot at pupunta sa panginoon. Ang masusunuring kabayong iyon ay natuto na ng disiplina at tinanggap sa pinakamahahalagang gawain. Ang iba'y ginamit sa hindi gaanong mahalagang gawain. (Halaw kay Sterling W. Sill, *Leadership,* [1958], 1:62–63.)

Ibinigay sa atin ng Panginoon ang ating kalayaang pumili. Kaya, tayo ay malayang makapipili. Ang pamimiling ito ang magtatakda ng ating kinabukasan: Kapag pinipili natin ang kabutihan, pinatutunayan natin na ang ating sarili ay karapat-dapat maglingkod sa kaharian ng Diyos. Datapuwa't, upang makapili ng wasto, tayo, tulad ng mga kabayo, ay nangangailangan ng pagsasanay, disiplina, at pagkamasunurin. Ang mga bagay na ito ay tumutulong sa atin na supilin ang ating mga pagnanasa at silakbo ng damdamin at tinuturuan tayo na sundin ang mga udyok ng ating Panginoon, kahit na tayo ay natutukso.

- Basahin ang Mga Kawikaan 16:32.

**Ang Pagtitimpi sa Sarili ay Kailangan sa Walang Hanggang Pag-unlad**

Ang pagtitimpi sa sarili ay kapangyarihang nasa atin upang supilin ang ating mga pagnanasa at kilos. Kailangan ang gayong kapangyarihan upang makabalik at manirahan kasama ng ating Ama sa Langit. Nangangailangan ito ng patuloy na pagsisikap mula sa atin, subalit habang pinauunlad natin ang sariling pagtitimpi, nagiging higit tayong handa na gumawa ng mga tamang pagpapasiya.

Ang sariling pagtitimpi ay higit na mahalaga sa atin bilang maytaglay ng pagkasaserdote. Hindi tayo makapagpapayo at makapaglilingkod nang mabisa sa iba hanggang hindi natin natututuhan na disiplinahin ang ating sarili. Habang nagsisikap tayong magkaroon ng pagtitimpi sa sarili, nagsisilbing halimbawa tayo sa ating mga anak at sa iba.

Nang tayo'y binyagan, nagsimula tayo ng panibagong buhay na nakalaan sa pagsunod sa Tagapagligtas. Subalit sa pagsunod sa Kanya, kailangan nating mapaglabanan ang mga kamunduhan, kahinaan, di pagiging perpekto. Itinuro ng Tagapagligtas, "Kung ang sinumang tao'y ibig sumunod sa akin, ay tumanggi sa kanyang sarili, at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa akin" (Mateo 16:24). At itinuro din Niya: "Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan; sapagkat maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok: Sapagkat makipot ang pintuan at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpong noon" (Mateo 7:13–14).

Ang pagpasok sa makipot na pintuan ay nangangailangan ng pagpipigil sa sarili at pagkakait sa sarili. Ito'y nangangahulugan ng pagtatagumpay sa mga tukso. Ngunit ipinapangako ng Panginoon na gagantimpalaan tayo sa pagdidisiplina sa ating sarili at pagsunod sa Kanyang mga kautusan.

**Ang Pagtitimpi sa Sarili ay Nagpapalaya sa Atin**

Binigyan tayo ng ating Ama sa Langit ng mga kautusan dahil mahal Niya tayo at nais Niya tayong ilayo sa pagdadalamhati. Ang pagsunod sa Kanyang mga kautusan ang magpapalaya sa atin.

Ang pagpapaunlad ng pagtitimpi sa sarili ay tutulong sa ating humubog ng mga positibong pag-uugali tulad ng paggising nang maaga, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagsasakatuparan ng mga takdang gawain natin sa itinakdang oras. Ang gayong mga pag-uugali ay makapagpapalaya sa atin sa pagkalito. Ang mga sumusunod ay iba pang alituntunin na magdudulot ng kalayaan sa atin kapag sinusunod natin ang mga ito

***Ikapu***

Sa pagsunod natin ng batas ng ikapu, natututuhan nating paglabanan ang kasakiman.

***Ang Salita ng Karunungan***

Sa pagtupad natin sa batas na ito, magiging malaya tayo sa nakapipinsalang bisa ng tabako, alak, at mga bawal na gamot.

***Kalinisang Puri***

Ang pagkatuto nating supilin ang pagnanasa ng ating katawan at isipan sa loob ng hangganan na itinakda ng Panginoon ay nagpapalaya sa atin sa kapighatian at pagsisisi.

- Anu-ano pang alituntunin ang nagdudulot sa atin ng kalayaan kapag sinusunod natin ang mga iyon? Paano ito nakapagpapalaya sa atin?

***Pagtatamo ng Pagtitimpi sa Sarili***

- Basahin ang Alma 37:32–37. Ano ang itinuturo sa atin ng banal na kasulatang ito tungkol sa pagtitimpi sa sarili? (Dapat tayong makaramdam ng pagkasuklam sa kasalanan at kasamaan, magsisi, manalig kay Cristo, magpakumbaba, at magsikap na mapaglabanan ang bawat tukso, hindi napapagod sa paggawa ng mabuti, matuto ng karunungan, sumunod sa mga kautusan ng Diyos, manalangin at sumangguni sa Panginoon sa lahat ng ating ginagawa.)

Ang pagtatamo ng pagtitimpi sa sarili ay panghabang-buhay na proseso. Ito'y nangangailangan ng pagkilala sa ating sarili at sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Ito'y nangangahulugan ng pagtatakda ng mga layunin na ipamuhay ang mga alituntuning iyon at umasa sa Panginoon para sa lakas at tulong habang pinagsisikapan nating maabot ang mga layuning iyon.

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara:

**Paano Magtamo ng Pagtitimpi sa Sarili**

1. Kilalanin ang Sarili
2. Magtakda ng mga matwid na layunin.
3. Umasa sa Panginoon sa pamamagitan ng panalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan

***Kilalanin ang Sarili***

Habang nagtatamo tayo ng karanasan at natututo tayo ng higit pa tungkol sa ebanghelyo, nakikilala natin ang ating mga lakas at kahinaan. Kasama ng pagkilalang ito ang pagkakaroon ng hangaring

mapaglabanan ang masasamang ugali at damdamin at ang paghihikayat na pag-ibayuhin pa ang mga lakas na mayroon na tayo.

Sinabi ni Pangulong David O. Mckay na ang ilang kasamaan na nasa atin ay ang panibugho, pagkamuhi, inggit at matinding pagkapoot. Tungkol sa mga ito ay sinabi niya, "Lahat ng kasamaang ito ay kailangan ninyong labanan sa pamamagitan ng pagpipigil. Doon nagsisimula ang inyong pagtitimpi. Pigilin ang galit na iyan! Pigilin ang paninibughong iyan, ang pagkainggit na iyan! Ang lahat ng iyan ay nakapipinsala sa espiritu" (*Gospel Ideals* [1954], 356).

Ang pagdaig sa ganitong damdamin ay hindi madali; nangangailangan ito ng mahabang panahon upang mabago. Subalit kung magsisikap tayo at umaasa sa tulong ng Ama sa Langit, magkakaroon tayo ng pagtitiis at lakas ng loob na mapaglabanan ang mga kasamaang nakikita natin sa ating sarili.

***Magtakda ng mga Matwid na Layunin***

Ang isang mabuting paraan ng pagkakaroon ng pagtitimpi sa sarili ay ang pagtatakda at pagsasakatuparan ng mga layunin. Kung tayo'y may mga layunin na matibay na nakaukit sa ating isipan, at pagsisikapang matupad ang mga layuning iyon sa tulong ng Panginoon, makakamtan natin ang pagtitimpi sa sarili. Nangangailangan ang prosesong ito ng pagtitiis subalit sinabi ng Panginoon na dapat tayong magtiis hanggang sa wakas sa matwid na pamumuhay upang makamtan ang layuning kadakilaan o buhay na walang hanggan (tingnan sa D at T 14:7).

- Hilingin sa mga miyembro ng klase na sandaling pag-isipang mabuti ang mga layuning kasalukuyan nilang pinagsisikapang matupad.

***Umasa sa Panginoon sa Pamamagitan ng Panalangin at Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan***

Nangangailangan ng pananalig kay Jesucristo upang mapaglabanan ang mga tukso at makamtan ang ating mga walang hanggang layunin. Ang palagiang pananalangin at pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay nagtataguyod sa pananalig na ito at tumutulong sa ating magkaroon ng lakas na mapagtagumpayan ang ating mga suliranin. Bukod dito, ang buhay ng mga tagapaglingkod ng Panginoon na inisa-isa sa mga banal na kasulatan ay nagbigay ng mga halimbawa para sa atin upang sundin; tinutulungan nila tayong maunawaan na kung nakamit ng iba ang pagtitimpi sa sarili, makakamit din natin ito.

- Anyayahan ang mga miyembro sa klase na isalaysay kung papaano sila nagtamo ng pagtitimpi sa sarili sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan at panalangin.



*18-a, Ang matatalinong magulang ay nagtuturo sa kanilang mga anak ng pagtitimpi sa sarili.*

***Pagtulong sa mga Anak na Magkaroon ng Pagtitimpi sa Sarili***

- Ipakita ang larawan 18-a, "Ang matatalinong magulang ay nagtuturo sa kanilang mga anak ng pagtitimpi sa sarili."

Ang mga tahanan natin ay dapat na maging pook kung saan matutuhan ng ating mga anak ang pagtitimpi sa sarili. Ang sumusunod na apat na alituntunin ay makatutulong sa atin sa pagtuturo sa ating mga anak ng pagtitimpi sa sarili.

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara.

**Paano Magturo sa mga Anak ng Pagtitimpi sa Sarili**

1. Bumuo at magpatupad ng mga patakaran hangga't maaga.
2. Turuan ang mga anak ng mga alituntunin ng ebanghelyo.
3. Bigyan ng pananagutan ang mga anak
4. Disiplinahin nang may pagmamahal.

***Bumuo at Magpatupad ng mga Patakaran Hangga't Maaga***

Itinuro ni Pangulong David O. Mckay na dapat matuto ang anak na maging masunurin sapul pa sa pagkabata. Kapag hindi kaagad tinuruan ng mga magulang ang kanilang mga anak na maging masunurin, mahihirapan silang gawin iyon sa bandang huli. Binigyang diin niya na ang mga anak ay dapat maging malaya sa pagpili, ngunit kapag lumampas ang anak sa takdang tuntunin, dapat tayong maging malumanay, subalit matatag sa ating pagsupil. (Tingnan sa *Stepping Stones to an Abundant Life*, tinipon ni Llewelyn R. McKay [1971], 38.)

Tinalakay rin ni Pangulong N. Eldon Tanner ang kahalagahan ng pagtuturo sa mga anak habang sila'y bata pa: "Habang tinuturuan natin ang [ating mga anak], may pananagutan tayong disiplinahin sila at tiyakin na ginagawa nila ang tama. Kung ang isang anak ay madungis, hindi natin hinihintay ang paglaki niya para magpasiya siya kung maliligo siya o hindi. Hindi natin hinahayaang maghintay siya para magpasiya kung iinom siya o hindi ng gamot kapag may sakit siya, o pumasok sa eskwela o magsimba" (*Seek Ye First the Kingdom of God*, tinipon ni La Rue Sneff [1973], 87).

***Ituro sa mga Anak ang mga Alituntunin ng Ebanghelyo***

Sinabi ni Pangulong N. Eldon Tanner: "Dapat ding ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak sapul pa sa pagkabata ang maluwalhating konsepto

at katotohanang sila'y mga espiritung anak ng Diyos, at [na] ang pagpili na sundin ang mga turo ni Jesucristo ang tanging paraan upang malasap ang tagumpay at kaligayahan dito at sa buhay na walang hanggan pagkaraan nito. Kailangang ituro sa kanila na si Satanas ay totoo at gagamitin nito ang lahat ng kanyang makakaya upang tuksuhin sila na gumawa ng masama, [subuking] iligaw sila, gawin silang mga bihag niya, at ilayo sila [sa] sukdulang kaligayahan at kadakilaang maaari nilang malasap" (*Seek Ye First The Kingdom of God*, 87).

Kung nais nating turuan ang ating mga anak ng mga alituntunin ng ebanghelyo, dapat tayong magpakita ng mga wastong halimbawa na susundin ng ating mga anak. Kung bigo tayong supilin ang ating mga pagnanasa at silakbo ng damdamin, hindi natin maaasahang masusupil ng ating mga anak ang sa kanila.

***Bigyan ng Pananagutan ang mga Anak***

Sinabi ni Elder L. Tom Perry: "Kailangan nating. . .matiyak na sapat ang ating itinuturo at nakapagtanim tayo ng pananalig at pagtitiwala sa Panginoon sa buhay ng [ating mga anak]. Kailangan nating matiyak na sinanay sila nang wasto, at sa pagsisimula nilang umunlad sa espirituwal, kailangang bigyan natin sila ng mga pagkakataong maipahayag ang lakas na umuusbong sa kanila. Kailangang ipadama natin sa kanila ang ating pagtitiwala at pagkatapos ay bigyan sila ng pananagutan" (Sa Conference Report, Sao Paulo Area Conference 1975, 12).

Maraming paraan upang maturuan ang mga anak ng pananagutan. Nagbigay ng isang halimbawa si Elder F. Enzio Busche:

"Pinagsikapan naming akayin ang aming mga anak sa pagkakaroon ng paggalang sa sarili. . .at kadalasan ay ipinauubaya sa kanila ang paghatol sa kanilang sarili. Naranasan namin ang katotohanang ang isa ay hindi kasinghusay na guro kapag inaalam ng isang tao at inihahayag ang mga kamalian. . . .tulad ng kapag ang isa ay tumutulong sa anak na tuklasin sa sarili nito na mali ang kanyang ginagawa. Kapag nakauunawa na ang isang anak sa kanyang sariling kamalian, ang unang hakbang sa pagbabago ay naganap na.

"Naalaala ko minsan kung paano namin pinagsabihan ang aming anak na lalaki, pagkatapos ng isang pagkakasala, na magtakda siya ng sarili niyang parusa. Ipinasiya niya na hindi siya dapat payagang manood ng telebisyon sa loob ng isang buwan. Sa pakiwari namin, iyon ay lubhang mabigat, subalit kaysaya namin nang aming marinig sa kanyang lola na habang dinadalaw siya nito, ipinilit ng aming anak na mali siya (lola) sa paghimok sa kanya (anak) na manood ng programa sa telebisyon, kahit na hindi ito malalaman ng kanyang mga magulang. Hindi ko maisip na mayroon pang higit na kagalakan para sa mga magulang kaysa makita ang isang anak na kayang mapangalagaang mabuti ang kanyang sarili

sa mahihirap na katayuan" ("Provoke Not Your Children," *Ensign,* Mar. 1976, 42).

- Ano ang ginawa ni Elder Busche upang tulungan ang kanyang mga anak na magkaroon ng pagtitimpi sa sarili? (Tinulungan niya sila na magkaroon ng paggalang sa sarili sa pamamagitan ng pagtuklas ng sariling kamalian. Hinimok niya sila na disiplinahin ang kanilang mga sarili.)

Bago natin bigyan ng mga pananagutan ang ating mga anak, kailangang tiyakin natin na handa na sila para rito. Ipinaliwanag ni Pangulong Tanner: "Hindi natutuhan ng mga anak sa kanilang sarili ang pagkilala sa mabuti mula sa masama. Kailangang alamin ng mga magulang ang kahandaan ng mga anak sa pag-ako ng pananagutan at ang kanyang kakayahang gumawa ng tamang pagpapasiya, sumuri ng mga pagpipilian, at [maranasan] ang mga resulta ng paggawa nito." (*Seek Ye First the Kingdom of God*, 87).

***Disiplinahin nang may Pagmamahal***

Kapag dinidisiplina natin ang ating mga anak, dapat na gawin natin ito nang may katatagan ngunit nang walang pagmamalupit. Kailangang malinaw nating ipahayag ang ating mga inaasahan sa kanila at bigyan sila ng mga nararapat na kaparusahan. Matapos nating disiplinahin ang ating mga anak, kailangang ipakita natin ang ating ibayong pagmamahal sa kanila.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 121:43–44. Bakit kailangan tayong magpakita ng ibayong pagmamahal sa ating mga anak matapos na disiplinahin sila? (Upang maunawaan nila na mahal natin sila at dinidisiplina natin sila upang matiyak ang kanilang kabutihan, nang sa gayon ay hindi nila isipin na tayo ay kaaway nila.)

- Talakayin ang mga sumusunod na halimbawa sa klase. Bigyan-diin na ang mga solusyon ay nangangailangan ng pagtitimpi sa sarili. Maaari kayong magtanong ng mga personal na halimbawa mula sa mga miyembro ng klase sa halip na ilista ang mga halimbawang ito

1. Sina Sven at Inger ay may tatlong anak na tinedyer na palaging nagtatalo at nag-aaway. Paano nila matutulungan ang kanilang mga anak na huminto sa pag-aaway at magkaroon ng pagtitimpi sa sarili?
2. Nais nina John at Elsie na manalangin ang mag-anak sa kanilang tahanan bawat araw subalit humahadlang ang mga iskedyul nila sa hanapbuhay, sa paaralan, at sa iba pang tungkulin. Sa pakiramdam ng mag-anak ay hindi sila maaaring manalangin nang sama-sama. Ano ang maaaring gawin nina John at Elsie upang matulungan ang mag-anak na magkaroon ng pagtitimpi sa sarili upang sila'y makapanalangin bilang mag-anak?

3. Nalalaman ng pamilyang Unga ang pangangailangang magbayad ng ikapu, pero hindi nadarama ng mga miyembro ng pamilya na may sapat silang pera para matagunan ang iba pa nilang pangangailangan. Gayunman, tila lagi silang may sapat na pera para sa paglilibang, bagong kasuotan, at mga bagay na hindi kailangan kung gugustuhin nila. Paano magkakaroon ang mga miyembro ng mag-anak na ito ng pagtitimpi sa sarili para makabayad ng ikapu?

- Paano nakikitungo sa ibang miyembro ng mag-anak ang mga taong natutong disiplinahin ang kanilang sarili?

**Katapusan**

Gamit ang ating kalayaang pumili na bigay ng Diyos at masigasig na gumawa, kailangang magkaroon tayo ng pagtitimpi sa sarili kung nais nating ihanda ang ating sarili, at ang ating mag-anak sa pagharap sa mga hamon. Kailangang makagawa tayo ng mga nararapat na pagpili at supilin ang ating mga paghahangad at damdamin kung tayo ay naghahandang bumalik sa ating Ama sa Langit.

- Magpatotoo na kapag masigasig ang buong mag-anak na magkaroon ng pagtitimpi sa sarili, mapagtatagumpayan nila ang marami sa mga suliranin nila sa buhay.

- Awitin ang "Piliin ang Tama ," (*Mga Himno*, bilang 145, o basahin ang mga salitang matatagpuan sa ibaba.

**Piliin ang Tama**

Ang tama ay piliin mo sa twina;
Sa tama, Espiritu'y gabay;
Liwanag N'ya'y laging mananatili;
Kung puso'y tama.

Koro: Piliin ang tama!
Haya'ng dunong ang magpasya.
Piliin ang tama!
Diyos ang sa 'yo'y magpapala

Ang tama ay piliin mong landasin,
Sa tama ay h'wag kang lalayo.
May tama at mali sa bawat bagay,
Maging ligtas sa pasyang wasto.

[Koro]

Ang tama ay piliin mong gawin,
Dito ay ligtas ka't payapa.
Sa lahat ng gawaing isusulong,
Langit at Diyos ang gawing nasa.

[Koro]

**Hamon**

Pumili ng isang suliranin sa inyong buhay o sa inyong mag-anak. Sundin ang mga hakbang na nakabalangkas sa araling ito upang makayanan ang suliranin. Basahin ang mga banal na kasulatan para sa angkop na huwaran na dapat sundin sa pagkakaroon ng pagtitimpi sa sarili.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Mga Kawikaan 25:28 (pamahalaan ang inyong sariling espiritu)
- Santiago 1:26 (pigilin ang inyong pananalita)
- Alma 38 (Ang payo ni Alma kay Siblon na magkaroon ng kababaang-loob at pagpipigil sa sarili)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Pag-aralan ang manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 4, "Kalayaan sa Pagpili."
2. Ihanda ang mga poster na iminungkahi sa aralin, o isulat sa pisara ang impormasyon.
3. Ihandang ipaawit sa klase ang "Piliin ang Tama" (*Mga Himno,* bilang. 145), sa katapusan ng aralin, o iplanong basahin ang mga salita sa klase.
4. Maging handa sa pagpapatotoo na habang batid ng mga miyembro ng mag-anak ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagtitimpi sa sarili, malulutas nila ang maraming pansariling problema.
5. Magtalaga ang mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGPAPAUNLAD NG ATING MGA TALINO

*Aralin 19*

---

Ang layunin ng araling ito ay hikayatin tayo na paunlarin ang ating mga talino at bigyan-inspirasyon ang ating mag-anak na gawin din ang ganoon.

**Pambungad**

Ang bawat isa sa atin ay binigyan ng mga talino ng ating Ama sa Langit, at nais Niyang gamitin natin ang mga iyon. Sa talinghagang nakatala sa Mateo, ang Panginoon ay nagsalaysay tungkol sa isang tao na malapit nang umalis patungo sa mahabang paglalakbay. Bago siya lumisan ay tinawag niya ang kanyang mga alipin at ipinagkatiwala ang kanyang mga ari-arian sa kanila. Sa isang alipin, nagbigay siya ng limang talento (sa talinghangang ito, ang salitang talento ay nangangahulugan salapi); sa isa ay dalawa; at sa isa pa ay isa. Sa bawat isang tao ay ibinigay niya ang talentong naaayon sa kanyang kakayahan.

Habang wala ang panginoon, ginamit ng alipin na may limang talento ang mga iyon at nagkaroon ng lima pa. Ginamit din ng alipin na may dalawang talento ang mga iyon at naragdagan ng dalawa pa. Subalit ang alipin na may isang talento ay itinago iyon sa ilalim ng lupa.

Makaraan ang ilang araw ang panginoon ay bumalik at inatasan ang mga alipin na mag-ulat ng kanilang mga talento. Sa mga alipin na naparami ng dalawang ulit ang kanilang mga talento sinabi niya, "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin; nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon" (Mateo 25:21). Subalit ang alipin na nagtago ng kanyang talento ay tinawag ng panginoon na "masama at tamad." Sinabi niya na kukunin niyang muli ang talento at ibibigay sa alipin na may sampung talento. (Tingnan sa Mateo 25:14–30.)

Ginamit ng Panginoon ang talinghagang ito upang ituro ang kahalagahan ng matalinong paggamit ng ating mga kakayahan o talino. Higit ang inaasahan sa taong binigyan ng mas maraming talino kaysa sa taong may kaunting talino, subalit ang lahat ay inaasahang pararamihin ang talino na ibinigay sa kanila. Kahit na ang tao ay

mayroon lamang isang talino ay inaasahan ding gamitin niya ito nang buong katalinuhan.

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Tayo'y pinagkalooban ng Diyos ng talino at panahon, na may natatagong kakayahan at ng pagkakataon na gamitin at paunlarin ang mga iyon sa paglilingkod sa kanya. Kaya nga higit ang inaasahan Niya sa atin, ang kanyang mga anak na nabigyang-pribilehiyo" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 100).

**Bawat Isa ay May mga Talino**

Bawat isa sa atin ay biniyayaan ng mga talino mula sa Diyos. Ang mga talinong ibinigay sa atin ay maaaring pansarili, masining o mapanglikha. Dapat nating gamitin ang mga kaloob na ito upang makapaglingkod sa iba at makapagpaligaya sa ating buhay.

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara. Anyayahan ang mga miyembro ng klase na tukuyin at isiping mabuti ang kanilang sariling talino (hindi kinakailangang nasa listahan ang mga talino).

| **Mga Pansariling Talino** | **Mga Masining at Malikhaing Talino** |
|---|---|
| Pagkakaroon ng pagpipigil sa sarili | Pag-awit |
| Pagiging matiyaga | Pagpipinta |
| Pagkakaroon ng lakas ng loob | Pag-ukit sa kahoy |
| Pagiging mabait | Paggawa sa luwad |
| Pagiging mapagpatawa | Paglililok |
| Pagiging mahusay na tagapakinig | Pagluluto |
| Pagiging madaling magpatawad | Paghahalaman |
| Nakapagbibigay-tiwala sa kapwa | Pagsusulat |
| Mapanampalataya | Paglikha ng mga awit |
| Mapagmahal sa iba | Pagsasayaw |
| May matibay na patotoo | Pagsasalaysay ng kuwento |
| Pagiging aktibo sa Simbahan | Pagganap |
| Nagtataguyod sa mga pinuno ng Simbahan | Paglalaro ng instrumentong pangmusika |
| Nakikita ang kabutihan ng iba | Pagiging atleta |
| Pagiging masayahin | Pananahi |
| | Paghahabi |

Sinabi ng Panginoon kay Joseph Smith:

“Sapagkat hindi lahat ay pinagkalooban ng lahat ng kaloob; sapagkat maraming kaloob, at sa bawat tao ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.

“Sa ilan ay ipinagkaloob ang isa, at sa ilan ay ipinagkaloob ang iba, upang ang lahat ay makinabang sa gayong paraan” (D at T 46:11–12).

“Ang banal na kasulatang ito ay tumutukoy sa mga espirituwal na kaloob na ipinagkaloob sa atin ng Panginoon. Sinasabi nito na lahat tayo ay binigyan ng mga talino upang tulungan ang iba at pagbutihin ang ating sarili. Isang miyembro ng Simbahan ang nagpaliwanag:

“Ang pinakamahalaga na maaaring mangyari para sa pagpapalawak at pagpapaunlad ay dumarating sa bahagi ng ating mga talino, ng ating mga kabutihan, at ng ating mga kakayahan. . . .

“Kung ang nais mo ay malakas na likod, ang dapat mong gawin ay magpasan ng mabigat. Sa ganito ring pamamaraan, mapalalawak natin ang kasaganahan ng sarili nating mga kakayahan sa halos lahat ng sukat” (Sterling W. Sill, “A Hundred-Hundred Marriage,” *Ensign*, Mar. 1971, 34–35).

**Paggawa upang Tuklasin ang Ating mga Talino**

Pinagsabihan ni Apostol Pablo ang kanyang batang kaibigan na si Timoteo, “Huwag mong pabayaan ang kaloob na nasa iyo” (1 Kay Timoteo 4:14). Dapat ding sundin natin ang payo ni Pablo, ngunit kung pauunlarin natin ang ating mga kaloob, kailangang tuklasin muna natin kung ano ang mga iyon.

Sa ating pagtuklas ng ating mga talino, dapat tayong manalangin muna sa ating Ama sa Langit, na humihingi ng Kanyang patnubay sa pagkilala ng mga iyon.

Pangalawa, dapat na tumanggap tayo ng basbas patriyarkal (tingnan sa *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi A,* Aralin 10, “Mga Patriyarka at mga Basbas Patriyarkal”). Ang mga tanging kaloob ay madalas ipinahahayag sa mga pagbabasbas na ito. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, “Malaki ang aming pag-asa na ang bawat tao. . . ay magkakaroon ng pagkakataon na makamit ang basbas patriyarkal.” (*Church News,* ika-8 ng Okt. 1977, 3) Bagama’t ang mga patriyarka ay nanunungkulan lamang sa mga nakatatag na istaka, ang isang karapat-dapat na miyembro sa isang umuunlad na pook ng Simbahan ay maaaring tumanggap ng basbas patriyarkal mula sa patriyarka ng pinakamalapit na istaka.

Pangatlo, matutulungan tayo ng ibang tao na matukoy ang ating mga talino. Ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Elder Franklin D.

Richards ay nagpapakita kung paano tinulungan ni Pangulong Spencer W. Kimball ang isang tao na matukoy ang isa sa kanyang mga talino: "Ilang taon na ang nakalilipas, si Pangulong Kimball at ako ay nasa Cusco, Peru, sa isang araw ng Linggo at dumalo sa Panlinggong Paaralan ng sangay. Isang batambatang misyonero mula sa Hilagang America ang tumutugtog sa piyano. Pagkatapos ng pulong nagtanong si Pangulong Kimball kung mayroon sa mga miyembro ng sangay ang marunong magpiyano. Sinabi ng pangulo ng sangay na ang isa sa kanyang mga tagapayo ay nakatutugtog ng dalawang himno. Hiniling ni Pangulong Kimball na tugtugin ng taong iyon ang dalawang himnong iyon sa pulong-sakramento at ito'y ginawa niya. Pagkatapos noon iminungkahi ni Pangulong Kimball na ipagpatuloy niya ang pagpapaunlad ng kanyang talento sa musika at tumugtog sa piyano sa lahat ng pulong sa Simbahan" (sa Conference Report, Sao Paulo Area Conference 1975, 24).

Marahil ang tao sa nabanggit na kuwento ay hindi kailanman napansin ang kanyang talino. Kinailangan ang isang tao upang ipaaalam sa kanya ang kanyang talino bago niya simulang paunlarin ito.

Ang pang-apat na paraan upang mapansin natin ang ating talino ay sa pamamagitan ng paglilingkod sa Simbahan. Habang hinahangad natin ang tulong ng Panginoon sa ating mga tungkulin, tutulungan Niya tayo na matuklasan ang mga talinong kailangan natin sa pagtupad ng ating mga tungkulin. Sinabi ni Elder Franklin D. Richards, "Kadalasan ang mga taong hinihiling na tumanggap ng katungkulan sa Simbahan ay mahilig na magsabi, 'Ay naku, hindi ko magagawa iyon. Wala akong mga karanasan o pinag-aralan na kagaya ng iba na naglingkod na.' Subalit sa pamamagitan ng pananampalataya, pag-aaral, paggawa at panalangin papangyarihin ng Panginoon na magampanan natin ang mga bagay na sa wari'y hindi maaring mangyari" (sa Conference Report, Sao Paulo Area Conference 1975, 23).

- Ano pa ang maaaring makatulong sa atin upang matuklasan ang ating mga talino?

**Pagpapaunlad ng Ating mga Talino**

Sa sandaling matuklasan natin ang ating mga talino, tungkulin nating paunlarin at gamitin ang mga ito. Ang paggawa nito ay maaaring mangailangan ng labis na tiyaga at pagsasanay. Minsan tinitingnan natin ang mga talino ng iba at iniisip na ang kanilang mga talino ay dumating sa kanila nang hindi lubhang pinagsikapan. Hindi natin nauunawaan na madalas pinagbubuhusan ng mga tao ng higit na pagsisikap ang pagpapaunlad ng kanilang mga talino.

Ang isang tao na nagsumikap nang labis sa pagpapaunlad ng kanyang mga talino ay si Pangulong Heber J. Grant. Sa pagpapaliwanag kung paano niya napaunlad ang mga iyon, sinabi niya:

“Hindi ko maihagis ang bola mula sa isang beys hanggang sa isa pa;. . .kulang ako ng lakas na tumakbo o paluin ng bat ang bola. Kapag pinupulot ko ang bola ang mga batang lalaki ay karaniwang sumisigaw, ‘Ihagis mo dito, bakla!’ Napakaraming pagbibiro ang ibinunga ng aking kalagayan. . .kaya’t taimtim kong ipinangako na maglalaro ako ng beysbol kasama ng isang pangkat na mananalo sa kampeonato sa lupang sakop ng Utah. . . .

“Nag-ipon ako ng isang dolyar na ibinili ko ng bola ng beysbol, at ginugol ko ang napakaraming oras sa paghahagis ng bola sa kamalig ni [Obispo Edwin D. Woolley]. . . Madalas sumakit ang aking bisig at hindi ako makatulog sa gabi. Subalit, nagpatuloy ako sa pagsasanay at sa wakas ako’y nagtagumpay na makasali sa pangalawang [pangkat] ng aming koponan. Sumunod dito, ako’y sumali sa higit na mahusay na koponan at sa bandang huli’y nakapaglaro kasama [ng unang pangkat] na nanalo sa kampeonato sa Teritoryo. Dahil sa natupad ko nang maayos ang pangako ko sa aking sarili, ako ay tumigil na sa paglalaro ng beysbol” (“Work, and Keep Your Promises,” *Improvement Era*, Jan. 1900, 196–97).

Pinagsikapan ding mapagbuti ni Pangulong Grant ang kanyang talino sa kanyang sulat-kamay. Siya ay “matatag na nagpasiya na balang araw magiging bukkiper siya ng bangko ng *Wells Fargo and Company*.” Ang isang mahusay na bukkiper ay kailangang maganda ang sulat-kamay kaya nagsimula siyang magsikap na maging isang tagasulat. Isang mangangatha ang sumulat: “Sa simula, ang kanyang sulat-kamay ay napakapangit kaya nga’t nang makita ito ng dalawa sa kanyang mga kaibigan sinabi ng isa sa isa pa, ‘Parang kinahig ng manok ang sulat-kamay na iyan.’ ‘Hindi,’ ang sagot ng isa, ‘ito’y mukhang isang bote ng tinta na tinamaan ng kidlat.’ Ito’y nakaantig sa dangal ni Heber at sabay baba sa kanyang kamay sa ibabaw ng mesa, siya ay nagsabi, ‘Balang araw ay mabibigyan ko kayo ng aralin tungkol sa sulat-kamay’; at gayon nga ang nangyari”. (Bryant S. Hinckley, *Heber J. Grant: Highlights in the Life of a Great Leader* [1951], 39–40).

Ang Pangulong Grant ay mahilig ding magsabi, “Alinmang pinagpipilitan nating gawin ay nagiging madali para sa atin; hindi sa kadahilanang ang katangian ng bagay na iyon ay nagbago kundi ang ating kakayahang gumawa ay naragdagan” (sa Conference Report, Abr. 1901, 63).

Ang pagpapaunlad ng mga talino ay maaaring mangailangan din sa ating paglabanan ang takot na gamitin ang mga ito. Sinabi ng Panginoon: “Subalit sa iba ako ay hindi lubos na nalulugod, sapagkat. . .kanilang itinatago ang talino na aking ibinigay sa kanila, dahil sa takot sa tao. . . . At ito ay mangyayari, kung sila ay hindi magiging higit na matapat sa akin, ito ay kukunin, maging ang mga nasa kanila na” (D at T 60:2–3).

Ang paglaban sa ating takot ay hindi kailanman madaling gawin, ngunit nagbigay ang Panginoon sa atin ng ilang payo na makatutulong: "Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot" (D at T 38:30). Kung tayo ay handa, palagi tayong makararamdam ng pananalig na magagawa natin kung ano ang pinaghandaan ng ating sarili na gawin. Ang gayong pananalig ay nakapananaig sa takot.

Ang paghahanda ay bunga ng mga pag-aaral at pagsasagawa. Tayo'y pinapayuhan na "Maghangad na matuto, maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pananampalataya" (D at T 88:118). Kung matibay ang hangarin natin, mapapalakas ang mahihinang talino sa pamamagitan ng pag-aaral, pagsasagawa, at pagsasanay.

Kapag hindi natin pinaunlad ang mga talinong ibinigay ng Panginoon sa atin, kukunin ito mula sa atin. Isang miyembro ng Simbahan ang nagpaliwanag: "Ipinagkakaloob sa atin ng Panginoon ang ating [mga talino at kasanayan] sa isang uri ng pahiram na batayan, kung saan kukunin niyang muli ang lahat ng hindi ginagamit. Ito ang mga kundisyong kahalintulad nang kanyang bigyan ng *manna* ang mga anak ni Israel sa ilang. Bawat araw ang masaganang pagbuhos ng *manna* ay tumatakip sa lupa at nangunguha ang mga tao hanggang gusto nila, subalit ang hindi nagamit ay nabulok. Gayon din sa ating mga kasanayan. Karamihan sa atin ay hindi kailanman nagkaroon ng malalakas na likod o nagkaroon ng mga dakilang pag-iisip sapagkat ang mga pasaning ibinigay natin sa kanila upang dalhin ay hindi kailanman naging sapat ang bigat. Ang lahat ng ating kasanayang hindi nagamit ay nawala" (Sterling W. Sill, *Ensign*, Mar. 1971, 35).

- Hilingin sa itinalagang miyembro ng klase na isalaysay kung paano niya nalaman at napaunlad ang isa sa kanyang mga talino.

**Pagtulong sa mga Miyembro ng Ating Mag-anak na Mapaunlad ang Kanilang mga Talino**

- Ipakita ang larawan 19-a, "Dapat na pangalagaan ng mga magulang ang mga talino ng kanilang mga anak."

Dapat nating tulungan ang ating mga mag-anak na alamin at paunlarin ang kanilang mga talino at turuan silang gamitin ang kanilang mga talino upang maglingkod sa Panginoon.

Ang mga sumusunod ay ilang paraan kung paano natin matutulungan ang mga miyembro ng ating mag-anak na mapaunlad ang kanilang mga talino:

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara:



*19-a, Dapat na pangalagaan ng mga magulang ang mga talino ng kanilang mga anak.*

**Pagtulong sa mga Miyembro ng Ating Mag-anak na Mapaunlad ang Kanilang mga Talino**

1. Himukin ang bawat miyembro ng mag-anak na tumanggap ng basbas ng ama o basbas ng pagkasaserdote.
2. Panatilihin ang mabubuting saloobin ng mag-anak tungkol sa mga talino.
3. Tulungan ang mga miyembro ng mag-anak na pumili ng talino na pauunlarin.
4. Himukin ang mga miyembro ng mag-anak na manalangin upang magkaroon ng katatagan, lakas ng loob, at inspirasyon sa pagpapaunlad ng kanilang mga talino.

***Himukin ang Bawat Miyembro ng Mag-anak na Tumanggap ng Basbas ng Ama o Basbas ng Pagkasaserdote***

- Ipakita ang larawan 2-c, "Ang pagbabasbas ng pagkasaserdote ay makukuha ng buong mag-anak," o 12-a, "Makapagpapalakas sa mga miyembro ng mag-anak ang mga pagbabasbas ng ama."

Ang mga ama ay makapagbibigay sa mga miyembro ng mag-anak ng mga pagpapala upang tulungan sila na magkaroon ng hangarin at kakayahan na paunlarin ang kanilang mga talino. Kung ang isang tao ay hindi makatatanggap ng pagbabasbas ng isang ama, siya ay makatatanggap ng pagbabasbas ng pagkasaserdote na may gayon ding layunin mula sa isang tagapagturo sa tahanan o ibang pinuno ng pagkasaserdote.

***Panatilihin ang Mabubuting Saloobin ng Mag-anak Tungkol sa mga Talino***

Dapat nating ituro at ipakita sa pamamagitan ng ating halimbawa na makabubuti na paunlarin ang ating mga talino. Dapat din nating purihin ang mga miyembro ng ating mag-anak kung sila'y nagkamit ng tagumpay at aliwin sila kung sila'y nabigo. Hindi natin sila kailanman dapat pintasan.

***Tulungan ang mga Miyembro ng Mag-anak na Pumili ng Talino na Pauunlarin***

Magbalangkas kasama ang buong mag-anak ng isang aktibong programa ng pagpapaunlad ng talino, pagkatapos ay bigyan sila ng panahon na magsanay at ipakita ang mga talinong iyon. Ang mainam na sandali para sa kanila na ipakita ang kanilang mga talino ay sa oras ng pagdaraos ng gabing pantahanan ng mag-anak.

***Himukin ang mga Miyembro ng Mag-anak na Manalangin Upang Magkaroon ng Katatagan, Lakas ng Loob, at Inspirasyon sa Pagpapaunlad ng Kanilang mga Talino***

Kung sa ating pananalangin bilang mag-anak ay humihiling tayo sa Panginoon na tulungan ang mga miyembro ng mag-anak na mapaunlad at gamitin ang kanilang talino, sila ay mahihikayat na manalangin para sa ganito ring pagpapala.

**Katapusan**

Ang Diyos ay nagkaloob sa bawat isa sa atin ng mga talino. Bilang pagpapahalaga at ayon sa kautusan, dapat nating tuklasin at paunlarin ang mga ito na inaalaala ang payong ito habang ginagawa ang mga iyon: "Masigasig ninyong hanapin ang mga pinakamahusay na kaloob, alalahanin sa tuwina kung para saan ibinigay ang mga ito; sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang mga ito ay ibinigay para sa kapakinabangan ng mga yaong nagmamahal sa akin at sumusunod sa lahat ng aking kautusan, at siya na naghahangad na gumawa nito" (D at T 46:8–9).

**Hamon**

Pamalagiin ang mabuting saloobin ng mag-anak tungo sa pagpapaunlad at paggamit ng mga talino. Magbanghay ng isang plano upang mapaunlad ang isa sa inyong mga talino. Kung ikaw ay isang ama na nagtataglay ng pagkasaserdoteng Melquisedec, bigyan ang bawat miyembro ng mag-anak ng basbas upang tulungan siya sa pagtuklas ng kanyang mga sariling talino. Pagkatapos tulungan ang mga miyembro ng mag-anak na pumili ng isa o dalawang talino na nais nilang paunlarin. Himukin sila na manalangin upang magkaroon ng katatagan, lakas ng loob, at inspirasyon sa pagpapaunlad ng kanilang mga talino.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Lukas 12:47–48 (marami ang hinihingi sa mga binigyan ng marami)
- Eter 12:35 (kukunin ang mga talino kapag hindi ibinabahagi)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 34, "Pagpapaunlad ng Ating mga Talino."
2. Hilingan ang isang miyembro ng klase na maghandang isalaysay kung paano niya natuklasan at napaunlad ang isa sa kanyang mga talino.
3. Ihanda ang mga poster na iminungkahi sa aralin o isulat ang impormasyon sa pisara.
4. Magtalaga ang mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGPAPAUNLAD SA PAMUMUNO

*Aralin 20*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na maunawaan ang mga batayan ng alituntunin sa pamumuno.

**Pambungad**

- Ano ang pamumuno? (Ang kakayahang pamunuan ang iba)

Kailangan ng Simbahan ng mahuhusay na pinuno—kalalakihan at kababaihan na makapangangalaga sa mabilis na dumaraming miyembro na makapamumuno sa kapakanan at mapananatili ang kaayusan ng Simbahan na itinatag ng Panginoon, nakatutulong sa iba na sundin ang mga kautusan, at maninindigan para sa kapakanan ng katotohanan sa buong daigdig.

Ang mga pinuno ng Simbahan na nagsisikap na mapagbuti ang mundo sa pamamagitan ng pamumuhay at pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo ay may karapatang tumanggap ng karunungan at inspirasyon. Kapag tayo'y pinamumunuan ng mga gayong pinuno, ang ating mga tahanan, mag-anak, komunidad, at bansa ay lumalakas. Ang ating mga tungkulin bilang nagtataglay ng pagkasaserdote ay ihanda ang ating sarili na maging pinuno na nagbibigay-inspirasyon, sapagkat ang ating pamumuno ay maaaring makaapekto sa iba sa buong buhay nila.

Nagpahayag ng pasasalamat si BishopVictor L. Brown sa mga pinuno noong siya'y bata pa. Ang sabi niya:

"Natatandaan ko nang may kalinawan ang kasiyahan ng pagpapasa ng sakramento bilang isang diyakono sa Cardston Second Ward, Istaka ng Alberta, sa Canada. . . .

"Natatandaan ko kung paano ko itinuring na isang karangalan ang gumanap sa gayong kabanal na paglilingkod. Tandang-tanda ko kung paano itinuro sa akin ng aking mga magulang na dapat na malinis at dalisay ang aking mga kamay at puso upang maging karapat-dapat ako na gumanap sa ordenansang ito.

"Ang pinakadakila sa lahat ng aral ay ang halimbawang ipinakita sa akin ng aking ama at ina. Ang sumunod ay ang halimbawa ng aking

tagapayo ng korum ng mga diyakono, na siya ko ring Scoutmaster. Siya ay huwarang halimbawa kung ano ang dapat na pinuno ng mga batang lalaki. Bawat batang nasa ilalim ng kanyang pamumuno ay nakadama ng kanyang dakilang pagmamahal. Ang kanyang impluwensiya ay hindi lamang tuwing Linggo nang umaga o kaya'y Martes nang gabi; ito'y nadarama sa buong linggo. Ako'y palagiang nagpapasalamat sa tagapayo ng mga diyakono para sa mga aral ng buhay na itinuro niya sa akin bilang labindalawang taong gulang na diyakono, mga aral na tumulong sa akin mula nang araw na iyon hanggang ngayon." (sa Conference Report, Abr. 1972, 101; o *Ensign,* Hulyo 1972, 89–90).

- Anong uri ng pinuno ang pinasasalamatan ni Obispo Brown? Bakit sila mahuhusay na pinuno?

- Ipaisip sa mga miyembro ng klase ang tungkol sa mga sumusunod na tanong: Ano ang ginagawa kong paghahanda para manungkulan sa pamumuno? Anong uri ng pinuno ako ngayon? Anong uri ng impluwensiya mayroon ako sa iba?


**Ano ang Isang Pinuno?**

- Ipakita ang larawan 20-a, "Tulad ng isang tunay na pastol, ipinakikita ng pinuno sa iba ang daan, hinihikayat sila na sumunod sa kanya."

Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie: "Ang sambahayan ni Israel ay ang piniling kawan ng Panginoon, at ang mga itinalagang mangalaga sa mga tupa ay ang mga pastol ng Panginoon. Kaya nga ang sinumang naglilingkod sa anumang kakayahan sa Simbahan na nasa pananagutan niya, para sa espirituwal o temporal na kapakanan ng sinuman sa mga anak ng Panginoon ay isang pastol sa mga tupang iyon. Pananagutin ng Panginoon ang mga pastol sa kaligtasan ng kanyang tupa. (Ezek. 34)." (*Mormon Doctrine*, ika-2 edisyon [1966], 710).

Inaakay ng tunay na pastol ang kanyang mga tupa. Siya ang nangunguna sa kanila, nagbibigay ng mga tagubilin. Kilala nila ang kanyang tinig at sumusunod sa kanya. Kilala at mahal niya ang bawat isa. Binabantayan ang mga dumarating na panganib at handang ibuwis ang Kanyang buhay para sa Kanyang tupa. (Tingnan sa *Jesus The Christ,* ika-3 edisyon [1916], ni James E. Talmage, 417.)

Tulad ng isang tunay na pastol, hinihikayat ng isang pinuno ang iba na sundin siya at isakatuparan ang sarili nilang mga tungkulin. Ipinakikita niya ang daan sa pamamagitan ng pamumuhay ng mga alituntuning itinuturo niya at sa pamamagitan ng pag-unawa at pagtugon sa mga pangangailangan ng iba. Ang isang pinuno ay nakakikilala at lumulutas ng mga problema, nagtatakda at nagkakamit ng mga layunin, at sinusuri ang mga kilos niya at ng kanyang mga tagasunod at gumagawa at nagmumungkahi ng mga pagbabagong makabubuti.



*20-a, Tulad ng isang tunay na pastol, ipinakikita ng pinuno sa iba ang daan, hinihikayat sila na sumunod sa kanya.*

Ipinaliwanag ni Pangulong Harold B. Lee, na nagsaysay tungkol sa panahong siya'y maging Pangulo ng Simbahan, kung ano ang tunay na pamumuno: "Sa paano pa man ang pakiramdam na dumating lamang sa akin ay, na ang tanging tunay na ulat na maaaring gawin tungkol sa aking paglilingkod sa bago kong tungkulin ay ang talaan na maaari kong isulat sa puso at buhay ng mga yaong aking pinaglingkuran at pinagpagalan, sa loob at labas ng Simbahan" (sa Conference Report, Okt. 1972, 19; o *Ensign,* Ene. 1973, 24).

**Mga Katangian ng Mahusay na Pinuno**

Ipinahayag ng Panginoon sa mga banal na kasulatan ang mga katangian ng mahusay na pinuno.

- Hilingin sa isang miyembro ng klase na basahin ang Doktrina at mga Tipan 121:41–45. Anu-anong katangian sa pamumuno ang binanggit ng Panginoon sa talatang ito? (Itala ang mga sagot sa pisara.)

Gaya ng tinutukoy ng Panginoon sa banal na kasulatang ito, ang mga pinuno ay kailangang magtaglay ng mga sumusunod na katangian:

***Pagiging Mapaghimok***

Ang panghihimok ay ang pagsisikap na mahikayat ang iba na gumawa ng isang bagay na mahalaga. Ito ay kabaligtaran ng pag-uutos o pamimilit. Ginamit ng isang pinuno ng pagkasaserdote ang panghihimok upang tulungang matupad ng isang tagapagturo sa tahanan ang kanyang tungkulin. Nakipagpulong ang pinuno sa tagapagturo sa tahanan at mahinahong ipinaliwanag na limang mag-anak ang "lubusang nawalan" ng pakikipag-ugnayan sa obispo nang hindi tuparin ng tagapagturo sa tahanan ang kanyang tungkulin. Sinabi niya sa kapatid na kung ayaw niyang gampanan ang kanyang tungkulin, maaari siyang tumawag ng iba upang pumalit sa kanya. Gayon pa man, binigyang-diin ng pinuno na nais niyang tuparin ng kapatid ang kanyang tungkulin. Ang tagapagturo sa tahanan ay tumalima sa panghihimok at lubhang pinagbuti ang kanyang gawain.

***Mapagtiis***

Pinagtitiisan ng mahusay na pinuno ang kanyang mga hamon, umaasa sa Panginoon para magkaroon ng lakas. Matiyaga rin siya sa paggawa kasama ng iba, lalung-lalo na sa mga miyembro ng kanyang sariling mag-anak.

***Kahinahunan***

Ang kahinahunan ay pagiging mapagbigay. Ito ay magiliw na pakikibagay sa damdamin ng iba. Ito ay pagmamahal.

***Kababaang-Loob***

Ang kababaang-loob ay ang pagiging madaling turuan at pagiging matiyaga. Ang mapagpakumbaba ay yaong mga nais matuto, at humihingi ng tulong sa Diyos. Dahil sa kababaang-loob na ito, minamahal at pinahahalagahan sila iba.

***Pagmamahal na Walang Pagkukunwari***

Ang walang pagkukunwaring pagmamahal ay tapat na pagmamahal. Ito ay tunay na pagmamalasakit sa iba na nakikita sa mga pagpapahiwatig at kilos na sinasabing "Isinasaalang-alang ko kung ano ang iyong nadarama," "Nauunawaan kita," at "Gusto kong tumulong."

***Kabaitan***

Ang kabaitan ay pagpapakita ng taimtim na pagmamahal, malasakit, at paggalang sa iba. Kinikilala ng mabuting pinuno ang iba at sensitibo sa kanilang mga pangangailangan. Naglalaan siya ng oras upang makausap sila nang sarilinan.

***Pag-ibig sa Kapwa***

Ang mabuting pinuno ay kailangang may pag-ibig sa kapwa, ang dalisay na pag-ibig ni Cristo, para sa *lahat* ng tao. Kasama ng pagmamahal na ito ang pagsasakripisyo para sa kapakanan ng iba.

- Anyayahan ang isang miyembro ng klase na basahin ang Moroni: 7:44–48.

Isang ama na nagtuturo sa kanyang mga anak na lalaki na maging mabuting pinuno ang nagsabi: "Mula sa mga propeta at mula sa Prinsipe ng Kapayapaan, mag-aral kung paano mamuno, simulan sa inyong sarili. Tumayo sa sarili ninyong mga paa. Maging marangal. Itaas ang inyong mga ulo na wari baga'y tunay kayong mga anak ng Diyos, na siyang tunay. Lumakad kayo na kasama ng kalalakihan na nagtataglay ng kapangyarihang higit sa inyo, na tinataglay ninyo, sa pamamagitan ng pagkasaserdote. Kumilos kayo sa mundo na parang kayo ay kasama ng Panginoon sa pagtulong sa pagdadala ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan sa sangkatauhan, na siyang tunay. Lumakad nang matahimik,. . .subalit lumakad nang walang takot, sa pananampalataya. Huwag hayaang matangay kayo ng masamang hangin. Lumakad bilang mga pinuno na nagtataglay ng pagkasaserdote sa pamahalaan ng Diyos. Lumakad na may mga kamay na handang tumulong, may mga pusong puno ng pagmamahal sa inyong kapwa. Gayunpaman lumakad nang may katatagan sa katwiran" (Wendel J. Asthon, sa Conference Report, Abr. 1971, 61; o *Ensign,* Hunyo 1971, 58).

**Mga Pananagutan sa Pamumuno**

Kung tayo'y magiging mabubuting pinuno, dapat nating gawin ang mga sumusunod:

- Isulat ang mga katangiang ito sa pisara habang tinatalakay ang mga ito.

***Pag-aralan ang Ating mga Tungkulin***

Tinagubilin tayo ng Panginoon bilang mga maytaglay ng pagkasaserdote na pag-aralan ang mga tungkulin ng ating mga katungkulan at isagawa ang mga tungkuling ito (tingnan sa D at T 107:99.) Matututuhan natin ang ating mga tungkulin sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at ng mga gabay na aklat, hanbuk, at manwal na inilaan ng Simbahan. Maaari nating kausapin ang ibang naglingkod sa katungkulang tulad ng hawak natin o kaya'y yaong katatapos pa lamang maglingkod sa nasabing katungkulan. Kailangan din nating dumalo sa lahat ng pagpupulong sa pamumuno at pansariling pakikipanayam. Kailangan nating manalangin at kung minsan ay mag-ayuno para sa tulong sa pag-aaral ng ating mga tungkulin.

***Gampanan ang Ating Pangangasiwa***

Ang pangangasiwa ay may dalawang bahagi: pagpapakatawan ng karapatan at pananagutan.

*Pagpapakatawan ng karapatan*

Bilang pinuno dapat na matuto tayo na ipakatawan ang karapatan sa iba. Ito'y nangangahulugan ng pagbibigay natin sa iba ng tungkulin sa ilalim ng ating pamamahala at pagpapaubaya sa kanila na gawin ang gawain. Sinabi ni Pangulong Harold B. Lee: "Hayaang gawin nila ang lahat sa abot ng kanilang makakaya, at kayo ay tatayong taga-alalay at ituro sa kanila kung *paano* gawin ito. Sa palagay ko ay naroon ang lihim ng pag-unlad, ang magbigay ng pananagutan at pagkatapos ay turuan ang ating mga tao kung *paano isasagawa* ang pananagutang iyon" (binanggit ni N. Eldon Tanner, "Leading As the Savior Led," *New Era,* Hunyo 1977, 6).

Tinutulungan natin bilang mga pinuno ang nasa ilalim ng ating pamamahala na maunawaan ang halaga ng kanilang mga tungkulin. Ang pamumuno ay hindi pag-uutos; ang pamumuno ay pagbibigay ng tulong at patnubay; ang pamumuno ay nagpapasigla at nagpapalakas ng loob doon sa mga binigyan natin ng pananagutan. (Tingnan sa Mateo 23:11.)

*Pananagutan*

Sinabi ng Panginoon: Hinihingi ng Panginoon, sa mga kamay ng bawat katiwala na magbigay-sulit sa kanilang pangangasiwa, maging sa panahong ito at sa kawalang-hanggan" (D at T 72:3). Kapag tayo'y

nagbibigay ng gawain sa iba, dapat nating ipaliwanag nang malinaw ang pananagutan sa mga gawain, at pagkatapos ay bigyan sila ng laya na tapusin ang gawain, nang pinakamabuti sa kanilang paningin. Datapuwa't, sila'y dapat bigyan ng takdang oras kung kailan sila mag-uulat sa atin tungkol sa kanilang pag-unlad.

Ang ganitong uri ng pag-uulat, o pagbibigay-sulit, ay dapat ibigay sa mga pinuno ng taong iyon. Sa Simbahan, ito ay ginagawa sa pamamagitan ng pansariling pakikipanayam. Sa panahon ng pakikipanayam, ang mga pinuno ay makapagbibigay ng payo at masusuri kung gaano kainam ginawa ang gawain. Sa paggawa nito, gayon pa man, ang pinuno ay dapat mamalaging walang pag-aalinlangan at matulungin, nagbibigay ng panghihikayat kung naaangkop.

Ito, sa gayon, ang paraan ng pagtupad natin sa pangangasiwa bilang pinuno ng Simbahan: 1) magbigay ng takdang gawain 2) pahintulutan ang tao na isakatuparan ito 3) magbigay ng tulong 4) tumanggap ng ulat at 5) pahalagahan ang paglilingkod at pinupuri ang tao para dito.

***Maging Mabubuting Ama***

Ang pinakamahalagang tungkulin natin sa ating pamumuno ay ang pagiging mga ama. Tinagubilinan ni Pangulong Joseph F. Smith ang mga ama kung paano pangangasiwaang mabuti ang kanilang mga mag-anak: "Mga ama, kung nais ninyong ang inyong mga anak ay. . .mahalin ang katotohanan at maunawaan ito, kung nais ninyo silang maging masunurin at makiisa sa inyo, mahalin ninyo sila! at patunayan sa kanila na talagang mahal ninyo sila sa pamamagitan ng bawat salita o kilos na ipinakikita sa kanila. . .Kapag kayo'y nagsasalita o nakikipag-usap sa kanila, gawin ito nang walang galit, gawin ito nang walang pagmamalupit at diwa ng panunumbat. Kausapin sila nang mahinahon. . . .Palambutin ang kanilang mga puso; papangyarihing magkaroon sila ng magiliw na damdamin sa inyo. Iwasan ang paggamit ng panghagupit o ng karahasan, subalit. . . lapitan sila nang may katwiran, nang may panghihikayat at pagmamahal na walang pagkukunwari" (*Liahona: The Elders' Journal,* ika-17 ng Okt. 1911, 1:260–61).

***Sang-ayunan ang Ating mga Awtoridad***

Ang isang mahusay na pinuno ay mahusay ding tagasunod sa mga nakatataas sa kanya. Ang mabubuting tagasunod ay nakakamit ang pananalig at pagtitiwala kapwa ng kanilang mga pinuno at ng yaong kanilang mga pinamumunuan. Dapat nating sang-ayunan ang lahat ng ating pinuno sa pamamagitan ng pagtanggap at pagsasagawa ng itinakda nila sa atin.

- Sino ang ating mga pinuno? (Mga magulang, guro, pinuno ng pangkat o korum, obispo, o pangulo ng sangay, pangulo ng istaka o misyon at Pangkalahatang Awtoridad ng Simbahan)

- Magpatotoo kayo tungkol sa isang tao na sa pakiramdam ninyo ay isang mahusay na pinuno ng Simbahan.

**Katapusan**

Kailangang paunlarin natin ang ating kakayahan sa pamumuno kung ating isasakatuparan ang ating mga tungkulin sa Simbahan. Ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos, pagsunod sa mga payo ng ating mga pinuno, at matapat na paglilingkod sa ating mga tungkulin ay tutulong sa atin na mapaunlad ang mga kakayahang ito at maitayo ang kaharian ng Panginoon (tingnan sa D at T 64:29–34).

Bilang mga maytaglay ng pagkasaserdote, tayo ay palaging mga pinuno. Ito ay lalong totoo sa bawat ama na maytaglay ng pakasaserdote; siya ay palaging may tungkulin sa pamumuno sa Simbahan sa pamamagitan ng pagiging patriyarka ng kanyang mag-anak. Ang mga amang yaon na ibinuklod na sa kanilang mag-anak sa templo ay hahawak ng tungkuling ito magpakailanman kung kanilang tutuparin ang kanilang mga tipan.

**Hamon**

Pag-isipang mabuti ang mga katangian ng pamumuno na inilahad sa araling ito. Pagsikapang mapaunlad ang mga ito sa inyong sariling buhay sa pagsunod sa mga kautusan, pagsunod sa payo ng inyong mga pinuno at paglilingkod nang tapat sa bawat tungkulin at takdang gawain.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- II Kay Timoteo 1:7 (ibinigay ng Diyos ang diwa ng pagmamahal)

- 1 Nephi 3:7 (tutulungan tayo ng Diyos na maisagawa ang ating mga tungkulin)

- Mosias 18:8–11 (kailangang tulungan ng matatapat ang iba)

- Alma 38:11–12 (mga paraan ng pamumuno at paglilingkod)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Maging handa sa pagbibigay ng patotoo tungkol sa isang mahusay na pinuno ng Simbahan na kilala ninyo.
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# PAMUMUNO: TAMANG PAGPAPASIYA

*Aralin 21*

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na mapabuti ang ating kakayahan sa mga pagpapasiya nang tama.

**Pambungad**

Ang mahalaga sa ating buhay bilang mga anak ng Diyos ay ang pangangailangan at karapatan sa pagpapasiya. Ang pagpapasiya, gayunman, ay isang mapaghamong karanasan. Palagi tayong nababalisa tungkol sa pagpapasiya nang tama at nalilito tungkol sa kung saan tayo pupunta sa pagtanggap ng tulong sa paggawa nito.

Ngunit maaari tayong humingi ng tulong sa Panginoon. Sinabi Niya sa atin na Siya ang bukal ng lahat ng katotohanan, at sa pamamagitan Niya malalaman natin ang katotohanan ng lahat ng bagay. Lahat tayo ay Kanyang mga anak, at hindi Niya tayo pinababayaang mawalan ng lakas sa pakikiharap sa mga hamon ng buhay.

Sinabi ni Elder Boyd K. Packer : "Lubhang napakahalaga na iyong maunawaan na alam mo na ang tama sa mali, na ikaw ay may katutubo, may likas, at may makatwirang kabutihan. Kung sinasabi mong, 'Hindi ko kaya! Hindi ko kayang lutasin ang aking mga suliranin!' Ibig kong sumigaw, 'Hindi mo ba nauunawaan kung sino ka? Hindi mo pa ba nalalaman na ikaw ay isang anak na lalaki o anak na babae ng Makapangyarihang Diyos? Hindi mo ba nalalaman na mayroong mga makapangyarihang mapagkukunan na minana buhat sa Kanya na maaasahan mo upang makapagbigay sa iyo ng katatagan at tapang at dakilang kapangyarihan?' " ("Self Reliance," *Ensign,* Agosto 1975, 88).

**Tulong mula sa Panginoon**

Nang lisanin natin ang kinaroroonan ng ating Ama sa Langit, pinagpala niya ang bawat isa sa atin ng Espiritu ni Cristo. Ang mga banal na kasulatan ay nagpapahayag na ang Espiritu ni Cristo, na kung minsan ay tinatawag na "liwanag ni Cristo," o ang ating budhi

ay "lumiliwanag sa bawat tao na pumaparito sa sanglibutan" (tingnan sa Juan 1:6–9). Ang liwanag na ito ay nagbibigay ng mahalagang pag-unawa sa tama at mali. Ang pagsunod nito ay mag-aakay sa atin sa paggawa ng mabuti at pag-unawa sa katotohanan.

Binigyan pa tayo ng dagdag na bukal ng katotohanan nang tayo ay pinagtibay bilang mga miyembro ng Simbahan. Ito ang kaloob na Espiritu Santo, na ibinigay " upang [magbigay-alam] sa [atin] ng lahat ng bagay na nararapat [nating] gawin" (2 Nephi 32:5).

Sinabi rin ng Panginoon sa atin na "magpakabusog sa [Kanyang] mga salita" para matulungan tayo sa ating buhay (tingnan sa 2 Nephi 32:3). Maaari nating matanggap ang mga salita ni Cristo sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, sa mga salita ng ating buhay na propeta (tingnan sa D at T 1:37–38; 68:2–4), o sa mga udyok ng Espiritu Santo.

Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell: "Kailangang magpakabusog tayo sa mga salita ni Cristo sa mga banal na kasulatan at habang dumarating ang mga salitang ito sa atin buhat sa mga buhay na propeta. Hindi sapat ang patikim-tikim lang. (Tingnan sa 2 Nephi 31:20 at 32:3.) Ang pagpapakabusog ay nangangahulugan ng pagkain nang may kasiyahan at pagnamnam—hindi minsanang pagpapakabundat sa di-matingkalang pagkagutom, kundi pagkain nang may pasasalamat, nang may kasiyahan sa isang katakam-takam na hain na maingat at buong pagmamahal na inihanda. . .sa loob ng maraming taon" (*Wherefore Ye Must Press Forward* [1977], 28).

Habang mapagkumbaba tayong "nagpapakabusog" sa mga salita ni Cristo, malalaman natin ang higit na dapat gawin sa lahat ng bahagi ng ating buhay. Ang mga pinuno ng Simbahan na gumagawa nito, halimbawa, ay higit na malalaman kung ano ang sasabihin, ano ang ituturo, sino ang tatawagin sa mga tungkulin, at kung paano makapagpapasiya pa sa mga bagay na may kaugnayan sa kanilang mga tungkulin.

**Paano Makagagawa ng mga Pagpapasiya?**

Mayroon man tayo o walang kasalukuyang hinahawakang tungkulin sa Simbahan, bawat isa sa atin ay pinuno ng ating sariling pakikipag-ugnayan. Samakatuwid, dapat na matutuhan nating magpasiya nang tama .

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara:



*21-a, Mahalaga ang panalangin sa mga pagpapasiya nang tama.*

**Pagpapasiya nang Tama**

1. Alamin ang suliranin.
2. Manalangin para sa patnubay at sa diwa ng pag-unawa.
3. Pag-aralan ang suliranin.
4. Magpasiya.
5. Manalangin para sa pagpapatibay.
6. Kumilos—gawin ito.

Ang mga sumusunod ay hakbang para sa paggawa ng tamang pagpapasiya . Ang mga hakbang na ito ay ibinibigay lamang bilang pangkalahatang patnubay.

***Alamin ang Suliranin***

Kailangang maunawaan natin nang lubusan kung ano ang suliranin bago natin malutas ito. Kung minsan makatutulong ang pagsulat ng suliranin.

***Manalangin para sa Patnubay at sa Diwa ng Pag-unawa***

- Ipakita ang larawan 21-a, "Mahalaga ang panalangin sa mga pagpapasiya nang tama."

Habang nagsisimula tayong lutasin ang ating suliranin, kailangang hingin natin ang tulong ng ating Ama sa Langit. Ang tulong na ito ay madalas na dumarating sa pamamagitan ng isa sa mga kaloob ng Espiritu: ang kaloob na pag-unawa. Ang kaloob na ito, na ibinibigay sa mga yaong humihiling nito, ay makatutulong sa atin upang malaman ang katotohanan at gumawa ng mga wastong paghatol (tingnan sa Juan 16:13; Moroni 10:5).

***Pag-aralan ang Suliranin***

Ang paghingi sa Panginoon ng patnubay ay bahagi lamang ng proseso. Ang iba ay nagpapalagay na dahil sinabi ng Panginoon, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan" (Mateo 7:7), ang isa ay kailangang humiling lamang upang tumanggap ng sagot ng Panginoon. Ngunit dapat na higit tayong gumawa kaysa humingi. Ang Panginoon ay nagturo sa atin na pag-aralan ang suliranin sa ating isipan (tingnan sa D at T 9:8). Kadalasan bago tayo bigyang-inspirasyon ng Panginoon, inaasahan din niya na ipunin natin ang lahat ng makukuha nating impormasyon tungkol sa suliranin at humanap ng payo sa mga naaangkop at maaasahang tao. Halimbawa, ang mga pinuno ay maaaring humingi ng payo sa kanilang mga tagapayo, ang mga may-asawa ay maaaring humingi ng payo sa kanilang mga maybahay, at ang mga anak ay maaaring humingi ng payo

sa kanilang mga magulang. Dapat din nating alamin ang mga maaaring kalutasan sa suliranin at isipin ang ibubunga ng bawat isa.

Kapag magpapasiya, dapat tayong mag-ipon ng sapat na maaasahang kaalaman upang makagawa ng isang matalinong pasiya. Ang mga pasiyang ginawa sa maliit o hindi maaasahang kaalaman ay madalas na mali at maaaring magdala ng pagsisisi at kalungkutan.

***Magpasiya***

Pagkatapos nating pag-aralan ang suliranin, maaari na nating piliin ang maaaring pinakamabuting solusyon. (Kung minsan ang pagpapasiya ay hindi sa pagitan ng mabuti at masama, kundi kung ano ang pipiliing pinakamabuting bagay na maaaring gawin sa oras na iyon.) Nagpapasiya tayo batay sa kung ano ang ating palagay na pinakamabuting gawin pagkatapos na masusing pag-aralan ang kaalamang naipon natin.

***Manalangin para sa Pagpapatibay***

Pagkatapos pumili, lalapit tayo sa Panginoon sa panalangin at magtatanong kung tama ang ating pasiya . Kung tama ito, ang Espiritu Santo ay magpapatibay sa pasiya sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng payapa, may katiyakang damdamin tungkol dito (tingnan sa D at T 6:22–23). Kung minsan makatatanggap pa nga tayo ng pag-aalab sa ating dibdib (tingnan sa D at T 9:8).

Kung sa ano mang kadahilanan ay hindi tayo nakapili nang wasto, ipahahayag ng Panginoon na mali ang ating pasiya sa pamamagitan ng pag-iiwan sa atin ng hindi maginhawang damdamin o matinding pag-aalinlangan. Tinutukoy ito ng mga banal na kasulatan bilang "pagkatuliro ng pag-iisip" (D at T 9:9). Kung mangyayari ito, kailangang may pagpapakumbaba tayong magsimula muli sa proseso ng pagpapasiya.

Kadalasan, ang pagpapatibay buhat sa Espiritu Santo ay dumarating sa atin habang nagdarasal tayo para rito. Kung minsan, gayon pa man, maaaring hindi tayo tiyak kung ano ang nais ng Panginoon na ating gawin at kailangang simulang lutasin ang suliranin bago dumating ang isang espirituwal na pagpapatibay.

Sinabi ni Elder Hartman Rector, Jr. na umaasa ang Panginoon na tayo ay "luluhod at makikipag-usap sa kanya. Sasabihin sa kanya kung ano ang ating gagawin—gagawa ng mga pangako sa kanya—iisa-isahin ang ating panukala—at pagkatapos ay tatayo mula sa ating pagkakaluhod at hahayo at *gagawin* kung ano ang sinabi natin sa Kanya na gagawin. Sa *paggawa*, ang Espiritu ay dumarating" (sa Conference Report, Okt. 1973, 135; o *Ensign,* Enero 1974, 107).

Paminsan-minsan, magkakaroon tayo ng pagpapasiya na parang napakahirap at walang posibleng kasagutan. Kapag ito'y mangyayari dapat nating alalahanin kung ano ang naranasan ni Pangulong Marion G. Romney: "Nagkaroon ako ng mga suliranin na parang hindi ko malulutas, at ako'y nagdusa sa pagharap sa mga ito hanggang parang hindi na ako makapagpatuloy pa kung hindi ako magkakaroon ng kalutasan sa mga iyon. Pagkatapos manalangin at mag-ayuno sa maraming pagkakataon isang araw bawat linggo sa matagal na panahon, nagkaroon ako ng mga kasagutang ipinahayag sa aking isipan sa mga tiyak na pangungusap. Narinig ko ang tinig ng Diyos sa aking isipan at kilala ko ang kanyang mga salita" (*Look to God and Live: Discourses of Marion G. Romney,* tinipon ni George J. Romney [1971], 45).

May mga panahon na kailangan nating mag-ayuno, mag-aral ng mga banal na kasulatan at manalangin upang malutas ang mabibigat na suliranin. Paminsan-minsan, kahit na pagkatapos ng paggawa ng mga bagay na ito at pagpapasiya at pagsasagawa nito, ay maaaring hindi pa rin tayo makatanggap ng pagpapatibay. Sa mga ganoong panahon, dapat lamang nating sundin ang ating pinakamabuting pasiya, buong pagtitiis na nananalig na balang-araw ang pagpapatibay ay darating din. Dapat natin palaging alalahanin na sinasagot ng Diyos ang ating mga dalangin kung, sa *Kanyang* pasiya, ay pinakamabuti para sa atin ang tumanggap ng isang kasagutan.

***Kumilos—Gawin Ito***

Kapag nakakuha tayo ng sagot sa ating mga panalangin kailangang gawin natin ang ipinagagawa ng kasagutan . Hindi natin maaasahang patuloy tayong tutulungan ng Espiritu Santo kung ipagwawalang-bahala natin ang Kanyang mga panghihikayat. Kahit na hindi natin gusto ang kasagutan o tila napakahirap ng ipinagagawa niya sa atin, dapat na handa pa rin tayong kumilos ayon sa patnubay Niya. Kung hindi magkagayon, manganganib tayo na mawala ang pakikipag-ugnayan ng Espiritu Santo at gayon din ang Kanyang pag-aliw at patnubay.

Si Pangulong Spencer W. Kimball ay isang magandang halimbawa ng isa na tapat sa paggawa ng ipinagagawa ng Panginoon sa kanya. "Lantad na ipinapakita sa lamesita ni Pangulong Kimball ang isang salawikain na mababasa nang payak, 'GAWIN ITO.' Sa pinunong ito na nagbibigay ng inspirasyon, ang sariling kapakanan ay pumapangalawa lamang. Ang lahat ay ginagawa upang matugunan ang kapakanan ng Panginoon. Ang kanyang halimbawa sa paggawa ay naging isang alamat at nagtatatag ng halimbawa para sa ating lahat upang sundin" (Robert L. Simpson, sa Conference Report, Okt. 1975, 17; o *Ensign,* Nob. 1975, 13).

Ang ilan sa mga hakbang na ito ng pagpapasiya ay inilarawan ng isang karanasan na nangyari sa mga sinaunang kasaysayan ng ating Simbahan.

Si Joseph Smith ay nagsasalin ng Aklat ni Mormon at si Oliver Cowdery ang gumaganap na tagasulat. Pagkatapos ng ilang panahon, ninais ni Oliver na gumawa ng ilang pagsasalin. Ipinahayag ng Panginoon ang kanyang kalooban kay Oliver tungkol sa bagay na ito. Ito'y nakatala sa Doktrina at mga Tipan 9, na nagsasabi kung paano nagsikap na magsalin si Oliver ngunit hindi naging matagumpay.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 9:4–9, na tinutukoy ang mga hakbang sa pagpapasiya na nabanggit.

**Pagsasanay sa Pagpapasiya**

- Ipalutas sa mga miyembro ng klase ang sumusunod na suliranin na ginagamit ang mga hakbang para sa tamang pagpapasiya na unang tinalakay sa araling ito. Gaganap sila bilang isa sa mga pinuno ni Brother Jones sa Simbahan.

Suliranin: Si Brother Jones ay sumapi sa Simbahan limang taon na ang nakararaan at inordenan sa pagkasaserdote. Dahil sa iskedyul niya sa trabaho, hindi siya makadalo sa anumang mga pulong at gawain sa Simbahan matapos siyang mabinyagan. Mayroon siyang tatlong matulunging anak at isang nagtatangkilik na asawa. Si Brother Jones ay isang dalubhasang karpintero na may natatanging pagmamalaki sa kanyang gawain.

***Hakbang 1: Alamin ang Suliranin***

- Ipatukoy sa mga miyembro ng klase ang suliranin.

Sa paggawa kasama ang mga hindi gaanong aktibong miyembro, ang mga pinuno ng pagkasaserdote ay dapat munang gumawa ng isang talaang kompidensiyal ng mga hindi lubos na sumasali sa mga gawain ng Simbahan. Kung ang talaan ay may maraming pangalan, dapat siyang pumili sa kanila ng mga yaong sa palagay niya ay tutugon nang pinakamainam sa pakikipagkaibigan, na lubusang itinutuon ang lahat ng kanyang pagsisikap sa kanila. Kapag sila ay naging aktibo na, maaari na silang tumulong sa kanya na gawing aktibo ang mga hindi gaanong aktibong miyembro.

***Hakbang 2: Manalangin para sa Patnubay at sa Diwa ng Pag-unawa***

- Pagkatapos nating malaman ang suliranin, saan tayo makakukuha ng tulong sa pagpapasiya kung paano malulutas ito?

- Bakit dapat nating gamitin ang pag-unawa kung kakausapin natin si Brother Jones?

Ang mga suliranin katulad ng hindi pagiging gaanong aktibo sa simbahan ay naglalahad ng mga natatanging hamon. Bago tayo makapagpasiya ng anuman tungkol sa isang hindi gaanong aktibong

tao, kailangang mapasaatin ang Espiritu upang tulungan tayong kilalanin ang mga totoong pangangailangan ng tao at malaman ang katotohanan buhat sa kamalian (tingnan sa Jacob 4:13).

***Hakbang 3: Pag-aralan ang Suliranin***

- Anong kaalaman ang makatutulong sa atin sa pagpapasiya kung paano tutulungan si Brother Jones?

Habang pinag-aaralan natin ang suliranin, dapat nating isaalang-alang ang mga sumusunod:

1. Sino ang kanyang mga tagapagturo sa tahanan? Paano natin maisasali ang mga tagapagturo sa tahanan nang higit na mabisa upang matulungan si Brother Jones na bumalik sa pagiging aktibo? Dapat ba nating italaga ang mga natatanging maytaglay ng pagkasaserdote upang tulungan ang kanyang mag-anak?
2. Paano natin maipaaalam kay Brother Jones na kailangan natin siya?
3. Paano niya malalaman na kailangan niya ang ebanghelyo?
4. Anu-ano ang kanyang interes at talino? Paano natin magagamit ang mga ito upang maramdaman niyang kailangan at mahalaga siya?
5. Sinu-sino ang kanyang kaibigan? Paano nila siya matutulungan?
6. Anu-anong gawain ang maaaring pagsalihan natin sa kanya na hindi siya masasaktan?
7. Paano natin siya aalukin ng tulong?

- Ano pang ibang impormasyon ang maisasaalang-alang natin?
- Talakayin ang isang plano na ating susundin upang maibalik si Brother Jones sa pagiging aktibo sa Simbahan?

***Hakbang 4: Magpasiya***

Habang pinag-aaralan natin ang suliranin, dapat tayong magpasiya kung paano ito lulutasin. Sa pagpapasiya kung paano tutulungan si Brother Jones, kailangang bumuo tayo ng plano upang ipakita ang ating pagmamahal at pangangailangan sa kanya.

***Hakbang 5: Manalangin para sa Pagpapatibay***

- Ano ang susunod na hakbang pagkatapos nating magpasiya kung ano ang gagawin?

Kapag nakapagpasiya na tayo, dapat nating tanungin ang Panginoon kung ito ba ang tama. Ang Espiritu ang magsasabi sa atin kung nakapagpasiya tayo nang tama .

***Hakbang 6: Kumilos—Gawin Ito***

- Ano ang huling hakbang?

Ang huling hakbang ay sundin ang halimbawa ni Pangulong Spencer W. Kimball at isagawa ang ating plano; kailangan nating "gawin ito." Habang matapat nating sinusunod ang ating plano, na naglilingkod nang may sigasig at pagmamahal (tingnan sa D at T 81:5), aantigin ng Espiritu ang puso ni Brother Jones na sa tamang panahon, ay maaaring maging aktibong lubos.

**Katapusan**

Ipinadala tayo sa lupa ng ating Ama sa Langit upang matuto at umunlad at tulungan Siyang gawin ang Kanyang gawain sa lupa. Upang makapaglingkod nang mabuti at makapagpasiya nang tama hinggil sa ating sarili at sa iba, kailangang sundin natin ang mga kautusan, hangarin ang pakikisama ng Espiritu Santo at magkaroon ng pananalig kay Jesucristo. Kailangang magkaroon din tayo ng pananampalataya sa ating mga sarili sa pagsasagawa ng ating mga pasiya. Ito'y nangangailangan ng tapang at pangakong tutuparin ito. Makatitiyak tayo na kapag pinag-aralan natin nang may panalangin ang ating mga suliranin at ang mga solusyon nito, makikinig sa mga sagot, at pagkatapos ay lulutasin ang suliranin ayon sa kabutihan, tutulungan tayo ng Panginoon at ang ating impluwensiya para sa kabutihan ay madaragdagan.

**Hamon**

Sa linggong ito kapag gumagawa ng isang pagpapasiya, sundin ang mga hakbang na ibinalangkas sa araling ito. Magpatuloy na isagawa ang prosesong ito hanggang sa ito'y maging bahagi ng inyong buhay.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- 1 Mga Hari 3:5–15 (Si Solomon ay humihingi ng isang maunawaing puso)
- 1 Nephi 3:7 (ang Panginoon ay tutulong sa atin na magawa ang hinihingi Niyang gawin natin)
- Doktrina at mga Tipan 11:12–14 (manalig sa Espiritu)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Balik-aralan ang aralin 12 ng manwal na ito "Mabisang Pamumuno sa Mag-anak."
2. Ihanda ang poster na iminungkahi sa aralin, o isulat ang impormasyon sa pisara.
3. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PANGANGASIWA AT PAGPAPAKATAWAN

*Aralin 22*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayong maunawaan at magamit ang mga alintuntunin ng pangangasiwa at pagpapakatawan.

**Pambungad**

Si Moises ay isang dakilang pinuno, ngunit pagkatapos na pangunahan niya ang mga tao ng Israel palabas sa Ehipto nalaman niya mismo na mahirap lutasin ang lahat ng suliranin ng mga tao. Bawat araw mula sa umaga hanggang gabi, umuupo siya sa harapan ng mga tao sa pagsagot sa kanilang mga tanong at sa paglutas sa kanilang mga suliranin, ngunit ang gawain ay napakarami para sa isang tao. Pagkatapos makatanggap ng payo kay Jethro, ang kanyang biyenan, at isang matwid na pinuno ng pagkasaserdote, hinati ni Moises ang mga tao sa mga pangkat ng 10, 50, 100, at 1,000. Pagkatapos ay naghirang siya ng isang karapat-dapat na tao upang mamuno sa bawat pangkat. Pagkatapos noon, bilang propeta ng Israel, ginugol ni Moises ang kanyang panahon sa pagtuturo sa mga tao ng mga kautusan at sa paglutas sa pinakamahihirap na suliranin. Ang ibang suliranin ay hinawakan ng mga pinuno na kanyang tinawag. (Tingnan sa Exodo 18:13–26.)

Si Moises ay naging lalong mabisang pinuno sa pamamagitan ng pagsasaayos sa mga taong kanyang pinaglilingkuran. Ang paggamit niya ng mga alituntunin ng pangangasiwa at pagpapakatawan ay nakatulong kay Moises na maisaayos ang mga tao ng Israel at pamunuan sila nang lalong mabisa.

**Ang mga Katiwala at Pangangasiwa**

Ang isang katiwala ay isang tao na binigyan ng pananagutan para sa iba o para sa isang bagay na pag-aari ng iba. Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang isang pangangasiwa sa Simbahan : "[Ito] ay isang sagradong espirituwal o temporal na pagtitiwala kung saan mayroong pananagutan" (sa Conference Report, Okt. 1977, 124; o *Ensign,* Nob. 1977, 78).

Ang pangangasiwa sa Simbahan ay kinabibilangan ng tatlong pangunahing alituntunin (tingnan sa D at T 104:11–17):

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara:

**Mga Pangunahing Alituntunin ng Pangangasiwa sa Kaharian ng Panginoon**

1. Ang isang katiwala ay pinagkakatiwalaan ng isang bagay na pag-aari ng Panginoon.
2. Ang isang katiwala ay gumagamit ng kalayaan sa pagpili sa pangangalaga ng kanyang pinangangasiwaan.
3. Ang isang katiwala ay mananagot sa kanyang pangangasiwa.

***Ang Isang Katiwala ay Pinagkakatiwalaan ng Isang Bagay na Pag-aari ng Panginoon***

Sinabi ng Panginoon: "Ako, ang Panginoon, ay pinalawak ang kalangitan, at ginawa ang lupa, gawa ng aking kamay, at lahat ng bagay rito ay akin" (D at T 104:14). Ang buong mundo ay sa Panginoon, at ang lahat ng narito ay sa Kanya. Ang lahat ng bagay na nasa atin, ay ibinigay sa atin ng Panginoon. Ang ating mga katawan, ang ating mga talino at mga kakayahan, at ang ating mag-anak ay ipinagkatiwala niya sa ating pangangalaga. Tayo ang katiwala sa lahat ng bagay na ito. Kapag tumatawag ang mga pinuno ng isang tao para sa isang tungkulin sa Simbahan o binibigyan siya ng gawaing pagkasaserdote, nagtatalaga sila ng isang pangangasiwa.

- Ipaisip nang mabuti sa mga miyembro ng klase ang mga natanggap nilang pangangasiwaan mula sa Panginoon.

***Ang Isang Katiwala ay Gumagamit ng Kalayaan sa Pagpili sa Pangangalaga ng Kanyang Pinangangasiwaan***

Bilang mga anak ng ating Ama sa Langit, mayroon tayong kalayaan sa pagpili na kumilos para sa ating sarili. Kung tatanggap tayo ng isang pangangasiwaan, samakatuwid, tayo ay malaya sa pangangalaga nito sa paraan na ating napagpasiyahan. Malaya tayong maging matapat, masikap, at masunurin; ngunit tayo ay malaya rin na maging tamad at masuwayin. Sinabi ng Panginoon, "Aking . . . ibinigay sa mga anak ng tao na maging mga kinatawan ng kanilang sarili (D at T 104:17).

***Ang Isang Katiwala ay Mananagot sa Kanyang Pangangasiwa***

Inaasahan ng Panginoon na magiging matapat tayo sa ating pangangasiwa, ngunit hindi Niya tayo pipilitin na gawin iyon. Gayunpaman, sa araw ng paghatol mananagot tayo sa Panginoon kung paano natin pinangalagaan ang ating pinangangasiwaan. Mananagot din tayo sa mga kinatawan ng Panginoon—ang ating mga pinuno ng pagkasaserdote—sa mga panayam ng pagkasaserdote. "Hinihingi ng Panginoon, sa mga kamay ng bawat katiwala, na magbigay-sulit sa kanilang pangangasiwa, maging sa panahong ito at sa kawalang-hanggan" (D at T 72:3).

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 51:19, 52:13, 72:4, at 78:22. Ano ang ipinangangako ng Panginoon sa matatapat sa kanilang pangangasiwa?

**Pagpapakatawan**

Ang pagpapakatawan ay nangangahulugan ng pagbibigay sa isang tao ng pananagutan at karapatan na isagawa ang isang gawain na kung saan kayo ay may pananagutan. Ang itinalagang gawain ay magiging isang pangangasiwa sa taong binigyan ng gawain. Si Moises ay isang mabisang pinuno dahil gumamit siya ng mga alituntunin ng pangangasiwa at pagpapakatawan. Ang mga pinuno sa Simbahan ay magiging mas mabisa rin sa pamamagitan ng paggamit ng mga alituntuning ito.

Ang pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa lupa ay isang maluwalhating gawain, ngunit walang sinuman ang makakagawa nito nang nag-iisa. Kapag tayo ay tinawag na mamuno, dapat nating isali ang iba. Maraming buhay ang matutulungan ng isang pinuno na nagtatrabaho nang husto, ngunit ang isang pinuno na nagpapakatawan nang mabisa at nagbibigay ng inspirasyon sa iba upang magtrabaho nang husto ay makatutulong sa mas maraming buhay.

Ang mabisang pagpapakatawan sa Simbahan ay kinabibilangan ng apat na pangunahing alituntunin :

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara:

**Mga Pangunahing Alituntunin ng Pagpapakatawan sa Kaharian ng Panginoon**

1. Pumili ng taong karapat-dapat .
2. Italaga ang pangangasiwa.
3. Pahintulutan ang tao na pamahalaan ang kanyang sarili.
4. Panagutin ang tao sa kanyang pangangasiwa.

***Pumili ng Taong Karapat-dapat***

Kapag mayroon tayong gawain na kinakailangang matapos, dapat na piliin natin nang may panalangin ang tao na itatalaga natin (tingnan sa aralin 21, "Pamumuno: Tamang Pagpapasiya," sa manwal na ito).

***Italaga ang Pangangasiwa***

Pagkatapos pumili ng taong karapat-dapat , dapat nating italaga ang pangangasiwa. Ang wastong paraan sa pagbibigay ng isang tungkulin sa Simbahan ay ang pagkakaroon ng pagkikipanayam sa tao. Palaging angkop na anyayahan sa panayam ang asawa nito. Ang mga takdang gawain katulad ng mga proyektong pangkapakanan, ang pangangasiwa ng sakramento ay maaaring gawin nang walang pakikipanayam.

- Anong impormasyon ang dapat ibigay ng pinuno sa isang tao na katatanggap pa lamang ng bagong tungkulin o gawain? (Ang layunin ng samahan o proyekto, ang mga tungkulin ng takdang gawain, ang mga tiyak na bunga na inaasahang makakamtan ng tao, at ang takdang panahon na mag-uulat ang tao tungkol sa kanyang pangangasiwa).

***Pahintulutan ang Tao na Pamahalaan ang Kanyang Sarili***

Ang bawat tao ay dapat pahintulutang gamitin ang kanyang kalayaan sa pagpili sa pangangalaga ng kanyang pangangasiwa. Ang isang matalinong pinuno ay mag-aalok ng kanyang tulong sa nakatalagang tao, ngunit hindi kailanman magpapasiya para sa kanya. Magbibigay rin ang pinuno ng suporta at panghihikayat.

Nang tanungin kung paano niya pinamamahalaan ang mga miyembro ng Simbahan, sinabi ni Joseph Smith, "Tinuturuan ko sila ng mga wastong alituntunin, at pinamamahalaan nila ang kanilang sarili" (binanggit ni John Taylor, sa *Millennial Star,* ika-15 ng Nob. 1851, 339).

Isinulat ni Pangulong N. Eldon Tanner: "Hindi kailanman dapat magtangkang gawin ng isang pinuno ang gawain ng isang tao na kanyang itinalaga. . . . Bigyan sila ng kalayaan sa paggawa ng kanilang mga gawain. Huwag silang pintasan, kundi purihin ang tagumpay at himukin ang mga pagsisikap. . . . Tayo bilang mga pinuno. . .ay dapat magbigay ng lubusang pag-aasikaso sa personal na pagsulong ng bawat tao sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga wastong alituntunin at sikaping pamunuan ang taong iyon sa paghahanda ng kanyang sarili para sa kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan. Ito'y dapat nating gawin bilang halimbawa at panuntunan at pagkatapos maging handa sa pagtulong at pagtataguyod sa kanya sa kanyang mga pagsisikap, ngunit dapat natin siyang pahintulutang makagawa ng kanyang sariling pagpapasiya at pamahalaan ang kanyang sarili alinsunod sa kaloob sa kanya na kalayaan sa pagpili" ("Leading As the Savior Led," *New Era,* Hunyo 1977, 6).

***Panagutin ang Tao sa Kanyang Pangangasiwa***

Paminsan-minsan, dapat kapanayamin ng pinuno ang itinalagang tao at tumanggap ng isang ulat tungkol sa pangangasiwa nito. Sa oras ng pakikipanayam na ito, dapat tulungan ng pinuno ang tao na suriin ang kanyang gawain at bigyan siya ng tulong at lakas ng loob. Dapat din siyang magpahayag ng pasasalamat sa mga pagsisikap ng tao. Ang taimtim na papuri para sa mga ginawa ng mga tao ay nagpapalakas ng pananampalataya at patotoo.

Sinulat ni Pangulong Tanner : "Ang pag-uulat ay dapat palaging gawin sa pinuno, at dapat niyang asahan ang ganoong pag-uulat. Sa pamamahala sa Simbahan ang pangunahing kasangkapan sa pag-uulat ay ang personal na pakikipanayam. . . . Ito'y maaaring maging isang kapaki-pakinabang na karanasan para sa dalawang panig, kung saan mayroong isang pagkakataon upang magbigay ng sariling pagsusuri, at kung saan ang pakikipag-usap ay dapat maging tuwiran at nakatutulong. Ito'y isang huwarang kalagayan para sa pag-aalok at pagtanggap ng tulong" (*New Era,* Hunyo 1977, 6).

- Ipasuri sa mga miyembro ang sumusunod na kalagayan:

Si Pangulong Olson ay kailangang tumawag ng isang guro para sa mga miyembro ng Pagkasaserdoteng Aaron sa kanyang sangay. Pagkatapos ng maraming panalangin at paglilimi, nararamdaman niya ang inspirasyong tawagin si Brother Johnson, isang bagong nagbalik-loob sa Simbahan. Nang makita niya si Brother Johnson sa pulong ng pagkasaserdote, nakipagtipan siya kay Brother Johnson at sa asawa nito na makipagkita sa kanya sa kapilya nang 6:30 ng gabing iyon.

Nang dumating ang mga Johnson, inanyayahan ni Pangulong Olson si Brother Johnson sa kanyang tanggapan para sa isang maikling panayam sa pagiging karapat-dapat; pagkatapos ay inanyayahan niya Sister Johnson na sumali sa kanila. Pagkatapos ng ilang sandaling pag-uusap, si Pangulong Olson ay nanalangin. Pagkatapos ng panalangin, sinabi niyang, "Inanyayahan ko kayo sa gabing ito upang bigyan ng tungkulin si Brother Johnson. Idinalangin ko ang tungkol sa bagay na ito at naramdaman ko ang inspirasyon sa pagtawag sa iyo, Brother Johnson, na magturo sa klase ng Pagkasaserdoteng Aaron sa ating sangay. May malaki akong tiwala na ikaw ay magiging isang mabisang guro, dahil alam kong gusto ng Panginoon na ikaw ang maglingkod sa tungkuling ito." Pagkatapos nagpatuloy si Pangulong Olson sa masusing paglalarawan ng mga tungkulin ng isang guro ng klase ng pagkasaserdote.

Pagkatapos matiyak na nalaman na ni Brother Johnson kung ano ang inaasahan sa kanya, nagtanong si Pangulong Olson kung tatanggapin

niya ang tawag. Sinabi ni Brother Johnson, "Nadama ko ang malaking pagpapakumbaba sa paghiling sa akin na tanggapin ang ganitong pananagutan, gayunman ako ay may pananalig na tutulungan ako ng Panginoon sa paggawa nito nang wasto. Tatanggapin ko ang katungkulang ito at gagawin ko ang aking makakaya." Pagkatapos noon ay isinulat ni Pangulong Olson ang mga tungkulin upang dalhin ni Brother Johnson at sinabi sa kanya kung gaano kahalaga sa Ama sa Langit ang mga kapatid sa kanyang klase.

Pagkatapos ay tinanong ni Pangulong Olson ang asawa ni Brother Johnson kung itataguyod niya ang kanyang asawa sa katungkulang ito. Sinabi niya na ipinagmamalaki niya ang kanyang asawa at itataguyod niya ito nang taos-puso. Nagpahayag ng pasasalamat si Pangulong Olson sa mga Johnson at isinaayos ang pagtatalaga kay Brother Johnson para sa kanyang tungkulin sa susunod na Linggo. Pagkatapos ay muli siyang nagtakda ng pakikipagtipan kay Brother Johnson sa ikalawang linggo upang tumanggap ng ulat tungkol kanyang tungkulin.

Pagkaraan ng dalawang linggo, nang dumating si Brother Johnson para sa pakikipanayam, nagbigay siya ng napakagandang ulat ng pag-unlad. Ang sabi niya ay marami siyang natutuhan tungkol sa pagtuturo at nagsisikap na maging mabuting guro. Ngunit sinabi niya na marami pa siyang dapat matutuhan. Si Pangulong Olson ay nagalak. Pinuri niya ito at sinabi na maganda ang kanyang ginawa. Hinimok niya ito na patuloy na gawin ang kanyang makakaya at patuloy na mag-aral at nag-usap sila tungkol sa pagtuturo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Tinalakay nila ang mga paraan kung paano maaaring makatulong si Brother Johnson sa isang hindi gaanong aktibong miyembro ng klase. Habang sila'y nagtatakda ng isa pang panayam sa pag-uulat, sina Pangulong Olson at Brother Johnson ay nagpahayag ng pasasalamat sa isa't isa. Kapwa sila may pananalig na si Brother Johnson ay magiging isang matagumpay na guro.

- Paano sinunod ni Pangulong Olson ang mga alituntunin ng pagpapakatawan? Ano ang ginawa niya upang tulungan si Brother Johnson na magtagumpay sa kanyang tungkulin?

**Katapusan**

Ang pangangasiwa at pagpapakatawan ay nakatutulong sa atin sa pagtupad nang mabisa sa gawain ng Panginoon. Kapag nakatanggap tayo ng isang tungkulin sa Simbahan, tayo ay pinagkakatiwalaan ng natatanging mga pananagutan sa kaharian ng Diyos. Ang mga pananagutang ito ay isang pangangasiwa, kung saan pananagutin tayo ng Panginoon. May laya tayong pangalagaan ang ating mga pinangangasiwaan nang may pagsisikap o katamaran, ngunit sa huli tayo ay hihilingan na mag-ulat tungkol sa mga ito.

Kasama ng mabisang pagpapakatawan ang mga alituntunin ng pangangasiwa. Hinihingi nito na magtalaga tayo ng pangangasiwa, magturo ng mga wastong alituntunin, pahintulutan ang tao na pamahalaan ang kanyang sarili, at panagutin siya.

Habang tayo ay matapat sa ating pangangasiwa at mabisang nagpapakatawan, susulong ang gawain ng Panginoon. Ganito tinulungan ni Alma na umunlad ang Simbahan sa kanyang panahon.

- Basahin ang Mosias 25:19–24.

**Hamon**

Alamin ang mga pangangasiwa na ibinigay ng Panginoon sa inyo. Pumili ng isang pinangangasiwaan na inyong mapagbubuti at gumawa ng isang layunin na makatutulong sa inyong gawin ito. Sa susunod na kailangan ninyong gumawa ng isang pagtatalaga sa inyong mag-anak o sa inyong tungkulin sa Simbahan, sundin ang mga alituntunin ng pangangasiwa. Ipakatawan ang karapatan at subaybayan ang gawain.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Mga Awit 24:1 (ang lahat ng bagay ay pag-aari ng Panginoon)
- Mateo 25:14–30 (ang mga alipin ay pinagkatiwalaan at pinagpanagot sa kanilang mga talento)
- Lucas 16:10–13 (ang pagiging matapat sa mga pangangasiwa sa mundo)
- Lucas 19:11–27 (ang mga katiwala ay dapat maging mabubuting namamahala)
- Doktrina at mga Tipan 59:16–21 (ang lahat ng bagay ay ginawa para sa gamit ng tao)
- Doktrina at mga Tipan 70:4 (ulat ng pangangasiwa sa Araw ng Paghuhukom)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Ihanda ang mga poster na iminungkahi sa aralin, o isulat ang impormasyon sa pisara.
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# PANGANGASIWA NG MGA PULONG AT PANAYAM

*Aralin 23*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na mangasiwa nang mabisa sa mga pulong at panayam.

**Pambungad**

Sinabi sa atin ni Nephi na pagkatapos na si Cristo ay dumalaw sa America, ang mga Nephita ay "lumakad alinsunod sa mga kautusang natanggap nila mula sa kanilang Panginoon at kanilang Diyos, nagpapatuloy sa pag-aayuno at panalangin, at sa madalas na pagtitipong magkakasama kapwa upang manalangin at makinig sa salita ng Panginoon" (4 Nephi 1:12).

- Anu-anong pulong ang ating dinadaluhan sa Simbahan? Bakit tayo may mga pulong?

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara:

**Mga Dahilan ng mga Pagpupulong**

1. Upang matulungan tayo na sundin ang mga kautusan ng Diyos
2. Upang patatagin ang mga patotoo
3. Upang ituro ang mga doktrina at alituntunin ng ebanghelyo
4. Upang iparating sa atin ang payo ng mga propeta ng ating panahon
5. Upang itaguyod ang ating mga pinuno
6. Upang gawin ang gawaing misyonero
7. Upang tumanggap ng sakramento
8. Upang maghatid ng kaalaman at pag-ugnayin ang gawain ng Simbahan
9. Upang lutasin ang mga suliranin
10. Upang magbigay-sigla at magturo
11. Upang isagawa ang mga ordenansa ng ebanghelyo, katulad ng binyag

**Pangangasiwa ng Mabibisang Pagpupulong**

Upang maging mabisa, ang mga pagpupulong ay dapat na magkaroon ng tiyak na layunin. Dapat pangasiwaan ng mga pinuno ang mga pagpupulong nang may kaayusan at dignidad, naghihikayat ng pakikibahagi sa lahat ng dumadalo, at naglalaan [ng oras] para sa pagsusuri at pagsubaybay.

***Pagpaplano***

Ang isang pagpupulong ay mabisa kapag ang layunin kung bakit ito idinaos ay natupad. Ito'y nangangailangan ng maagang pagpaplano.

Ang isang mahalagang tulong sa pagpaplano ay ang agenda. Ang agenda ay isang talaan ng mga bagay na gagawin sa pulong at ng mga makikilahok. Ipinahihintulot ng mga agenda na mailahad nang malinaw at mabisa ang pagpupulong. Sa paggawa ng agenda, dapat nating pag-isipan kung ano ang gusto nating tuparin at pagkatapos ay isulat ang mga layuning iyon ayon sa antas ng kahalagahan nito upang ang pinakamahahalagang bagay ay unang maisaalang-alang.

- Ano ang maaari nating isama sa isang agenda? (Isulat ang mga mungkahi sa pisara. Ang isang halimbawa ng isang agenda para sa gabing pantahanan ng mag-anak ay nasa katapusan ng araling ito.)

Ang isang maikling pulong-paghahanda ay maaaring idaos bago ang ilang pagpupulong katulad ng pulong-sakramento at pagbibinyag. Dito, ang agenda ay napagbabalik-aralan ng mga magsisidalo, at isang dasal ang inihahandog upang humingi ng patnubay ng Espiritu.

Sinabi ng Panginoon sa atin: "Ito sa tuwina ay ibinibigay sa mga elder ng aking simbahan mula pa sa simula, at gayon nga tuwina, upang pangasiwaan ang lahat ng pagpupulong habang sila ay inaatasan at pinapatnubayan ng Banal na Espiritu" (D at T 46:2). Kapag nananalangin tayo na dumalo ang Espiritu Santo sa ating mga pagpupulong at pagkatapos ay kumikilos nang nararapat, paroroon ang Espiritu Santo at tutulungan tayong matupad ang layunin ng pulong. Si Moroni ay nagsulat tungkol sa mga Nephita, "Ang kanilang mga pagpupulong ay pinamunuan ng simbahan alinsunod sa pamamaraan ng pamamatnubay ng Espiritu, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo; sapagkat ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ang umaakay sa kanila kung mangangaral ba, o magpapayo, o mananalangin, o magsusumamo, o aawit, maging sa gayon ito ay naganap" (Moroni 6:9). Karamihan sa inspirasyong ito ay darating bago ang pagpupulong habang naghahanda tayo ng agenda nang may panalangin.

***Kaayusan at Dignidad***

Kapag nangangasiwa tayo ng mga pulong, dapat tayong magpakita ng wastong halimbawa sa pamamagitan ng pagiging malinis, maayos, at



*23-a, Ang mga panayam ng pagkasaserdote ay humihimok ng mabuting pakikipag-ugnayan.*

nakadamit nang angkop. Dapat nating iwasan ang hindi mahalagang pag-uusap at manatiling kagalang-galang.

***Pakikilahok***

Ginagawang mas mabisa ng mga nakahandang kalahok ang mga pagpupulong. Dapat nating hilingin sa Panginoon na tulungan tayo na maging handang tumanggap ng mga tagubilin, pagsasanay, at usapin sa mga pagpupulong ng Simbahan. Dapat tayong pumunta nang may hangaring lumahok, matuto, at tumanggap ng mga takdang gawain na ibibigay sa atin. Dapat nating ihanda ang ating sarili sa paglahok sa ilalim ng impluwensiya ng Espiritu Santo.

***Pagsusuri at Pagsubaybay***

Pagkatapos ng pulong, dapat nating suriin ang pagiging mabisa nito. Ang ating pagsusuri ay maaaring may mga katanungang katulad nito:

Ang layunin ba ng pulong ay natupad?

Maaari bang may nagawa pa tayong higit na mabuting paghahanda?

Nasaklaw ba natin ang lahat ng bagay sa agenda?

Mayroon bang magandang diwa sa pagpupulong?

Naunawaan ba ng mga kalahok ang kanilang mga takdang-gawain at kung paano matutupad ang mga ito?

Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga sagot sa tanong na ito, malalaman natin kung paano mapagbubuti ang mga susunod na pagpupulong.

**Pangangasiwa ng Mabibisang Panayam**

- Ipakita ang larawan 23-a, "Ang mga panayam ng pagkasaserdote ay humihimok ng mabuting pakikipag-ugnayan," o 23-b, "Ang mabibisang panayam ay nagpapaunlad sa gawain ng Panginoon."

Nangangailangan din ang mga panayam ng natatanging paghahanda. Ang isang panayam ay maaaring makatupad ng maraming layunin. Ito'y maaaring magamit sa (1) pagtitipon ng impormasyon, (2) pagbibigay ng impormasyon, (3) pagpapayo at paghihikayat , (4) pagtawag sa mga tao sa mga tungkulin, (5) pagtanggap ng mga ulat sa mga pangangasiwa, (6) pagtuturo ng mga alituntunin at doktrina, o (7) pagtiyak sa pagiging karapat-dapat. Dahil madalas kumakapanayam ang mga pinuno , dapat nating malaman ang ilan sa mga pangunahing alituntunin ng pangangasiwa ng mga panayam sa Simbahan:

Itakda ang mga panayam, at maglaan ng sapat na oras upang mapangasiwaan ang mga ito sa marangal, hindi minadaling paraan.



*23-b, Ang mabibisang panayam ay nagpapaunlad sa gawain ng Panginoon.*

Ipanalangin na dumalo ang Espiritu at magkaroon ng kapangyarihan na makabatid sa oras ng pakikipanayam.

Kapanayamin sila sa tahimik at komportable at pribadong lugar.

Magbigay ng ganap na pansin sa kinakapanayam. Magpakita ng tunay na interes sa kanila.

Tulungan silang maging komportable at panatag sa pamamagitan ng pagiging mabait at mahinahon.

Tiyaking nauunawaan nila ang anumang itinatanong natin.

Panatiling nakatuon ang panayam sa paksa.

Ipaalam sa kinakapanayam na handa tayong tumulong.

Panatilihing kumpedinsiyal ang impormasyon, at tiyakin sa kanila na gagawin natin iyon.

Ang taimtim nating pagsisikap na makinig sa mga miyembrong kinakapanayam natin ay makatutulong sa kanilang malutas ang kanilang mga suliranin. Ito'y nangangahulugan ng pakikinig sa mga suliranin nila at pagkatapos ay tulungan siyang makapagpasiya sa mga yaong sa palagay niya ay may pananagutan siya. Kailangan munang ipangako nila ang kanilang sarili bago sila mas mainam na makapagbago.

Ipinaliwanag ni Pangulong N. Eldon Tanner:

"Mahalaga na ang mga yaong ating mga kinakapanayam ay makaunawa na sila ay *mga espiritung anak ng Diyos* at *mahal natin sila*, at *ipaalam sa kanila na mahal natin sila* at interesado tayo sa kanilang kapakanan at sa pagtulong sa kanilang ikapagtatagumpay sa buhay. . . .

"Alalahanin, na ang panayam ay batay sa pagsasaalang-alang, sa pagdamay at pagmamahal. Ito'y napakahalaga. Ipaalam sa mga tao na mahal natin sila at nagsisikap lamang na tulungan sila" (sa Conference Report, Okt. 1978, 59–60; o *Ensign,* Nob. 1978, 41–42).

**Katapusan**

Ang layunin ng Simbahan ay maglapit ng mga kaluluwa kay Cristo, at ang mga pagpupulong at panayam ay makatutulong sa atin upang gawin ito. Ang mga makabuluhan at kapakipakinabang na pulong, gayunman, ay hindi basta-basta nangyayari. Kailangan planuhin, pangasiwaan, at suriin ang mga ito nang may mga tanging layunin sa isipan. Sinabi ng Panginoon:

"Binibigyan ko kayo ng isang kautusan, na kung kayo ay magkakasamang nagtitipun-tipon kayo ay magturuan at pagtibayin ang bawat isa, upang malaman ninyo kung paano kumilos at pamahalaan ang aking simbahan,

paano kumilos sa mga bahagi ng aking batas at mga kautusan, na aking ibinigay.

"At sa gayon, kayo ay matuturuan sa batas ng aking simbahan at mapababanal sa yaong inyong tinanggap, at inyong ipangako ang inyong sarili na kumilos nang buong kabanalan sa harapan

ko—

"Na yayamang ginagawa ninyo ito, ang kaluwalhatian ay idaragdag sa kahariang inyong natanggap" (D at T 43:8–10).

Kung mas mabuti ang ating pagpaplano, at pangangasiwa sa mga pulong at panayam, higit na mabibigyan ng inspirasyon ang iba na ipamuhay ang mga batas at kautusan ng Diyos.

**Hamon**

*Mga ama:* Bumuo at magplano ng isang agenda para sa susunod ninyong gabing pantahanan ng mag-anak, upang lalong mabisa ninyong maituro sa inyong mag-anak ang ebanghelyo.

*Mga pinuno ng pagkasaserdote:* Sundin ang mga mungkahi sa araling ito kung mabibigyan ng pananagutan na pangasiwaan ang mga pulong at panayam.

*Lahat ng mga maytaglay ng pagkasaserdote:* Iplano ang inyong linggo nang may panalangin. Sumulat ng agenda na tutulong sa inyong gawin ang nais ng Panginoon na gawin ninyo.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Moroni 6:5–6 (madalas nagpupulong ang mga Nephita)
- Doktrina at mga Tipan 20:45 (pangasiwaan ang mga pagpupulong ayon sa patnubay ng Espiritu Santo)
- Doktrina at mga Tipan 59:9 (pumunta sa bahay palanginan)

**Karagdagan: Halimbawang Agenda para sa Gabing Pantahanan ng Mag-Anak**

1. Tagakumpas: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na magiging tagakumpas)
2. Pambungad na awit: (pangalan ng himno o awiting pangprimarya)
3. Pambungad na panalangin: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na mananalangin)
4. Usaping pangmag-anak: (pangangasiwaan ng namumuno ng sambahayan)

5. Bilang pangmusika: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na magbibigay ng bilang pangmusika)
6. Aralin mula sa manwal na *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na maglalahad ng aralin)
7. Talakayan at pagpaplano para sa susunod na linggo
8. Pangwakas na awit: (pangalan ng himno o awiting pangprimarya)
9. Pangwakas na panalangin: (pangalan ng miyembro ng mag-anak na magbibigay ng panalangin)
10. Gawaing nakasisiya: (pangalan ng itinalagang miyembro ng mag-anak)
11. Mga panawid-gutom: (pangalan ng itinalagang miyembro ng mag-anak )

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Ihanda ang poster na iminungkahi sa aralin, o isulat ang impormasyon sa pisara.
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGPAPANATILI NG MABUTING KALUSUGAN NG KATAWAN

*Aralin 24*

Ang layunin ng araling ito ay turuan tayo kung paano panatilihin ang mabuting kalusugan at hadlangan ang sakit.

**Pambungad**

Inaasahan ng Panginoon na nauunawaan natin kung paano mapananatiling malusog hangga't maari ang ating katawan nang sa gayon matupad natin ang ating mga layunin at tumulong sa pagtatayo ng Kanyang kaharian.

**Mga Sanhi ng Sakit**

- Anu-ano ang sanhi ng sakit?

Maraming taon na ang nakararaan, hindi alam ng mga tao kung ano ang sanhi ng sakit. Naniniwala ang ilan na dumarating ang sakit dahil nabigo sila sa paggawa ng mga wastong pag-aalay. Nag-iisip ang iba na sanhi ito ng sumpa ng mga kaaway. Subalit, natutuhan ng mga siyentipiko at manggagamot kung anu-ano ang sanhi ng halos lahat ng suliranin sa kalusugan at sa huling siglo lalung-lalo na, maraming tuklas ang naisagawa upang tulungan tayong mapanatili ang ating mabuting kalusugan.

Ngayon, alam natin na karamihan sa mga sakit ay sanhi ng mga mikrobyo. Ang mga mikrobyo ay lubhang maliliit na organismo na nabubuhay sa ating paligid. Napakaliliit nito kung kaya't hindi nakikita ang mga ito ng mga mata. Ang ilan ay dinadala ng hangin; ang iba ay naipapasa ng tao sa kapwa; ang iba naman ay naipapasa mula sa mga hayop at mga kulisap patungo sa mga tao. Ang mga dumi ng hayop at tao, lalung-lalo na yaong mula sa mga maysakit na tao o hayop; ay naglalaman ng maraming nakapipinsalang mikrobyo na nagdudulot ng malulubhang sakit.

**Paghadlang sa Pagkalat ng mga Mikrobyo**

Kung gusto nating mapuksa ang mga sakit, kailangang puksain natin ang mga mikrobyong nagiging sanhi ng mga ito. Ang mga sumusunod

ay paraan na maaari nating bawasan o alisin ang mga mikrobyong sanhi ng sakit:

Linisin palagi ang ating tahanan, lalo na ang mga lugar na maaaring panirahan ng mga mikrobyo. Huwag hayaang makapasok ang mga insekto at hayop sa ating tahanan.

Pangalagaan ang pagkain laban sa mga insekto at hayop sa pagpapanatiling nakatakip ito nang wasto. Kung maaari, ang madaling mabulok na pagkain ay ilagay sa repridyeretor.

Hugasang mabuti ang mga pagkain upang maalis hangga't maaari ang maraming mikrobyo.

Itapon nang wasto ang mga dumi ng tao at hayop, dahil gustung-gusto itong lapitan ng mga insekto at daga.

Hugasan ang mga kamay bago kumain, pagkatapos gamitin ang palikuran, pagkatapos magpalit ng lampin at iba pa.

Magsepilyo ng ngipin pagkatapos ng bawat pagkain.

Palaging takpan ang bibig kung bumabahing o umuubo.

Magsuot ng sapatos, sandalya, o iba pang panakip sa paa.

Kumain nang wasto at mamahinga. Ang pagkain ng mga wastong pagkain at pamamahinga ay maaaring makatulong sa atin na maiwasan o daigin ang maraming sakit. Ang mga mikrobyo ay hindi makapagbibigay ng sakit sa isang malusog na katawan.

Habang sinisikap nating mapanatili ang mabuting kalusugan, mahahadlangan natin o lubusang maiiwasan ang maraming sakit. Tayo rin ay magiging halimbawa sa ating mga anak, na tinutulungan silang magkaroon ng mabuting kaugalian para sa mabuting kalusugan.

- Talakayin ang mabuting kaugaliang pangkalusugan para sa mga sanggol, malalaking bata, at nagdadalantao.

**Pangalagaan ang Ating Kalusugan**

Ang mga propesyonal sa pangkalusugan ay nagtuturo sa atin na, bilang karagdagan sa pagpapaunlad at pagsasagawa ng mabuting kaugaliang pangkalusugan, dapat nating pangalagaan ang ating sarili sa pamamagitan ng pagbabakuna. Kapag tayo ay binabakunahan, karaniwang tumatanggap tayo ng isang iniksiyon ng gamot. Sa ilang mga sakit, kailangan lamang natin ang isang iniksiyon; sa ibang sakit maaaring kailanganin natin ang ilang iniksiyon ng gayunding gamot sa magkakaibang pagitan ng panahon.

Sa halos lahat na bahagi ng mundo, maaari tayong tumanggap ng mga bakuna buhat sa mga klinikang pangkalusugan o manggagamot.

Maaari tayong bakunahan sa mga sakit na tulad ng rubuyola (tigdas), biki, rubelya (tigdas-aleman), dipteria, pertusis (humahagok na ubo), tipus, bulutong, polyo, trangkaso, tetano, hepatitis A at B, pulmonya, at varicella (bulutong).

Dagdag pa sa mga bakuna, ang mga gamot sa anyong likido o pildoras ang napaunlad na upang makatulong sa paghadlang at paglunas sa mga sakit. Ang mga ito ay dapat gamitin nang maingat alinsunod sa mga tagubilin ng mga nararapat na manggagamot ng medisina . Hindi natin dapat gamitin ang mga gamot na luma na o inireseta ng isang manggagamot para sa iba.

Ang isa pang magandang paraan upang mahadlangan ang sakit ay ang pagpapasuri ng katawan sa isang manggagamot o isang espesyalista sa kalusugan. Ang maaagang palatandaan ng sakit ay maaaring malaman sa mga palagiang pagsusuring ito.

- Talakayin kung saan makakikita ng pinakamalapit na pasilidad - pangkalusugan at kung anu-anong bakuna ang makukuha sa pook na iyon.

**Ano ang Dapat Gawin Kapag Maysakit**

Kung magkakasakit nang malubha, ang pinakamabuting tulong ay karaniwang makukuha mula sa isang manggagamot o isang espesyalista sa kalusugan. Hindi lamang tayo dapat humingi ng tulong sa kanila kapag maysakit, kundi dapat ay hayaan din natin silang sanayin tayo sa magagandang kaugaliang pangkalusugan.

Sa kasamaang palad, ang ibang tao ay naniniwala na pagpapakita ng kawalan ng pananalig sa Panginoon ang pagbisita sa isang manggagamot. Ang Panginoon ay umaasa na gagamitin natin ang pananampalataya at kapangyarihan ng pagkasaserdote kapag tayo ay may sakit, ngunit umaasa rin Siya na gagamitin natin ang mga makukuhang kaalamang medikal at paglilingkod.

Bago naging Pangulo ng Simbahan si Spencer W. Kimball, mayroon siyang naging malulubhang suliranin sa kalusugan. Sa kagustuhan niyang magkaroon ng pinakamabuting kalusugan kung maaari, sumangguni siya sa isang manggagamot. Sinabi ng manggagamot na kailangan niya ang isang maselang operasyon para sa sakit sa puso. Nagbigay siya ng malaking pananalig at pagtitiwala sa kanyang mga manggagamot at nagpa-opera.

Nang araw na siya ay inordenan at itinalaga bilang Pangulo ng Simbahan, nakatanggap siya ng isang sulat galing kay Dr. Russell Nelson tungkol sa kanyang kalusugan. Alam ni Dr. Nelson na mayroong mga

katanungan si Pangulong Kimball tungkol sa kanyang kalusugan kaya sa kanyang sulat, sinabi ni Dr. Nelson na ang katatapos lamang na maingat na pagsusuri sa katawan ni Pangulong Kimball ay nagpapatunay na ang kanyang katawan ay muling nasa napakagandang kalusugan. Isinasaad ng sulat , "Gustong ipaalam sa iyo ng iyong siruhano na ang katawan mo ay malakas; na ang iyong puso ay higit na mabuti kaysa noong mga nagdaang taon; at sa pamamagitan ng lahat ng aming may hangganang kakayahan sa pagsabi ng mangyayari, maaari mong isipin ang bagong gawaing ito nang walang dapat na ipag-alala tungkol sa iyong kalusugan.". . .

Ang sulat ni Dr. Nelson ay nagpatuloy sa pagsasabi: "Sa pagsasagawa ng gayong maselang operasyon . . ., alam na alam ko ang iyong tungkulin bilang apostol, at ang aking sariling mga kahinaan, sa paghihintay sa isa sa pinakamapanganib at maselang operasyon na nagawa. Ang operasyong ito ay lumabas na perpekto sa pagsasagawa sa lahat ng kaliit-liitang bagay at kinikilala ko nang may pasasalamat ang tulong ng Panginoon. . . .Ang pinakanatatangi sa lahat ay ang katotohanan na nang ang operasyon ay halos matatapos na, ipinahayag sa akin na balang araw ikaw ay magiging Pangulo ng Simbahan." (Tingnan sa *Spencer W. Kimball* nina Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball, Jr.[1977], 8.)

Maaari rin tayong magtamasa ng pinakamabuting kalusugan kung alam natin ang mga sintomas ng sakit at tatanggap ng wastong pangangalaga sa oras ng karamdaman. Kung mas maagang nasuri nang wasto, maraming sakit ang maaaring magamot nang matagumpay.

- Anu-anong sintomas ang nagpapakita ng isang pangangailangan na magpatingin sa isang dalubhasa sa panggagamot? (Banggitin ang bawat isa sa mga sumusunod na sintomas at talakayin ang mga ito nang isa-isa: hindi maipaliwanag na pagdurugo at iba pang hindi pangkaraniwang bagay na lumalabas sa katawan, mga sugat na hindi gumagaling, mga patuloy na pag-ubo o mahirap na paghinga, matagal o mataas na lagnat, panginginig, kahirapan sa paglalabas ng mga dumi ng katawan, maiitim na pasa o butlig-butlig sa balat, hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang o pangangayayat, matagalang matinding sakit, matagalang pagsusuka at pagtatae, mga oras ng pagkahilo at sumpong, mahirap o malabong paningin o ano mang pagbabago sa paningin, malulubhang paso, o paso sa malaking bahagi ng katawan, pananakit o pamamaga, kawalan ng malay-tao, o ibang hindi karaniwang pagbabago sa katawan ng isang tao o ang kakayahan nitong gumana nang normal.)

Kapag alinman sa mga sintomas na ito ang dumating sa atin o sa iba, dapat nating tawagan kaagad ang isang manggagamot, o klinikang

pangkalusugan. Ang paghihintay na mabigyan ng nararapat na pag-aalagang medikal ay maaaring magbunga ng malubhang kapansanan, matagal na panahon ng pagkakasakit, o kaya ay kamatayan.

**Katapusan**

Tinutulungan tayo ng malulusog na katawan na matugunan ang mga hinihingi ng buhay. Dapat na panatilihin ng mga magulang ang kalusugan ng katawan at gamitin ang mabuting pagpapasiya sa pag-aalaga sa kanilang mga anak at pagtuturo sa kanila ng mabubuting kaugaliang pangkalusugan.

Maraming inihandang mapagkukunang materyal upang sa gayon ay maaari nating mapanatili ang mabuting kalusugan. Ang Panginoon ay umaasa na gagamitin natin ang mga mapagkukunang ito upang maiwasan at mapagaling ang sakit na nagpapahirap sa atin at sa iba. Hinihingi nito na gamitin natin ang mga modernong kaugalian sa medisina at paggamit ng pananampalataya, panalangin at ng kapangyarihan ng pagkasaserdote. Kung gagawin natin ang mga bagay na ito, at ito ang kagustuhan ng Diyos, ang maysakit ay maaaring gumaling.

Itinuro ni Pangulong Brigham Young : "Kung gayon, sikapin natin na mapahaba ang kasalukuyang buhay sa sukdulan, sa pamamagitan ng pagsunod sa bawat batas ng kalusugan, at sa pamamagitan ng wastong pagbabalanse ng paggawa, pag-aaral, pahinga, at paglilibang, at sa gayon ay maging handa para sa isang mas mabuting buhay. Ituro natin ang mga alituntuning ito sa ating mga anak" (*Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe [1954], 186).

**Hamon**

Pabakunahan ang lahat ng miyembro ng inyong mag-anak kung maaari. Sanayin at turuan ang inyong mga anak ng mabubuting pag-uugali sa kalusugan. Siyasatin ang kalagayan ng inyong tirahan at linisin ang mga lugar na pinamumugaran ng mga mikrobyo.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Doktrina at mga Tipan 89 (ang batas ng Panginoon sa kalusugan—Ang Salita ng Karunungan)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Makipag-alam sa isang pambayang klinika sa kalusugan o manggagawa sa kalusugan. Alamin ang tungkol sa mga sumusunod:

a. Mabuting kaugaliang pangkalusugan para sa mga sanggol, malalaking bata, at nagdadalantao.

b. Mga pasilidad pangmedikal sa inyong purok.

c. Mga bakuna na mayroon sa pook at paano ito matatamo.

2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAMUMUHAY NG SALITA NG KARUNUNGAN

*Aralin 25*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na mas maunawaan at ipamuhay ang mga batas ng kalusugan ng Panginoon.

**Pambungad**

"Nang si Paul C. Kimball, isang estudyante na Banal sa mga Huling Araw ng Pamantasan ng Oxford sa England, ay nahilingang maging coach ng mga bata, walang karanasang koponan ng mga manggagaod (rower), sinabi niya na 'mahina ako diyan. Hindi pa ako nakapag-coach noon.'

"Gayunpaman, tinanggap niya ang paanyaya sa isang kundisyon: 'Kung sasanayin ko kayo,' sinabi niya sa mga manggagaod, 'sasanayin ko kayo alinsunod sa mga patakaran ko.' Ang mga patakaran niya ay lubusang hindi pananabako, pag-inom ng alak, tsa at kape. Isang linggo ang lumipas bago nakapagpasiya ang mga kabataang lalaki.

"Dahil natiyak na ang kanilang kasunduan, 'sinimulan na silang sanayin ni Kimball at. . .sinanay sila tuwing hapon sa loob ng tatlong oras hanggang Pebrero.' Nang buwang iyon lumahok sila sa sunud-sunod na paligsahan laban sa iba pang kolehiyo sa Oxford. 'Ang mga bata ko ay nakikipagpaligsahan sa mga koponan na binubuo ng kalalakihang gumagaod na mula noong mga musmos pa sila,' ang sabi ni Kimball. 'Ang grupo kong ito ay binubuo ng mga walang karanasang kabataan. Ngunit sila ay nagsasanay nang mabuti, at wala ni isa sa kanila, sa abot ng nalalaman ko, ang nanigarilyo sa panahong ito, o umiinom ng tsaa, o kape, o alak.'

"Hanggang sa araw ng karera, wala pa ring nag-akala na magkakaroon ng pinakamaliit na tyansang manalo ang walang karanasang koponang ito. Nang pinaputok na ang kanyon, na nagpapasimula sa dalawa at kalahating kilometrong karera sa Ilog ng Thames, inaasahan na ang batang koponan ay madaling matutumba. Ngunit nang sa sandaling maabot ng mga manggagaod ang kalahati ng layo ng karera, si Kimball, na sumasabay sa pagtakbo sa dalampasigan ay sumisigaw ng mga tagubilin sa kanyang koponan sa pamamagitan ng megaphone, ay

napansin na patuloy pa ring nakikipagkarera sa mga kalaban nila ang kanyang mga bata.

"Isinigaw ni Kimball ang huling tagubilin: 'Todong Bilis!' Kahanga-hanga ang pagtotodo ng bilis na ginawa nila at sa loob ng isang minuto nakalayo na sila ng 30 metro sa pinakamalapit nilang katunggali. Napanalunan nila ang karera nang walang hirap.

"Bawat araw ng anim-na-araw ng paligsahan sa paggaod, inaasahan na matatalo na ang koponan ni Kimball. Ngunit bawat araw, na sinusundan ang parehong taktika, nananalo sila nang walang hirap. 'Nang tanungin ako ng mga tao kung paano ko naipanalo ang mga bagito, sumagot ako, "Ipinagawa ko sa mga binatilyong ito ang mamuhay nang tama," aniya . Nang sumapit ang paligsahan, ang kanilang baga ay malilinis; ang kanilang sistema ay malilinis; ang kanilang dugo ay malilinis, at ang kanilang kalamnan ay malalakas' " ("Victory on the Thames," ni Joseph Walker, *Church News*, ika-20 ng Pebrero, 1983, 20).

**Ang mga Batas ng Kalusugan ng Panginoon**

- Ano ang mga batas ng kalusugan ng Panginoon? (Ang Salita ng Karunungan, wastong pahinga, at ehersisyo)

Ang ating mga katawan ay mga bahay ng ating walang hanggang espiritu. Sila ay magsisilbi rin nang gayon ding gawain sa kawalang-hanggan. Ang ating mga katawan ay napakahalaga kaya tinawag sila ni Apostol Pablo na "[mga] templo ng Diyos" (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 3:17). Dahil nakaaapekto ang ating mga karanasan sa ating katawan at espiritu, kailangan nating maingat na pangalagaan ang ating katawan upang manatiling malinis at malusog ito.

Ang mga batas ng kalusugan ng Panginoon ay nilayon upang pangalagaan ang kalusugan ng ating katawan, isipan at damdamin. Nalalaman ng Panginoon na kung tayo ay may malusog na katawan, isipan at damdamin , maaari tayong makibahagi sa mga gawaing magpapatatag sa ating espiritu , magpapala sa iba, at magtatayo sa kaharian ng Diyos.

Marami sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon ang makikita sa Doktrina at mga Tipan 89. Ang bahaging ito, na tinatawag na Salita ng Karunungan, ay nagsasabi sa atin kung ano ang dapat kainin at kung ano ang hindi dapat kainin. Kabilang sa mga sangkap na ipinagbabawal sa atin ay ang matatapang na inumin, maiinit na inumin, at tabako.

***Matatapang na Inumin***

Ang matatapang na inumin ay ang mga may alkohol na inumin katulad ng alak, lambanog, at serbesa. Ang mga ito at iba pang inuming may alkohol ay hindi dapat inumin kailanman (tingnan sa D at T 89:5, 7).

***Maiinit na Inumin***

Ang maiinit na inumin ay ipinaliwanag na kape at tsaa. Gayunman tayo ay pinapayuhan ng ating mga pinuno ng Simbahan na huwag gumamit ng kahit anong inumin na naglalaman ng mga gamot o ibang sangkap na nakasasama o nakalululong.

***Tabako***

Hindi natin dapat gamitin ang tabako sa anumang anyo nito (tingnan sa D at T 89:8).

Dapat na lagi nating iniiwasan ang anumang sangkap, kabilang na ang pagkain o inumin, na maglilikha ng hindi likas na paghahangad o pagmimithi o nagpapasama sa mga normal na paggana ng ating katawan. Ang hindi paggawa nito ay magiging sanhi ng ating malaking pagdurusa.

Kung tayo ay nag-aalinlangan sa isang sangkap, dapat nating sundin ang payo ni Elder Joseph Fielding Smith: "Kung nag-aalinlangan sa ano mang pagkain o inumin, kung ito'y mabuti o masama, pabayaan ito hanggang sa malaman ninyo ang katotohanan hinggil dito. Kung ang anumang bagay na iniaalok ay nakalululong, ligtas tayo sa pagpapalagay na ito'y naglalaman ng ilang sangkap na nakasasama sa katawan at dapat iwasan" ("The Word of Wisdom," *Improvement Era*, Peb. 1956, 79).

Sinabi sa atin ni Pangulong Spencer W. Kimball na iwasan ang anuman o sinuman na iimpluwensiya sa atin na kumain o uminom ng mga sangkap na hindi nakapagpapalusog: "Aking. . .mga kapatid, nang buong pagmamahal, binibigyang-babala namin kayo na sisikapin kayong akitin ni Satanas at ng kanyang mga kampon na gumamit ng mga nakapipinsalang sangkap, dahil alam nila na kung gagamitin ninyo ito, mahahadlangan nito ang lahat ng inyong espirituwal na kapangyarihan, at kayo ay mapasasailalim sa kanilang masamang kapangyarihan. Lumayo kayo sa mga lugar o mga tao na iimpluwensiyahan kayong labagin ang mga kautusan ng Diyos." Sinabi ni Pangulong Kimball na kung susundin natin ang mga kautusan ng Diyos, "magkakaroon tayo ng katalinuhang malaman at matukoy kung ano ang masama" (sa Conference Report, Abr. 1983, 72; o *Ensign*, Mayo 1983, 54–55).

Sa pagtataguyod ng ating kalusugan, nilikha ng Panginoon ang lahat ng bagay sa lupa para ating pakinabangan at gamit. "Upang [ang mga ito ay] makalugod sa mata at upang pasiglahin ang puso. Oo, para sa pagkain at para sa kasuotan, para sa panlasa at para sa pang-amoy, upang palakasin ang katawan at pasiglahin ang kaluluwa" (D at T 59:18–19). Ang Salita ng Karunungan ay nagmumungkahi ng ilang pagkain na dapat nating isama bilang bahagi ng ating mga karaniwang kinakain. Ang mga pagkaing ito ay sumasakop sa lahat ng mabuting halamang gamot at prutas (tingnan sa D at T 89:10–11; 49:19). Maaari rin nating kainin ang karne ng mga hayop at ng mga ibon at gamitin



*25-a, Si Daniel ay pinagpala dahil sa pagsunod sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon.*

ang balat ng mga hayop para sa kasuotan (tingnan sa D at T 89:12–13; 49:18–19); Gayunpaman, hindi natin dapat na patayin ang mga hayop para lamang sa paligsahan o paglilibang at sayangin ang karne nito (tingnan sa D at T 49:21). Ipinahahayag din ng Salita ng Karunungan na ang lahat ng butil ay mabuti para sa tao at sa hayop. Ang trigo ay natatanging mabuti para sa atin.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 59:20. Ayon sa Panginoon, paano natin dapat gamitin ang mga bagay na ibinigay Niya sa atin?

Bagamat nararapat na gawin nating lahat ng pagsisikap upang mahanap ang mga pagkaing mabuti para sa atin, dapat na maging maingat tayo sa pag-iwas sa labis na paggamit o di paggamit ng gayong pagkain. Hindi binibigyang katwiran ang gawang iyon sa Salita ng Karunungan (tingnan sa D at T 49:18).

Mayroon mga banal na kasulatan bukod sa Doktrina at mga Tipan 89 na tumatalakay sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon. Ang isa sa mga ito ay mababasa nang ganito, "tumigil sa pagiging tamad; tumigil sa pagiging marumi; tumigil sa paghahanap ng mali sa bawat isa; tumigil sa pagtulog nang mahaba kaysa sa kinakailangan; magpahinga sa inyong higaan nang maaga, upang kayo ay hindi mapagal; gumising nang maaga, upang ang inyong mga katawan at inyong mga isip ay mabigyang-lakas" (D at T 88:124). Tayo ay pinagsabihan din na magtrabaho, ngunit hindi magtrabaho nang labis sa ating lakas (tingnan ang Mosiah 4:27; D at T 10:4).

- Paano nakaaapekto sa mabuting kalusugan ang babala ng Panginoon na "tumigil sa pagiging tamad"? (Ang gawain ay nagpapalakas ng katawan.)

- Paano nauugnay ang paalaala ng Panginoon na, "tumigil sa paghanap ng mali sa bawat isa" sa ating mabuting kalusugan? (Ang paghahanap ng kamalian ay gumagawa ng pagkabahala ng damdamin at ang kalusugan ng damdamin ay mahalaga sa ating kaligayahan at kapakanang espirituwal.)

**Mga Batas na may mga Pangako**

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 89:18–21. Ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga ipinamumuhay ang mga batas ng kalusugan at sumusunod sa Kanyang mga kautusan? ("Kalusugan sa kanilang pusod at kanilang utak-sa-buto"; "karunungan; "kaalaman; "natatagong kayamanan"; pananggalang mula sa mga "mapangwasak na anghel")

Ang ilan sa pinakamatataas na gantimpala sa pagsunod sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon ay ang "karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan" (D at T 89:19).

- Ano ang karunungan? (Ang matalinong paggamit ng kaalaman)
- Ano ang mga natatagong kayamanan? (Ang pinakasagrado at malalalim na bagay ng Diyos)

Ang "mga natatagong kayamanang " ito ay ipinahayag sa atin ng Espiritu Santo: "Sapagkat nasisiyasat ng Espiritu ang lahat ng bagay, oo, ang malalim na mga bagay ng Diyos. . .na ang mga bagay na ito ay atin namang sinasalita, hindi sa mga salitang itinuturo ng karunungan ng tao, kundi sa itinuturo ng Espiritu" (1 Mga Taga Corinto 2:10, 13; tingnan din sa D at T 88:11–12).

Ang mga banal at malalim na bagay na ating napag-aralan ay mamamalagi sa atin kung tayo ay masunurin sa mga kautusan ng Diyos. Ang Panginoon ay nangako: "Anumang alituntunin ng katalinuhan ang ating matamo sa buhay na ito, ito ay kasama nating babangon sa pagkabuhay na mag-uli. At kung ang isang tao ay nagkamit ng maraming kaalaman at katalinuhan sa buhay na ito sa pamamagitan ng kanyang pagsisikap at pagiging masunurin kaysa sa iba, siya ay magkakaroon ng labis na kalamangan sa daigdig na darating" (D at T 130:18–19).

Habang tayo ay tumatanggap ng karunungan, kaalaman at pang-unawa sa pamamagitan ng Espiritu Santo, lalo tayong nagiging katulad ng ating Ama sa Langit. Lalo tayong nagiging mabubuting anak, ama, asawa, maytaglay ng pagkasaserdote, at mga disipulo ni Cristo kung ating gagamitin ang natanggap natin upang pagpalain ang ating sariling buhay at ang buhay ng iba.

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, "Sa pagsunod sa Salita ng Karunungan ang gantimpala ay buhay, hindi lamang pinahabang buhay kundi walang hanggang buhay" (*The Miracle of Forgiveness*, [1966], 211).

Ang propeta sa Lumang Tipan na si Daniel ay may malinaw at dalisay na pang-unawa sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon. Ang kanyang kasaysayan ay naglalarawan ng mga pagpapalang matatanggap natin kapag sinusunod natin ang mga batas na ito.

- Ipakita ang larawan 25-a, "Si Daniel ay pinagpala dahil sa pagsunod sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon."

Pagkatapos na masakop ang Jerusalem, si Haring Nabucodonosor ng Babilonia ay nagnais na maturuan ng kanyang wika ang ilang kabataang nabihag upang sila ay maging mga tagapaglingkod sa kanyang palasyo. Gayunman, ito'y nangangahulugan, na sila ay kakain at iinom ng mga sangkap na itinuro sa kanila na hindi dapat kainin o inumin.

Si Daniel ay isa sa mga kabataang ito na napili. Ngunit di tulad ng iba, tumanggi si Daniel na inumin ang alak at kainin ang mga hindi

nararapat na pagkain na inihahain. Humiling siya sa halip, na tulutan siyang sundin ang mga batas ng kalusugan ng Panginoon at kumain ng mga pagkain na alam niyang nagpapalusog. Ito'y pinagkasunduan, bilang isang pagsubok. Pagkatapos ng ilang panahon, silang umiinom ng alak at kumakain ng mga hindi nararapat na pagkain ay inihambing kay Daniel. Dahil sa kanyang pagsunod, si Daniel ay higit na malusog kaysa iba at nagkaroon ng karunungan, kaalaman, kakayahan sa pag-aaral at mga pangitain. (Tingnan sa Daniel 1:3–6, 12–19.)

Kung tayo ay sumusunod sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon at sa kanyang iba pang kautusan, tayo, katulad ni Daniel, ay pagpapalain ng ganito ring mga kaloob, marahil sa buhay na ito subalit may katiyakan sa kawalang-hanggan. Sinabi ng Panginoon sa atin na "kapag tayo ay nagtatamo ng anumang mga pagpapala mula sa Diyos, ito ay dahil sa pagsunod sa batas kung saan ito ay nakasalalay" (D at T 130:21). Sinabi rin Niya, "Ako, ang Panginoon, ay nakatali kapag ginawa ninyo ang aking sinabi; subalit kapag hindi ninyo ginawa ang aking sinabi, kayo ay walang pangako" (D at T 82:10).

- Anu-ano pa ang ibang pagpapalang matatanggap natin sa pagsunod sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon.

**Katapusan**

Ang mga batas ng kalusugan ng Panginoon ay ibinigay upang pagpalain tayo sa katawan, isipan, damdamin at espiritu. Sa pamumuhay sa mga batas na ito, pinangakuan tayo ng maraming pagpapala. Ang mga pagpapalang ito ay tutulong sa ating patatagin ang ating sarili at ang ating mag-anak, maglingkod sa iba, at itayo ang kaharian ng Panginoon.

**Hamon**

Ipangako ang inyong sarili sa pagsunod sa mga batas ng kalusugan ng Panginoon sa lahat ng oras.

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Balik-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 29, "Ang Batas ng Kalusugan ng Panginoon."
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGHAHANAP NG KAALAMAN

*Aralin 26*

Ang layunin ng araling ito ay himukin tayo na maghanap ng kaalaman.

**Pambungad**

Inatasan tayo ng Tagapagligtas na maging ganap, tulad Niya at ng ating Ama sa Langit. Upang maging tulad nila, dapat na matuto at umunlad tayo sa kaalaman ng katotohanan.

**Ang Kautusan na Maghanap ng Kaalaman**

Sa Doktrina at mga Tipan inatasan tayo ng Panginoon na maghanap ng kaalaman.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:78. Ayon sa talatang ito, ano ang ibig ng Panginoon na matutuhan natin? (Lahat ng bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos, na kapakina-kinabang nating maunawaan.)

Sa lahat ng kaalaman na ating makukuha, ang pinakamahalaga ay ang patotoo kay Jesucristo, ng Kanyang banal na misyon, at ng Kanyang ebanghelyo. Upang magkaroon ng patotoo, dapat nating ipagpatuloy ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan, manalangin at mamuhay nang matwid. Ang lahat ng kaalaman na ating makukuha ay walang halaga maliban kung naunawaan natin at sinunod ang mga nakapagliligtas na alituntunin ng ebanghelyo.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:79. Bilang karagdagan sa ebanghelyo, ano pa ang inaasahan ng Panginoon na ating pag-aaralan? (Isulat ang mga sagot sa pisara. Ang sagot ay maaaring kabilangan ng mundo, ang kalangitan, ang kasaysayan, ang mga pangyayari ngayon, ang mga ibinadya sa hinaharap, ang ating sariling bansa, at ibang bansa.)

Sinabi ni Pangulong N. Eldon Tanner, "Palagi tayong hinihikayat ng Simbahan bilang mga miyembro na kumuha ng mabuting edukasyon at pag-aralan ang lahat na maaari tungkol sa ating sarili, kasaysayan,

heograpiya, agham, ang sansinukob at lalo na ang ebanghelyo ni Jesucristo" (seminar ng mga kinatawan ng rehiyon, ika-2 ng Abril 1971).

Mula pa noong panahon ng Pagpapanumbalik ng ebanghelyo, ang Simbahan ay palagiang humihimok sa bawat miyembro na magkaroon ng edukasyon. Kahit na noong mga unang araw ng Simbahan, tinagubilinan ng Panginoon si Joseph Smith na magtatag ng mga paaralan kapwa para sa matatanda at mga bata (tingnan sa D at T 55:4; 90:7). Bukod sa pag-aaral ng ebanghelyo, ang mga paaralang ito ay naghahandog ng mga klase sa kasaysayan, mga wika, gramatika, matematika at iba pang asignatura. Ngayon, ang Simbahan ay patuloy na gumugugol ng malaking oras, pagsisikap, at salapi sa pagtutustos sa edukasyon. Isa sa mga pagsisikap na ito ay ang Sistemang Pang-edukasyon ng Simbahan, na itinayo upang matugunan ang mga pangangailangang pang-edukasyon ng mga miyembro.

**Ang Layunin at mga Pagpapala ng Kaalaman**

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:80. Ano ang layunin ng pagtatamo ng kaalaman? (Upang magampanang mabuti ang ating tungkulin at misyon.)

Kapag tayo ay may kaalaman tungkol sa mga tao at mundo sa ating paligid, magagamit natin ang kaalamang iyan upang makatulong sa atin sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Makakikita tayo ng lalong mabuting paraan ng pagtuturo ng ebanghelyo sa mas maraming tao. Dagdag pa rito, habang ang mga Banal sa mga Huling Araw ay nagiging lubos na iginagalang sa kanilang mga propesyon, nagiging halimbawa sila na maaaring makapaghikayat sa iba na pag-aralan ang tungkol sa Simbahan.

Ang edukasyon ay mahalaga hindi lamang bilang gamit pang-misyonero kundi bilang bukal din sa paglinang ng pagkatao. Sinabi ni Pangulong David O. McKay :

"Ang tunay na edukasyon ay binubuo hindi lamang ng pagkuha ng ilang katotohanan sa agham, kasaysayan, literatura o sining, kundi ng pagpapaunlad din ng pagkatao. . . . Ang tunay na edukasyon ay nagsasanay ng pagkakait sa sarili at pagsupil sa sarili. Ang tunay na edukasyon ay nagpapahinahon sa sumpong ng ulo, nagpapasuko sa silakbo ng damdamin at nagpapasunod sa pagsunod sa mga batas ng lipunan at kaayusang moral na gabay na alituntunin ng buhay. . . .

". . .Ang hangarin ng edukasyon ay paunlarin ang mga talino at kakayahan ng mag-aaral na makatutulong sa kanyang kabutihan habang ang buhay ay nagpapatuloy" (*Secrets of a Happy Life*, tinipon ni Llewelyn R. McKay [1967], 46–47).

Ang pagkakamit ng kaalaman ay makatutulong din sa atin na makapaglingkod sa ating kapwa at sa lipunan. Magagamit natin ang ating kaalaman sa paglalaan ng pagkain, kasuotan, at kanlungan para sa ating mag-anak; tulungan ang mga taong madaig ang karamdaman at paghihirap; at ginagawang higit na kapakipakinabang ang buhay.

Gayunman, kung minsan, habang nagkakamit ang mga tao ng kaalaman tungkol sa mundo, nagiging mapagmataas sila sa kanilang sariling karunungan at ipinapalagay nila na hindi na nila kailangang sundin ang mga payo ng Panginoon at ng kanyang mga propeta. Sinabi ng Panginoon sa atin na ang magkaroon ng pinag-aralan ay mabuti *kung* tayo ay makikinig sa Kanyang payo. Kung hindi magkagayon ay gagamitin natin ang ating pinag-aralan sa kahangalan. (Tingnan sa 2 Nephi 9:28–29.)

**Ang Kahalagahan ng Pagpasok sa Paaralan**

- Bakit mahalaga ang pagpasok sa paaralan? Ano ang matututuhan natin sa pagpasok sa paaralan?

Karamihan sa ating pinag-aralan ay nanggagaling sa paaralan, kung saan natututo tayong magbasa, magsulat at gumawa ng pangunahing matematika. Natutuhan din natin ang tungkol sa kasaysayan, heograpika at agham. Pinag-aaralan natin ang katawan ng tao, ang mga ayos ng mga bituin, at ang kagandahan at layunin ng mga halaman at hayop. Pinahihintulutan tayo ng edukasyon na makaagapay sa mga kaunlaran sa industriya, teknolohiya, at agham.

- Ipakita ang larawan 26-a, "Ang Edukasyon ay mahalaga para sa mga kabataan."

Ang mga miyembro ng Simbahan, lalo na ang mga kabataan, ay palaging pinapayuhan na gawin ang lahat ng kinakailangan upang magkaroon ng isang mabuting edukasyon. Ito'y sumasaklaw ng pagsasanay na kailangan para sa trabaho. Subalit minsan, mahirap pumasok sa paaralan. Maaaring magkaproblema tayo sa salapi, panahon o hinihinging pagsisikap. Gayunpaman, dahil nais ng Panginoon na matuto tayo, tutulungan Niya tayo na makamit ang layuning ito kung hahangarin natin ang Kanyang tulong sa pamamagitan ng panalangin at gagawin ang lahat ng ating makakaya. Kung ang pormal na pag-aaral ay hindi maaari, maaari tayong humanap ng tulong sa mga nakapaligid sa atin na mayroong mga natatanging kaalaman o kasanayan. Ang mga ganoong tao ay karaniwang tutulong sa atin kung makikita nilang handa tayong matuto.

**Patuloy ang Pag-aaral sa Buong Buhay Natin**

- Ipakita ang larawan 26-b, "Ang edukasyon ay dapat magpatuloy sa buong buhay ng isang tao."



*26-a, Ang pag-aaral ay mahalaga para sa mga kabataan.*

Kung maaari, dapat natin ipagpatuloy ang ating pag-aaral pagkatapos ng mataas na paaralan. Ito'y maaaring magawa sa pamamagitan ng pagpasok sa pamantasan o bokasyonal o paaralan sa pangangalakal, o sa paraang pagsasanay-sa-trabaho. Makadadalo rin tayo sa mga klase sa pamayanan para sa matatanda o sa mga klaseng iniaalok ng ilang paaralan sa pamamagitan ng sulat.

Dapat nating ipagpatuloy ang ating edukasyon sa pamamagitan ng pag-aaral ng "pinakamabubuting aklat" (D at T 88:118). Nangangailangan ito ng matalinong pagpili natin ng babasahing materyal. Ang ilan sa mga aklat at magasin ay nagpapabuti sa atin, sa pamamagitan ng pagtuturo sa atin ng tungkol sa mabuti at sa maganda. Ang ibang aklat at magasin ay nagtataguyod ng kasamaan.

Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagbabala sa atin na "maraming. . . masasamang impluwensiya ang dumarating nang tuwiran sa tahanan—sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, mga magasin, pahayagan at ibang uri ng literatura" ("sa Conference Report, Abr. 1978, 67; o *Ensign,* Mayo 1978, 45). Kailangang iwasan natin ang masasamang impluwensiya at sa halip ay punuin ang ating isipan ng mabubuting bagay. Sa ating pagbabasa at pag-aaral tungkol sa mabubuting bagay, dapat na hilingin natin sa Panginoon na tulungan tayong maunawaan at maalaala ang mga ito.

Makatatamo rin tayo ng kaalaman sa pamamagitan ng pagdalo sa mga palabas na nagtuturo sa atin ng pagkakaroon ng habag at pakikiramay sa lahat ng tao at sa pagdalo sa mga konsiyerto at pagdalaw sa mga museo ng sining upang maragdagan ang ating pagmamahal sa kagandahan. Maaari nating ibahagi sa iba ang ating napag-aralan.

Maraming hindi pormal na pag-aaral ang magagawa bilang isang mag-anak. Maaari silang gumawa ng mga bagay na magkakasama. Maaari nilang gawing mga karanasan sa pagkatuto ng mag-anak ang pagpipiknik, pagkakamping, pagbabakasyon, at kahit na ang sandaling paglalakad-lakad.

**Pagkatuto sa Pamamagitan ng Paggawa**

Inilagay tayo ng Ama sa Langit dito sa mundo upang matuto at magtamo ng karanasan. Marami sa mga bagay na dapat nating matutuhan ay mapag-aaralan lamang sa paggawa; hindi sapat na pinag-aralan lamang natin ang mga ito. Halimbawa, hindi natin matutuhang magmahal sa pamamagitan lamang ng pagbabasa tungkol sa pagmamahal; kailangang paglingkuran natin ang taong iyon kung nais nating matutuhan siyang mahalin.

Ang Panginoon ay naglaan ng maraming pagkakataon para tayo makapaglingkod at pamunuan ang Kanyang Simbahan at nang sa

gayon ay matuto. Habang isinasagawa natin ang mga gawaing itinalaga sa atin sa katungkulan o sa tungkulin, kadalasang nahaharap tayo sa mga hamon. Habang dinaraig natin ang mga hamong ito sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga gawain, nadaragdagan ang ating mga kakayahan, at ang mga gawaing dati ay mahirap ay nagiging madali nang gawin. Sa gayon, natutulungan natin ang iba na madaig ang mga ganoon ding hamon.

Ang matuto sa pamamagitan ng paggawa ay isang bagay na maaari nating gawing lahat, kahit gaano pa tayo nakapag-aral. Isang babae, halimbawa, ang minsan ay nagreklamo kay Dr. Louis Agassiz, isang tanyag na siyentipiko, na hindi siya nagkaroon kailanman ng pagkakataon na makapag-aral. Sinabi niya sa kanya na siya at ang kanyang kapatid na babae ay nagpapatakbo ng isang bahay-pangaserahan at siya ay walang panahon sa ano pa man. Tinanong ni Dr. Agassiz kung anong klaseng trabaho ang kanyang ginagawa, at siya ay sumagot:

" 'Tinatalupan ko ang mga patatas at nagtatadtad ng mga sibuyas.'

"Nagtanong siya, 'Saan ka umuupo habang ginagawa mo ang nakawiwiling pangtahanang gawaing ito?'

" 'Sa ibabang baitang ng hagdan sa kusina.'

" 'Saan nakapatong ang iyong paa?'

" 'Sa pinakintab na laryo.'

" 'Ano ang pinakintab na laryo?'

" 'Hindi ko po alam.'

"Gaano katagal ka nang umuupo doon? ang sabi niya.'

" 'Labinlimang taon.'

" 'Ginang, narito ang aking tirahan,' sabi ni Dr. Agassiz. 'Maaari mo ba akong sulatan tungkol sa katangian ng isang pinakintab na laryo?' "

Sineryoso niya ito. Hinanap niya ang "laryo" sa diksiyunaryo ngunit nagpalagay na ang kahulugan ay napakapayak upang ipadala sa isang tanyag na siyentipiko. Kaya naghanap siya sa ensiklopedya. Habang siya ay nagbabasa roon tungkol sa mga laryo, nakakita siya ng mga salita na hindi niya maunawaan. Kaya hinanap niya ang mga kahulugan nito. At pagkatapos, dahil siya ay talagang nawili sa kanyang natutuhan, bumisita siya sa mga bakurang laryo. Nang matapos niya ang kanyang pag-aaral, umupo siya at sumulat kay Dr. Agassiz ng tatlumpu't anim na pahina tungkol sa paksang pinakintab na laryo.



*26-b Ang pag-aaral ay dapat na magpatuloy sa buong buhay ng isang tao.*

Nagbalik ang isang sulat buhat kay Dr. Agassiz na nagpapabatid sa kanya na kasama ang ilang kakaunting pagbabago ay inilathala niya ang kanyang sulat at pinadalhan siya ng $250.00. Sa ilalim ng sulat ay nagtanong siya, "Ano ang nasa ilalim ng mga laryong iyon?"

Tiningnan niya. Mayroong mga langgam sa ilalim ng mga laryo. Kaya sinimulan niyang pag-aralan ang mga langgam. Nalaman niya na mayroong mga hanggang walong daan at dalawang libo't limang-daan na magkakaibang uri. Siya ay nahalina sa maraming pagkakaiba-iba ng mga langgam at kung paano at kung saan sila nabubuhay. Pagkatapos ng malawak na pagbabasa at masusing pag-aaral ay nakasulat siya ng tatlong daan at animnapung pahina tungkol sa paksa para kay Dr. Agassiz. Inilathala niya ito bilang isang aklat at pinadalhan siya ng marami pang salapi.

Sa salaping natanggap niya, pumunta siya sa lahat ng lupain na kanyang mga pangarap. (Hango sa *The Gift of Self,* ni Marion D. Hanks [1974], 151–53.)

- Bukod sa salaping kanyang tinanggap, paano napagyaman ang buhay ng babaeng ito? (Sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng kaalaman at bagong pagkawili sa mundo na nakapaligid sa kanya.)

Itinuro ni Elder Richard L. Evans: "Mayroong ilang bagay na maaari ninyong ibigay sa ibang tao, at ilang bagay na hindi ninyo maibibigay sa kanya, maliban kung siya ay handa sa pag-abot at pagkuha ng mga ito at tumbasan ang halaga upang ang mga ito ay maging bahagi ng kanyang sarili. Ang alituntuning ito ay magagamit sa pag-aaral, sa pagpapaunlad ng mga talino, sa pagkuha ng kaalaman, sa pagkamit ng mga kasanayan, at sa pagkatuto sa lahat ng aral ng buhay" (*Quote Book, ni Richard Evans*, [1971], 74).

- Talakayin ang mga pagkakataon na mayroon sa inyong pook upang maragdagan ang kaalaman at karanasan?

**Katapusan**

Tingubilinan tayo ng Panginoon na magtamo ng kaalaman tungkol sa ebanghelyo at tungkol sa mundo. Maaari nating magawa ito sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ng mga salita ng propeta, pananalangin, pamumuhay nang matwid, pagpasok sa paaralan o pagkuha ng ibang kurso, pagkakaroon ng interes sa mga bagay na nakapaligid sa atin at sa paghahangad na maunawaan ang ating mga karanasan. Habang tayo ay nagtatamo ng kaalaman, matututuhan nating pahalagahan ang lahat ng inilaan ng Panginoon para sa atin. Ang napaunlad na kaalaman at kasanayan ay tutulong din sa atin sa pagtataguyod sa ating mag-anak, pagtatayo

ng kaharian ng Diyos, maging mabuting mamamayan, at maging lalong katulad ng ating Ama sa Langit.

**Hamon**

*Mga Ama:* Himukin ang inyong mga anak na magkamit ng edukasyon. Magbigay ng halimbawa ng pag-aaral na kanilang susundin. Planuhin ang mga gawain ng mag-anak na tutulong sa bawat isa na matuto nang sama-sama.

*Mga kabataang maytaglay ng pagkasaserdote:* Gumawa ng mga plano na kinakailangan upang magkaroon ng isang mabuting edukasyon.

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Maging pamilyar sa mga pagkakataon sa pag-aaral sa inyong pamayanan at sa mga kalapit na pook.
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# MGA ALITUNTUNIN AT DOKTRINA NG EBANGHELYO



# JESUCRISTO, ANG ATING TUNAY NA SALIGAN

*Aralin 27*

---


Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na gawing tunay na saligan ng ating buhay si Jesucristo.

**Pambungad**

- Ipakita ang larawan 27-a, "Ang Panginoong Jesucristo." Hilingin sa mga miyembro ng klase na tingnan ang larawan at pagkatapos ipikit ang kanilang mga mata. Ipalarawan sa kanilang mga isipan na nasa harapan sila ng Tagapagligtas. Ipaliwanag na ang sumusunod na ulat ay makatutulong sa atin na maunawaang mabuti ang ating Tagapagligtas, si Jesucristo.

Si Elder Melvin J. Ballard ay minsang naglingkod bilang isang misyonero sa mga Amerikanong Indiyan sa Hilaga. Habang nasa kanyang misyon, hinangad niya ang isang pagpapatunay na ginagawa niya ang kalooban ng Panginoon. Nang tanungin niya ang Panginoon tungkol sa pagpapatibay na ito, sinabi niyang siya ay nagkaroon ng isang panaginip kung saan nakita niya ang sarili niya sa templo, pumapasok sa isa sa mga silid nito.

"Habang papasok ako sa pinto," ang sabi ni Elder Ballard, "Nakita ko, na nakaupo sa isang mataas na plataporma, ang pinakamaluwalhating Tao na namasdan ng aking mga mata o naisip ko na nabuhay sa lahat ng walang hanggang mundo. Habang ako ay papalapit upang magpakilala, tumayo siya at lumakad palapit sa akin na nakabukas ang mga bisig, at ngumiti siya habang mahinang binabanggit ang aking pangalan. Kung ako ay mabubuhay man nang isang milyong taong gulang, hindi ko malilimutan kailanman ang ngiting iyon. Niyakap niya ako at hinagkan, niyakap niya ako sa kanyang dibdib, at binasbasan ako, hanggang ang utak ng mga buto ko ay parang matutunaw! Nang matapos siya, lumuhod ako sa kanyang paa at habang pinaliliguan ko ang mga ito ng aking mga luha at halik, nakita ko ang bakas ng mga pako sa paa ng Manunubos ng sanlibutan. Ang naramdaman ko sa harapan niya, na ang lahat ng bagay ay nasa kanyang mga kamay, na upang magkaroon ng kanyang pagmamahal, ng kanyang pagsinta, at ng kanyang



*27-a, Ang Panginoong Jesucristo*

pagpapala at kung matatanggap ko lamang yaong unang naranasan pa lang, ibibigay ko ang lahat ng sa akin, ang lahat ng inaasahan kong maging, upang maramdaman ang naramdaman ko noon!" (*Sermons and Missionary Service of Melvin J. Ballard,*[1949], 156.)

**Ang Ating Pangangailangan ng Isang Tagapagligtas**

Bago tayo dumating sa mundo, nabuhay tayo kasama ang ating Ama sa Langit. Habang naroon, ang plano ng kaligtasan ay inilahad sa atin. Maligayang-maligaya tayo sa planong ito kaya tinanggap natin ito at sumigaw sa galak. (Tingnan sa Job 38:1–7.)

Hiningi ng plano ng kaligtasan na iwanan natin ang kinaroroonan ng ating Ama sa Langit at pumarito sa mundo bilang mga mortal. Dito, ihihiwalay tayo nang pisikal mula sa Diyos at bibigyan ng kalayaang pumili sa ating sarili sa pagsunod o pagsuway sa Kanyang mga kautusan. Kung pipiliin nating gumawa ng kasalanan, magiging marumi tayo. Ito'y nangangahulugan na ang isang walang kasalanan ang siyang magbabayad sa kaparusahan ng ating mga kasalanan, at lilinisin tayo dahil walang maruming tao ang maaaring makapasok sa kaharian ng Diyos (tingnan sa 1 Nephi 15:34).

Upang matulungan tayong makabalik sa kanyang kinaroroonan, ang ating Ama sa Langit ay humirang ng isang Tagapagligtas upang tubusin tayo. Ang Tagapagligtas na ito ay ang ating panganay na kapatid sa espiritu, si Jesucristo, na kusang-loob na nagpunta sa mundo at maging ating Tagapagligtas. Sa pagkukusang-loob, sinabi niyang ang kaluwalhatian ng ating kaligtasan ay nasa ating Ama sa Langit. (Tingnan sa Abraham 3:27; Moises 4:2). Si Lucifer, isang pang kapatid natin sa espiritu, ay naghangad din na maging Tagapagligtas natin. Ngunit nais niyang pilitin tayo na maligtas at nais na mapasakanya ang karangalan. (Tingnan sa Moises 4:1). Tinanggihan ng ating Ama sa Langit ang kanyang alok at inordena si Jesus na maging Tagapagligtas natin (tingnan sa 1 Ni Pedro 1:18–20). Sa paggawa noon, naingatan ng ating Ama sa Langit ang ating kalayaan sa pagpili.

**Si Jesucristo ang Tunay na Saligan Natin**

- Ano ang tunay na saligan? (Isang matibay, matatag na batayan na hindi matitinag o mawawasak)

Itataguyod ng isang tunay na saligan ang anumang nakapanahanan sa ibabaw nito. Kapag nagtatayo tayo ng isang gusali, halimbawa, maingat nating ginagawang matibay ang saligan hangga't maaari upang ang gusali ay tumagal. Sa ganoong paraan, kailangan nating itayo ang ating buhay sa isang tunay na saligan upang matagalan natin ang mga pagsubok sa buhay na ito.

- Ipakita ang larawan 27-b, "Si Jesucristo ang ating tunay na saligan."

Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo ang tanging tunay na saligan lamang kung saan maaari nating itayo ang ating buhay. Sinabi ng propetang si Helaman: "Na sa bato ng ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan; nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin,. . .oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo. . ., dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak" (Helaman 5:12).

Si Jesus ang tunay na saligan dahil Siya ang inordena ng ating Ama sa Langit na maging ating Manunubos. Sinabi ni Nephi, "Wala nang ibang pangalang ibinigay sa ilalim ng langit maliban dito kay Jesucristo. . . na makaliligtas sa tao" (2 Nephi 25:20). Sa pamamagitan lamang ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo maaari tayong mapatawad sa ating mga kasalanan at matanggap ang buhay na walang hanggan. Hindi natin maaaring gawin ang mga ito para sa ating sarili. Si Jesucristo lamang ang mayroong ganitong kapangyarihan.

**Pagtatayo kay Cristo**

Maaari nating itayo ang ating buhay sa tunay na Saligan, si Jesucristo, sa mga sumusunod na paraan:

- Ipakita ang poster na may tala ng mga sumusunod, o tukuyin ang impormasyon na nasa pisara:

**Paano Makapagtatayo kay Cristo, ang Tunay na Saligan**

1. Hangarin ang pakikisama ng Espiritu Santo.
2. Tumanggap ng Sakramento.
3. Manalangin at mag-ayuno.
4. Sundin ang mga kautusan.
5. Pag-aralan ang mga banal na kasulatan.
6. Sundin ang mga buhay na propeta.
7. Mahalin at paglingkuran ang Panginoon.

***Hangarin ang Pakikisama ng Espiritu Santo***

Ang Espiritu Santo, o ang Espiritu ng Panginoon, ay nagbibigay sa atin ng kabatiran sa buhay at sa katangian ng ating Tagapagligtas, dahil ang isa sa mga layunin ng Espiritu Santo ay magpatotoo kay Cristo (tingnan sa Juan 15:26). Sa katunayan, sa pamamagitan lamang ng Espiritu Santo



*27-b, Si Jesucristo ang ating tunay na saligan.*

natin matutuhan ang mas malalim na kahulugan ng mga sakripisyo ng Panginoon para sa atin. Binabasbasan din tayo ng Espiritu Santo na malaman at maunawaan ang katotohanan ng mga banal na kasulatan at ang mga binigyang-inspirasyong turo ng mga buhay na propeta.

***Tumanggap ng Sakramento***

Napananatili natin sa atin ang Espiritu ng Panginoon pagkatapos ng ating binyag at pagpapatibay sa pamamagitan ng pagtanggap ng sakramento nang karapat-dapat (tingnan sa D at T 20:77, 79).

- Ano ang dapat nating isipin habang tayo ay tumatanggap ng sakramento?

***Manalangin at Mag-ayuno***

Ang panalangin at pag-aayuno ay maaaring makatulong sa atin na mapalapit sa Panginoon, madama ang Kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo at makasumpong ng kaaliwan at kapayapaan ng isipan.

Isang babae ang nagsalaysay kung paano niya nakilalang mabuti ang ating Ama sa Langit at ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng panalangin. Isang araw tinawag siyang umuwi at sinabihan na ang kanyang anak ay nalunod. Ang pagkabigla ay nakadaraig. Sa kanyang matinding pagdadalamhati siya'y napaiyak, "Panginoon ko, Diyos ko, bakit po?" Malinaw, madali at mahabagin, ang sagot ay dumating bilang isang impresyon sa kanyang isipan: "Kailangan ko siya."

Sa mga sumunod na araw nakatanggap siya ng kahanga-hangang kaaliwan. "Habang binubuhos ko ang aking puso sa pagdarasal sa aking Ama," ang sabi niya, "narinig niya ako at sa kanyang paraan at sa kanyang panahon sinagot ang mga panalanging iyon. . . .

"Ang pagsubok na ito ay maaaring nakapaglayo sa akin sa aking Ama sa Langit. . . . Sa halip, naging higit na malapit ako sa aking Manlilikha ngayon kaysa noon, at pinagpala niya ako ng kaalaman at isang patotoo" (Anita L. Hughes, "Why did You Take My Son?" *Ensign,* Hulyo 1978, 66).

***Sundin ang mga Kautusan***

Sinasabi ng mga banal na kasulatan na tanging yaon lamang sumusunod sa mga kautusan ni Cristo ang tunay na nakakikilala sa Kanya (tingnan sa 1 Ni Juan 2:3). Habang sinusunod natin ang Kanyang mga kautusan unti-unti tayong nagiging katulad Niya hanggang sa ganap na tayong matanggap sa Kanyang kinaroroonan (tingnan sa *Doctrines of Salvation* ni Joseph Fielding Smith, tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:7).

- Ipasalaysay sa itinalagang miyembro ng klase ang kanyang tatlo hanggang limang minutong ulat tungkol sa Mosias 4 at 5. Tiyaking natalakay ang mga puntong ito. Dahil sa mga salita ni Haring Benjamin, nadama ng kanyang mga tao ang Espiritu Santo, o ang Espiritu ng Diyos at nangakong kanilang susundin ang mga kautusan ng Diyos. Kabilang sa mga kautusan na ipinayo ni Haring Benjamin na dapat nilang sundin ay ang pag-alaala sa kadakilaan ng Diyos; pagpapakumbaba sa kanilang sarili; pananalangin araw-araw; hindi sasaktan ang isa't isa; pagtuturo sa kanilang mga anak na mahalin ang isa't isa; pagbibigay sa kanilang mga ari-arian sa mga dukha; pagiging dalisay ng pag-iisip, salita at gawa. Habang ginagawa ng mga tao ni Haring Benjamin ang mga bagay na ito, sila'y nagiging lalong katulad ng Tagapagligtas. Maaari tayong maging lalong katulad ng Tagapagligtas sa paggawa ng mga bagay na katulad nito.

Sinabi ni Alma sa atin na kung tayo ay mamumuhay ng lalong katulad ng Tagapagligtas, matatanggap natin "ang kanyang larawan sa [ating] mga mukha," (Alma 5:14; tingnan din sa talata 19). Ito'y nangangahulugan, nang bahagya, na tayo ay puspos ng pagmamahal ng Diyos at nakadarama ng pagkahahabag sa iba. Ito'y nangangahulugan na nais nating tuparin ang ating mga tipan sa Panginoon at maging karapat-dapat na taglayin ang Kanyang pangalan.

***Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan***

Sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan ang buhay, mga doktrina, at turo ng Tagapagligtas, "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan," ang utos ng Panginoon; "ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin" (Juan 5:39). Makikita natin sa mga ito kung paano pinakitunguhan ng Tagapagligtas ang mga yaong narito sa mundo at kung paano natin dapat pakitunguhan ang isa't isa.

Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan ang ebanghelyo. Sinabi ng Panginoon na kung itatayo natin ang ating buhay sa ebanghelyo, ipawawalang-sala Niya tayo sa harapan ng Ama sa Araw ng Paghuhukom (tingnan sa 3 Nephi 27:13–16), at hindi mananaig ang mga pintuan ng impiyerno laban sa atin (tingnan sa 3 Nephi 11:39), at tayo sa huli ay pababanalin at dadakilain sa huling araw (tingnan sa 3 Nephi 27:17–22). Ang pagtatayo ng ating buhay sa ebanghelyo ni Jesucristo ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa Panginoon, pagsisisi sa ating mga kasalanan, pagpapabinyag, pagtanggap sa kaloob na Espiritu Santo, at pagtitiis hanggang wakas.

- Anyayahan ang ilang miyembro ng klase na ibahagi kung paano nakatulong sa kanila ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan upang makilala ang Tagapagligtas.

***Sundin ang Buhay na Propeta***

- Paanong ang pagsunod sa buhay na propeta ay nakatutulong sa ating magtayo kay Cristo?

Ang Pangulo ng Simbahan ang tagapagsalita ng Diyos sa mundo. Dahil dito, ipinahahayag niya ang kalooban ng Diyos para sa atin ngayon. Kaya, kapag sinusunod natin ang payo ng propeta, sinusunod natin ang Diyos at sinusunod ang kanyang kalooban. Habang sumusunod tayo at nagtatamo ng karanasan, napauunlad natin ang pananampalataya sa Panginoon. Ang pananampalataya na ito ang gumaganap bilang isang "daungan" sa ating kaluluwa at humihimok sa atin na gumawa ng mabubuting gawain (tingnan sa Eter 12:4). Sa pamamagitan nito tayo ay makasusumpong ng kabutihan at magiging mga karapat-dapat na anak ng Diyos (tingnan sa Moroni 7:25–26).

***Mahalin at Paglingkuran ang Panginoon***

Sinabi ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao, "Kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos" (Mosias 2:17). Ang mahalin at paglingkuran ang iba ay pagmamahal at paglilingkod sa Panginoon. At kapag minamahal at pinaglilingkuran natin ang Tagapagligtas, matututuhan nating maramdaman ang Kanyang nararamdaman at mag-isip katulad ng Kanyang pag-iisip. "Sapagkat paano makikilala ng isang tao ang panginoon na hindi niya pinaglingkuran, at kung sino ay dayuhan sa kanya, at malayo sa pag-iisip at mga hangarin ng kanyang puso?" (Mosias 5:13).

**Ang mga Pagpapala ng Paggawa kay Jesucristo Bilang Ating Tunay na Saligan**

Tayo'y pinangakuan na kung itatatag natin ang ating buhay sa bato ni Cristo, ang tunay na saligan, maaari tayong mamuhay muli kasama niya at ng ating Ama sa Langit magpakailanman, at tatanggapin natin ang lahat ng nasa Kanila. Ang Tagapagligtas ay nangako sa atin:

"Siya na tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang aking Ama;

"At siya na tumatanggap sa aking Ama ay tinatanggap ang kaharian ng aking Ama; kaya nga lahat ng mayroon ang aking Ama ay ibibigay sa kanya" (D at T 84:37–38).

- Anu-ano pang pagpapala ang maaari nating matanggap kapag ginagawa nating tunay na saligan si Jesucristo?

**Katapusan**

- Ibahagi ang inyong patotoo tungkol kay Jesus bilang inyong Manunubos at Tagapagligtas. Kung may panahon pa, anyayahan ang iba pang miyembro ng klase na magbahagi ng kanilang patotoo.

### Hamon

Ipangako sa inyong sarili bilang maytaglay ng pagkasaserdote na kilalanin ang Tagapagligtas at maging lalong katulad Niya. Pumili ng isang katangian ng Tagapagligtas na gusto ninyong maging ganap sa inyong sariling buhay. Magsimula ngayon sa pagpapaganap sa katangiang ito.

### Paghahanda ng Guro

Bago ilahad ang araling ito:

1. Balik-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 3, "Si Jesucristo, Ang Ating Piniling Pinuno at Tagapagligtas, at kabanata 11, "Ang Buhay ni Cristo."
2. Ihanda ang poster na iminungkahi sa aralin, o isulat ang impormasyon sa pisara.
3. Maging handa sa pagbibigay ng inyong pagpapatotoo kay Jesus bilang inyong Manunubos at Tagapagligtas.
4. Maagang magtalaga ng isang miyembro ng klase upang magbigay ng tatlo hanggang limang minutong ulat tungkol sa Mosias 4 at 5. Tiyakin na tatalakayin niya ang ipinagawa ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao at kung paano tumalima ang kanyang mga tao sa kanyang mensahe.
5. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# KALAYAAN SA PAGPILI: ISANG KALOOB BUHAT SA DIYOS

*Aralin 28*

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayong higit na maunawaan ang alituntunin ng kalayaan sa pagpili at ituro sa atin ang kahalagahan ng paggawa ng matatalinong pagpili.

**Pambungad**

Si Jacob, ang kapatid ni Nephi, ay nagpahayag sa Aklat ni Mormon, "Samakatwid, magalak sa inyong mga puso, at tandaan ninyo na kayo ay malayang makakikilos para sa inyong sarili—ang piliin ang daan ng walang hanggang kamatayan o ang daan ng buhay na walang hanggan" (2 Nephi 10:23).

Ano ang nagbibigay sa atin ng kapangyarihan na gumawa ng mga pagpapasiya? Bakit, halimbawa, nagpasiya tayong magpabinyag? O, bakit nakapagpapasiya tayo kung anong mga damit ang ating isusuot, kung anong paaralan ang papasukan, o kung anong trabaho ang hahanapin?

Ang sagot ay binigyan tayo ng kaloob mula sa Diyos na tinatawag na kalayaan sa pagpili. Ang kaloob na ito ay ang kapangyarihan na pumili. Ang pinakamahalagang pagpili na maaari nating gawin, isang pagpili na pinangyari dahil sa pagbabayad-sala ng Tagapagligtas, ay nauukol sa buhay na walang hanggan. Kung pipiliin nating sundin ang Panginoon, pagpapalain Niya tayo at tuturuan tayo kung paano gagamitin ang ating kalayaan sa pagpili upang maging katulad ng Diyos at magtamo ng walang hanggang kaligtasan.

Ipinaliwanag ni Lehi sa anak niyang si Jacob ang kalayaan sa pagpili: "Anupat ang tao ay malaya[ng]. . .makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng dakilang Tagapamagitan ng lahat ng tao, o piliin ang pagkabihag at kamatayan, alinsunod sa pagkabihag at kapangyarihan ng diyablo" (2 Nephi 2:27).

**Kalayaan sa Pagpili—Isang Walang Hanggang Batas**

Ang kalayaan sa pagpili ay isang walang hanggang batas. Si Pangulong Brigham Young, sa pagsasalita tungkol sa ating kalayaan sa pagpili, ay

nagturo: "Ito'y batas na umiiral nang palagi sa lahat ng kawalang-hanggan at magpapatuloy sa pag-iral sa buong kawalang-hanggan na darating. Ang bawat matalinong tao ay kailangan mayroong kapangyarihan ng pagpili" (*Discourses of Brigham Young,* pinili ni John Widtsoe, [1941], 62).

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Abraham 3:22–28 at Moises 4:1–4.

Bago tayo dumating sa mundo, nagtipon tayo sa isang kapulungan sa langit. Isa sa mga mahalagang usapin natin doon ay ang tungkol sa walang hanggang alituntunin ng kalayaan sa pagpili. Gustong kunin ni Lucifer, o Satanas ang ating kalayaan sa pagpili. Gusto ni Jesucristo, gayunman, na gawin ang kalooban ng Ama, na pahintulutan tayong pumili para sa ating sarili.

"Ang kalayaan sa pagpiling ito," ang sabi ni Pangulong Wilford Woodruff, "ay naging palaging mana na ng tao sa ilalim ng tuntunin at pamahalaan ng Diyos. Siya ang nagmamay-ari nito sa langit ng mga langit bago pa ang pagkakatatag ng mundo, at pinanatili at ipinagtanggol ito laban sa pagsalakay ni Lucifer at ng mga pumanig sa kanya. . . . Sa bisa ng kalayaan sa pagpiling ito, ikaw at ako at ang buong sangkatauhan ay nilikhang may pananagutan, may pananagutan para sa landas na ating tinatahak, sa ating pamumuhay, at sa ating mga ginagawa" (*Discourses of Wilford Woodruff,* pinili ni G. Homer Durham [1946], 8–9).

**Paggamit ng Ating Kalayaan sa Pagpili**

May mga tiyak na bagay ang kinakailangan para magamit natin ang ating kalayaan sa pagpili. Una, kailangang mayroon tayong kaalaman sa mabuti at masama; ikalawa, kailangang mayroon tayong kalayaang pumili; at ikatlo, pagkatapos na magamit natin ang ating kalayaan sa pagpili, kailangang mayroong mga kahihinatnan kasunod ng ating mga pagpili.

- Habang ang bawat isa ay tinatalakay, sumulat sa pisara: *Kaalaman sa Mabuti at Masama, Kalayaang Pumili, Mga Kahihinatnan ng mga Pagpili.*

***Kaalaman sa Mabuti at Masama***

Upang mahatulan nang makatarungan kapag humarap tayo sa ating Tagapagligtas, kailangang may kakayahan tayong mag-isip, at mangatwiran. Kailangang maunawaan natin kung ano ang ating ginagawa, nalalaman ang pagkakaiba ng mabuti sa masama at ang mga bunga ng ating mga gawa. Sa ganitong dahilan, hindi tayo pinananagot ng Panginoon sa ating mga pagpili hanggang tayo ay magwalong taong gulang, ang gulang na may pananagutan na (tingnan sa D at T 68:25–27; 29:46–47). Ang mga batang wala pang walong taon ay hindi pananagutin sa kanilang mga gawa. Ipinaliwanag ni Mormon:

"Ang maliliit na bata ay buo, sapagkat wala silang kakayahang gumawa ng kasalanan. . . .

"Ang maliliit na bata ay hindi makapagsisisi; kaya nga, kakila-kilabot na kasamaan ang itatwa ang mga dalisay na awa ng Diyos sa kanila, sapagkat sila ay buhay na lahat sa kanya dahil sa kanyang awa" (Moroni 8:8, 19).

Ipinaliwanag din ni Mormon na ang mga tao na "wala ang batas" ay "buhay kay Cristo" (Moroni 8:22). Ito'y nangangahulugan na ang mga tao na hindi naturuan ng ebanghelyo o walang kakayahan sa pag-unawa nito tulad ng mga may kapansanan ay hindi inaasahan sa pamumuhay nito. Wala silang pananagutan hanggang ang ebanghelyo ay maituro sa kanila o hanggang sa maunawaan nila ito.

***Kalayaang Pumili***

Ang pinakamagandang gamit ng ating kalayaan sa pagpili ay ang pagpili sa pagitan ng mabuti at masama. Nalalaman ng Panginoon na maiimpluwensiyahan tayo kapwa ng mabuti at masama sa pagpili. Kung wala ang salungatan sa pagitan ng dalawang puwersang ito, wala tayong mga pagpiling gagawin—hindi tayo magkakaroon ng kalayaan sa pagpili. Kung kaya, ang Panginoon ay nagbigay sa atin ng mga alituntunin, batas, at kautusan na susundin, at tinutukso tayo ni Satanas na suwayin ang mga ito.

Sinasabi ng Panginoon, "Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo, at ng buong lakas mo" (Marcos 12:30). Iminumungkahi naman ni Satanas: "Bakit mo mamahalin ang Diyos? Bakit hindi mo siya itakwil?" Maaaring pa nga niyang ipahiwatig na walang Diyos!

Sinasabi ng Panginoon, "Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin" (Exodo 20:8). Sinasabi naman ni Satanas, "Gamitin ang Sabbath bilang isang araw ng paglilibang. Ano ang kahalagahan ng pagdalo sa simbahan at ng hindi pagtrabaho sa araw na ito?"

Sinasabi ng Panginoon, "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina" (Exodo 20:12). Inilalagay ni Satanas sa ating mga isipan ang ideyang suwayin ang ating mga magulang: "Hawak mo ang sarili mong buhay na piliin ang iyong nais. Kunin ang lahat ng ibibigay sa iyo ng iyong magulang. Hindi matatagalan sila'y tatanda, at may ibang mag-aalaga sa kanila." (Halaw sa "Who's on the Lord's Side," ni Carl W. Buehner, *Improvement Era,* Hunyo 1961, 402.)

- Ipakita ang larawan 28-a, "Mapanganib—Bawal Lumangoy Dito." Ipasalaysay sa naitalagang miyembro ng klase ang kuwento tungkol sa babalang "Mapanganib—Bawal Lumangoy Dito" (tingnan sa "Paghahanda ng Guro").



*28-a "Mapanganib—Bawal Lumangoy Dito"*

Tulad ng ipinakikita ng kuwento tungkol sa "Mapanganib—Bawal Lumangoy Dito" nililimitahan ng pagsunod sa mga panunukso ni Satanas ang ating mga pagpili. Sa tuwing pipili tayo ng masama nawawalan tayo ng ilang kalayaan. Nadaragdagan lang ang ating kalayaan kapag pinipili natin ang tama.

Si Pangulong Spencer W. Kimball ay minsang sumulat sa isang kabataang lalaki na nahihirapang magpasiya tungkol sa relihiyon. Nais ni Pangulong Kimball na matiyak na nauunawaan ng kabataang ito ang kanyang mga pagpili. Siya ay sumulat:

"Mahal kong John:

"Ang iyong pagtutol at pakikipagtalo laban sa mga katotohanan ng ebanghelyo ay nagbigay sa akin ng malubhang pagkabalisa.

"Napagtanto kong hindi kita mahihikayat laban sa iyong kagustuhan. . . hindi ko magagawa, kahit maaari, na pilitin ang iyong pag-iisip, dahil ang kalayaan sa pagpili ay pangunahing batas ng Diyos at ang bawat isa ay may pananagutan sa kanyang sariling kapasiyahan; ngunit talagang kailangang gawin ng bawat isa sa atin ang kanyang bahagi sa paghihikayat sa kabutihan sa mga yaong maaaring nangangailangan ng tulong" ("Absolute Truth," *Ensign,* Set. 1978, 3).

***Mga Kahihinatnan ng mga Pagpili***

Ang likas na bunga ng paggamit ng ating kalayaan sa pagpili ay ang pagdanas ng mga kahihinatnan ng ating mga pagpili. Gayunman, kailangan maunawaan natin na kahit tayo ay may kalayaan sa pagpili, hindi tayo malaya sa pagpili ng mga bunga o kahihinatnan ng ating mga pinili. Ang mabubuting bunga ay kasunod ng mga wastong pagpili; ang masasamang bunga ay kasunod ng mga maling pagpili. Si propetang Samuel sa Aklat ni Mormon ay nagpahayag: "Kanyang [ang Diyos] ibinigay sa inyo na malaman ninyo ang mabuti sa masama, at kanyang ibinigay sa inyo na kayo ay makapamili ng buhay o kamatayan; at maaari kayong gumawa ng mabuti at ibalik sa inyo yaong mabuti, o yaong mabuti ay ibalik sa inyo; o maaari kayong gumawa ng masama, at ang masama ay ibalik sa inyo" (Helaman 14:31).

- Ipakita ang larawan 28-b, "Ang alituntunin ng kalayaan sa pagpili ay katulad ng batas ng pag-aani; anuman ang ating inihasik, siya rin nating aanihin."

Ang batas ng pag-aani ay inaani natin ang ating inihasik (tingnan sa Mga Taga Galacia 6:7–8). Ang isang magsasaka ay sumusunod sa batas na ito. Ang uri ng binhi na kanyang itinatanim ang titiyak kung ano ang kanyang aanihin. Kung magtatanim siya ng binhi ng trigo, siya ay aani ng trigo, at hindi mais. Hindi rin niya maaaring piliing pabayaan

ang kanyang pananim pagkatapos niyang itanim ang binhi at magkaroon ng mabuting ani.

Ang alituntunin ng kalayaan sa pagpili ay katulad ng batas ng pag-aani: Kapag pumili tayo, kailangang tanggapin natin ang mga bunga ng pagpiling iyon. Kung minsan hindi natin nauunawaan ang mga kinahinatnan ng ating mga pagpili hanggang sa tayo ay hatulan ng Diyos. Ngunit maraming ulit na nakaaapekto sa atin kaagad ang ating mga pagpili . Halimbawa, tayo ay binibigyan ng kaloob na Espiritu Santo kasunod ng ating binyag. Ang buong pakinabang sa pagkakaroon ng Espiritu Santo bilang isang kasama ay hindi mauunawaan hanggang pagkatapos ng ating pagkabuhay na mag-uli, ngunit kapag pinili nating suwayin ang Espiritu Santo at gumawa ng kasalanan, mawawala ang Kanyang impluwensiya sa ating buhay. Ang kaagad na bunga ng pagpili na gumawa ng mali ay hindi na tayo makararanas ng kaaliwan, pag-unawa, pagmamahal, at pagpapatnubay na inilalaan ng Espiritu Santo kapag ginagawa natin ang tama.

- Kapag ang isang kabataang lalaki ay lumabag sa Salita ng Karunungan, anu-ano ang ibubunga ng kanyang mga gawa? (Siya ay hindi karapat-dapat na sumulong sa pagkasaserdote. Ang Espiritu ay aalis. Hindi siya karapat-dapat na magmisyon. Maaari siyang magumon sa mga bagay na makapipinsala sa kanyang katawan.)

- Kapag ang isang ama ay nabigo sa pagtuturo ng ebanghelyo sa kanyang mga anak, anu-ano ang mga ibubunga nito? (Kakaunti ang pagmamahal sa mag-anak. Maaaring hindi alam ng mga anak ang mabuti sa masama. Maaaring mawala sa kanya ang kanyang mga anak sa kawalang-hanggan kung sila'y maglakihan at mabigo silang maging karapat-dapat sa templo at mapanatili iyon. Ang pagsulong ng mga anak ay maaantala.)

Dumating man kaagad o sa hinaharap ang mga ibubunga, ang ating mga buhay ay maglalarawan kung paano natin ginagamit ang ating kalayaan sa pagpili. Ang mga pagpapalang dumarating sa paggawa ng wastong pagpili ay kinabibilangan ng "pag-unlad, paglago, at pagsulong" (Elder James E. Faust, sa Conference Report, Okt. 1984, 73; o *Ensign,* Nob. 1984, 59). Bukod pa diyan, hindi natin kailangang matakot sa mga kahihinatnang darating kaagad o sa hinaharap pa.

- Awitin ang himnong "Gawin ang Tama." (*Mga Himno,* bilang 144; o *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* 362–63).

**Mananagot Tayo sa Ating mga Pagpili**

Malaya tayong kumilos, ngunit tayo ay pananagutin sa ating mga ginawa. Balang araw ang bawat isa sa atin ay tatayo sa harapan ng



*28-b Ang alituntunin ng kalayaan sa pagpili ay katulad ng batas ng pag-aani: anuman ang ating ihasik, siya rin nating aanihin.*

Diyos at magbibigay tayo ng ulat kung paano natin ginamit ang ating kalayaan sa pagpili. Pagkatapos ay hahatulan tayo ng Diyos. Ang Kanyang mga hatol ay tama at may awa, na batay sa Kanyang pagmamahal at sa mga batas ng langit.

Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith : "Binigyan ng Diyos ang lahat ng tao ng kalayaan sa pagpili at pinagkalooban tayo ng pribilehiyong paglingkuran siya o hindi. . .Ngunit mahigpit niya tayong pananagutin sa pag-uulat ng paggamit na ginawa natin sa kalayaan sa pagpiling ito, at tulad ng sinabi kay Cain, ay gayundin sa atin; 'Kung ikaw ay gumawa ng mabuti, di ba ikaw ay mamarapatin? at kung hindi ka gumawa ng mabuti, ay nahahandusay ang kasalanan sa pintuan' (Gen. 4:7). (*Gospel Doctrine*, ika-5 edisyon [1939], 49). Sinabi ni Alma:

"At hinihingi sa katarungan ng Diyos na ang mga tao ay nararapat hatulan alinsunod sa kanilang mga gawa; at kung ang kanilang mga gawa sa buhay na ito ay mabuti, at ang mga pita ng kanilang mga puso ay mabuti, sila rin, sa huling araw, ay manunumbalik doon sa mabuti.

"At kung ang kanilang mga gawa ay masama, ito ay manunumbalik sa kanila sa masama" (Alma 41:3–4.)

Dahil ang ating mga kilos ay resulta ng ating mga pagpili, mahalaga na piliin natin ang tama. Si Jose ng Lumang Tipan ay isang mabuting halimbawa ng isang taong pinili ang tama at nakatanggap ng mga dakilang pagpapala dahil sa mabubuti niyang gawa.

Matapos madala si Jose sa Egipto siya ay naging alipin ni Potiphar, isang pinuno ng Faraon at kapitan ng mga tanod. Pinagpala si Jose dahil pinili niyang sundin ang Panginoon. Nakita ni Potiphar na mabuti ang lahat ng ginagawa ni Jose kung kaya ipinagkatiwala niya kay Jose ang lahat ng kanyang ari-arian. Para sa kapakanan ni Jose ay pinagpala at pinaunlad ng Panginoon ang sambahayan at mga bukirin ni Potiphar.

Sa panahong ito, gayunman, ang asawa ni Potiphar ay nagsimulang pagnasaan si Jose. Ang kanyang damdamin ay tumindi hanggang isang araw ay tinukso niya si Jose na makiapid sa kanya.

- Ipakita ang larawan ni Jose na tumatanggi sa asawa ni Potiphar na matatagpuan sa "Mga Larawan", ng manwal na ito. Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Genesis 39:7–12. Alam ba ni Jose ang mga batas ng Diyos tungkol sa pakikiapid? Ano ang mga pagpipilian ni Jose? Ano ang kanyang piniling gawin?

Sa pagharap sa tuksong ito, naisip ni Jose ang tungkol sa malaking pagtitiwala sa kanya ni Potiphar; ngunit lalong mahalaga pa roon,

inisip niya ang tungkol sa Panginoon at ang kanyang pangako na sundin Siya. Alam ni Jose na siya ay mananagot sa huli sa Diyos. Ang kaalamang ito ay nagbigay sa kanya ng lakas upang tutulan ang asawa ni Potiphar. Pinili niyang sundin ang Diyos.

Ang mga pagsisikap ng asawa ni Potiphar na tuksuhin si Jose ay hindi nahinto dahil sa tinanggihan na siya nang minsan. Siya ay tinukso niya araw-araw, at patuloy niya itong tinutulan. Sa katapusan, sa kanyang galit at kabiguan, pinaratangan niya si Jose ng kasalanan na siya ang may kagagawan. Bilang bunga, si Jose ay ibinilanggo.

"Ngunit ang Panginoon ay nasa kay Jose" dahil pinili niyang sumunod. Kinalaunan, si Jose ay pinalaya buhat sa bilangguan at naging isang pinuno sa buong Ehipto. (Tingnan sa Genesis 39–41.)

- Paano makatutulong sa atin ang halimbawa ni Jose na gamitin nang wasto ang ating kalayaan sa pagpili?

**Katapusan**

Ipinahayag ni Pangulong David O. McKay: "Kasunod ng pagbibigay ng buhay mismo, ang karapatang pamahalaan ang ating buhay ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao. Ang kalayaan sa pagpili ay mas pahahalagahan kaysa ano mang pag-aari na maaaring maibigay ng sanlibutan. Ito'y likas sa espiritu ng tao. Ito'y isang makalangit na kaloob sa bawat karaniwang tao. . .Sa tao ay ibinibigay ang isang natatanging kaloob, na hindi ibinigay sa ibang nabubuhay na nilalang. Ibinigay sa kanya ng Diyos ang kapangyarihan sa pagpili. Sa tao lamang sinabi ng Manlilikha,'. . . .ikaw ay maaaring mamili para sa iyong sarili, sapagkat ito ay ibinigay sa iyo;. . ." (Moises 3:17). Kung wala itong makalangit na kapangyarihan sa pagpili, ang sangkatauhan ay hindi uunlad" ("Man's Free Agency,—An Eternal Principle of Progress," *Improvement Era,* Dis. 1965, 1073).

Kailangan tayong magkaroon ng pagpili para umunlad. Ngunit kailangang gamitin natin ang ating kalayaan sa pagpili nang wasto, dahil pananagutin tayo ng Diyos sa ating mga pagpili. Kailangan nating hangaring sundin ang Ama sa Langit, manalangin, makinig sa kanyang mga propeta, at maging karapat-dapat sa pamamatnubay ng Espiritu Santo, nang balang araw ay matamo natin ang buhay na walang hanggan.

**Hamon**

Pumili ng isang bahagi sa inyong buhay na gusto ninyong mapaunlad at gumawa ng ilang pagpapasiya na magdadala sa mga hinahangad na resulta.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- 2 Nephi 2:11 (may pagsalungat sa lahat ng bagay)
- Doktrina at mga Tipan 58:26–29 (hindi nag-uutos ang Panginoon sa lahat ng bagay)
- Doktrina at mga Tipan 101:78 (pananagutan para sa mga kasalanan)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Balik-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 4, "Kalayaan sa Pagpili."
2. Paunang hilingin sa isang miyembro ng klase na maghanda na ibigay ang sumusunod na analohiya: "Kapag sinusunod natin ang mga tukso ni Satanas tinatakdaan natin ang ating mga pagpili. Ang sumusunod na halimbawa ay nagpapakita nito. Isiping nakakita ng isang babala sa tabing dagat na may mababasang: ['Mapanganib—Bawal Lumangoy Dito.'] Maaaring isipin natin na iyon ay isang pagbabawal. Ngunit iyon ba ay isa ngang pagbabawal? Marami pa tayong maaaring pagpilian. Malaya tayong lumangoy sa ibang lugar. Malaya tayong lumakad sa tabi ng aplaya at kumuha ng mga kabibi. Malaya tayong magmasid sa paglubog ng araw. Malaya tayong umuwi sa bahay. Malaya rin tayong huwag pansinin ang babala at lumangoy sa mapanganib na lugar. Ngunit kapag (ang panganib na ibinabala sa atin) ay nakapangunyapit na sa atin at hinahatak tayo pailalim, kakaunti na lamang ang ating pagpipilian. Maaari tayong magsikap na makatakas, o maaari tayong tumawag ng tulong, ngunit maaari rin tayong malunod" (*Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* [1979], 25–26).
3. Ihanda ang klase sa pag-awit ng "Gawin ang Tama." (*Mga Himno,* bilang 144; o sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* 362–63).
4. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGPAPANATILING BANAL NG ARAW NG SABBATH

*Aralin 29*

---

Ang layunin ng araling ito ay turuan tayo na panatilihing banal ang araw ng Sabbath.

**Pambungad**

Sa Estados Unidos noong mga 1930 maraming tao ang hindi makakita ng trabaho. Ito ay isang panahon ng malaking kahirapan. Isang maytaglay ng pagkasaserdote sa Lungsod ng Salt Lake, Utah, ang nakakuha ng trabaho sa pamahalaan. Nagpapasahod ito ng mas mainam at ito'y nangangako ng kapanatagan. Mayroon lang isang suliranin: sa bagong trabaho kinakailangan niyang magtrabaho kung Linggo. Ngunit nangangailangan siya ng salapi upang maitaguyod ang kanyang mag-anak.

Alam niya na ang Panginoon ay hindi palaging nagagalit kapag ang mga tao ay kailangang gumawa kung Linggo, kaya siya'y nanalangin na pahintulutan ng Panginoon ang kanyang trabaho sa araw ng Sabbath. Ngunit binigyan siya ng Panginoon ng damdamin na, sa kanyang kalagayan, hindi siya dapat magtrabaho kung Linggo. Pinag-usapan nilang mag-asawa ang bagay na ito. Kapwa nila nadamang dapat niyang sabihin sa kanyang tagapamahala na hindi siya papasok kung Linggo. Nang gawin niya ito, binalaan siya ng tagapamahala na mawawalan siya ng trabaho.

- Ano ang gagawin mo kung ikaw ang taong ito?

Nang ang maytaglay ng pagkasaserdoteng ito ay tumangging gumawa kung Linggo, nawalan siya ng trabaho. Hindi natagalan, nakakita ulit siya ng trabaho na hindi niya kinakailangang gumawa kung Sabbath.

**Ang Kabanalan ng Araw ng Sabbath**

Sa simula, ang Panginoon ay gumugol ng anim na araw sa paglikha ng daigdig na ito, ngunit sa ikapitong araw Siya'y namahinga (tingnan sa Genesis 2:2–3). Tinawag niya ang araw na ito na Sabbath. Nagsilbi Siyang halimbawa, ipinakikita sa atin na dapat nating igalang ang



*29-a, Sa araw ng Sabbath tayo ay "[naghahandog]. . .ng sakramento."*

Sabbath sa pamamagitan ng pagpapahinga sa lahat ng ating gawain. Mula pa noon, palagi nang inaasahan ng Diyos ang kanyang mga anak na mag-ukol ng isa sa pitong araw para sa Kanya.

Bago sumapit ang panahon ni Cristo, ang Sabbath ay ipinangingilin sa ikapitong araw ng linggo. Ngunit kasunod ng pagkabuhay na mag-uli ni Cristo, ang Sabbath ay ipinangilin ng halos lahat ng Kristiyano sa unang araw ng linggo (tingnan sa Mga Gawa 20:7). Ito'y tinawag na Araw ng Panginoon (tingnan sa Apocalipsis 1:10) bilang paggalang sa kanyang pagkabuhay na mag-uli sa araw na iyon (tingnan sa Juan 20:1).

Si Cristo ang Panginoon ng Sabbath (tingnan sa Marcos 2:27–28). Dahil doon, Siya ay nag-uutos sa atin na panatilihing banal "ang [Kanyang] banal na araw" (tingnan sa D at T 59:9–13).

Nang panahon ni Moises, binigyang-diin ng Panginoon ang kahalagahan ng pagpapanatiling banal ng Sabbath nang kanyang isama ito sa Sampung Utos.

- Basahin ang Exodo 20:8–11.

Sinabi ng Panginoon sa mga tao ng Israel na napakahalaga ng Sabbath —na ang kanilang pagsunod sa pagpaparangal nito ay isang tanda ng kanilang katapatan sa kanya (tingnan sa Exodo 31:12–17).

Ang Sabbath ay ipinangingilin ayon sa utos ng Panginoon sa mga ito at iba pang banal na kasulatan hanggang sa panahon ni Jesucristo. Sa loob ng mga daang-taong ito, maraming walang inspirasyong pinuno ng mga relihiyon ang naglagay ng maraming pagbabawal kung ano ang maaaring gawin ng tao sa Araw ng Sabbath. Halimbawa, itinuro nila na hindi maaaring magsindi ng apoy o magpatay nito kung Sabbath. Ang isang tao ay maaaring magkalag lamang ng buhol kung magagawa niya ito ng isang kamay. Isang milya ang hangganang maaaring lakarin ninuman. Ang mga baling buto ay hindi gagamutin hanggang hindi natatapos ang Sabbath.

Naging napakahirap para sa mga tao na sundin ang lahat ng alituntunin kaya nakalimutan nila ang tunay na layunin ng Sabbath. Sa halip na maging isang pagpapala at isang kagalakan, ang Sabbath ay naging isang pabigat.

Ipinaliwanag ni Pangulong George Albert Smith kung ano ang dapat nating maging saloobin hinggil sa Sabbath: "Itinalaga ng Panginoon ang isang araw sa pito, hindi upang gawin itong isang pabigat , kundi upang magdala ng kagalakan sa ating buhay at maging sanhi upang ang ating tahanan ay maging mga pook-tipanan ng mag-anak,. . . nagpapaibayo sa ating pagmamahal sa isa't isa" ("Obey the Commandments," *Improvement Era,* Enero 1949, 9).

- Paanong magiging isang kagalakan sa ating buhay ang Sabbath?

**Pagpapanatiling Banal ng Araw ng Sabbath**

Hindi nagbigay sa atin ang Panginoon ng maraming alituntunin tungkol sa Sabbath; ibinigay lamang Niya sa atin ang ilang tagubilin upang patnubayan tayo na panatilihing banal ito.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 59:9–13. Bakit hiniling ng Panginoon na panatilihin nating banal ang araw ng Sabbath? (Upang mapag-ingatan ang ating sarili na walang bahid-dungis mula sa sanlibutan.) Ano ang kahulugan ng "mapag-ingatan ang inyong sarili na walang bahid-dungis mula sa sanlibutan"?

- Ipakita ang larawan 29-a, "Sa araw ng Sabbath, tayo ay . . . "[naghahandog] ng sakramento."

- Ayon sa mga talatang ito, ano ang dapat nating gawin upang mapanatili nating banal ang araw ng Sabbath? (Dapat tayong pumunta sa palanginan, mamahinga sa ating mga gawain, mag-ukol ng ating mga panalangin, magbigay ng ating mga pag-aalay at sakramento, ipagtapat ang ating mga kasalanan, maghanda ng ating mga pagkain nang may katapatan ng puso , mag-ayuno, at magdasal.) Ano ang mga handog? (Mga handog sa Panginoon. Kinabibilangan ito ng mga Ikapu at handog.) Ano ang ibig sabihin ng "ihanda ang inyong pagkain nang may katapatan ng puso"? (Maghanda lamang ng simpleng pagkain sa araw na iyon.)

Sinabi ng Unang Panguluhan ng Simbahan : "Ang Sabbath ay hindi lamang isang karaniwang araw na kung saan nagpapahinga lamang tayo sa ating mga gawain, upang malayang gugulin ito sa pahiwatig ng ating kababawan. Ito ay isang banal na araw, ang Araw ng Panginoon, na gugulin bilang isang araw ng pagsamba at pagpipitagan" ("The Sabbath,' *Church News,* ika-11 ng Hulyo 1959, 3).

- Anu-ano ang iba pang uri ng bagay na magagawa natin upang mapanatiling banal ang araw ng Sabbath?

Bilang karagdagan sa mga tagubiling ibinigay sa atin sa mga banal na kasulatan at ng ating mga buhay na propeta, maaari nating matutuhan kung paano natin mapananatiling banal ang Araw ng Sabbath sa pamamagitan ng pag-aaral sa buhay ng Tagapagligtas. Noong isang araw ng Sabbath, halimbawa, habang si Jesus ay papunta sa sinagoga upang magturo, nasalubong Niya ang isang lalaki na natutuyo ang kamay. Ang mga escriba at mga Pariseo, na naniniwala na ang pagpapagaling sa lalaki ay nakasisira sa Sabbath, ay nagtipon sa paligid ng Panginoon upang makita kung ano ang Kanyang gagawin.

Dahil nalalaman ang kanilang iniisip, tinanong sila ng Panginoon, "Matuwid bagang gumawa ng magaling, o gumawa ng masama kung

sabbath? magligtas ng isang buhay, o pumuksa?" Pagkatapos, pinagmasdan silang lahat na nakapaligid, sinabi Niya sa lalaki, "Iunat mo ang iyong kamay." Ginawa ito ng lalaki, at ang kanyang kamay ay ganap na gumaling. (Tingnan sa Lucas 6:6–10.)

Sa isa pang araw ng Sabbath si Jesus ay nagtanong, "Sino kaya sa inyo ang kung magkakaroon ng isang asno o isang bakang lalaki na mahulog sa hukay, at pagdaka'y hindi kukunin kahit araw ng sabbath?" (Lucas 14:5–6.)

- Ayon sa halimbawa ng Tagapagligtas, anong uri ng gawain ang naaangkop sa Sabbath?

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball :

"Totoong ang ilang tao ay kailangang gumawa sa Araw ng Sabbath. At, ang totoo, ang ilang gawain na totoong mahalaga—tulad ng pag-aalaga sa maysakit, halimbawa—ay maaari talagang magpabanal sa Sabbath. Gayunman, sa mga ganoong gawain ang ating mga layunin ay mahalagang isinasaalang-alang.

"Kapag ang kalalakihan at kababaihan ay gustong gumawa sa araw ng Sabbath upang palaguin ang kanilang kayamanan, sila ay lumalabag sa mga kautusan; dahil ang salapi na nakukuha sa araw ng Sabbath, kung ang gawain ay hindi kailangan, ay maruming salapi" ("The Sabbath—A Delight," *Ensign*, Enero 1978, 5).

Kung nahaharap tayo sa isang pagpapasiya, sa pagsali sa isang gawain na maaari o hindi nararapat para sa Sabbath, maaaring tanungin natin ang ating sarili ng tatlong katanungan:

Ito ba ay nakagagawa ng kabutihan?

Nakapagpapaunlad ba ito ng espirituwalidad?

Gagawin ba ito ni Jesus?

Kapag hindi natin maiwasang magtrabaho nang Linggo, dapat nating panatilihin ang diwa ng Sabbath sa ating puso.

**Mga Pagpapala sa Paggalang sa Sabbath**

Pinangakuan tayo ng Panginoon ng maraming temporal at espirituwal na pagpapala kung pananatilihin nating banal ang araw ng Sabbath. Kung igagalang natin ito "nang may pasasalamat, nang may maligayang mga puso at mukha. . .

". . .ang kabuuan ng mundo ay sa inyo,. . .maging para sa pagkain o para sa kasuotan, o para sa mga bahay, o para sa mga kamalig, o para sa mga taniman, o para sa mga halamanan, o para sa mga ubasan" (D at T 59:15–17).

- Anu-anong pagpapala pa ang maaari nating matanggap sa pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath?

**Katapusan**

Sinabi ng Panginoon sa atin na huwag nating gawing biro ang mga banal na bagay. Ang isa sa mga pinakabanal na bagay na ibinigay ng Panginoon ay ang Kanyang banal na araw. Sinabi ni Elder Ezra Taft Benson: "Ang layunin ng Araw ng Sabbath ay para sa esprituwal na pag-unlad, para sa pagpapanariwa ng ating mga tipan, para sa pagsamba, para sa pamamahinga, para sa panalangin. Ito'y para sa layunin ng pagpapakain sa espiritu, nang tayo'y mapag-ingatang walang bahid-dungis mula sa sanlibutan sa pamamagitan ng pagsunod sa utos ng Diyos" ("Keeping the Sabbath Day Holy," *Ensign,* Mayo 1971, 6). Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay nagpapahayag ng ating pagmamahal para sa Panginoon at nagpapakita ng ating pasasalamat sa Kanyang kabutihan. Kapag sinunod natin ang kautusang ito, tumatanggap tayo ng mga dakilang pagpapala sa Kanya.

**Hamon**

Sikaping maging higit na espirituwal ang araw ng Sabbath. Tipunin ang inyong mag-anak at talakayin ang mga kilos ng inyong mag-anak kung araw ng Sabbath. Talakayin ang mga paraan upang mapanatiling banal ang araw ng Sabbath. Paalalahanan ang mga miyembro ng mag-anak na tanungin nila ng tatlong katanungan ang kanilang sarili upang malaman kung ang kanilang mga gawain ay naaangkop:

Ito ba ay nakagagawa ng kabutihan?

Nakapagpapaunlad ba ito ng espirituwalidad?

Gagawin ba ito ni Jesus?

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Levitico 19:30 (inatasan tayong igalang ang araw ng Sabbath)
- Nehemias 13:15–21 (hindi tayo dapat magtinda sa araw ng Sabbath)
- Isaias 58:13–14 (hindi tayo dapat maghangad ng makamundong kasiyahan sa araw ng Sabbath)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Balik-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 24, "Ang Araw ng Sabbath."
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# ANG IKAPU AT MGA HANDOG

*Aralin 30*

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na ipamuhay ang batas ng ikapu at maging bukas-palad sa ating mga handog.

**Pambungad**

- Isulat sa pisara *Nanakawan ba ng tao ang Diyos?*

Nang dalawin ni Cristo ang kontinente ng Amerika pagkatapos ng kanyang Pagkabuhay na mag-uli, tinanong Niya ang mga Nephita ng isang katanungan na naitanong na ni Malakias, isang propeta sa Lumang Tipan: "Nanakawan ba ng tao ang Diyos?" (Malakias 3:8; 3 Nephi 24:8).

- Paano mapagnanakawan ang Diyos? Basahin ang Malakias 3:8.

**Ang Batas ng Ikapu**

Ang batas ng ikapu ay higit pa sa isang kautusan buhat sa Panginoon. Sa pamamagitan nito, magkakaroon tayo ng pagkakataon na maibalik sa Kanya ang isang bahagi ng lahat ng Kanyang ibinigay sa atin. Sa paraang ito, makatutulong din ito sa pagtatayo ng Kanyang kaharian at naipakikita ang ating pananampalataya sa Kanya.

Madalas itanong ito, "Ano ang isang buo, tapat na ikapu?" Ang ikapu ay ikasampung bahagi ng ating tubo (tingnan sa D at T 119). Ito'y nangangahulugan na nagbibigay tayo ng ikasampung bahagi ng ating kita; o kung ang ating kinita sa mga kawan, bakahan o pananim sa halip na salapi, ibinibigay natin ang ikasampung bahagi ng mga bagay na iyon. (Tingnan sa Levitico 27:30, 32.)

Nagbabayad tayo ng ikapu sa pamamagitan ng pagbibigay nito sa kinatawan ng Panginoon: isang miyembro ng obispado o panguluhan ng sangay. Pagkatapos ay ipinadadala niya ang mga laang-salaping ito sa punong-tanggapan ng Simbahan, kung saan ang talaan ng ating ikapu at iba pang mga abuloy ay iniingatan.

Minsan sa isang taon, bawat miyembro ay hinihilingang gumawa ng natatanging pakikipagtipan sa obispo o pangulo ng sangay. Sa panahong ito, magkasama nating sinusuring muli nang sarilinan ang talaan ng ating

ikapu at tatanungin niya tayo kung nakabayad tayo ng buong ikapu sa buong taon. Ang pulong na ito ay tinatawag na pagsasaayos ng ikapu.

Isinaalang-alang ng Panginoon ang pagbabayad ng ikapu na napakahalaga na hindi tayo makatatanggap ng rekomendasyon sa templo maliban kung nagbabayad tayo ng buong ikapu. Bukod pa roon, ang kalalakihan at kabataang lalaki ay kinakailangang magbayad ng buong ikapu bago sila sumulong sa pagkasaserdote.

Si Elder Matthew Cowley, ng miyembro sa Korum ng Labindalawa ay nagkuwento ng tungkol sa isang mabuting kapatid na babae na Maori na nakatira sa isang liblib na nayon ng New Zealand na may tunay na diwa sa pagbabayad ng ikapu:

"Ngayon, sa isang pagkakataon ako'y dumalaw tulad ng palagian kong ginagawa kapag dinadalaw ko ang pook na iyon, upang makita ang maliit at dakilang babaeng ito, na nasa mga walumpung-taon na, at bulag. Hindi siya namumuhay sa isang matatag na sangay, walang pakikipagkita sa pagkasaserdote maliban sa mga misyonero na bumibisita doon. . .

". . .Nasa labas siya ng kanyang bakuran sa tabi ng maliit na apoy. Iniabot ko ang aking kamay upang makipagkamay sa kanya, at makikipagkiskisan ako ng ilong sa kanya (sa kaugaliang Maori) at sinabi niyang, 'Huwag kang makipagkamay sa akin.'. . .

". . .Pagkatapos gumapang siya sa kanyang mga kamay at tuhod papunta sa maliit niyang bahay. Sa isang sulok ng bahay ay may isang pala. Inilabas niya itong pala at gumapang sa isa pang dako, sinusukat ang layo ng ginagapang niya. Sa wakas narating niya ang isang dako at nagsimulang humukay. . . Sa wakas ang kanyang pala ay may nahampas na isang matigas na bagay. Kinuha niya ito. . .isang tapayan ng prutas. Binuksan niya ang tapayan ng prutas at ipinasok ang kamay sa loob nito, may inilabas na bagay at ibinigay ito sa akin, at ito pala ay mga salaping New Zealand. Sa salaping Amerikano ito'y katumbas ng isang daang dolyar.

"Ang sabi niya, 'Iyan ang aking ikapu. Ngayon ay maaari na akong makipagkamay sa pagkasaserdote ng Diyos.'

"Ang sabi ko, 'Hindi naman ganyan kalaki ang pagkakautang mo ng ikapu.'

"Ang sabi niya, 'Alam ko. Hindi ako nagkakautang sa ngayon, ngunit magbibigay ako ng ilang paunang-bayad, dahil hindi ko alam kung kailan makapupunta muli dito ang pagkasaserdote ng Diyos.'

"Pagkatapos ay yumuko ako at inilapat ko ang aking ilong at noo sa kanya, at ang mga luha ng aking mga mata ay umagos sa kanyang pisngi" (sa Conference Report, Okt. 1948, 159–60).

- Paano nagpapakita ng ating pagmamahal sa Panginoon ang pagbabayad natin ng ikapu? Paano ito nagpapakita ng ating pananampalataya?

**Mga Handog**

Maaaring mag-ambag tayo ng ibang salapi bukod sa ikapu upang makatulong sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon. Ang mga abuloy na ito ay tinatawag na mga handog.

Tuwing Linggo ng pag-aayuno bawat buwan, kailangang mag-ambag ang mga miyembro ng mga handog-ayuno na kahit paano ay katumbas ng halaga ng dalawang kainan na hindi kinain sa oras ng pag-aayuno. Ang iba pang handog na maaaring ibigay ng mga miyembro ay kinabibilangan ng ambag sa pondo ng misyonero ng Simbahan, sa LDS Foundation, o makataong pagtulong ng Simbahan. Maaaring gamitin ng mga miyembro ang pormularyo ng Ikapu at Ibang Handog kapag nagbibigay nito at ng iba pang ambag.

Ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Elder Boyd K. Packer ay makatutulong sa atin na maunawaan ang kahalagahan ng pagbabayad ng ikapu at mga handog:

Makalipas ang mga ilang taon dalawang misyonero ang nag-ulat sa kanilang pangulo ng sangay na ang isang mag-anak na kanilang tinuturuan ay biglang nagpasiya ng laban sa pagpapabinyag. Nalaman ng ama ang hinggil sa ikapu at kinansela ang lahat ng susunod na pakikipagkita sa mga misyonero.

"Makaraan ang ilang araw," paliwanag ni Elder Packer, "hinikayat ng pangulo ng sangay ang mga elder na sumama sa kanya sa isa pang pagdalaw sa mag-anak.

" 'Naiintindihan ko,' sabi niya sa ama, 'na ipinasiya mong huwag nang sumapi sa Simbahan.'

" 'Tama iyan,' ang kanyang sagot.

" 'Sinabi sa akin ng mga elder na ikaw ay nabalisa hinggil sa ikapu.'

" 'Oo,' ang sabi ng ama. 'Hindi nila kami sinabihan tungkol dito; at nang malaman ko ito, sabi ko, "Masyado na iyan. Ang aming simbahan ay hindi humihingi ng anumang katulad niyan." Sa palagay namin ay sobra na iyan, at hindi kami sasapi.'

" 'Nasabi ba nila ang tungkol sa handog-ayuno?' tanong niya.

" 'Hindi,' ang sabi ng lalaki. 'Ano iyon?'

" 'Sa Simbahan nag-aayuno kami ng dalawang kainan bawat buwan at ibinibigay namin ang halaga ng pagkain na iyon upang tulungan ang mga dukha.'

“ ‘Hindi nila sinabi iyan sa amin,’ sabi ng lalaki. . . .

“ ‘Nabanggit ba nila ang programang pangkapakanan sa inyo?’

“ ‘Hindi,’ ang sabi ng ama, ‘Ano iyon?’

“ ‘Alam ninyo, kami ay naniniwala sa pagtutulungan ng isa’t isa. Kung may isa na nangangailangan o maysakit o nawalan ng trabaho o may suliranin, kami ay itinatag na tumulong, at ikaw ay inaasahang tutulong.’

“ ‘Nasabi rin ba nila na wala kaming propesyonal na ministro?’ Lahat kami ay nagbibigay ng aming oras, ng aming mga talino, ng aming mga kakayahan, at paglalakbay—ang lahat para makatulong sa gawain. At hindi kami binabayaran ng salapi.’

“ ‘Hindi nila sinabi sa amin ang kahit isa man sa mga iyan,’ ang sabi ng ama.

“ ‘Kung ganoon,’ ang sabi ng pangulo ng sangay, ‘kung ikaw ay napaurong ng isang maliit na bagay na gaya ng ikapu, maliwanag na hindi ka handa para sa Simbahang ito. Marahil tama ang ginawa mong pasiya at hindi ka dapat sumapi.’

“ ‘Nang papaalis na sila, halos tila isang pagdadalawang-isip, lumingon siya at sinabing, ‘Nagtataka ka ba kung bakit ginagawa ng mga tao ang lahat ng ito nang kusang loob? Hindi ako nakatatanggap ng isa mang kuwenta para sa ikapu. Wala ni isa man ang tinawag upang singilin ito. Ngunit binabayaran namin ito—at lahat nang iba pa—at ibinibilang ito na isang malaking pribelihiyo.

“ ‘Kung matutuklasan mo kung *bakit*, mapapalapit ka sa mahalagang perlas. . .

“ ‘Ngunit,’ sabi ng pangulo ng sangay, ‘*ikaw* ang magpapasiya nito. Ako’y umaasa na magdarasal ka tungkol dito.’

“Pagkaraan ng ilang araw ang lalaki ay nagpakita sa bahay ng pangulo ng sangay. . . Nais niyang itakda ang binyag ng kanyang mag-anak” (sa Conference Report, Okt. 1974, 126–27; o *Ensign,* Nob. 1974, 88).

- Ano ang nakaimpluwensiya sa taong ito upang sumapi sa Simbahan?

**Mga Gamit ng Ikapu at mga Handog**

Ang ikapu at mga handog na ibinibigay natin sa Simbahan ay ginagamit sa gawain ng Panginoon. Ang salaping ito ay ginugugol ng ating mga pinuno ng pagkasaserdote sa mga paraan na itinakda ng Panginoon. Ang mga ambag na ito ay nakatutulong sa pagdadala sa ating mga kapatid pabalik sa ating Ama sa Langit.

- Bakit kailangan ang salapi upang maisagawa ang gawain ng Panginoon?

Ang ilan sa mga paraan kung paano ginagamit ang ating ikapu at mga handog ay upang tumulong sa :

1. Pagpapagana ng programang pangmisyonero.
2. Pagtatayo at pagtutustos sa mga kapilya, templo, at iba pang gusali.
3. Pagtuturo sa mga tao sa mga paaralan, seminaryo at institute ng Simbahan.
4. Paggawa, paglilimbag, at pamamahagi ng mga banal na kasulatan, manwal ng aralin, at iba pang materyal ng Simbahan.
5. Pagpapalawak ng gawain ng kasaysayan ng mag-anak.
6. Paglalaan para sa mga nangangailangan.
7. Pagtugon sa mga gugulin ng mga pangkalahatang komperensiya.

**Pagbabayad ng Ikapu at mga Handog nang Kusang-loob**

- Bakit isang pribelihiyo ang magbigay ng ikapu at mga handog sa Panginoon?

Kailangang magbayad tayo ng ating ikapu at mga handog, nang kusang-loob. Ang mga banal na kasulatan ay nagsasabi sa atin na magbigay nang "huwag mabigat sa loob, o dahil sa kailangan: sapagkat iniibig ng Diyos ang nagbibigay na masaya" (2 Mga Taga Corinto 9:7). Sinasabi rin ng mga banal na kasulatan na kung ang isang tao ay "ginagawa . . . iyon nang laban sa kalooban. . .ito ay ibinibilang sa kanya, na parang nanatili pa rin sa kanya ang handog" (Moroni 7:8).

Si Elder Marion G. Romney ay mayroong karanasan na makatutulong sa atin na maunawaan ang banal na kasulatang ito. Nangyari ang karanasan noong panahon na ang mga miyembro ng Simbahan ay hinilingang mag-ambag ng salapi para sa pagpapatayo ng mga bagong bahay-pulungan.

"Mga ikaapat na bahagi ng isang siglo na ang nakararaan nang si Sister Romney at ako ay lumipat sa isang purok na kung saan nagsisimula pa lamang silang magpagawa ng isang bahay-pulungan. Ang laki ng ambag na iniisip ng obispo na kinakailangan kong iambag ay bahagyang nagpabigla sa akin. Inaakala kong doble ito sa dapat niyang hingin. Gayunpaman. . .sabi ko, 'Kung ganoon, babayaran ko ito, Obispo, ngunit babayaran ko ito nang [unti-unti] dahil wala akong salapi.' Kaya nagsimula akong magbayad. At nagbayad ako nang nagbayad hanggang sa mga tatlong huling bayad na lang ako, nang, gaya ng aking nakasanayan, nagbabasa ako ng Ang Aklat ni Mormon, at nabasa ko ang banal na kasulatan na nagsasabing:

" '. . .kung ang isang tao. . .na nagbibigay ng isang handog. . .nang laban sa kalooban; anupa't ito ay ibinibilang sa kanya na parang nanatili pa rin sa kanya ang handog; kaya nga siya ay ibibilang na masama sa harapan ng Diyos' (Moroni 7:8).

"Labis akong nabigla dahil kulang ako ng mga isang libong dolyar. Kaya, nagpatuloy ako at binayaran ang ipinangako kong babayaran, at pagkatapos ay nagbayad ako. . .nang sobra. . .upang papaniwalain ang Panginoon na ginagawa ko ito nang may tamang saloobin" ("Mother Eve, A Worthy Exemplar," *Relief Society Magazine,* Peb. 1968, 84–85).

**Mga Pagpapala sa Pagbabayad ng Ikapu at mga Handog**

Ang Panginoon ay nangako na kapag kusang-loob tayong nagbibigay ng ikapu at mga handog tayo'y pagpapalain Niya.

- Basahin ang 3 Nephi 24:10–12. Ano ang ipinangangako ng Panginoon kung magbabayad tayo ng ating ikapu?

Isinalaysay ni Pangulong Joseph F. Smith ang sumusunod na kuwento tungkol sa mga pagpapalang darating mula sa pagbabayad ng ikapu: "Napakalinaw pa sa aking gunita ang isang pangyayari na naganap sa mga araw ng aking pagkabata. Ang ina ko ay isang biyuda, na may malaking mag-anak na sinusustentuhan. Isang tagsibol nang buksan namin ang aming balon ng patatas, pinakuha niya ang kanyang mga anak ng isang lulan ng pinakamagagandang patatas at dinala ito sa tanggapan ng ikapu; ang mga patatas ay bihira nang panahong iyon. Maliit na bata ako noon, at pinatakbo ko ang karuwahe. Nang makarating na kami sa mga baitang ng tanggapan ng ikapu, handa nang ibaba ang mga patatas, isa sa mga kawani ang lumabas at nagsabi sa aking ina, 'Biyudang Smith, nakahihiya naman na magbabayad ka pa ng ikapu' . . .sinumbatan niya ang aking ina sa pagbabayad ng kanyang ikapu, tinawag siya ng anuman maliban sa pagiging marunong o mahinahon; at nagsabi na mayroong iba na malalakas at may kakayahan na magtrabaho na sinusuportahan mula sa tanggapan ng ikapu. Lumingon ang aking ina sa kanya at nagsabi:'. . .Ikaw ang dapat mahiya. Pagkakaitan mo ba ako ng pagpapala? Kung hindi ako magbabayad ng ikapu, inaasahan kong pagkakaitan ako ng Panginoon ng kanyang pagpapala. Nagbabayad ako ng aking ikapu, hindi lamang dahil ito'y batas ng Diyos, kundi dahil umaasa ako ng pagpapala sa paggawa nito. Sa pagsunod nito at sa iba pang batas, umaaasa akong uunlad at makasusustento sa aking mag-anak.'. . . . Umunlad siya dahil sa pagtupad niya sa mga batas ng Diyos. May kasaganahan siya sa pagsusustento sa kanyang mag-anak. Hindi tayo nagkukulang na katulad sa marami diyan. . . Ang biyudang iyon ay nararapat sa mga pribelihiyo sa bahay ng Diyos. Walang ordenansa na maipagkakait sa

kanya, sapagkat siya ay masunurin sa mga batas ng Diyos" (*Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon [1939], 228–29).

- Bakit ipinadala ni Sister Smith sa kanyang mga anak ang pinakamagagandang patatas para sa ikapu? Paano nakatulong ang karanasang ito sa mga anak na maunawaan ang kahalagahan ng ikapu? Anu-anong pagpapala ang natanggap ni Sister Smith dahil sa pagbabayad ng ikapu?

Sinabi ni Elder Henry D. Taylor ang ganito tungkol sa mga pagpapalang natatanggap natin mula sa pagbabayad ng ikapu at mga handog: "Ang Panginoon ay tumutupad sa kanyang mga pangako. Totoong binubuksan Niya ang mga durungawan ng langit at ibinubuhos ang kanyang mga pagpapala sa mga yaong nananalig at sumusunod sa kanyang mga kautusan. . . .Ang mga pagpapalang ito ay maaaring dumating sa pamamagitan ng pananalapi o temporal o maaaring matupad sa isang espirituwal na pagbuhos, na nagdadala ng lakas, kapayapaan, at kaaliwan" (sa Conference Report, Abr. 1974, 158; o *Ensign,* Mayo 1974, p. 108).

**Katapusan**

Iniutos sa atin ng Panginoon na magbayad ng ikapu at mga handog. Kung gagawin natin ito, itinatayo natin ang kaharian ng Diyos. Tumutulong tayong magdala ng kaligayahan sa maraming tao, kapwa buhay at patay. Kapag sinusunod natin ang mga batas na ito, ipinakikita natin ang ating pagmamahal sa ating Ama sa Langit, kay Jesucristo, at sa ating mga kapatid. Ipinakikita rin natin ang ating pananampalataya sa Diyos. Bilang kapalit, tatanggap tayo ng mga temporal at espirituwal na pagpapala na higit na mahalaga kaysa salapi na ibinibigay natin.

**Hamon**

Kung hindi pa ninyo ginagawa ito , magpasiya kayo sa inyong sarili na magbayad ng matapat na ikapu at dumalo sa pagsasaayos ng ikapu sa taong ito. Maingat na isaalang-alang ang inyong mga handog sa Simbahan. Kung nararamdaman ninyong kailangang mag-ambag pa kayo ng mas malaki, gawin ito. Ituro sa inyong mag-anak ang mga pagpapala sa pagbabayad ng ikapu at mga handog at tulungan sila na sundin ang mga batas na ito.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Genesis 14:19–20 (Si Abraham ay nagbayad ng ikapu)
- 2 Mga Taga Cronica 31:5–6 (Ang mga taga-Israel ay nagbayad ng ikapu)
- Nehemias 10:37–38 (Ang mga anak ni Israel ay nagbayad ng ikapu)

- Alma 13:13–16 (Si Abraham ay nagbayad ng ikapu)
- Doktrina at mga Tipan 64:23 (Yaong mga nagbabayad ng ikapu ay hindi susunugin)

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang mga araling ito:

1. Balik-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, kabanata 32, "Mga Ikasampung Bahagi at mga Handog."
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGIGING MATAPAT

*Aralin 31*

Ang layunin ng araling ito ay turuan tayo ng kahalagahan ng pagiging matapat.

**Pambungad**

Si Elder Howard W. Hunter ay sumulat tungkol sa isang batang lalaki na natutuhan ang isang napakahalagang aralin:

"Nagugunita ko ang isang batang lalaki na. . .naglalakbay kasama ang isang pangkat ng tao na nag-akala na isang karunungan ang gumawa ng mga bagay na hindi tama. Sa ilang mga pagkakataon siya ay nadakip sa mumunting paglabag. Isang araw, nakatanggap ako ng tawag buhat sa himpilan ng pulisya at sinabihan ako na nahuli siya dahil sa isang paglabag sa batas-trapiko. Nahuli siyang nagpapatakbo ng sasakyan nang mabilis. . . . Nalalaman na ang kanyang ginagawa ay maaaring humadlang sa kanyang pagmimisyon, itinuwid niya ang sarili, at nang siya'y 19 na taong gulang, tinanggap niya ang tawag sa kanya.

"Hindi ko malilimutan ang aming pag-uusap nang siya'y bumalik. Sinabi niya sa akin na nang siya ay nandoon pa sa misyon, palagi niyang naiisip ang mga gulong ginawa niya dahil sa maling paniniwala na ang paglabag sa maliliit na bagay ay hindi mahalaga. Ngunit isang malaking pagbabago ang nangyari sa kanyang buhay. Napagtanto niya na walang kaligayahan o kasiyahan sa paglabag sa batas, kahit ito ay batas ng Diyos o mga batas na ipinapataw ng lipunan sa atin. . . .

"Humanga ako sa malaking pagbabago na nangyari sa batang ito samantalang siya'y naglilingkod sa kanyang misyon at natutuhan ang mga alituntunin ng kagandahang-asal. Nakalulungkot isipin na natutuhan niya ang kanyang aral sa mahirap na paraan, ngunit kaylaking pagpapala ang matatamo kung mayroong pagkaunawa na ang sinuman ay hindi maaaring lumabag at makaramdam ng mabuti tungkol sa ganyang asal" ("Basic Concepts of Honesty," *New Era,* Peb. 1978, 4–5).

- Tayo ba ay di-matapat kapag sumusuway tayo sa mga batas ng lupain? Bakit?

- Isulat sa pisara *Naniniwala tayo sa pagiging matapat.*

Ang ikalabintatlong saligan ng pananampalataya na sinulat ni Propetang Joseph Smith ay nagsasaad, "Naniniwala kami sa pagiging matapat, tunay,. . .marangal, at sa paggawa ng mabuti sa lahat ng tao." Dito at sa marami pang ibang banal na kasulatan ang Panginoon ay nag-utos sa atin na maging matapat sa ating sariling buhay at sa ating mga pakikitungo sa iba.

- Ano ang kahulugan ng pagiging matapat? (Ito ay ang paggawa ng bagay na alam nating wasto. Kung nangangako tayo, tinutupad natin ang mga ito. Kung tayo ay may utang, babayaran natin ito. Ang katapatan ay ang pagsasalita ng totoo at pagkilos nang makatotohanan. Ito ay nangangahulugan na tayo'y hindi magsisinungaling, o magnanakaw, o lalabag sa mga batas ng lupain. Nangangahulugan na hindi tayo manlilinlang sa anumang paraan.)

**Ang Kahalagahan ng Katapatan**

Ang pagiging matapat ay kailangan kung ipamumuhay natin ang ebanghelyo ni Jesucristo. Kung nalalaman natin ang katotohanan subalit hindi natin ito ipinamumuhay, tayo ay hindi matapat sa ating sarili at sa Diyos. Upang maging matapat sa ating sarili at sa Panginoon dapat nating tuparin ang mga tipang ginawa natin. Kinakailangang maging matapat tayo upang mapasaatin ang Espiritu Santo bilang ating kasama

Ang pagiging matapat sa ating sarili at sa Diyos ay nangangahulugan na kailangan na maging matapat din tayo sa mga nakapaligid sa atin. Kung ganito tayo, pagpapalain tayo ng Panginoon ng Kanyang Espiritu at makukuha natin ang pagtitiwala, dangal, at katapatan ng mga nakakasama natin. Kung tayo ay matapat sa iba, mapaglilingkuran natin sila o magagampanang mabuti ang ating mga tungkulin.

- Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon: Talakayin ng klase kung ano ang inyong gagawin sa bawat sitwasyon.

***Halimbawa 1***

Naalaala ni Elder O. Leslie Stone ang karanasang ito: "Kamakailan lamang, ang aming apong si Adam ay naglakbay kasama namin ni Sister Stone patungo sa California. Katanghalian na nang kami'y huminto upang kumain. Nang dalhin ng serbidora ang babayaran, hindi ko iyon gaanong pinansin at pagkatapos niyang ibigay sa akin ang sukli, nalaman ko na siningil niya ako para sa dalawang tinapay lamang sa halip na tatlo."

- Ano ang matapat na bagay na dapat gawin? Kung mangyayari ito sa inyo, paano ninyo tuturuan ang inyong mga anak tungkol sa pagiging matapat?

Sa pagpatuloy ni Elder Stone:

"Alam kong kukulangin ang babae [ng salapi] sa katapusan ng araw, at agad-agad kumislap sa aking isip ang kaisipan kung paano ako tinuruan ng aking ama na maging matapat. Naramdaman ko na isa itong magandang pagkakataon upang kausapin si Adam tungkol sa katapatan, kaya umupo kami at ipinaliwanag ko kung ano ang nangyari. Sinabi ko sa kanyang may problema kami.

"Ang sabi ko maaari tayong umalis ngayon at itago ang sobrang sukli at walang makakaalam ng pagkakaiba, o sabihin natin sa babae na mayroon pa tayong kulang na bayad sa kanya para sa isang tinapay. Ang aming pasiya ay hindi naman mahirap gawin, na kung itatago namin ang salapi na hindi amin ay lalabag kami sa kautusan na, 'Huwag kang magnakaw.' Napagkasunduan namin na ang Ama sa Langit ay magagalit sa amin at hindi rin kami liligaya dahil nalalaman namin sa aming puso na hindi kami naging matapat.

"Si Adam at ako ay lumapit sa babae sa may kaha, at ipinaliwanag ko sa kanya na kulang ang siningil niya sa amin at mayroon kaming kulang na halos sobra sa isang dolyar. Ang kanyang mukha ay namula sa hiya ng ilang sandali, at pagkatapos, pinasalamatan niya kami sa pagsasabi ng kanyang pagkakamali. Nagpatuloy kami sa aming landas na may mabuting damdamin, at natitiyak ko na ang Ama sa Langit ay nasiyahan sa aming ginawa" ("Be Honest," *Friend,* Enero 1975, 7).

***Halimbawa 2***

Naalaala ni Elder Gordon B. Hinckley: "Kamakailan lamang sumakay kami ng tren buhat sa Osaka papuntang Nagoya, Japan. Sa himpilan, nandoon ang mga kaibigan na sasalubong sa amin, at sa kagalakan, naiwan ng aking asawa ang kanyang pitaka sa tren."

- Kung nakita mo ang pitaka ni Sister Hinckley ano ang gagawin mo?

Dahil nananalig si Elder Hinckley na halos lahat ng tao ay tapat, "tinawagan [niya] ang himpilan ng Tokyo para iulat ito. Nang dumating ang tren sa kanyang pupuntahan mga tatlong oras ang nagdaan, ang himpilan ay tumawag sa telepono at nagsabi na ang pitaka ay nandoon. Hindi na kami bumalik papuntang Tokyo, at sobra sa isang buwan ang nagdaan bago ito naipadala sa amin sa Lungsod ng Salt Lake. Ang lahat ng nasa loob ng pitaka ay nandoon nang ito'y ibalik" ("An Honest Man—God's Noblest Work!" *New Era,* Okt. 1976, 47).

- Ano ang inaasahan ng Panginoon sa atin kung makakita tayo ng kagamitan ng iba?

Ang Panginoon ay nagsabing "kung inyong matatagpuan ang yaong nawala sa inyong kapwa, kayo ay magsumigasig na maghanap hanggang sa inyong maibigay na muli ito sa kanya" (D at T 136:26). Umaasa ang Panginoon na magiging lubos tayong matapat. Sa Kanya, anumang bagay na hindi lubos na matapat ay di-katapatan; walang tinatawag na bahagyang katapatan.

- Paano natin makikilala kung ano ang tapat at hindi? Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Moroni 7:16–17.

- Sino ang pinagmumulan ng kabutihan? Ano ang mga ibubunga ng matatapat na gawa? (Kabutihan, paniniwala kay Cristo, paglilingkod sa Diyos.) Sino ang pinagmumulan ng kasamaan? Anu-ano ang ibubunga ng mga di-tapat na gawa? (Kasamaan, hindi paniniwala kay Cristo, pagtatatwa sa Kanya, hindi paglilingkod sa Diyos)

- Ipatalakay sa mga miyembro ng klase ang mga sumusunod na sitwasyon. Pagpapasiyahan nila kung ang taong kasangkot ay lubos na matapat.

1. Si tatay ay hindi kailanman nagkaroon ng isang tiket sa trapiko. Siya ay mabuting tsuper. Palagi siyang maingat at nagsisikap na sundin ang lahat ng batas sa trapiko.
2. Samantalang nasa gawain, si Juan ay gumagamit ng mga selyo ng tanggapan upang magpadala ng sulat sa kanyang maysakit na ina (tingnan sa D at T 42:54).
3. Sina Jack at Leo ang pinakamatalik na magkaibigan. Pumapayag silang hiramin ng isa ang anumang gamit ng isa. Pagkatapos hiramin ng isa ang isang bagay sa kanyang kapitbahay, isinasauli niya kaagad ito. (Tingnan sa Mosias 4:28; D at T 136:25.)

**Katapatan sa Mag-anak**

Ang mga maytaglay ng pagkasaserdote ay hindi lamang dapat magsikap na maging tapat, kundi dapat ding ituro sa kanilang mga anak na maging matapat. Sinabi ni Pangulong N. Eldon Tanner: "Ang pagsasanay na ito sa katapatan ay nagsisimula sa tahanan. Bawat isa sa atin ay may mga sariling pag-aari. . .na hindi dapat kunin ng walang pahintulot ng may-ari. Ang isang bata na gumagalang sa ganitong katapatan sa tahanan ay hindi maaaring lumabag sa patakaran sa labas ng tahanan. Sa kabilang dako, ang kakulangan ng ganitong pagsasanay ay makadaragdag ng kawalang-galang sa mga karapatan at ari-arian ng iba" (sa Conference Report, Abr. 1978, 64; o *Ensign,* Mayo 1978, 44).

- Ano ang magagawa natin sa ating mag-anak upang maituro at mahikayat ang katapatan?

Sinabi ni Pangulong Brigham Young :

"Maging matapat. Magdurusa sila na nagkukunwang mga Banal at hindi matapat.

"Ang matatapat na puso ay nagbubunga ng matatapat na gawa" (binanggit ni Spencer W. Kimball sa *Faith Precedes The Miracle,* [1972], 234).

Kapag tayo ay kinakapanayam sa pagtanggap ng rekomendasyon sa templo, tinatanong tayo kung tayo ay tapat sa pakikitungo sa iba. Ang isang karanasan ng isang miyembro ng Simbahan na si Pangulong Ruben Dario Pacheo ng Caracas, Venezuela, ay nagpapakita sa uri ng katapatan na inaasahan sa atin:

Gustong pumunta ni Pangulong Pacheo at ng kanyang mag-anak sa templo. Pagkatapos ng maraming sakripisyo at paghahandang espirituwal, siya at ang kanyang mag-anak ay nag-impok ng salapi para sa mahabang paglalakbay. Inutusan ni Pangulong Pacheo ang kanyang anak na babae na maglabas ng 500 U.S. dolyar sa bangko. Sinabi niya, "Kinuha ng aking asawa ang sobre at itinabi na hindi man lamang binilang ang salapi. Nang gabing kami'y papaalis na, itinanong ko ang salapi at napansin ko na ang sobre ay may kabigatan. Binilang namin ang salapi. Binigyan nila kami ng $4,065. Ako'y labis na namangha. . . .Ang resibo ng bangko ay nagpapakita ng isang resibo na $500—ito'y nangangahulugan na ang bangko ay nagkamali ng mga $3,500 sa aming kapakinabangan!

"Hinihimok kami ng ilan sa mga kaibigan naming hindi miyembro na nasa tahanan namin ng gabing iyon na gamitin ang salapi upang magpakasaya sa aming paglalakbay sa Estados Unidos. Sa katunayan, ako mismo ay hindi nakakita ng ganoong kalaking salapi sa tanang buhay ko. Ngunit, may kasiglahan kong sinabi, 'Hindi natin maitatago ang salaping ito dahil hindi ito atin. Ang layunin ng ating paglalakbay sa templo ay makipagtipan sa Panginoon. Ano ang kabutihan nito kung hindi tayo matapat?'

"Ibinalik namin ang salapi sa bangko; napuna nilang nawalan sila ng laang-salapi ngunit walang mga tala na nagpapakita kung sino ang binayaran. Ang ilan sa mga kawani ng bangko ay nagtanong sa akin nang araw na iyon, 'Bakit mo ginawa ito? Walang nakaaalam na nasa inyo ang salapi.' Ang sagot ko lamang: 'Dahil ako ay isang Mormon,' " (binanggit ni Mario G. Echeverri, sa "Venezuela", *Ensign,* Peb. 1977, 30).

- Paano nagpakita ng katapatan ang mag-anak na Pacheo? Sa pagkakaroon nila ng karanasang ito, ano kaya ang damdamin ng mag-anak nang sila ay ibinubuklod sa templo?

- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na ibahagi ang ilan sa mga bagong halimbawa ng katapatan na kanilang naranasan o napansin.

**Ang mga Pagpapala ng Katapatan**

Tumatanggap tayo ng mga pagpapala kapag tapat tayo sa iba, sa ating sarili, at sa Panginoon. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga pagpapalang ito:

***Mapagkakatiwalaan Tayo***

Magtitiwala ang ibang tao sa atin kapag tayo ay matapat. Alam nila na makalalapit sila sa atin upang magpatulong at magpapatnubay. Si Elder Spencer W. Kimball ay nagkuwento ng tungkol sa ganitong tao:

"Sa isa sa mga paglalakbay ko sa Lungsod ng Mexico, nahilingan ako ng isa sa mga pangulo ng istaka na mag-orden ng isang obispo na katatawag lamang. Maligaya kong ginawa ito. Ang Pangulo at ang bagong tawag na obispo ay pumasok sa aking silid at kami'y nag-usap at nagkakilala kami. Sa natatandaan ko, ang maliit ngunit kahanga-hangang taong ito ay ipinakilala bilang isang tunay na Aztec Indiyan. Ang makilala siya ay ikinalugod ko nang labis dahil ako'y may natatanging pagtingin sa mga Indiyan.

"Ikinuwento nila sa akin ang tungkol sa kanya at sa kanyang mag-anak at ang kanyang gawain. Mukhang siya'y nagtatrabaho sa isang tao na may malaking kalakal, at ang aming bagong obispo ay pinagkatiwalaan ng pag-iingat ng pananalapi. Ang may-ari ay nagpasiya na isama ang kanyang asawa sa Europa sa medyo may katagalang bakasyon, at tinawag niya ang minamahal niyang kapatid na ito at inilipat ang lahat ng pananagutan sa kanya at inamin niya na ito lamang sa kanyang mga kawani ang pinagkakatiwalaan niya nang sapat upang ipagkatiwala niya ang kanyang mga salapi sa bangko.

"Samantalang ipinapatong namin ang aming mga kamay sa ulo ng lalaking ito, ang puso ko ay napuspos ng pagmamalaki at nagpasalamat ako sa Panginoon para sa mga tao na mapagkakatiwalaan, sa mga tao na nakapupukaw ng pagtitiwala at pagmamahal" (sa Conference Report, Mexico City Area Conference 1972, 32).

- Ano ang kahalagahan ng pinagkakatiwalaan ng mga kaibigan, kasamahan, at may-ari ng kompanya? ng Panginoon?

Ang sumusunod na kuwento, na sinabi ng isa sa mga anak ng mga naunang tagabunsod, ay naglalarawan ng kumpiyansa at pagtitiwala na ibinibigay sa atin ng iba kapag tayo ay matapat sa kanila: "Isang araw inutusan ako ng aking ama na makipagpalitan ng isang kabayo sa isang matandang Pinuno ng Navajo Indyan. Isa akong maliit na tao at pumunta ako na nakakabayo, inaakay ang kabayo na ipagpapalit. Ang

matandang pinuno ay lumabas at binuhat niya akong pababa sa aking kabayo. Sinabi ko sa kanya na gusto ng aking ama na ipagpalit ang kabayo sa ilang kumot. Inilabas niya ang ilan sa mga magagandang kumot, ngunit, dahil sa ibinilin ng aking ama na tiyakin at makipagtapos sa mabuting pakikipagpalitan, umiling ako ng ulo at nagsabi na gusto ko pa ng marami. Naglabas pa siya ng dalawang batang gawa sa balat ng kalabaw at iba pang kumot at sa wakas, nang inaakala kong mabuti ang aking ginawa, kinuha ko ang balumbon at ikinarga sa aking kabayo at nagsimulang umuwi. Nang ibigay ko ang mga kumot sa aking ama, binuksan niya ang balumbon, tiningnan ang mga ito, at pagkatapos ay sinimulang paghiwa-hiwalayin ang mga ito. Inilagay niya ang mga kumot sa isang balumbon at ikinarga at sinabi sa akin na sumakay ako sa aking kabayo at dalhin ito pabalik at sabihin sa pinuno na marami ang kanyang ipinadala. Nang ako'y bumalik, kinuha ng matandang pinuno ang mga ito at ngumiti. Ang sabi niya, 'Alam kong babalik ka; alam mo iginagalang namin si Jacob na parang siya'y ama na rin namin' " (ikinuwento ni Le Roi C. Snow sa "Honesty Means Character," sa *Inspirational Talks for Youth,* tinipon ni Preston Nibley [1941], 101).

***Pinalulugod Natin Ang Diyos***

Pinalulugod natin ang Diyos kapag tayo'y matapat. Si Elder Howard W. Hunter ay nagsalaysay kung paano nagbibigay-kaluguran ang katapatan sa Diyos at nagpapala sa atin: "May kagalakang dumarating sa isang tao sa pagiging matapat. Hayaang sabihin ko sa inyo kung paano. Sa ganitong paraan magkakaroon kayo ng patnubay ng Panginoon at mapapasainyo ang Espiritu ng Espiritu Santo. Ang mga paglabag sa alituntunin ng katapatan ay magkakait sa inyo ng dalawang malalaking pagpapalang ito. Maniniwala ba kayo na ang isang sinungaling o mandaraya. . .ay magkakaroon ng patnubay ng Panginoon o mapapasakanya ang Espiritu ng Espiritu Santo?" (*New Era,* Peb. 1978, 5).

Ang mga maytaglay ng Pagkasaserdote ay hindi nagpapalugod sa Diyos kapag sila ay hindi tapat. Hindi maipakakatawan sa isang di tapat na lalaki o bata ang isang Diyos na tapat, at mapagmahal sa katotohanan.

***Mabuti ang Pakiramdam Natin sa Ating Sarili***

Kung tayo ay matapat, mabuti ang pakiramdam natin sa ating sarili.

- Paano nagpapataas ng ating paggalang sa ating sarili ang pagiging matapat ?

Ang isang matapat na tao ay mayroong paggalang sa sarili. Wala siyang dapat itago at makatitingin nang tuwid kaninuman. Ang di-

tapat na tao, sa kabilang dako, ay nagmumukhang mumurahin, nahihiya, at madalas natatakot. At gayon ang nararapat sa kanya, sapagkat ang pagiging di-tapat ay hindi maitatago kailanman. Si Elder Howard W. Hunter ay nagtanong: "Sa palagay mo ba ay nag-iisa ka kapag gumagawa ka ng di-tapat na gawa? Sa palagay mo ba ay walang nagmamasid sa iyo kung ikaw ay nandadaya sa pagsusulit, kahit na ikaw lamang ang tao sa silid?" (*New Era*, Peb. 1978, 5).

***Nahihikayat Natin ang Iba sa Kabutihan***

Ang ating katapatan ay may positibong impluwensiya sa iba. Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagsalaysay tungkol sa isang pagkakataon na naimpluwensiyahan ng isang magandang halimbawa ng isang miyembro ang isang hindi miyembro ng Simbahan:

"Sa isang tren buhat sa New York patungong Baltimore umupo kami sa kainan ng sasakyan kasama ang isang mangangalakal na nakipag-usap sa amin.

" 'Nakapunta ka na ba sa [Lungsod ng] Salt Lake, [Utah]? Napakinggan mo ba ang *Tabernacle Choir*?' At ang mga katanungang ito ay naghatid sa amin sa mga ginintuang tanong. 'Gaano ang nalalaman ninyo tungkol sa Simbahan at doktrina, sa mga gawain at mga tao nito?'

" 'Kaunti lang ang nalalaman ko tungkol sa Simbahan,' ang sabi niya, 'ngunit kilala ko ang isa sa mga tao nito.' Siya ay [nagtatayo ng mga bahay] sa New York. 'Mayroong isang kontratista na nagtatrabaho sa akin,' ang patuloy niya. 'Napakatapat niya at puno ng integridad. Hindi ako humihiling sa kanyang tumawad sa isang trabaho. Siya ang kaluluwa ng karangalan. Kung ang mga taong Mormon ay katulad ng taong ito, gusto kong malaman ang tungkol sa isang Simbahan na nagbubunga ng ganyang karangal na mga tao.' Iniwanan namin siya ng babasahin at nagpadala ng mga misyonero sa New York upang turuan siya" (sa Conference Report, Mexico City Area Conference 1972, 30).

**Katapusan**

Inutusan tayo ng Panginoon na maging matapat. Kailangan kung gayon na makilala natin ang pagkakaiba ng mga tapat at di-tapat na gawa. Kailangang sanayin natin ang katapatan ng isip, salita, at gawa sa ating tahanan, sa ating kapwa, at sa Simbahan. Kailangan din nating ituro sa ating mga anak ang katapatan. Kung gagawin natin ang mga bagay na ito, magkakaroon tayo ng malinis na budhi, kapayapaan ng isip, pagpapahalaga sa sarili, at ng pagsama ng Espiritu Santo.

- Basahin ang Mosias 4:30. Ano ang babala ni Haring Benjamin na dapat nating gawin?
- Kung kayo ay nabigyan ng inspirasyon na gawin ito, magbahagi ng inyong sariling patotoo sa alituntunin ng katapatan.

**Hamon**

Sa loob ng susunod na linggo, suriin ang inyong mga pag-iisip, salita, at kilos upang subukin ang inyong katapatan. Hangarin ang tulong ng Panginoon upang magsalita ng katotohanan at kumilos nang matapat.

*Mga ama:* Sumangguni sa inyong asawa upang makahanap ng mga paraan na maturuan ang inyong mga anak ng katapatan.

*Mga kabataang lalaki:* Tiyakin ngayon na maging matapat sa inyong mga magulang at pinuno ng Simbahan at sumunod sa mga batas ng Diyos at ng lupain.

**Mga Karagdagang Banal Kasulatan**

- Exodo 20:15–16 (kautusan na huwag magnakaw o huwag magbintang)
- Alma 27:27 (ang mga tao ni Ammon ay lubos na matapat at matwid)
- 3 Nephi 1:22 (si Satanas ay nagpadala ng pagsisinungaling upang wasakin ang pananalig ngunit lubos na nabigo)
- Doktrina at mga Tipan 42:20–21 (kaparusahan sa mga magnanakaw at sinungaling)
- Doktrina at mga Tipan 51:9 (bawat tao ay makitungo nang may katapatan)
- Doktrina at mga Tipan 97:8 (tinatanggap ng Panginoon ang matatapat, nagsisisi, at masunurin)
- Doktrina at mga Tipan 98:10 (maghangad at ipagtanggol ang matatapat at marurunong na tao)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang aralin na ito:

1. Balik-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 31, “Katapatan.”
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, mga banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# KADALISAYAN NG PAG-IISIP

*Aralin 32*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na pagtibayin ang ating pangako na magkaroon ng dalisay na pag-iisip.

**Pambungad**

Isinalaysay ni Pangulong Spencer W. Kimball ang sumusunod na pabula upang mailarawan kung paano nakaaapekto sa atin ang mga dalisay na kaisipan at matwid na pamumuhay :

"Si Lord George ay namuhay nang masama. Siya ay naging lasenggo, sugarol, at nandaraya sa negosyo, ang kanyang mukha ay nagpapakita sa uri ng kanyang pamumuhay. Iyon ay isang napakasamang mukha.

"Isang araw umibig siya sa isang simpleng tagabukid na babae na ang pangalan ay Jenny Mere, at hiniling niya ditong magpakasal sa kanya. Sinabi ni Jenny Mere sa kanya na hindi siya maaaring magpakasal sa isang tao na ang mukha ay napakasamang tingnan; at kapag siya'y nagpakasal, gusto niya ang isang tao na may mukha na katulad ng sa isang banal, na siyanng salamin ng tunay na pag-ibig.

"Na sinusunod ang kaugalian ng panahon, pumunta si Lord George kay Ginoong Aeneas. . . .Si Aeneas ay gumagawa ng mga maskarang yari sa waks, at dahil lubos ang kanyang kahusayan kaya ganap na naitatago ang katauhan ng tao. . . .Pumunta si Aeneas sa kanyang bodega, pumili ng maskara, pinainit ito, at ikinabit ito sa mukha ni Lord George; at nang tingnan niya ang salamin, natuklasan ni Lord George na siya'y nagmukhang isang banal na labis na nagmamahal. Ang kanyang anyo ay totoong kakaiba na si Jenny Mere ay agad pumayag na pakasal sa kanya.

"Bumili sila ng isang tahanan sa bukid na halos natatakpan ng balag ng mga rosas na may maliit na halamanan. Mula noon nagbago ang kanyang buong buhay. Naging interesado siya sa kalikasan; nakahanap siya ng 'katotohanan at aral sa mga bagay na nakapaligid sa kanya at kabutihan sa lahat ng bagay . Napuno siya ng kabaitan at pag-ibig.' Dati-

rati ay wala siyang layunin at hindi nasisiyahan sa buhay; ngayon siya ay abalang-abala sa kabutihan, at sa mundong nakapaligid sa kanya.

"Ngunit siya ay hindi nasiyahan sa pagsisimula lamang ng bagong buhay. Ginawa niya ang lahat upang makabawi sa nagdaan. Sa pamamagitan ng isang mapagkakatiwalaang abugado, nagsumikap siyang ibalik ang lahat ng salapi na kinuha niya sa pagsisinungaling o ilegal na pamamaraan. Ang bawat araw ay nagdala ng kadalisayan sa kanyang pagkatao, ng maraming magagandang kaisipan sa kanyang kaluluwa.

"Nang hindi sinasadya, natuklasan ng ilan sa kanyang mga dating kaibigan ang kanyang pagkatao. Pumunta sila sa kanyang halamanan at sinikap na hikayatin siyang bumalik sa kanyang dating masamang buhay. Nang tumanggi siya, siya ay dinumog nila at pinunit ang maskara sa kanyang mukha.

"Yumuko siya. Ito na ang katapusan ng lahat; ito na ang katapusan ng bagong buhay na kanyang nasumpungan at ng kanyang pangarap na pag-ibig. Samantalang nakatindig siya na nakayuko at ang maskara ay nasa damuhan sa kanyang paanan, patakbo siyang pinuntahan ng kanyang asawa at lumuhod ito sa kanyang harapan. Nang ito ay tumingala sa kanya, ano kaya ang natuklasan niya? Ang bawat guhit, at ang bawat hugis, ang mukha ay katulad nang nasa maskarang iyon. Mga guhit ng kagandahan—palagiang anyo."

Pagkatapos isalaysay ang kuwentong ito, sinabi ni Pangulong Kimball, "Walang pag-aalinlangan na ang buhay na tinatahak ng isang tao at ang mga iniisip niya ay natatatak nang malinaw sa kanyang mukha" (binanggit sa Conference Report, Abr. 1975, 119–20; o *Ensign,* Mayo 1975, 80–81).

**Ang Ating mga Iniisip ay Humahantong sa mga Pagkilos**

- Paano nakaaapekto ang ating mga kaisipan sa ating mga kilos?

Malaki ang impluwensiya ng ating mga iniisip sa ating mga kilos. Kung mabubuti ang iniisip natin, makagagawa tayo ng mabubuting gawa. Kung masasama ang iniisip natin, kalaunan ay magagawa natin ang mga iniisip nating kasalanan.

Si Pangulong David O. McKay ay madalas magsalita tungkol sa epekto ng mga kaisipan sa mga ikinikilos. Sa isang pagkakataon sinabi niya: "Ang mga pag-iisip ay ang mga binhi ng mga gawa, at nangunguna sa mga ito. . . . Ang palagiang hangad at pagpupunyagi ng Tagapagligtas ay ang magtanim sa isipan ng mga wastong kaisipan, dalisay na hangarin, mararangal na mithiin, lubos na nalalaman na ang wastong pananalita at mga gawa ay tiyak na kasunod" (*Stepping Stones to an Abundant Life,* tinipon ni Llewelyn R.McKay [1917], 206).

Naghangad si Nephi, anak ng isang dakilang propeta, na makatanggap ng paghahayag, katulad ng kanyang ama. Ang kanyang pagkamatwid ay ginantimpalaan, at siya mismo ay naging propeta para sa kanyang mga tao.

- Ano ang ginawa ni Nephi na nakatulong sa kanya na maging matwid?

Si Nephi ay nagbigay sa atin ng pahiwatig kung paano siya namuhay nang matwid nang isulat niya:

"Sapagkat ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga banal na kasulatan, at ang aking puso ay nagbubulay sa mga yaon, at isinulat ang mga yaon para sa ikatututo at kapakinabangan ng aking mga anak.

"Masdan, ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga bagay ng Panginoon; at ang aking puso ay patuloy na nagbubulay sa mga bagay na aking nakita at narinig" (2 Nephi 4:15–16).

Isinalaysay ni Pangulong David O. McKay ang sumusunod na kuwento:

"Maraming taon na ang nakaraan may isang kabataang lalaki ang lumapit sa akin samantalang ako ang pangulo ng Misyon sa Europa at ipinagtapat ang isang mali at makasalanang gawa. Pinangatwiranan niya ang kanyang sarili sa pagsasabi na nagkataong siya ay nasa tindahan ng mga aklat sa oras ng pagsasara, at nang nakakandado na ang pintuan, natukso siya. Medyo sinisi pa niya ang *mga pangyayari* sa kanyang pagkahulog.

"Ngunit ang sabi ko, 'Hindi ang mga pangyayari; hindi ang nakandadong pintuan, o ang pang-aakit. Naisip mo na iyan bago ka pumunta roon sa tindahan ng aklat. Kung hindi mo naisip ang gawang iyon, wala sanang pangyayari na napakalakas upang maakit o matukso ka, isang misyonero, na magkasala. Ang pag-iisip ay palagiang nangunguna sa gawa' " ("Cleanliness Is Next to Godliness," *Instructor,* Marso 1965, 86).

Si James Allen ay minsang nagsulat:

"Ang isip ng tao ay nahahalintulad sa isang halamanan, na maaring linangin nang may katalinuhan o mapabayaang maging ligaw; ngunit kahit na nalilinang ito o napapabayaan, ito'y kinakailangan, at nanaisin, na *magbubunga*. Kung walang mabubuting binhi ang *malagay* rito, kung magkagayon maraming binhi ng walang silbing damo ang *mahuhulog* doon, at magpapatuloy sa pamumunga ng kanilang uri.

"Katulad ng isang hardinero na nagbubungkal ng kanyang kapirasong lupa, pinananatili itong malaya sa mga sukal na damo, at tinataniman ng mga bulaklak at prutas na kanyang kailangan, maaari ring alagaan ng tao sa gayong paraan ang halamanan ng kanyang isipan, aalisin lahat ang mali, walang silbi, at hindi dalisay na pag-iisip, at linangin para sa

kaganapan ang mga bulaklak at prutas ng mga tama, kapaki-pakinabang, at dalisay na mga pag-iisip. Sa pagsunod sa ganitong prosesong ito, hindi maluluwatan o hindi matatagalan na matutuklasan ng isang tao na siya ang punong-hardinero ng kanyang kaluluwa, ang tagapamahala ng kanyang buhay. Nauunawaan din niya nang may higit na kawastuhan kung papaanong ang mga lakas ng kaisipan at sangkap ng pag-iisip ay kumikilos sa paghubog ng kanyang pag-uugali, mga kalagayan, at patutunguhan" (*As A Man Thinketh,* [1983], 5).

- Ano ang kailangan nating gawin upang magkaroon ng isang halamanan na magdudulot ng mabubuting pagkain at bulaklak? Ano ang maaari nating ginawa kung ang ating halamanan ay tinutubuan ng mga damo?

- Ano ang kailangan nating gawin upang magkaroon ng isang isipan na mag-aakay sa atin sa mabubuting gawa? Ano ang maaaring magawa natin kung ang ating isipan ay mag-aakay sa atin sa masasama o mga walang katuturang gawa?

Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie, "Kung ating pagnilay-nilayin sa ating mga puso ang mga bagay ng kabutihan, magiging mabuti tayo" (sa Conference Report, Okt. 1973, 56; o *Ensign,* Enero 1974, 48.) Sinasabi sa ibang paraan: "Sinabi ng Panginoon na hindi siya tumatahan sa mga hindi banal na templo, kundi sa mga puso ng mabubuti siya tumatahan" (Alma 34:36). Kapag tayo ay may mga dalisay na pag-iisip, ang Espiritu ng Panginoon ay mapasasaatin; at kung nasa atin ang Espiritu Santo, ang ating buhay sa wakas ay magiging dalisay.

**Panatilihing Dalisay ang mga Isipan**

Hindi sapat na panatilihin lamang natin ang ating isipan na malaya sa kasamaan kung tayo ay magiging tulad ni Cristo. Dapat na panatilihin nating puno ang ating isipan ng mabubuting kaisipan.

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Mga Taga Filipo 4:8. Ano ang sinasabi ni Pablo na ating iisipin? (Itala ang mga sagot sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng anumang wasto, tapat, makatarungan, dalisay, maganda, may mabuting ulat, malinis, o kapuri-puri).

Kailanma't magagawa natin, dapat nating isipin ang tungkol sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Ang isa sa mga pinakamabuting paraan sa paggawa nito ay ang pagtupad sa mga pangako na ating ginawa kapag tayo ay tumatanggap ng sakramento: na laging alalahanin ang Tagapagligtas.

Noong miyembro pa ng Korum ng Labindalawa si Pangulong Spencer W. Kimball, sinabi niya: "Kapag tumitingin ka sa diksyonaryo para sa pinakamahalagang salita, alam mo ba kung ano ito? Ito ay ang 'alalahanin.' Dahil lahat kayo ay nakipagtipan—alam ninyo kung ano ang gagawin at alam ninyo kung paano gagawin ito—ang pinakamahalagang kailangan natin ay alalahanin. Iyon ang dahilan kung bakit ang bawat isa ay dumadalo sa pulong ng sakramento bawat araw ng Sabbath—upang tumanggap ng sakramento at makinig sa mga saserdote na nagbabasbas na kanilang "aalalahanin Siya sa tuwina at susundin ang kanyang mga kautusan na kanyang ibinigay sa kanila.' " ("*Circles of Exaltation*," [talumpati na ibinigay sa pangtag-araw na klase ng mga seminary at institute sa Brigham Young University, ika-28 ng Hunyo 1968], 8).

- Paano natin palaging aalalahanin ang Tagapagligtas?

Ang dakilang propeta na si Alma ay nagbigay ng matalinong payo sa kanyang anak na si Helaman na makatutulong sa atin na laging alalahanin ang Tagapagligtas.

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Alma 37:35–37. Paano nakatutulong sa atin ang pagtutuon ng ating isipan sa Panginoon? (Maaari nating mapaglabanan ang tukso at magkaroon ng higit na pananampalataya, pagsunod, pag-asa, at pag-ibig.) Paano nakatutulong ang panalangin sa pagpapanatiling dalisay ng ating mga isipan at gawa?

Ang masasamang impluwensiya ay nakapaligid sa atin sa mundo, at ginagamit ito ni Satanas sa pagsisikap na maimpluwensiyahan tayo. Gayunpaman, marami ang ating magagawa sa pagsupil sa kanya kung iiwas tayo sa pakikinig at pagbabasa o panonood sa mga bagay na masasama. Nilinaw ni Elder J. Thomas Fyans ang tungkol sa alituntuning ito sa pamamagitan ng paggamit sa mga ilog ng Timog America upang ilarawan kung paano naaapektuhan ng ating binabasa o nakikita ang ating mga isipan :

"Ang isang nakawiwiling katangian tungkol sa [mga ilog ng Timog America] ay ang kanilang iba-ibang kulay. Ang Madeira, halimbawa, ay tinatawag na isang puting ilog dahil ang kanyang mga tubig ay nagdadala ng mga pinong butil ng luad sa kahabaan ng kanyang dinadaanan. Ang itim na kulay ng Rio Negro ay nanggagaling buhat sa mga bulok na organikong sangkap na nakukuha sa mga gubat na kanyang dinadaanan. Ang ibang mga ilog pa ay dumadaloy sa ibabaw ng puting buhangin at madalas na nakikitang luntian o turkesang asul.

"Katulad ng mga ilog na ito na kinukulayan ng mga bagay na nakukuha samantalang dumadaloy ang mga ito, gayundin ang daloy ng ating mga

kaisipan ay kinukulayan din ng mga materyal kung saan ito pinadadaan" (Sa Conference Report, Buenos Aires Area Conference 1975, 28).

- Paanong katulad ng isang ilog ang isang isipan? (Katulad ng isang ilog na nakukulayan ng kung ano ang kanyang nadidiitan, ang ating mga isipan ay naaapektuhan ng ating nababasa, nakikita, o naririnig.)
- Anu-anong masasamang bagay ang ginagamit ni Satanas sa pagsisikap na maimpluwensiyahan ang ating mga isipan? (Pornograpiya; imoral o mahahalay na tao; bulgar na pananalita; at ilang uri ng musika, sayaw, at libangan.)

Dapat tayong umiwas sa masasamang bagay na magiging sanhi ng masasamang pag-iisip at winawasak ang ating espirituwalidad . Mahirap ito dahil namumuhay tayo sa isang mundo na puno ng kasamaan. Kapag ang isang imoral o masamang kaisipan ay pumasok sa ating isipan, dapat na alisin natin ito kaagad.

Si Elder Boyd K. Packer ay nagpaliwanag ng isang paraan na mapaglalabanan natin ang masasamang pag-iisip:

"Ang isipan ay *katulad* ng isang tanghalan—ang tabing ay palaging nakataas maliban kung tayo ay natutulog. Mayroon palaging ilang yugto na ginagawa sa tanghalang iyon. Maaaring ito ay isang komedya, isang trahedya, nakawiwili o nakayayamot, mabuti o masama; ngunit mayroon palaging ilang yugto na naglalaro sa tanghalan ng isipan.

"Napapansin ba ninyo na kahit walang totoong balak sa bahagi ninyo, sa gitna ng halos ano mang pagganap, isang maruming kaisipan ang maaaring unti-unting pumapasok sa inyong isipan at aakit sa inyong pansin?. . .

"Kung pahihintulutan ninyo silang magpatuloy, ang lahat ng kaisipan sa kalinisan ay aalis sa tanghalan. Pababayaan kayo, dahil pinahintulutan ninyo ito, ang impluwensiya ng masasamang kaisipan. Kung susuko kayo sa kanila, magsasagawa sila sa tanghalan ng inyong isipan ng ano mang bagay sa hangganan ng inyong pagpaparaya. Maaari itong magsagawa ng isang paksa ng kapaitan, paninibugho, o pagkapoot. Maaari rin itong maging bulgar, imoral, o kahit ubod ng sama. . . .

"Ano ang ginagawa ninyo sa isang pagkakataong katulad niyon?. . .

"Ituturo ko sa inyo ito. Pumili sa mga sagradong musika ng Simbahan ng isang paboritong himno, ang isa na may mga salitang nagpapasigla at musikang nagbibigay-pitagan, ang isang magbibigay sa inyo ng damdamin na kahalintulad sa inspirasyon. Pagbalik-aralan ito ng maingat sa inyong isipan. Isaulo ito. Kahit na wala kayong pagsasanay sa musika, maaari kayong mag-isip sa pamamagitan ng isang himno.

"Ngayon, gamitin ang himnong ito bilang pook na pupuntahan ng inyong isipan. Gawin itong lugar kung saan makatatamo kayo ng patnubay o tagubilin sa mga biglaang pangyayari. Sa oras na masumpungan ninyong lumusot ang masasamang bagay na ito buhat sa tabi ng inyong pag-iisip papunta sa tanghalan ng inyong isipan, ilagay ang awiting ito, sa kinalalagyan nito.

"Habang ang musika ay nagsisimula at ang mga salita ay nag-aanyo sa inyong isipan, ang mga di-karapat-dapat na kaisipan ay mahihiyang lalabas. Ang himno ay magpapabago sa buong kalagayan sa tanghalan ng inyong isipan. Dahil ito ay nagpapasigla at malinis, ang malalaswang kaisipan ay mawawala, dahil sa ang kalinisan, sa kalikasan nito, *ay hindi* makikisama sa marumi, *hindi* makakayanan ng kasamaan ang anyo ng liwanag. . . .

"Kapag napag-aralan ninyo na linisin ang tanghalan ng inyong isipan buhat sa mga hindi karapat-dapat na kaisipan, panatilihin itong abala sa pag-aaral ng mga makabuluhang bagay. Baguhin ninyo ang inyong kapaligiran upang magkaroon kayo ng mga bagay na nakapaligid sa inyo na magbibigay ng mabubuti at magagandang kaisipan. Manatiling abala sa bagay na mabubuti" (*Teach Ye Diligently,* [1975] 46–47).

- Ano ang iba pang magagawa natin upang mabago ang daloy ng ating mga isipan? (Manalangin; bumigkas ng isang magandang tula, banal na kasulatan, o siping-banggit; o mag-isip ng tungkol sa isang sagradong karanasan o pook)

- Bakit kailangang alisin ang masasamang kaisipan sa sandaling pumasok sila sa ating isipan?

Dapat nating linangin ang malilinis, mabubuting kaisipan kung nais nating maranasan ang tunay na kaligayahan. "Ang tunay na kaligayahan ay hindi batay sa mga panlabas na bagay. . . . Ang uri ng kaligayahan na namamalagi sa inyo ay ang kaligayahan na sumisibol buhat sa loob ng isipan at mga damdamin. . . .Kailangang linangin ninyo ang inyong isipan kung nais ninyong matamo ang tunay na kaligayahan. Kailangang punuin ninyo ang inyong isipan ng mga nakawiwiling kaisipan at ideya. Sapagkat ang walang laman na isipan ay nababagot at hindi natatagalan ang sarili. Ang walang laman na isipan ay naghahanap ng panandaliang kasiyahan bilang kapalit ng kaligayahan" (William Lyon Phelps, binanggit ni Harvey Fletcher, *The Good Life,* [1961], 137).

- Basahin ang Mga Awit 1:1–3.

**Katapusan**

Naiimpluwensiyahan ng ating pag-iisip ang ating mga kilos. Ang mga dalisay na pag-iisip at hangarin ay gumagabay sa ating pamamuhay nang matwid. Ang masasamang pag-iisip ang dahilan ng pagkawala sa atin ng Espiritu ng Panginoon at maaaring umakay sa atin sa paggawa ng masama.

Upang mapanatiling malinis ang ating isipan, dapat tayong magsumikap palagi na isipin ang tungkol sa mga bagay ng Diyos. Dapat nating pagbulay-bulayin ang mga katotohanan ng ebanghelyo at manalangin palagi. Kung gagawin natin ito, tayo ay pinapangakuan ng mga dakilang pagpapala. Ang Panginoon ay nangako: "Puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos. . . . Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina"(D atT 121:45–46).

Mapananatili nating dalisay ang ating mga isipan sa pamamagitan ng pag-iwas sa masama. Kapag ang isang masamang kaisipan ay pumapasok sa ating isipan, kailangan kaagad tayong mag-isip tungkol sa mga bagay na nagbibigay-inspirasyon tulad ng isang himno, tula, o banal na kasulatan. Maaari rin tayong manalangin para sa tulong ng Panginoon upang mapaglabanan ang maruruming kaisipan.

**Hamon**

Maraming ulit sa isang araw isipin ang tungkol sa mga bagay ng Panginoon. Gawin ninyo ang inyong makakaya na "palaging alalahanin siya." Magpasiya ng isang paraan na kung saan maitutuon ang inyong isipan. Maaaring magsaulo kayo ng isa sa mga paborito ninyong himno, banal na kasulatan, o tula. Sa tuwing nahaharap kayo sa isang maruming kaisipan, dali-daling isipin ang mga salita na inyong isinaulo, upang piliting maitaboy ang masasamang kaisipan.

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGGAWAD AT PAGTANGGAP NG KAPATAWARAN

*Aralin 33*

---

Ang layunin ng araling ito ay hikayatin tayo na magpatawad sa iba at tumanggap ng kapatawaran.

**Pambungad**

Sa sumusunod na talinghaga, tinuruan tayo ng Tagapagligtas tungkol sa pagmamahal ng ating Ama sa Langit sa atin:

May isang tao na may dalawang anak. Ang nakababatang anak ay humiling sa kanyang ama ng kanyang bahagi sa mga pag-aari ng mag-anak. Dinala niya ang ibinigay ng kanyang ama at pagkatapos ay nagpunta siya sa ibang bansa, na kung saan madali niyang winaldas ang lahat ng kanyang salapi at nilabag ang mga kautusan ng Diyos.

Nang naubos ng alibughang anak ang lahat ng kanya, nagkaroon ng isang malaking taggutom. Di naglaon siya'y nagutom, kaya humanap siya ng isang trabaho na nagpapakain ng baboy. Ngunit siya ay nanatiling mahirap at gutom na pati ang pagkain na ibinibigay sa mga baboy ay gusto niyang kainin.

Sa kanyang pagdurusa, nalaman ng binata ang kanyang mga pagkakamali. Naalaala niya na kahit na ang mga utusan ng kanyang ama ay may sapat na kinakain. Nagpasiya siyang bumalik sa kanila at makiusap na mamuhay bilang utusan. Nang papalapit na siya sa kanilang tahanan, nakita siya ng kanyang ama na papalapit at tumakbo ito palabas upang salubungin siya. Samantalang sila ay magkayakap, ang anak ay nagsabi, "Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin, hindi na ako karapat-dapat na tawaging anak mo." Ngunit ang ama ay tunay na naligayahan na ang kanyang anak ay umuwi muli ng bahay at kinuha niya ang pinakamagandang bata at isinuot ito sa kanya. Binigyan niya siya ng sapatos upang isuot at inilagay ang isang singsing sa kanyang daliri. Pagkatapos inutusan niya ang kanyang mga utusan upang maghanda ng malaking handaan.

Nang nakita ng nakatatandang kapatid, na nanatiling matapat, kung ano ang nangyayari, siya ay nasaktan. Ang kanyang ama ay hindi

nagbigay sa *kanya* ng ganoong handaan. Inaliw siya ng ama at pinagsabihan na ang lahat ng bagay na pag-aari ng mag-anak ay magiging kanya. Ang kanyang kapatid ay naglustay ng kanyang minana, ngunit ang kanyang pagbabalik ay isang dahilan upang magsaya. Sinabi niya: "Patay na ang kapatid mong ito, at muling nabuhay; at nawala, at nasumpungan." (Tingnan Lucas 15:11–32.)

Ang bawat isa sa atin ay nagkasala sa ilang kaparaanan, ngunit dahil sa Pagbabayad-sala ng Panginoon naging posible na mapatawad tayo sa ating mga kasalanan. Sa pagsasalaysay ng Kanyang paghihirap, sinabi Niya: "Sapagkat masdan, ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi" (D at T 19:16).

- Ipakita ang larawan 33-a, "Nagdusa si Cristo para sa ating mga kasalanan sa Halamanan ng Getsemani."

Sa isa pang banal na kasulatan, sinabi ng Panginoon "Masdan, siya na nagsisi ng kanyang mga kasalanan, ay siya ring patatawarin , at ako, ang Panginoon, ay hindi na naaalaala ang mga ito" (D at T 58:42). Ang bawat isa sa atin ay kinakailangan magsisi upang tumanggap ng kapatawaran buhat sa Panginoon.

- Ano ang kailangang gawin ng nakababatang anak sa talinghaga upang mabago ang kanyang buhay? (Mapagtanto ang kanyang m ga pagkakamali, umuwi, at ipagtapat ang kanyang mga kasalanan, at huwag nang gawin itong muli.) Anu-ano sa palagay ninyo ang nararamdaman ng anak samantalang siya ay papalapit na sa tahanan? (Maaaring mayroon siyang takot na tatanggihan siya. Maaaring maligaya siya sa pag-uwi sa tahanan. Maaaring nadama niyang ginagawa niya ang wastong bagay.)


**Ang Kapatawaran ay Nagdudulot ng Kagalakan**

- Ano sa palagay ninyo ang naramdaman ng anak pagkatapos na malugod siyang tanggapin ng kanyang ama?

- Ano ang nadarama ninyo hinggil sa Tagapagligtas sa kaalamang ang Kanyang pagdurusa ay nagbigay-daan sa inyo na makapagsisi sa inyong mga kasalanan?

Kapag tayo ay nagsisisi, nagagalak ang Ama sa Langit at pinatatawad tayo—tulad ng ama sa talinghaga. Isipin ang sarili ninyong buhay at ang kagalakang nadama ninyo dahil sa nagsisi kayo at napatawad.

Si Nakababatang Alma ay anak ng isang propeta ng Diyos, ngunit nakagawa siya ng ilang mabibigat na kasalanan. Ang isa sa mga pinakamabigat niyang kasalanan ay ang pagtatangka niyang wasakin



*33-a, Nagdusa si Cristo para sa ating mga kasalanan sa Halamanan ng Getsemani.*

ang Simbahan ng Diyos sa pamamagitan ng pag-akay sa mga tao palayo sa katotohanan. Bilang pinuno ng Simbahan, ang ama ni Alma ay nakadarama ng malaking kalungkutan sa kasamaan ng kanyang anak at palaging nanalangin sa Panginoon na malaman ng kanyang anak ang katotohanan.

Dahil sa pananampalataya at mga panalangin ng kanyang ama at ng iba pang tagapaglingkod ng Panginoon, ang nakababatang Alma ay binisita isang araw ng isang anghel. Nangusap ang anghel nang may kapangyarihan kaya't bumagsak si Alma sa lupa . Napaniwala siya sa dakilang kapangyarihan ng Diyos. Inutusan ng anghel si Alma na itigil ang pagtatangkang wasakin ang Simbahan. Nang lumisan ang anghel, si Alma ay lubhang namangha at hindi siya makapagsalita. Bumagsak siyang muli sa lupa at nawalan ng lakas sa loob ng dalawang araw. Nang makapagsalita siyang muli, isinalaysay niya sa mga tao na nakaranas siya ng isang malaking pagbabago sa kanyang buhay, nagsisi ng kanyang mga kasalanan, at natubos ng Panginoon. Nagpasiya si Alma na sundin ang mga kautusan ng Diyos at gawin ang lahat ng kanyang magagawa upang mabayaran ang kanyang mga nagdaang pagkakasala. Dakila ang kanyang mga pagsusumikap kaya siya ay naging isang mahusay na misyonero at hindi nagtagal ay naging propeta ng Simbahan. (Tingnan sa Mosias 27; 29:42.)

Sa paglalarawan ng kanyang karanasan, sinabi ni Alma:

"At ngayon, sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi ako ay giniyagis, maging ng mga pasakit ng isinumpang kaluluwa.

"At ito ay nangyari na, na habang ako'y nasa gayong paggiyagis ng pagdurusa, samantalang ako'y sinasaktan ng alaala ng marami kong kasalanan, masdan, naalaala ko ring narinig ko ang aking ama na nagpropesiya sa mga tao hinggil sa pagparito ng isang Jesucristo, isang Anak ng Diyos, na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan.

"Ngayon, nang maapuhap ng aking isipan ang kaisipang ito, nagsumamo ako sa aking puso: O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako, na nasa kasukdulan ng kapaitan, at napapalibutan ng walang hanggang tanikala ng kamatayan.

"At ngayon, masdan, nang maisip ko ito, hindi ko na naalaala pa ang aking mga pasakit; oo, hindi na ako sinaktan pa ng alaala ng aking mga kasalanan.

"At o, anong galak, at anong kagila-gilalas na liwanag ang namasdan ko; oo, ang kaluluwa ko'y napuspos ng kagalakan na kasingsidhi ng aking pasakit!

"Oo. . .walang ano mang bagay ang kasinghapdi at kasingpait ng aking mga pasakit. Oo, at. . .sa kabilang dako, walang ano mang bagay ang kasingganda at kasingtamis ng aking kagalakan" (Alma 36:16–21).

- Ano ang ginawa ni Alma upang mapatawad? (Nagsisi siya at nanawagan sa Diyos para sa kapatawaran.) Paano nalaman ni Alma na pinatawad na siya? (Napuno ng kagalakan ang kanyang kaluluwa.)

Nalaman din ng mga tao ni Haring Benjamin ang kagalakan sa pagtanggap ng kapatawaran. Sa pagkarinig sa huli at dakilang sermon ni Haring Benjamin, sila ay nagsisi at humingi ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan. Ang banal na kasulatan ay nagpaliwanag na "ang Espiritu ng Panginoon ay napasakanila, at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan, at sa pagkakaroon ng katahimikan ng budhi dahil sa labis na pananampalataya nila kay Jesucristo" (Mosias 4:3).

**Inuutusan Tayong Patawarin ang Lahat ng Tao**

Dahil sa ganap na pagmamahal ng Tagapagligtas sa atin, nakahanda Siyang patawarin tayo kung tunay tayong magsisisi. Bilang kapalit, inutusan Niya tayo na maging katulad Niya at patawarin ang isa't isa.

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 64:8. Bakit pinarusahan ni Cristo ang Kanyang mga disipulo? (Hindi nila pinatawad ang isa't isa.)

- Ipabasa sa isang miyembro ng klase ang Doktrina at mga Tipan 64:9–11. Isulat sa pisara *Sa inyo hinihingi ang magpatawad sa lahat ng tao.*

- Ano ang ibig sabihin ng Panginoon nang sabihin niya na ang malaking kasalanan ay nananatili sa atin kung hindi tayo magpapatawad?

Inilarawan ni Jesus ang alituntunin ng kapatawaran sa pamamagitan ng talinghaga ng walang awang utusan:

May isang utusan na nagkautang sa kanyang panginoon ng sampung libong talento—isang napakalaking halaga ng salapi. Nang oras na upang bayaran ang utang, ang utusan ay nagmakaawa sa kanyang panginoon na magpasensiya; wala siyang salapi, ngunit kung may palugit na panahon ay mababayaran niya ito. Ang panginoon ay nakaramdam ng pagkaawa sa utusan at pinatawad ito sa kanyang pagkakautang. Ang utusan ding ito, gayon man, ay lumabas at naningil sa kapwa niya utusan na may pagkakautang sa kanya ng napakaliit na halaga ng salapi. Nang ang tao ay hindi makabayad ay ipinabilanggo ito ng utusan. Nang malaman ng panginoon kung ano ang nangyari, siya ay galit na galit sa walang awang utusan at pinabayaran niya lahat ang kanyang pagkakautang. (Tingnan sa Mateo 18:21–34).

Tinapos ni Jesus ang talinghaga sa pagtuturo sa mga tao: "Gayon din naman ang gagawin sa inyo ng aking Ama na nasa kalangitan, kung hindi ninyo patatawarin sa inyong mga puso, ng bawat isa ang kanyang kapatid" (Mateo 18:35).

- Paano tayo natutulad sa utusan na pinatawad sa malaki niyang pagkakautang? Kung hindi natin patatawarin ang iba, paano tayo natutulad sa walang awang utusan?

Ang pinakamalaking halimbawa ng kapatawaran ay nanggaling sa buhay ng Tagapagligtas. Samantalang Siya'y nakabitin sa matinding sakit sa krus, Siya ay nanalangin na patawarin ng Ama ang mga sundalo na nagpako sa Kanya. "Ama," sabi niya, "patawarin mo sila; sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa" (Lucas 23:34).

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, "Upang mapatungo sa tama kailangan nating magpatawad, at kailangang gawin natin ito nang *walang pagsasaalang-alang kung nagsisisi o hindi ang ating kaaway*, o kung tapat ba ang kanyang [pagbabago], o kung humingi siya ng kapatawaran sa atin o hindi. Kailangang sumunod tayo sa halimbawa at turo ng Panginoon" (*The Miracle of Forgiveness,* [1969], 283).

**Ang Pagpapatawad sa Iba ay Nagdudulot ng Kapayapaan sa Atin**

Madalas kapag maraming ulit na nagkasala ang isang tao sa atin, sumasama ang loob natin at nagagalit tayo. Ang mga damdaming ito ay nagpapalungkot sa atin, kahit na hindi tayo nakagawa ng kamalian. Kung pahihintulutan natin ang mga damdaming ito na manatili sa ating mga kaluluwa, maitataboy natin ang Espiritu ng Panginoon. Isa ito sa dahilan na iniutos ng Panginoon sa atin na patawarin ang mga nakasakit sa atin.

Sinabi ni Pangulong John Taylor, "Ang pagkakaroon sa inyong puso ng diwa ng pagpapatawad at pag-aalis sa inyong mga puso ng diwa ng pagkapoot at sama ng loob ay nagdudulot ng kapayapaan at kagalakan" (binanggit ni Heber J. Grant, sa Conference Report, Okt. 1920, 7).

Ang kapayapaan na nanggagaling sa pagpapatawad sa iba ay ipinapakita sa sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Pangulong Spencer W. Kimball:

Noong 1918, tatlong alagad ng batas ang napatay nang tangkain nilang dakpin ang ilang kriminal. Ang ama ni Glenn Kempton ay isa sa mga alagad ng batas na napatay. Makaraan ang ilang panahon, ang mga pumatay ay nadakip, nilitis, at ibinilanggo nang habang buhay.

- Ano ang inyong madarama sa isang tao na kumitil sa buhay ng inyong ama? Bakit mahirap mapatawad ang ganoong uri ng tao?

Inilarawan ni Brother Kempton ang kanyang karanasan sa ganitong paraan:

"Bilang isang binatilyo, umusbong sa aking puso ang sama ng loob at pagkapoot sa umamin na pumatay sa aking ama, sapagkat umamin si Tom Powers sa pagpatay sa aking Tatay.

"Dumaan ang mga taon, lumaki na ako, ngunit namalagi pa rin ang mabigat na damdamin sa aking kalooban. Natapos ang mataas na paaralan, at pagkatapos natanggap ko ang tawag na magpunta sa Misyon sa mga Estado sa Silangan. Doon ang aking kaalaman at patotoo sa ebanghelyo ay mabilis na umunlad, dahil ang lahat ng aking oras ay ginugugol sa pag-aaral at pagpapangaral nito. Isang araw habang nagbabasa ng Bagong Tipan, nabasa ko ang Mateo, ikalimang kabanata, talata 43 hanggang 45."

- Basahin ang Mateo 5:43–45 .

Si Brother Kempton ay nagpatuloy: "Heto nga, ang mga salita ng Tagapagligtas na nagsasabi na dapat tayong magpatawad. Ito'y nauukol sa akin. Binasa ko ang mga talata nang paulit-ulit at ito'y nangangahulugan ng kapatawaran pa rin. Hindi nagtagal pagkatapos nito, nakita ko sa ika- 64 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan, talata 9 at 10, ang mga karagdagang salita ng Tagapagligtas. . . ."

- Basahin muli ang Doktrina at mga Tipan 64:9–10 .

"Hindi ko alam kung si Tom Powers ay nagsisi o hindi ngunit alam ko ngayon na ako ay makikipagtipan sa kanya pagkatapos na ako ay makauwi, at napagpasiyahan kong gawin ito bago ko iwanan ang misyon.

"Pagkatapos makauwi, nakilala ko at pinakasalan ang isang magandang babaeng Banal sa mga Huling Araw at pinagpala ng Panginoon ang aming tahanan ng limang magagandang anak. Ang mga taon ay napakabilis na nagdaan at ang Panginoon ay naging mabuti sa amin, ngunit ako'y nagkakasala sa bawat oras na maalaala ko ang tipanan na hindi ko pa natutupad.

"Ilang taon na ang nakararaan, bago magpasko, ang panahon kung kailan ang pagmamahal kay Cristo ay nananagana at ang diwa ng pagbibigay at pagpapatawad ay pumapasok sa kalooban natin, ang aking asawa at ako ay nasa Phoenix sa isang maikling paglalakbay. Dahil natapos na namin ang aming gawain sa gitna ng dapit-hapon, nagsimula na kaming umuwi. Habang kami ay naglalakbay, nagpahayag ako ng hangarin na lumiko at bumalik patungong Florence, dahil doon matatagpuan ang bilangguan ng estado. Madaling sumang-ayon ang aking asawa.

"Tapos na ang oras ng pagbibisita nang kami ay dumating ngunit ako ay pumasok sa loob at hinanap ang warden. Itinuro sa akin ang kanyang opisina.

"Pagkatapos na magpakilala at magpaliwanag sa aking hangarin na makita at makausap si Tom Powers, pagtataka ang namalas sa mukha ng warden, ngunit pagkatapos ng sandaling pag-aatubili, sinabi niyang, 'Natitiyak ko na maaari itong maayos.' Kapagdaka nag-utos siya sa isang bantay na pumasok sa loob at madaling bumalik kasama si Tom. Ipinakilala kami, at sinamahan sa parolan na silid na kung saan matagal kaming nag-usap. Ginunita namin ang maginaw, abuhin na umaga ng Pebrero tatlumpong taon na ang nakalipas, binalikang muli ang kabuuan ng napakasamang trahedya. Maaaring nagkausap kami ng mga isang oras at kalahati. Sa katapusan, sinabi ko, 'Tom, nakagawa ka ng kamalian na utang mong dapat bayaran sa lipunan at nararamdaman kong kailangang patuloy mong bayaran iyon, tulad ko na nagtiis na lumaking walang ama.' "

- Ipakita ang larawan 33-b, "Sina Tom Powers at Glenn Kempton."

"Pagkatapos ako'y tumindig at iniabot ang aking kamay. Tumindig siya at kinamayan ako. Nagpatuloy ako, 'Nang buong puso, pinapatawad kita sa kakila-kilabot na bagay na nangyari sa ating buhay.'


"Yumuko siya at iniwan ko siya doon. Hindi ko alam kung ano ang damdamin niya noon at hindi ko alam kung ano ang damdamin niya ngayon, ngunit ang patotoo ko sa inyo ay ito, na isang maluwalhating bagay kapag ang sama ng loob at galit ay lumabas sa inyong puso at pumasok ang kapatawaran.

"Nagpasalamat ako sa warden sa kanyang kabaitan, at nang ako'y papalabas na sa pinto at mula sa napakahabang hagdanan nalaman ko na ang kapatawaran ay higit na mabuti kaysa paghihiganti, dahil naranasan ko ito.

"Habang kami ay nagmamaneho pauwi patungong tahanan sa natitipon na takipsilim, isang matamis at mapayapang katahimikan ang nangibabaw sa akin. Sa laki ng pasasalamat niyakap ko ang aking asawa, na nakaunawa, dahil alam ko na nasumpungan na namin ang mas malawak, mas mayaman, at higit na masaganang buhay" (binanggit sa *The Miracle of Forgiveness,* 291–93).

**Katapusan**

Patatawarin tayo ng Tagapagligtas sa ating mga kasalanan kung tayo ay magsisisi at susundin Siya, na ginagawa ang hinihingi Niya sa atin. Ang isa sa mga bagay na inaasahan niya na ating gagawin ay ang pagpapatawad sa iba. Kapag ginawa natin ito, nangako Siya ng



*33-b, Sina Tom Powers at Glenn Kempton*

kagalakan at kapayapaan, tinuturuan tayo na ang pagpapatawad at ang mapatawad ay kapwa mahalaga sa ating walang hanggan kaligtasan.

**Hamon**

Pagsisihan ang anumang pagkakamaling nagawa ninyo. Kung may nakasakit sa inyo sa anumang paraan, linisin ang inyong kaluluwa ng anumang kapaitan sa pamamagitan ng pagpapatawad sa taong iyon.

**Mga Karagadagang Banal na Kasulatan**

- Mateo 6:14–15 (ang nangyayari kapag magpapatawad tayo at hindi sa iba)
- Mateo 7:1–5 (hindi natin dapat hatulan ang iba)
- Mateo 18:21–22 (magpatawad ng pitumpu at pitong ulit)
- Mga Taga Efeso 4:32 (patawarin ang isa't isa)
- Doktrina at mga Tipan 42:88 (makipagkasundo sa mga nakasakit atin)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Balik-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 19, "Pagsisisi."
2. Espirituwal na ihanda ang inyong sarili sa pagbibigay ng aralin sa pamamagitan ng paglutas ng anumang suliranin sa inyong sariling buhay na may kaugnayan sa pagpapatawad.
3. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan o siping-banggit na nais ninyo.

# MGA ESPIRITUWAL NA KALOOB

*Aralin 34*

---

Ang layunin ng araling ito ay tulungan tayo na maunawaan at hangarin ang mga kaloob ng Espiritu.

**Pambungad**

Noong Marso 1961 isang kakila-kilabot na bagyo ang sumalanta sa mga Isla ng Tonga sa Timog Pasipiko. Ang mga gusali ay nawasak. Ang malalaking punung-kahoy ay nabunot. Ang mga bahay ay nagkahiwa-hiwalay at nahagis sa himpapawid. Isang tao ang namatay.

Sa isang bayan, isang mag-anak na Banal sa mga Huling Araw ang nagsiksikan sa kanilang maliit na tahanan, natatakot para sa kanilang buhay. Sa paglalarawan sa karanasang ito, ang ama ng mag-anak ay nagsabi na naramdaman niya na umuuga ang kanilang tahanan, na parang handa na itong bumagsak. Alam niya na kung mananatili ang kanyang mag-anak sa bahay sila ay mamamatay, at kung hihingi siya ng tulong sa labas siya ay mamamatay. Habang siya ay nagpupunyaging magpasiya kung ano ang gagawin, nakadama siya ng inspirasyon na gamitin ang pagkasaserdote upang ipagsanggalang ang kanyang mag-anak.

Umakyat siya sa isang silya, inilagay niya ang kanyang kamay sa bahagi ng bubong na inaakala niyang unang babagsak. Pagkatapos sinabi niya, "Sa kapangyarihan ng pagkasaserdote na aking taglay, at sa pangalan ni Jesucristo, ako'y nag-uutos sa iyo na tumayong matatag at buo hanggang sa matapos ang bagyo." Pagkatapos na masabi niya ang mga salitang ito, ang bahay ay tumigil sa pag-uga, ang bubong ay tumigil sa pagkalampag.

Pagkatapos ng bagyo, ang kanyang tahanan lamang ang naiwang nakatindig. (Halaw mula "Faith in the Tongan Islands," ni Eric Shumway sa *Stories of Insight and Inspiration,* tinipon ni Margie Calhoun Jensen [1976], 71–73.)

- Ipaisip nang mabuti sa mga miyembro ng klase ang tanong na ito: Kung ang isang kagipitan ay mangyari ngayon, nakahanda ba akong gamitin ang aking pananampalataya at pagkasaserdote?

Kung tayo ay matapat at karapat-dapat, bibigyan tayo ng Panginoon ng mga pagpapalang espirituwal. Ang propetang si Jacob sa Aklat ni Mormon, ay naglarawan ng ganoong kalagayan sa kanyang mga tao: "Aming sinaliksik ang mga propeta, at marami kaming mga paghahayag at diwa ng propesiya; at taglay ang lahat ng patotoong ito kami ay nagtamo ng pag-asa, at ang aming pananampalataya ay naging matatag , kung kaya nga't tunay na nakapag-uutos kami sa pangalan ni Jesus at sinusunod kami maging ng mga punongkahoy, o ng mga bundok, o ng mga alon sa dagat" (Jacob 4:6).

**Mga kaloob ng Espiritu**

Ang mga kaloob ng Espiritu ay mga natatanging pagpapala ng kaalaman at kapangyarihang espirituwal na ibinibigay sa atin ng Panginoon. Maraming kaloob ng Espiritu ang nakasulat sa I Mga Taga Corinto12, Moroni 10, at Doktina at mga Tipan 46.

- Anyayahan ang mga miyembro ng klase na basahin ang Doktrina at mga Tipan 46:13–26. Anu-ano ang espirituwal na kaloob ang nakatala sa banal na kasulatang ito? (Itala ang mga sagot sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng paghahayag, patotoo, paghatol, kaalaman, karunungan, pagtuturo, pananampalatayang makapagpapagaling, pananampalatayang mapagagaling, mga himala, pagwawari sa mga espiritu, pagsasalita ng iba't ibang wika, at pagpapakahulugan ng mga salita.)

Bagamat makatatanggap tayo ng maraming espirituwal na kaloob, walang magtatamasa ng lahat ng ito:

"Sapagkat hindi lahat ay pinagkakalooban ng lahat ng kaloob; sapagkat maraming kaloob, at sa bawat tao ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.

"Sa ilan ay ipinagkaloob ang isa, at sa ilan ay ipinagkaloob ang iba, upang ang lahat ay makinabang sa gayong paraan (D at T 46:11–12).

- Sandaling ipaisip nang mabuti sa mga miyembro ng klase ang kanilang mga espirituwal na kaloob.

**Pagkamit ng mga Espirituwal na Kaloob**

Ang Panginoon ay may maraming espirituwal na kaloob na ninanais Niyang ibigay sa atin. Upang matanggap ang mga ito , kailangang tuklasin natin ang mga kaloob o talinong ito at pagkatapos paunlarin at gamitin ang mga ito. Dapat din tayong mamuhay nang matwid upang matangggap ang mga kaloob na ito. Ipinaliwanag ni Joseph Fielding Smith kung bakit hindi kailanman natanggap ng ilang miyembro ang kaloob na Espiritu Santo: "Sa palagay ko maraming miyembro ng Simbahang ito ang nabinyagan para sa kapatawaran ng kanilang mga



*34-a, Kailangang hilingin natin sa Panginoon ang mga kaloob na nais nating matanggap.*

kasalanan, at napatungan ng mga kamay sa kanilang ulo para sa kaloob na Espiritu Santo, subalit hindi kailanman natanggap ang kaloob na iyon—gayon nga, ang pagsama nito. Bakit? Sapagkat hindi nila kailanman isinaayos ang kanilang sarili upang matanggap ang pagsama nito. Hindi sila kailanman nagpakumbaba. Hindi sila kailanman gumawa ng hakbang na maghahanda sa kanila para sa pagsama ng Espiritu Santo. Kaya't namuhay silang walang ganoong kaalaman" ("'Seek Ye Earnestly the Best Gifts,' " *Ensign*, Hunyo 1972, 3).

Inutusan tayo ng Panginoon na hanapin ang pinakamahuhusay na kaloob (tingnan sa D at T 46:8). Madalas sinasabihan tayo kung ano ang mga kaloob na mayroon tayo o hahangarin kapag tayo ay itinatalaga sa isang katungkulan o tungkulin o kapag tayo ay tumatanggap ng isang basbas patriyarkal. Ang isang misyonero na tinawag sa ibang bansa, halimbawa, ay maaaring pangakuan ng kaloob na mga wika upang tulungan siya sa pag-aaral ng bagong wika, o ang isang katatawag na guro ay maaaring sabihan na hangarin ang kaloob na pagtuturo.

Upang matanggap ang mga kaloob ng Espiritu, kailangang gawin natin ang mga sumusunod:

***Gawing Dalisay ang Ating mga Buhay***

Bago tayo makatanggap ng mga espirituwal na kaloob, kailangan nating gawing dalisay ang ating buhay sa pamamagitan ng palagiang pagsisisi sa ating mga kasalanan.

***Sundin ang mga Kautusan***

Kailangang sundin natin ang mga kautusan ng Panginoon upang maging karapat-dapat sa mga espirituwal na kaloob. Ang pagsunod ay isa sa pinakamahalagang hinihingi upang matanggap ang mga kaloob ng espiritu.

***Mag-ayuno***

Ang pag-aayuno ay makatutulong sa atin upang madaig ang kapalaluan at matamo ang pagpapakumbaba na kailangan para makatanggap ng mga espirituwal na kaloob. Ito ay tumutulong sa atin na paglaanan ang ating mga espirituwal na pangangailangan bago ang mga pangangailangan ng ating katawan.

***Manalangin***

- Ipakita ang larawan 34-a, "Kailangan hilingin natin sa Panginoon ang mga kaloob na nais nating matanggap.

Inutusan tayo ng Panginoon na humiling sa Kanya ng mga kaloob na ninanais nating matanggap (tingnan sa Mateo 7:7-11). Ang mga ganoong panalangin ay nangangailangan ng pananampalataya—pananampalataya na matatanggap natin ang mga kaloob at pananalig sa Tagapagbigay ng mga kaloob.

Si Elder James A. Cullimore ay nagbigay sa atin ng ilang katanungan na isasaalang-alang habang naghahangad tayo ng mga espirituwal na kaloob: "Bilang mga miyembro ng Simbahan, ang ating pananampalataya ba ay sapat na malakas? Tayo ba ay nakikiisa sa Espiritu upang tayo ay pagpalain ng mga dakilang kaloob na ito? Naniniwala ba tayo na ang isang himala ay maaaring magawa o maibibigay ang isang pagpapala? Tinatawag ba natin palagi ang pagkasaserdote upang magbasbas ng maysakit? Naniniwala ba tayo na maaari tayong mapagaling? May pananampalataya ba tayo na magpagaling? Ang pagkasaserdote ba ay palaging handa sa pagbibigay ng isang basbas? Gaano kalakas ang inyong pananampalataya?" (sa Conference Report, Okt. 1974, 34; o *Ensign,* Nob. 1974, 27).

- Sandaling ipaisip sa mga miyembro ng klase kung ano ang kailangan nilang gawin upang ihanda ang kanilang sarili sa pagtanggap ng mga espiriutwal na kaloob at panatilihin ang mga kaloob na mayroon na sila.

Sa ating pagtanggap ng ating mga kaloob, kailangang maingat tayo na hindi magyayabang tungkol sa ating mga karanasan o pag-usapan sa sanlibutan ang mga ito (tingnan sa D at T 84:65–73). Maaari nating ibahagi ang ating mga karanasang espirituwal sa mga miyembro ng mag-anak at malalapit na kaibigan, ngunit dapat natin tandaan na ang ating mga kaloob ay sagrado at kailangan sabihin ito nang may pag-iingat (tingnan sa D atT 63:34).

**Ang mga Layunin ng mga Espirituwal na Kaloob**

Ipinahayag ng Panginoon na ang mga espirituwal na kaloob ay ibinibigay upang tulungan ang mga nagmamahal sa Kanya at sumusunod sa lahat ng Kanyang kautusan (tingnan sa D at T 46:9). Sa wastong paraan ng paggamit ng mga kaloob na ito, ang mga maysakit ay napagaling, ang mga demonyo ay napalayas, ang mga pagpapahayag ay natanggap, ang kaalaman ay nakuha, at ang mga misyonero ay nakapagsasalita sa iba't ibang wika. Sa pamamagitan ng mga kaloob ng Espiritu, ang Espiritu Santo ay maaaring gumabay, umaliw, magpasigla, at magturo sa atin. Ang mga kaloob na ito ay tumutulong sa atin na lumakad nang matwid sa harapan ng Panginoon at humahadlang sa atin mula sa panlilinlang ng mga maling doktrina. Kapag tayo'y nabubuhay nang karapat-dapat upang madama ang mga udyok ng Espiritu, malalaman natin kung kailan dapat gamitin at kung kailan hindi ang ating mga kaloob (tingnan sa Alma 14:10–11).

Iniuutos sa atin ng Panginoon na laging alalahanin na ang mga espirituwal na kaloob ay ibinibigay sa mga yaong mapagkumbabang humihiling sa Kanya nang may pananampalataya (tingnan sa D at T

46:8–9). Inihambing ni Pablo ang Simbahan sa isang katawan upang ipakita ang kahalagahan ng kaloob o mga kaloob ng bawat miyembro sa Simbahan (tingnan sa 1 Mga Taga Corinto 12:12–31). Katulad ng isang katawan na nangangailangan ng mga kamay, paa, mata, at tainga, ganoon din ang Simbahan na nangangailangan ng mga kaloob ng bawat miyembro. Sa gayon, ang bawat isa sa atin ay dapat na gamitin ang ating mga kaloob . Sa paggawa natin nito, ang bawat isa ay pinagpapala. (Tingnan sa D at T 46:11–12.) Binigyang-diin ng Ama sa Langit na ang mga kaloob na ito ay hindi dapat hangarin bilang mga tanda o dahil sa kanilang mga makasariling kadahilanan (tingnan sa D at T 46:9).

Si Elder Franklin D. Richards ay nagsalaysay ng ilang pagpapala na dumarating buhat sa Espiritu sa oras ng pangangailangan:


"Ang Tagapagligtas ay nangako na sa mga karapat-dapat na miyembro, ang Espiritu Santo ay magiging isang taga-aliw sa mga oras ng karamdaman at kamatayan.

"Marami ang nagbibigay-patotoo tungkol sa mapang-aliw na espiritu na dumalo sa kanila sa oras ng kalungkutan, na tumutulong sa kanila na matagpuan ang kapayapaan at pag-unawa.

"Makalipas ang ilang linggo naging pribilehiyo ko na makilala ang dalawang kahanga-hangang babae, malalapit na kaibigan, na nawalan ng kanilang mga asawa sa isang nakapanlulumong sakuna sa eroplano. Natagpuan ko ba sila sa kawalan ng pag-asa at matinding pagdadalamhati? Hindi, talaga. Hindi ko pa nasasaksihan ang tulad nila na may matinding katapangan at lakas. Silang dalawa ay nagbigay ng patotoo sa katotohanan na talagang nararamdaman nila ang pag-aliw ng Espiritu, na nalalaman nila na may layunin sa tawag na ibinigay sa kanilang mga asawa, at nakatitiyak silang ang lahat ay magiging mabuti sa kanila at sa kanilang mga mag-anak habang sila ay namumuhay na malapit sa Simbahan at sinusunod ang mga kautusan ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1973, 171; o *Ensign,* Hulyo 1973, 117).

- Ipakita ang larawan 34-b, " Nagturo si Joseph Smith sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu."

Sa isang pagkakataon, si Propetang Joseph Smith ay inanyayahan na mangaral ng ebanghelyo sa isang pangkat ng mga Amerikanong Indiyan. Ang mga Indiyan ay hindi makaunawa ng Ingles, at hindi siya makapagsalita ng kanilang wika, kaya umupa siya ng isang tanging kinatawan ng pamahalaan upang ipaliwanag ang kanyang mga salita. Ang Propeta ay nagsalita ng ilang minuto sa mga Indiyan, at ang kinatawan pagkatapos ay nagpaliwanag sa kanilang wika. Nang ang



*34-b, Nagturo si Joseph Smith sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu.*

mga Indiyan ay nagpakita ng paghihinakit at pagkapoot sa kanyang mensahe, ipinahayag sa Propeta na ang kinatawan ay nagsasabi ng kasinungalingan upang pasamain siya sa mga Indiyan. Itinulak sa tabi ni Joseph ang tagapagsalin at pagkatapos ay nangaral sa kanila. Naunawaan nila ang bawat salita. (Halaw sa *The Historical Background of the Doctrine and Covenants,* ni E. Cecil McGavin [1949], 156.)

- Anu-anong espirituwal na kaloob ang ginamit ni Propetang Joseph Smith sa pangyayaring ito? (Pagwawari, paghahayag, kaloob na wika, at pagtuturo.)
- Kung may oras pa, pahintulutan ang ilan sa mga miyembro ng klase na magbigay ng kanilang patotoo tungkol sa mga pagpapalang natanggap nila dahil sa mga espirituwal na kaloob.

**Katapusan**

Mababasa sa Doktrina at mga Tipan 46:

"Masigasig ninyong hanapin ang pinakamahusay na kaloob, alalahanin sa tuwina kung para saan ibinigay ang mga ito;

"Sapagkat katotohanang sinasabi ko sa inyo, ang mga ito ay ibinigay para sa kapakinabangan ng mga yaong nagmamahal sa akin at sumusunod sa lahat ng aking kautusan, at siya na naghahangad na gumawa nito; upang ang lahat ay makinabang na naghahangad o humihingi sa akin, na humihingi at hindi ng tanda upang kanila itong magamit sa kanilang mga pagnanasa.

"At muli, katotohanan sinasabi ko sa inyo, nais ko na inyong tandaan sa tuwina, at laging panatilihin sa inyong isipan kung ano ang mga kaloob na ito, na ibinigay sa simbahan.

"Sapagkat hindi lahat ay pinagkakalooban ng lahat ng kaloob; sapagkat maraming kaloob, at sa bawat tao ay ipinagkaloob ang isang kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos.

"Sa ilan ay ipinagkaloob ang isa, at ang sa ilan ay ipinagkaloob ang iba, upang ang lahat ay makinabang sa gayong paraan" (mga talata 8–12).

**Hamon**

Sikaping tuklasin ang inyong mga espirituwal na kaloob . Ipagtuloy ang pagsisisi, pagsunod sa mga kautusan, pag-aayuno, at panalangin upang dalisayin ang inyong buhay at ihanda ang inyong sarili sa pagtanggap ng mga espirituwal na kaloob.

*Mga ama:* Tulungan ang inyong mga anak sa pagkilala at pagpapaunlad ng kanilang mga kaloob.

*Mga kabataang lalaki:* Humingi ng payo sa inyong mga magulang at pinuno upang tulungan kayo na mapaunlad ang mga esprituwal na kaloob.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Juan 11:22 (humiling sa Diyos para sa mga kaloob)
- Mga Gawa 2:17–18 (tatanggap ang marami ng mga espirituwal na kaloob)
- 1 Mga Taga Corinto 7:7 (bawat tao ay may tamang kaloob)
- 1 Kay Timoteo 4:12–16 (huwag pababayaan ang iyong kaloob)
- Santiago 1:17 (ang lahat ng mabubuting kaloob ay nanggagaling sa Diyos)
- Alma 9:21 (ang mga Nephita ay tumanggap ng maraming kaloob)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Balik-aralan ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* kabanata 22, "Ang mga Kaloob ng Espiritu".
2. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# PAGTATAYO NG KAHARIAN NG DIYOS

*Aralin 35*

Ang layunin ng araling ito ay hikayatin tayo na tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

**Pambungad**

Si Elder Gordon B. Hinckley ay minsang nagsalaysay ng tungkol sa isang matalinong kabataang opisyal ng hukbong-dagat buhat sa Asya na nagpunta sa Estados Unidos para sa higit na mataas na pagsasanay. Habang nag-aaral sa Hukbong Dagat ng Estados Unidos, ang kabataang lalaking ito ay nakakilala ng ilang miyembro ng Simbahan. Sa kanyang pakiusap, tinuruan nila siya ng tungkol sa ebanghelyo. Tumimo ang Espiritu sa kanyang puso, at siya'y nabinyagan.

Sinabi ni Elder Hinckley :

"Ipinakilala siya sa akin bago siya umuwi sa kanyang bayan. Pinag-usapan namin ang mga bagay na ito, at pagkatapos ay sinabi ko, 'Ang mga tao ninyo ay hindi Kristiyano. Nanggaling ka sa isang lupain na kung saan ang mga Kristiyano ay may mahirap na kalagayan. Ano ang mangyayari kung uuwi ka na bilang isang Kristiyano at higit sa lahat, isang Mormon na Kristiyano?'

"Nangulimlim ang kanyang mukha, at siya'y sumagot, 'Ang aking mag-anak ay hindi masisiyahan. Marahil itatakwil nila ako. Ituturing nila akong isang patay. Kung tungkol sa aking hinaharap at sa aking karera, nahihinuha ko na hindi ako magkakaroon ng pagkakataon para sumulong sa aking karera.'

"Itinanong ko, 'Handa ka bang magbayad ng napakalaking kabayaran para sa ebanghelyo?'

"Ang kanyang mga maitim na mata, na namamasa sa mga luha, ay nangingislap buhat sa kanyang makisig at kayumangging mukha nang siya ay sumagot ng, 'Totoo ito, hindi ba?'

"Nahihiya na itinanong ko ang gayong katanungan, sumagot ako, 'Oo ito'y totoo.'

"Na kung saan siya ay sumagot, 'Kung gayon ano pa ang isasaalang-alang?' " (sa Conference Report, Abr. 1973, 72; o *Ensign,* Hulyo 1973, 48).

- Bakit isinuko ng binatang ito ang kanyang mag-anak at karera para sa kaharian ng Diyos? (Dahil alam niya na ang ebanghelyo ay may malaking kahalagahan kaysa ano pa man.)

**Ang Ating Pananagutan sa Pagtatayo ng Kaharian**

- Ipakita ang poster na may sumusunod na sipi, o tukuyin ito sa pisara: "*Ang Kaharian ng Diyos ang tunay na pinakamahalaga. Ang lahat ng iba pa ay hindi nararapat na angkinin, dito man o sa kabilang buhay.*" (Brigham young, *Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe [1954], 444).

- Ano ang kaharian ng Diyos?

Sinabi ni Pangulong Joseph F. Smith , "Ang kaharian ng Diyos ay ang samahan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na kung saan ang Anak ng Diyos ang nangungulo, at hindi ang tao" (*Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon [1939], 72).

Mula nang maibalik ang kaharian ng Panginoon sa lupa, ang bawat miyembro ay mayroong pananagutang tiyakin na patuloy itong umuunlad. Ang bawat isa sa atin ay may tungkulin na ibahagi sa mga hindi miyembro ang ebanghelyo at palakasin ang ibang miyembro. Ang ating gawain ay gawain ng Diyos, "ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao" (tingnan sa Moises 1:39). Habang tayo ay tumutulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, hindi lamang natin inihahanda ang daigdig para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, kundi tumutulong din tayo sa ating mga kapatid na lalaki at babae na matamo ang buhay na walang hanggan. Walang higit na mahalaga pa kaysa gawaing ito.

Sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos dapat nating alalahanin na ang mag-anak ang pangunahing yunit ng kahariang iyon. Ang pinakalayunin ng kaharian ng Diyos, sa katunayan, ay ang pagpapadakila sa mga mag-anak sa kaharian ng langit (tingnan sa I Mga Taga Corinto 11:11; D at T 93:40; 131:1–4). Kinakailangan nating palaging matiyak, sa gayon, na hindi natin napababayaan ang ating mag-anak habang tayo ay naglilingkod sa Simbahan . Maliwanag ang payo ng Panginoon : "Bawat lalaki na may tungkulin na maglaan para sa kanyang sariling mag-anak, siya ay maglaan, at hindi mawawala sa kanya ang kanyang putong; at gumawa siya sa Simbahan" (D at T 75:28).

**Ang Batas ng Paglalaan**

Ang isa sa mga tipan na ginawa natin sa Panginoon kapag tinatanggap natin ang ating mga endowment sa templo ay ang ipamuhay ang batas

ng paglalaan. Tinawag ng Panginoon ang batas na ito na batas ng selestiyal at sa ilalim ng batas na ito, ibinibigay natin ang ating panahon, talino, at ari-arian upang itayo ang kaharian ng Panginoon.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:22 at 105:1–5. Bakit kailangan nating maunawaan ang batas ng paglalaan at maging handang ipamuhay ito?

Hinggil sa batas na ito, sinabi ni Propetang Joseph Smith, "Ang isang relihiyon na hindi nangangailangan ng pagsasakripisyo sa lahat ng bagay ay hindi magkakaroon kailanman ng sapat na kapangyarihan upang magbunga ng pananamapalatayang kinakailangan sa buhay at kaligtasan" (*Lectures on Faith*,[1985] 69).

Gaya ng ipinaliwanag ng Propeta, kailangan nating mapaunlad ang uri ng pananampalataya na aakay sa atin sa walang hanggang buhay. Ang ganoong pananampalataya ay dumarating habang inilalagay nating una ang mga bagay ng kaharian ng Diyos sa ating buhay.

**Pamumuhay sa Batas ng Paglalaan sa Kasalukuyan**

Bagama't ang batas ng paglalaan ay humihingi sa atin na maging handa tayo na ibigay sa Panginoon ang lahat ng nasa atin upang maitayo ang kanyang kaharian, "hindi tayo laging tinatawag upang sundin ang buong batas ng paglalaan" (Bruce R. McConkie, sa Conference Report, Abr. 1975, 74; o *Ensign,* Mayo 1975, 50). Ito ang kalagayan sa Simbahan ngayon.

- Kahit na hindi natin ipinamumuhay nang lubusan ang batas ng paglalaan sa ngayon, paano natin maipakikita ang ating kahandaan na ipamuhay ito? (Isulat ang mga tugon sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagbibigay ng ating panahon, mga talino, at ari-arian upang tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon. Ang mga tiyak na kasagutan ay maaaring kabilangan ng pangangalaga sa ating mag-anak; pagtulong sa mga taong nangangailangan; pagiging mga misyonero sa ating mga kapitbahay, kaibigan, kamag-anak, at iba pa; paggawa ng pananaliksik sa kasaysayan ng mag-anak at gawain sa templo; pagsisilbi nang matapat sa ating mga tungkulin sa Simbahan; pagbabayad ng buong ikapu at pag-aambag ng ibang handog; at pananalangin upang malaman kung ano ang inaasahan ng Panginoon sa atin).

**Paglalaan ng Ating Panahon, mga Talino, at Ari-Arian**

Isang pribelihiyo ang ilaan ang ating panahon at mga talino at ari-arian upang tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon. Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie: "Ang tinig ni [Cristo] ang nag-aanyaya sa atin sa paglalaan ng ating panahon, mga talino, at kabuhayan upang maipagpatuloy ang kanyang gawain. Tinig Niya ang tumatawag para

sa paglilingkod at pagsasakripisyo. Ito ang kanyang gawain. Siya ang. . .namamatnubay at namamahala sa kapalaran ng kanyang kaharian" (sa Conference Report, Abr. 1975, 77; o *Ensign,* Mayo 1975, 52).

***Panahon***

- Paano natin magagamit ang ating panahon upang makatulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos?

Ang bawat isa sa atin ay may dalawampu't apat na oras sa bawat araw, ngunit iba-iba ang paggamit natin sa mga ito . Ang ilan sa atin ay nag-aaksaya ng oras o walang kaayusan sa paggawa sa lahat ng gusto nating gawin para sa ating mag-anak, sa Simbahan, sa ating mga trabaho, at sa ating bayan. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na kung matalino nating aayusin ang ating oras, "mayroong oras para sa paglilingkod sa mga samahan at mga korum sa Simbahan; oras para sa gawaing misyonero; oras sa pagiging pangulo ng korum, pinuno ng pantulong na samahan, obispo, pangulo ng Samahang Damayan, [o] guro." (*The Miracle of Forgiveness,* [1969], 253).

**Mga Talino**

- Paano natin gagamitin ang ating mga talino sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos?

Bawat isa sa atin ay binigyan ng Panginoon ng mga talino (tingnan sa D at T 46:11). Ang sabi ni Brigham Young: "Ano ang pinakamabuting bagay na maaari ninyong ilaan sa Kaharian ng Diyos? Ito'y ang mga talino na ibinigay ng Diyos sa inyo. Gaano karami? Ang lahat ng mga ito." (*Discourses of Brigham Young,* 445).

Si Sister JoAnn Ottley, na asawa ni Jerold D. Ottley ay nagsalaysay ng isang karanasan na nagpapakita kung paano nila ginamit ng kanyang asawa ang talino nila sa musika sa paglilingkod sa Panginoon. Ginugol nila ang kanilang buong buhay sa pag-aaral at pagpapaunlad ng mga kaloob na ito, at nagkaroon ng maraming pagpapasiya tungkol sa paggamit ng mga ito. Nang nag-aaral sila sa Europa, napagtanto nina Brother at Sister Ottley na may napakahalaga at mahirap na pagpapasiya silang gagawin. Alam nilang dalawa na kung mamamalagi sila sa Europa ay marami silang pagkakataong magtagumpay. Gayon man, nais nila, higit sa lahat, na gawin kung ano ang nais ng Panginoon na gawin nila. Ninais ng mga Ottley na maging masunurin, ngunit higit pa rito hinangad nila na magamit sila ng Panginoon sa pagtatayo ng Kanyang kaharian dito sa lupa.

Paulit-ulit na nag-ayuno at nanalangin sina Brother at Sister Ottley upang patnubayan ng Espiritu at malaman ang kalooban ng Panginoon. Ang kasagutan ay dumating habang sila ay nasa pulong-sakramento sa pagtatapos ng panahon ng pag-aayuno. Kapwa sila

nakatanggap ng magkatulad na mga tagubilin sa pamamagitan ng Espiritu—na ang kanilang gawain ay nasa sariling bayan nila. Babalik ang mga Ottley sa Estados Unidos.

Ang sumunod pa ay maraming buwan ng pag-aaral, paghahanda, at pagsubok. Pagkatapos pinangyari ng Panginoon na makabalik sila sa Salt Lake City. Si Sister Ottley ay naging miyembro ng Tabernacle Choir at si Brother Ottley ay sumali sa Music Department sa Pamantasan ng Utah.

Hindi nagtagal, si Brother Ottley ay tinawag ng Unang Panguluhan ng Simbahan na maging tagakumpas ng Tabernacle Choir. Ang Panginoon ay talagang inihanda sila para sa isang natatanging paglilingkod.

Nauunawaan ng mga Ottley na ang ating panahon, mga talino at ari-arian ay talagang hindi atin, kundi sa Panginoon. Ang pinakamalaking kagalakan na ating aanihin sa mundong ito ay ang paggamit ng mga ito sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. (Tingnan sa "The Apples in a Seed," sa Turning Points [1981], 23–29.)

- Anong saloobin mayroon sina Brother at Sister Ottley na humimok sa kanilang gamitin ang kanilang mga talino sa pagtatayo ng kaharian? (Naniniwala sila na ang kanilang mga talino ay nanggaling sa Panginoon at ang mga ito'y Kanya.)

- Hilingin sa klase na magmungkahi ng ilang talino at ipasulat ito sa pisara. Talakayin kung paano magagamit ang bawat isa sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos. Pagkatapos, sandaling ipaisip mabuti sa mga miyembro ng klase ang tungkol sa kanilang sariling mga talino at kung paano nila magagamit ang mga ito upang palaganapin pa ang gawain ng Panginoon.

***Mga Ari-arian***

- Paano natin magagamit ang ating mga ari-arian sa pagtulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos?

Isinulat ni Joseph Smith, "Upang mailaan ng isang tao ang kanyang ari-arian. . .sa Panginoon, ay wala ng iba kundi ang pakainin ang nagugutom, damitan ang hubad, dalawin ang balo at ulila sa ama, ang mga maysakit at nagdadalamhati, at gawin ang lahat na kanyang magagawa upang makapangasiwa sa kanilang kaginhawahan sa kanilang mga kahirapan, at upang siya at ang kanyang sambahayan ay makapaglingkod sa Panginoon" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* tinipon ni Joseph Fielding Smith [1976], 127).

Kahit na ibinigay ng Panginoon sa atin ang lahat ng ating pag-aari, kung minsan nahihirapan tayong gamitin ang ating mga ari-arian upang tumulong sa Kanyang gawain. Ngunit kapag kusang-loob nating ginagamit ang ating mga ari-arian upang itayo ang kaharian

ng Panginoon, nagpapakita tayo ng pagmamahal sa iba, sa Ama sa Langit, at kay Jesucristo. Isang ulat sa Bagong Tipan ang nagpapakita kung gaano kahirap —ngunit gaano kahalaga kung minsan—na maluwag sa kalooban na isuko ang mga makalupang ari-arian:

Isang lalake ang lumapit isang araw kay Jesus at nagtanong, "Ano ang gagawin ko upang ako'y magmana ng buhay na walang hanggan?"

Si Jesus ay sumagot na dapat niyang sundin ang mga kautusan: hindi siya dapat mangalunya, pumatay, magnakaw, sumaksi sa di katotohanan, o mandaya ng iba. Sinabi rin ni Jesus sa kanya na igalang ang kanyang ama at kanyang ina.

Sumagot ang lalake na lagi niyang ginagawa ang mga bagay na ito . Si Jesus ay sumagot, "Isang bagay ang kulang sa iyo: yumaon ka, ipagbili mo ang lahat mong tinatangkilik, at ibigay mo sa dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit: at pumarito ka, at sumunod ka sa akin." Nang ito ay marinig ng kabataang lalaki umalis siyang malungkot dahil napakayaman niya. (Tingnan sa Marcos 10:17–22.)

Minsan, katulad ng mayamang lalaking ito, hindi maluwag sa ating kalooban na magbigay kung ano ang mayroon tayo sa Panginoon, samantalang nais naman ng iba na magbigay ng higit sa kanilang makakaya. Nauunawaan ng Panginoon ang ating mga kalagayan, at nakikitungo sa atin nang nararapat. Sa kanila na hindi makapagbibigay ng nais nilang ibigay, sinabi ni Haring Benjamin :

"At muli, sinasabi ko sa mga maralita, kayo na wala at gayon pa man ay may sapat, na kayo ay magpatuloy sa araw-araw; ang tinutukoy ko ay kayong lahat na nagkait sa mga pulubi, sapagkat kayo ay wala; nais kong sabihin ninyo sa inyong mga puso na: Hindi ako nagbigay sapagkat ako ay wala, ngunit kung ako ay mayroon ako ay magbibigay.

"At ngayon, kung ito ay sasabihin ninyo sa inyong mga puso, kayo ay mananatiling walang-sala" (Mosias 4:24–25).

Dapat na maging maluwag sa ating kalooban na ibigay sa Panginoon ang lahat na mayroon tayo— ari-arian, panahon at mga talino. Makikita natin na ang kahandaang ito na tumulong sa iba ay makatutulong sa ating mapaunlad ang pananampalataya natin sa Panginoon at pagmamahal sa iba.

**Katapusan**

Mayroon tayong pananagutan bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na itayo ang kaharian ng Diyos. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pagtupad sa ating mga pangako na maglingkod sa Panginoon ng ating buong puso, kakayahan, isip, at lakas. Ito'y nangangahulugan na dapat maging maluwag sa ating

kalooban ang magbigay ng panahon, mga talino, at ari-arian na hinihiling sa ating ibigay sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Kung gagawin natin ito, mapauunlad natin ang pananampalataya at pagmamahal at maipakikita natin sa Panginoon na inuuna natin ang Kanyang kaharian. Kailangang ipamuhay natin ang batas na ito kung magmamana tayo ng kahariang selestiyal.

**Hamon**

Pag-isipang mabuti ang inyong kahandaang ibigay ang hinihiling sa inyo ng Panginoon. Suriin kung paano ninyo mabuting nailalaan ang inyong panahon, mga talino, at ari-arian sa gawain ng Panginoon. Pagkatapos magpasiyang mapagbuti pa ito.

**Mga Karagdagang Banal na Kasulatan**

- Daniel 2:44 (ang kaharian ng Diyos ay magpapatuloy)
- Lucas 12:16–20 (talinghaga ng hangal na mayamang lalaki)
- Mga Gawa 2:44–45 (ang mga sinaunang Kristiyano ay may pagkakapantay-pantay)
- 1 Nephi 13:37 (mga pagpapala para sa mga yaong nagtatag ng Sion)
- Jacob 2:18–19 (unahin ang kaharian ng Diyos bago ang mga kayamanan)
- 4 Nephi 1:3 (ang mga Nephita at Lamanita ay may pagkakapantay-pantay matapos silang dalawin ni Cristo)
- Doktrina at mga Tipan 42:29–36 (isang paraan na makapagbibigay sa mga maralita ay sa pamamagitan ng mga handog na ipadadaan sa obispo)

---

**Paghahanda ng Guro**

Bago ilahad ang araling ito:

1. Basahin ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo,* aralin 34, “Pagpapaunlad ng Ating mga Talino.”
2. Balik-aralan ang Aralin 19, “Pagpapaunlad ng Ating mga Talino,” sa manwal na ito.
3. Ihanda ang poster na iminungkahi sa aralin, o isulat ang impormasyon sa pisara.
4. Magtalaga ng mga miyembro ng klase na ilahad ang anumang kuwento, banal na kasulatan, o siping-banggit na nais ninyo.

# INDESE


**A**

Alituntunin, pagtuturo sa mga anak ng mga, ng ebanghelyo, 190–91
Alkohol, ipinagbabawal ng Batas ng Karunungan, 243
Ama
ginagampanan ng
bilang patriyarka ng kanyang mag-anak, 108–117
pahayag tungkol sa, ni Joseph F. Smith, 109
pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 108
may mga susi upang basbasan ang kanyang mag-anak, 16–19
kuwentong naglalarawan ng, ni Eldred G. Smith, 109–10
mga pahayag tungkol sa
ni A. Theodore Tuttle, 19
ni Ezra Taft Benson, 19
ni H. Burke Peterson, 17
pamumunong ginagampanan ng, 210
panayam ng, karanasan ni N. Eldon Tanner sa, 114
payo sa, ni Joseph F. Smith, 210
responsibilidad ng
mga pahayag tungkol sa, ni N. Eldon Tanner, 110–11, 116–17
para sa mga espirituwal na pangangailangan ng mag-anak, 101–2
para sa mga pangunahing pangangailangan ng mag-anak, 112–14
Araw ng Sabbath
kabanalan ng, 279–81
mga pagpapala sa paggalang, 283
mga pahayag tungkol sa
ni Ezra Taft Benson, 284
ni George Albert Smith, 281
panatilihing banal ang, 282–83
mga pahayag tungkol sa
ni Spencer W. Kimball, 283
ng Unang Panguluhan, 282
Ari-arian, paglalaan ng ating mga, sa Panginoon, 333–34
Awtoridad, pagsang-ayon sa mga, responsibilidad ng isang namumuno, 210

**B**

Banal na Espiritu. Tingnan sa Espiritu Santo
Banal na kasulatan, mga
at pagtitimpi sa sarili, 187
at pagtatayo kay Cristo, 266
Basbas patriyarkal, mga, 40
pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 198
Bata, mga
pagbibigay ng pangalan at basbas sa, 39
pamamaraan sa, 46–47

pagbibigay ng pananagutan sa mga, 191–92
mga pahayag tungkol sa
ni F. Enzio Busche, 191–92
ni L. Tom Perry, 191
ni N. Eldon Tanner, 192
pagdidisiplina sa, 192
pagbubuo ng mga patakaran para sa, 190–93
mga pahayag tungkol sa
ni David O. McKay, 190
ni N. Eldon Tanner, 190–91
pagtuturo ng
mga alituntunin ng ebanghelyo, 190–91
pahayag tungkol sa, ni N. Eldon Tanner, 190–91
pagtitimpi ng sarili, 190–93
Batas ng kalusugan, mga. Tingnan sa Salita ng Karunungan
Batas ng paglalaan. Tingnan sa Paglalaan, batas ng
Buhay, pagpapadalisay ng mga, upang tumanggap ng mga espirituwal na kaloob, 323

**C**

Cristo. Tingnan sa Jesucristo

**D**

Dignidad sa mga pagpupulong ng Simbahan, 229
Disiplina sa sarili, pangunahing pangangailangan sa, 113–14
Diyakono, mga tungkulin ng mga, 45

**E**

Ebanghelyo
pagtuturo sa mga anak ng mga alituntunin ng, 190–91
pag-uugali tungkol sa, pahayag sa, ni Gordon B. Hinckley, 96
Edukasyon
at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 72
mga miyembro ng Simbahan
hinikayat na magtamo ng, 249–53
pahayag tungkol sa, ni N. Eldon Tanner, 249–50
nagpapatuloy sa buong buhay, 251
pahayag tungkol sa, ni Marvin J. Ashton, 70
Emosyonal na lakas at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 69–70
Endowment, templo. Tingnan sa Endowment sa templo
Espiritu. Tingnan sa Espiritu Santo
Espiritu Santo
at pagtatayo kay Cristo, 263–65
kahalagahan ng pakikinig sa, kuwentong naglalarawan ng, ni Bruce R. McConkie, 118–19
kaloob na, paraan sa pagkakaloob ng, 31–33, 48
paano pinagpala ang mga mag-anak ng, 122–24
pagsunod sa patnubay ng, 120–21
pahayag tungkol sa, ni Joseph Fielding Smith, 121
pumapatnubay sa mag-anak, 119
kuwentong naglalarawan ng, ni Henry B. Eyring, 119–20
Espirituwal
lakas na, at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 69–70
mga kaloob. Tingnan sa Kaloob, mga espirituwal na

**G**

Gabay, mga
para sa pagsali sa mga miyembrong may kapansanan, vi–vii
para sa pagsusumite ng mga pangalan para sa gawain sa templo, 85–86
Gabing pantahanan ng mag-anak, 126–38
diwa ng, kuwentong naglalarawan ng, ni Marion D. Hanks, 136–37
layunin ng, 134–38

mga pahayag tungkol sa, ng Unang Panguluhan, 126–128, 137
pagpapatatag ng mag-anak sa pamamagitan ng, mga pahayag tungkol sa, ng Unang Panguluhan, 137
pagpaplano at pangangasiwa ng, 128–34
pahayag tungkol sa, ng Unang Panguluhan, 134
pinatatatag ang mag-anak, 134–37
Gastos, pagbabawas ng mga, sa pamamagitan ng paghahalaman, 159
Gawain, mga. Tingnan sa Gawain ng mag-anak, mga
Guro, tungkulin ng mga, 45

**H**

Halamanan
pag-aalaga ng, 168–70
paghahanda ng lugar para sa, 166–68
pagpaplano ng, 159–66
pagtatanim sa, 168
Handog, mga, 285
kusang-loob na pagbabayad, 289–90
kuwento na naglalarawan ng, ni Marion G. Romney, 289–90
mga gamit ng, 288–89
mga pagpapala ng pagbibigay ng, 290-91

**I**

Ikapu, 285–92
at pagtitimpi ng sarili, 186
batas ng, 285–86
diwa ng, mga kuwentong naglalarawan ng,
ni Boyd K. Packer, 287–88
ni Matthew Cowley, 286
mga gamit ng, 288–89
mga pagpapala ng pagbabayad ng, 290–91
kuwentong naglalarawan ng, ni Joseph F. Smith, 290–91
pahayag tungkol sa, ni Henry D. Taylor, 291
pagbabayad ng kusang-loob, 289–90
Ina, pahayag tungkol sa ginagampanan ng, ni Spencer W. Kimball, 108
Inspirasyon sa pagpapasiya, 212–20

**J**

Jesucristo
ang pangangailangan natin kay, 262
bilang tunay na saligan ng buhay, 260–68
mga pagpapala ng pagtatatag ng pamumuhay kay, 267
pagmamahal at paglilingkod kay, 267
pagpapakabusog sa mga salita ni, pahayag tungkol kay, ni Neal A. Maxwell, 213
pagtatayo kay, 263–67
patotoo kay, ni Melvin J. Ballard, 260–61

**K**

Kaalaman, 249–57
kautusan na hanapin ang, 249–50
layunin at mga pagpapala ng, 250
pahayag tungkol sa, ni David O. McKay, 250
ng mabuti at masama, 270–71
Kaaliwan at patnubay, mga ordenansa para sa, 39–42
Kaayusan
sa mga pulong ng Simbahan, 229
sa Simbahan, 15–16
Kababaang-loob, katangian ng mabuting pinuno, 208
Kababaihan, mga pagpapala ng pagkasaserdote makukuha ng, 35
Kabaitan, katangian ng mahusay na pinuno, 208
Kadakilaan, mga ordenansa na kinakailangan sa, 29–39, 77
Kadalisayan
ng isipan. Tingnan sa Pag-iisip, mga ng pamumuhay at mga espirituwal na kaloob, 323

Kagalakan, kapatawaran nagdudulot ng, 311–14
Kahandaan
bilang isang Simbahan, 74–75
mga pahayag tungkol sa
ni Joseph B. Wirthlin, 74
ni Russell M. Nelson, 75
personal at pangmag-anak na, 67–76
Kaharian ng Diyos, 329–35
ang ating pananagutan sa pagtatayo ng, 330
at batas ng paglalaan. Tingnan sa Paglalaan, batas ng
kahalagahan ng, kuwentong naglalarawan ng, ni Gordon B. Hinckley, 329–30
mga pahayag tungkol sa
ni Brigham Young, 330
ni Joseph F. Smith, 330
pagtatayo ng, 329–35
Kahinahunan, katangian ng mabuting pinuno, 207
Kalayaan. Tingnan sa Pagpili, kalayaan na gumawa ng mga
Kalayaan sa pagpili, 269–78
at pananagutan, 274–77
at pangangasiwa, 22
isang walang hanggang batas, 269–70
mga pahayag tungkol sa
ni Brigham Young, 269–70
ni Wilford Woodruff, 270
paggamit ng, 270–74
Kalinisang-puri at pagtitimpi sa sarili, 187
Kaloob, mga espirituwal na, 320–28
inilarawan sa karanasan ni Joseph Smith, 325–27
inisa-isa, 321
mga layunin ng, 324–27
kuwentong naglalarawan ng, ni Franklin D. Richards, 325
mga tanong na dapat isaalang-alang sa paghahangad ng, ni James A. Cullimore, 324
pagkamit ng, 321–24
pahayag tungkol sa, ni Joseph Fielding Smith, 321–l22
Kalusugan
batas ng, ng Panginoon, 243–46
pahayag tungkol sa, ni Brigham Young, 240
mga pamamaraan ng pangangalaga ng, 237–38
pagpapanatili ng mabuting, 236–48
pagtamo ng, sa pamamagitan ng paghahalaman, 159
pisikal na, at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 69
Kalusugan ng katawan at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 62
Kapansanan, mga gabay sa pagsali sa mga miyembrong may mga, vi–vii
Kapatawaran
kuwentong naglalarawan ng, ni Spencer W. Kimball, 315–17
nagdudulot ng kagalakan, 311–14
nagdudulot ng kapayapaan, 315–17
pahayag tungkol sa, ni John Taylor, 315
paggawad at pagtanggap ng, 310–19
Kapayapaan, nagdudulot ang kapatawaran ng, 315–17
Kape, ipinagbabawal ng Salita ng Karunungan, 244
Karamdaman. Tingnan sa Sakit
Kasal, ordenansa ng templo, 37–39
Kasanayan, pag-unlad ng mga, sa pagtatrabaho, 72–73
Kasiyahan, pagtatamo ng, sa pamamagitan ng paghahalaman, 159
Katapatan, 293–301
kahalagahan ng, 294–96
mga kuwentong naglalarawan ng
ni Gordon B. Hinckley, 295
ni O. Leslie Stone, 294–95
kuwentong naglalarawan ng, ni Howard W. Hunter, 293
mga pagpapala ng, 298–300

mga kuwentong naglalarawan ng, ni Spencer W. Kimball, 298–300
mga pahayag tungkol sa, ni Howard W. Hunter, 299
sa mag-anak, 296
pahayag tungkol sa, ni N. Eldon Tanner, 296
Katiwala, kahulugan ng, 221
Kautusan, pagsunod sa mga
at mga espirituwal na kaloob, 321–23
at pagtatayo kay Cristo, 265

**L**

Lakas na panlipunan at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 70–72
Langis, paraan sa paglalaan ng, 50
Layunin, mga,
at pagtitimpi ng sarili, 187
mga karanasan sa
ni J. Thomas Fyans, 179
ni N. Eldon Tanner, 177–79
ni Spencer W. Kimball, 174, 182–83
pagkamit ng, 182
pahayag tungkol sa, ni O. Leslie Stone, 162
pansarili at pangmag-anak na layunin, 174–84
tumutulong sa walang hanggang pags-unlad, 179–82
pahayag tungkol sa, ni Joseph Fielding Smith, 181
Layunin sa buhay, pangunahinng pangangailangan ng tao sa, 113
Libingan, paglalaan ng mga, 42
paraan sa, 51

**M**

Mabuti, kaalaman tungkol sa, 270–71
Mag-anak
ama tugunan ang mga espirituwal na pangangailangan ng, 114–16
Espiritu Santo makapapatnubay at mapagpapala ang, 119–24
kahalagahan ng, pahayag tungkol sa, ni N. Eldon Tanner, 119
kapulungan ng, 128–30
kasaysayan . Tingnan sa Gawain sa templo
mga gawain
na nagbubuklod sa, 141–44
nagpapatatag sa mga miyembro, 145–46
pagpaplano ng, 144–45
mga ordenansa sa templo para sa, 77–85
paggawa nang sama-sama bilang, 131–38. Tingnan din sa Gawain
paghahanda ng ating, 69–74
pagkabigo sa, pahayag tungkol sa, ni David O. McKay, 119
pagkakaisa, gantimpala ng paghahalaman, 158
pagkakatuwaang magkakasama bilang, 139–47
kahalagahan ng, kuwentong naglalarawan ng, ni Marion D. Hanks, 139
pagpaplano ng mga gawain para sa, 144–45
pagpili ng mga layunin para sa , 175–79
pagtulong sa mga miyembro ng
pahayag tungkol sa, ni Marvin J. Ashton, 72
paunlarin ang mga talino, 200–03
tumanggap ng mga ordenansa sa templo, 77–78
pamumuno ng, 118–25
pinatatatag, sa pamamagitan ng gabing pantahanan ng mag-anak, 126–38
pinatatatag ng mga gawain, 145–46
Magpatawad, hinihinging, sa lahat, 314–15
pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 315–16
Magturo, paghahanda upang, vi
Mapagtitiis, katangian ng mahusay na pinuno, 207

Maiinit na inumin
ipinagbabawal ng Salita ng Karunungan, 244
tinukoy bilang tsaa at kape, 244
Manwal, paggamit nito, v
Mapanghimok, pagiging, katangian ng mahusay na pinuno, 207
Masama
kaalaman tungkol sa, 270–71
mga impluwensiya, pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 253
Matatapang na inumin, ipinagbabawal ng Salita ng Karunungan, 244
Maysakit, pagbabasbas sa, 40
paraan sa, 50–51
Misyonerong paglilingkod, 89–98
ang lahat ay magsasagawa ng, 90–92
pahayag tungkol sa, ni Gordon B. Hinckley, 98
paano isagawa, 92–98
pagsali ng mag-anak sa, pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 92
Miyembrong may mga kapansanan, mga gabay sa pagsali ng mga, vi–vii

**N**

Namumuno sa mag-anak, dapat tulungan ng tagapagturo sa tahanan ang, 64–65
Ninuno, mga
mga ordenansa sa templo para sa ating, 81
pag-alaala sa ating, 83–85
pagtatala ng impormasyon tungkol sa, 85

**O**

Ordenansa, mga
kinakailangan sa kadakilaan, 29–39, 77
mga pahayag tungkol sa, ni Lorenzo Snow, 42
ni Wilford Woodruff, 29
layunin ng, 29–43
pagsasagawa ng, 44–53
pahayag tungkol sa, ni Joseph Fielding Smith, 44
para sa kaaliwan at patnubay, 39
templo. Tingnan sa Ordenansa ng templo, mga
Ordenasyon, sa katungkulan ng pagkasaserdote, paraan sa, 49–50

**P**

Paaralan, kahalagahan ng pagpasok sa, 251
Pagkatuto
sa pamamagitan ng paggawa, 253–56
kuwentong naglalarawan ng, ni Marion D. Hanks, 256
pahayag tungkol sa, ni Richard L. Evans, 256
Pag-aayuno
at mga kaloob na espirituwal, 323
at pagtatayo kay Cristo, 263
Pagtitiwala sa sariling kakayahan
at edukasyon, 74
at lakas na espirituwal, emosyonal, at sosyal, 70–74
at pag-iimbak sa tahanan, 69
at pagtatrabaho, 72–73
at pangangasiwa sa pananalapi, 73
at pisikal na kalusugan, 69–70
kuwentong naglalarawan ng, ni Marvin J. Ashton, 70–72
pahayag tungkol sa, ni Boyd K. Packer, 70
pansarili at pangmag-anak, 67–76
plano ng Panginoon sa, 68
Pagbabahagi ng ebanghelyo. Tingnan sa Paglilingkod ng misyonero
Pagbabasbas
at pagpapangalan ng mga bata, 39
mga hakbang sa, 46–47
ng ama. Tingnan sa Pagbabasbas ng ama
ng patnubay at kaaliwan, 39
pamamaraan sa, 51–52
patriyarkal. Tingnan sa Basbas patiyarkal, mga
Pagbabasbas ng ama, mga, 40

kuwentong naglalarawan ng, ni Ezra Taft Benson, 122–24
makatutulong sa mga miyembro ng mag-anak na mapaunlad ang mga talino, 200–03
mga hakbang sa pagbibigay ng, 51–52
Pagbabasbas sa maysakit, 40
mga hakbang sa, 50–51
Pagbibinyag
mga hakbang sa , 47
ordenansa ng, 31
Pagdidisiplina sa mga anak, 192
Paggawa
binabalanse ng pamamahinga at paglilibang, pahayag tungkol sa, ni Franklin D. Richards, 153
kahalagahan ng, 154–56
mga pahayag tungkol sa
ni David O. McKay, 149
ni Neal A. Maxwell, 148, 156
ni Spencer W. Kimball, 155–56
kakayahan sa, pangunahing pangangailangan ng tao sa, 113–14
mag-anak magtutulungan sa, 148–57
kuwentong naglalarawan ng, ni Loren C. Dunn, 149–50
pagsasaayos ng, sa mag-anak, 151–53
pagtatakda sa mag-anak, 151–53
pagtuturong, sa pamamagitan ng paghahalaman, 158
para sa buong mag-anak, 149–51
Paghahalaman, 158–71
kuwentong naglalarawan ng, ni Spencer W. Kimball, 161
mga gantimpala ng, 158–59
mga pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 158–61
Pag-ibig sa kapwa, katangian ng mabuting pinuno, 208
Pag-iimbak sa tahanan at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 69
Pag-iisip, mga, 302–09
humahantong sa mga pagkilos, 303–05
kuwentong naglalarawan ng, ni David O. McKay, 304
mga pahayag tungkol sa
ni Bruce R. McConkie, 305
ni David O. McKay, 303
pagpapanatiling dalisay, 305–08
kahalagahan ng, kuwentong naglalarawan ng, ni Spencer W. Kimball, 302–03
mga pahayag tungkol sa
ni Boyd K. Packer, 307–08
ni J. Thomas Fyans, 306–07
ni Spencer W. Kimball, 306
Pagkakaloob ng pagkasaserdoteng Melquisedec, hakbang sa, 49–51
Pagkasaserdote
kahalagahan ng, mga pahayag tungkol sa
ni Joseph Fielding Smith, 7
ni Reed Smoot, 2
kapangyarihan ng, 23–24
pahayag tungkol sa, ni H. Burke Peterson, 24
mga tungkulin ng. *Tingnan sa* Tungkulin, mga
mga katungkulan sa, 5, 13–14, 45
mga ordenansa. *Tingnan sa* Ordenansa, mga
mga pagpapala ng. *Tingnan sa* Pagpapala, mga
mga susi. *Tingnan sa* Susi ng pagkasaserdote, mga
mga tungkulin ng, 45
pagkakaloob ng, 35
paraan sa, 49–*50*
paggalang at pagtataglay nang may dignidad, 21–*28*
kuwentong naglalarawan ng, ni Harold B. Lee, 25
mga pahayag tungkol sa
ni Brigham Young, 26–*27*
ni David O. McKay, 27
ni Harold B. Lee, 26
ni James E. Talmage, 25

ni Robert L. Simpson, 27
pag-oorden sa mga katungkulan ng, paraan sa, 49–*50*
pinuno, mga pananagutan ng mga, 16–*19*
sumpa at tipan ng. *Tingnan sa* Sumpa at tipan ng pagkasaserdote
Pagkasaserdoteng Melquisedec
mga tungkulin ng mga maytaglay ng, 45
paggawad ng, 35
Paglalaan, batas ng, 330–*34*
mga pahayag tungkol sa
ni Brigham Young, 332
ni Bruce R. McConkie, 331
ni Joseph Smith, 331, 333
pamumuhay sa, 331–34
Paglalaan ng langis, mga hakbang sa, 50
Paglalaan ng mga libingan, 42
mga hakbang sa, 51
Paglilingkod at pagtatayo kay Cristo, 267
Paglutas ng suliranin, pahayag tungkol sa, ni Boyd K. Packer, 212
Pagmamahal, pangunahing pangangailangan ng tao sa, 112
kuwentong naglalarawan ng, ni Loren C. Dunn, 112
Pagmamahal na walang pagkukunwari, katangian ng mahusay na pinuno, 208
Pagpapahalaga sa sarili, pangunahing pangangailangan ng tao sa, 113
Pagpapangalan at pagbabasbas ng mga bata, 39
mga hakbang sa, 46–47
Pagpapakatawan
alituntunin ng, 223–*26*
at pangangasiwa, 209, 223–*27*
mga pahayag tungkol sa
ni Harold B. Lee, 209
ni N. Eldon Tanner, 224–*25*
Pagpapasiya
mga pahayag tungkol sa
ni Hartman Rector Jr., 216
ni Marion G. Romney, 217
ni Robert L. Simpson, 217
pagsasanay sa, 218–*20*
sa pamamagitan ng inspirasyon, 212–*20*
tulong mula sa Panginoon sa, 212–*13*
Pagpapasiya, paano gagawa ng, 213–*18*
Pagpapatibay
kahalagahan ng, pahayag tungkol sa, ni Joseph Smith, 33
ordenansa ng, 31–*33*
pamamaraan sa, 48
Pagpaplano ng mga pulong ng Simbahan, 229
Pagpili, mga
kalayaan sa paggawa ng, 271–*73*
at pagtitimpi sa sarili, 186
kuwentong naglalarawan ng, ni Spencer W. Kimball, 273
pahayag tungkol sa, ni David O. Mckay, 277
mga kahihinatnan ng ginawang, 273–*76*
pahayag tungkol sa, ni James E. Faust, 274
pananagutan sa, 274–*76*
pahayag tungkol sa, ni Joseph F. Smith, 276
Pagpupulong, mga
mga dahilan ng, 228
pangangasiwa ng mabisang, 229–*30*
Pagsang-ayon sa mga may awtoridad, tungkulin ng mga pinuno, 210
Pagsasarili, matutuhan ang, sa pamamagitan ng paghahalaman, 159
Pagsunod at mga espirituwal na kaloob, 323
Pagtitimpi sa sarili
at ikapu, 186
at kalayaan, 186
at kalinisang-puri, 187

at Salita ng Karunungan, 187
kuwentong naglalarawan ng, ni Sterling W. Sill, 185
kinakailangan para sa walang hanggang pag-unlad, 186
pagtatamo ng, 187–*90*
pagpapaunlad at pagtuturo ng, 185–*94*
pagtulong sa mga anak na magkaroon ng, 190–*92*
pahayag tungkol sa, ni David O. McKay, 188
Pagsusuri ng mga pagpupulong sa Simbahan, 231
Pagtuturo sa tahanan, 54–*66*
Pag-unlad, walang hanggang
at pagtitimpi sa sarili, 179
tinutulungan ng mga layunin, 179–*82*
Pakikilahok sa mga pulong ng Simbahan, 231
Pakikipagkaibigan
mga pahayag tungkol sa, ni Gordon B. Hinckley, 99
pananagutan ng pagkasaserdote sa, 99–105
sa Simbahan, 100
Pakikipagkaibigan, mga paraan sa, 100–05
Pamumuno
mga pahayag tungkol sa
ni Bruce R. McConkie, 205
ni Harold B. Lee, 207
mga pananagutan sa, 209–10
pagpapakatawan isang aspeto ng, 209, 223–26
pagpapasiya at, 212–20
pagpapaunlad sa, 204–11
Panahon, paglalaan ng ating, sa Panginoon, 332
Panalangin
at mga espirituwal na kaloob, 323
at pagpapasiya, 215–16
at pagpili sa mga taong ipakikilala sa Simbahan, 94–95
at pagtitimpi sa sarili, 188
at pagtatayo kay Cristo, 263–65
paggamit ng, upang paunlarin ang ating mga talino, 203
Pananagutan, pagbibigay sa mga anak ng, 191
pahayag tungkol sa, ni N. Eldon Tanner, 190
Pananagutan at pangangasiwa, 209, 221–25
mga pahayag tungkol sa
ni Joseph Smith, 224
ni N. Eldon Tanner, 224
sa mga pagpili, 274–77
Panayam, mga
pangangasiwa ng mabibisang, 231–32
pahayag tungkol sa, ni N. Eldon Tanner, 225, 233
Pangako, mga
ng mga maytaglay ng pagkasaserdote sa Panginoon, 3
ng Panginoon sa mga maytaglay ng pagkasaserdote, 3–4
Pangangailangan, mga pangunahing, ng tao, 112–14
Pangangasiwa
alituntunin ng, 209–10, 221–22
at pananagutan, 209–10
at pagpapakatawan ng karapatan, 209, 223–226
kahulugan ng, ni Spencer W. Kimball, 221
mga pinuno gampanan ang, 209
pagtatalaga ng, 224
Pangangasiwa sa pananalapi at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 73
Pangangasiwa sa pananalapi at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 73
Panginoon. *Tingnan sa* Jesucristo
Pang-unawa, pananalangin para sa, kapag nagpapasiya, 215
Patakaran, pagbubuo ng mga, upang turuan ang mga anak ng pagtitimpi sa sarili, 190–92

Patay, mga ordenansa sa templo para sa mga, 78–88
Patnubay at kaaliwan, mga ordenansa para sa, 39
Pinuno
kahalagahan ng, pahayag tungkol sa, ni Victor L. Brown, 204–05
kahulugan ng, 205
mga katangian ng mahusay na, 207–208
pahayag tungkol sa, ni Wendell J. Ashton, 208
Propeta, pagsunod sa buhay na, at pagtatayo kay Cristo, 267

**R**

Rekomendasyon, pagkakaroon ng, sa templo, 77–81

**S**

Sakit
ano ang gagawin kapag may, 238–40
mga sanhi ng sakit, 236
mga sintomas ng sakit, 238–40
paghadlang sa mga sakit, 236–37
Sakramento
at pagtatayo kay Cristo, 263
ordenansa ng , 33
paraan sa pangangasiwa ng, 48–49
Salita ng Karunungan
alkohol ipinagbabawal ng, 243
at pagtitimpi sa sarili, 187
kape ipinagbabawal ng, 244
mga pagpapala sa pagsunod ng, 247–48
pahayag tungkol sa, ni Spencer W. Kimball, 247
mga pahayag tungkol sa
ni Joseph Fielding Smith, 244
ni Spencer W. Kimball, 244
pamumuhay ng, 242–48
tabako ipinagbabawal ng, 244
tsaa ipinagbabawal ng, 244
Saloobin, panatilihin ang mabubuting, hinggil sa mga talino, 178
Saserdote, mga tungkulin ng mga, 45
Suliranin, mga
pag-aaral sa, kapag nagpapasiya, 215
pag-alam sa, kapag nagpapasiya, 215
Sumpa at tipan ng pagkasaserdote, 3–8
at ang ating mga pangako sa Panginoon, 3–4
at ang mga pangako ng Panginoon, 4–5
kuwentong naglalarawan ng, ni Spencer W. Kimball, 5–6
mga pahayag tungkol sa
ni Marion G. Romney, 3
ni Spencer W. Kimball, 4
Susi ng pagkasaserdote, mga, 9–20
ama nagtataglay ng, bilang namumuno sa mag-anak, 16–19
kahalagahan ng, 13–15
mga pahayag tungkol sa
ni Joseph Fielding Smith, 9
ni Joseph F. Smith, 9–10
sino ang mga nagtataglay ng, 9–13

**T**

Tabako, ipinagbabawal ng Salita ng Karunungan, 244
Tagapagligtas. *Tingnan sa* Jesucristo
Tagapagturo sa tahanan
at pagtugon sa mga pangangailangan ng mag-anak, 61–62
ay tagapaglingkod ng Panginoon, 54–61
kahalagahan ng, pahayag tungkol sa, ni Boyd K. Packer, 54
mga pananagutan ng, 61
mga pahayag tungkol sa
ni David O. Mc Kay, 61–62
ni Harold B. Lee, 61
upang tulungan ang namumuno sa mag-anak, 62–65
Tagubilin, pagtatamo ng, sa pamamagitan ng paghahalaman, 159
Talino, mga

bawat isa ay may, 196–97
mga pahayag tungkol sa
ni Spencer W. Kimball, 196
ni Sterling W. Sill, 197
paglalaan ng ating, sa Panginoon, 331–32
pagpapaunlad ng, 198–200
mga karanasan ni Heber J. Grant sa, 198–99
mga pahayag tungkol sa
ni Heber J. Grant, 198–99
ni Sterling W. Sill, 197
pagtuklas ng, 197–98
kuwentong naglalarawan ng, ni Franklin D. Richards, 197–98
pahayag tungkol sa, ni Franklin D. Richards, 197–98
pagtulong sa mga miyembro ng mag-anak na mapaunlad ang, 200–203
Templo
endowment, ordenansa ng, 35
pahayag tungkol sa, ni Brigham Young, 35
kasal, ordenansa ng , 37–39
mga ordenansa,
kahalagahan ng, mga pahayag tungkol sa
ni Boyd K. Packer, 77
ni Howard W. Hunter, 77–79
kinakailangan sa kaligtasan, 77
paglalaan ng, para sa mga ninuno, 81
pagtanggap ng sariling, 77–79
pagtulong sa mga miyembro ng mag-anak na matanggap ang kanilang, 77–79
paggawa, 77–88
at kasaysayan ng mag-anak, mga pahayag tungkol sa
ni Gordon B. Hinckley, 79–81
ni Joseph Smith, 83
mga gabay sa, 85–86
pagtungo nang palagian sa, 79–81
rekomendasyon, pagkakaroon ng, 79–81
kahalagahan ng, mga pahayag tungkol sa
ni Gordon B. Hinckley, 79–81
ni Howard W. Hunter, 77–79
Tiwala, katapatan nagbubunga ng, 298–300
Trabaho at pagtitiwala sa sariling kakayahan, 72–73
Tsaa, ipinagbabawal ng Salita ng Karunungan, 244
Tungkulin, mga, dapat matutuhan ng mga pinuno, 209
Tungkulin ng pagkasaserdote, mga
pagtanggap ng tulong sa, 6
karanasan sa, ni Orson Pratt, 7
pahayag tungkol sa, ni Marion G. Romney, 6
pagtupad sa mga, 5–8
karanasan sa, ni Spencer W. Kimball, 6

# MGA TALA

# MGA LARAWAN

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga piling larawan mula sa Pakete ng mga Larawan ng Sining ng Ebanghelyo (34730 893). Maaaring gamitin ang mga larawang ito bilang karagdagang materyal na mapagkukunan para sa pag-aaral ng ebanghelyo at pagtuturo sa simbahan at sa tahanan.

**Lumang Tipan**

1. Isinama ni Abraham si Isaac upang Isakripisyo
*Genesis 21:1–8; Pagsasalin ni Joseph Smith, Genesis 22:2*

2. Tinanggihan ni Jose ang Asawa ni Potipar
*Genesis 39*

3. Si Moises at ang Nagliliyab na Puno
*Exodo 3:1–4:17*

4. Tatlong Kalalakihan sa Naglalagabgab na Hurno
*Daniel 3*

**Bagong Tipan**

5. Ang Suwail na Anak
*Lucas 15:10–32*

6. Ibinangon ni Jesus si Lazaro mula sa mga Patay (ni Carl Bloch. Ginamit nang may pahintulot ng National Historic Museum sa Frederiksborg sa Hillerd.)
*Juan 11:1–45*

7. Hinuhugasan ni Jesus ang mga Paa ng mga Apostol
*Juan 13:4–15; Pagsasalin ni Joseph Smith, Juan 13:8–10*

8. Humayo Kayo
*Mateo 28:16–20; Marcos 16:14–20*

9. Ang Pag-akyat ni Jesus
*Mga Gawa 1:3–11*

**Aklat ni Mormon**

10. Ang Liahona
*I Nephi 16:6, 9–10, 16, 28–29; Alma 37:38*
11. Ipinagtanggol ni Ammom ang Kawan ni Haring Lamoni
*Alma 17:19–39; 18*
12. Nakita ng Kapatid ni Jared ang Daliri ng Panginoon
*Genesis 11:3–8; Eter 1:33–43; 2–3; 6:2–3*
13. Itinago ni Mormon ang mga Lamina sa Burol ng Cumorah
*Mormon 6:6; 8:1, 3–4; Moroni 1:1;10:2, 4–5*

**Kasaysayan ng Simbahan**

14. Pagsasalin ng Aklat ni Mormon
*Doktrina at mga Tipan 20:8–11; Joseph Smith—Kasaysayan 1:34–35, 71 talababa*
15. Patungong Kanluran ang mga Bagon ng mga Tagabunsod
*Ang Ating Pamana: Isang Maikling Kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, 75–80*

**Mga Larawan ng Templo**

16. Mexico City D. F. Mexico Temple
17. Celestial Room, Billings Montana Temple






















A.FRIBERG




TOM
LOVELL








16



17

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
31112 893